# TUNAY NA
# KRISTIYANISMO

Nagdadala ng Maraming Anak Patungo sa Kaluwalhatian!

Paul G. Caram

# TUNAY NA
# KRISTIYANISMO

Isang gabay na magdadala sa atin sa kaluwalhatian!

– Binibigyang-diin ang mga prayoridad ng buhay
– Nakatuon sa kung ano ang madadala natin kapag iniwan na natin ang mundong ito
– Pagtingin higit sa mga pagpapala ng Diyos upang hanapin ang Kanyang puso

*"Tunay na Kristiyanismo"*
karapatangsipi© ni Paul G. Caram

2005

Ginamit ng may Pahintulot

Lahat ng Karapatan ay Nakalaan

**Inilathala ng:**

**ZION MINISTRIES**
**P.O. Box 161 Q-Plaza**
**1900 Cainta, Rizal,**
**Philippines**

Upang makipag-ugnay sa amin:
Tel: (+63) 2 880-4558
Cell: (+63) 917-5382697, (+63) 998-5387054
Email: info@zionph.com
Website: www.zionph.com

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


**MGA TANDA NG PAGKAMAYGULANG**... 22

**PAGDATING SA KALUWALHATIAN** 49

**TUNAY NA BIYAYA** 54

**TUNAY NA KAYAMANAN** 59

**TUNAY NA MGA HANDOG** 69

**TUNAY NA KALAKASAN** 79

**TUNAY AT MALING BUNGA NG ESPIRITU** 89

**TUNAY NA PAGSISISI** 99

**TUNAY NA PANANAMPALATAYA** 105

**TUNAY NA PAGSAMBA** 113

**TUNAY NA KALAYAAN** 121

**TUNAY NA TAKOT** 126

**TUNAY NA KARUNUNGAN** 128

**TUNAY NA TAGUMPAY** 131

**TUNAY NA MGA KAPATIRAN** 134

**ANG PAGIGING KASINTAHANG BABAE NI CRISTO** 136

**TUNGKOL SA PAGKAKAISA** 150

**KONKLUSYON** 155

# PAUNANG SALITA

Ang TUNAY NA KRISTIYANISMO ay isang pagtuon sa pinakamahahalagang paksa ng buhay. Ang mga salita ng Panginoon ay nakasentro *lamang* sa mga importanteng isyu ng puso kaya gayundin ang dapat gawin ng bawat mananampalataya. Sinaliksik ng may-akda ang Banal na Kasulatan at pinili para sa aklat na ito ang mga talata na pinaniniwalaan niyang karapat-dapat na pagsasalarawan ng pinakamainam ng Diyos para sa bawat mananampalataya. Ang tanong ay ito: "Ano ang marka, ang gantimpala, ang mataas na pagkatawag na hinahangad nating makamit?" Suriin natin ang espirituwal na talaan sa ibaba at bigyan-diin ang pinakadakilang layunin sa buhay!

- Ano ang madadala natin kapag iniwan na natin ang mundong ito?
- Paano natin gagawing kahali-halina ang ating mga sarili sa Diyos?
- Ano ang dapat nating pagsumikapan, at anong pamumuhunan ang ginagawa natin sa maikling paglalakbay dito sa lupa?
- Paano natin susukatin ang ating espirituwal na kayamanan, o kakulangan nito?
- Ano ang kadakilaan sa mata ng Diyos? at ano ang tunay na tagumpay?
- Saan matatagpuan ang tunay na kasiyahan at kaganapan?
- Ano ang pagkabuod ni Cristo sa lahat ng 31,102 talata sa Banal na Kasulatan?
- Paano natin masusukat ang espirituwal na kalagayan ng tao, at ang ating sarili?
- Paano tayo susulong mula punto C papuntang punto D sa ating buhay Kristiyano?
- Nasaan tayo sa mapa ng Diyos? Saan tayo papunta, at paano tayo pupunta roon?
- Ano ang unang tungkulin ng tao?
- Anong mga handog ang nakahahanga sa Diyos, at ano ang Kanyang tinatanggihan?
- Anong mga handog ang sumisira kay Satanas?
- Ano ang biyaya, at ano ang mga kondisyon upang tumanggap pa ng higit na biyaya?
- Paano natin masusukat ang ating espirituwal na kalakasan at paglago?
- Ano ang mga sagisag ng pagkamaygulang?
- Ano ang mga susi sa pag-abot sa pagkakaisa at pag-ibig na hindi pakunwari sa bawat isa?
- Anong pitong bagay ang dapat idagdag sa ating pananampalataya?
- Sa pamamagitan ng anong batas tayo hahatulan o gagantimpalaan?
- Ano ang mas mahalaga – maramdaman ang presensiya ng Diyos o tuparin ang kalooban ng Diyos?
- Sa anong bagay natin itinatalaga ang ating pagmamahal?
- Saan natin binibigyan ng diin ang buhay?

Kung paano natin ginagamit ang ating oras, lakas, talento at pag-aari ay nakasalig sa isang bagay– ang pagiging matalas ng ating espirituwal na pangitain. Nagbababala ang Kawikaan 29:18, "Kung saan walang pangitain, ang bayan ay sumasama." Maliban na ang pangitain ng mananampalataya ay malinaw at tiyak siya ay maliligaw sa buhay at matutuklasan sa hangganan ng kanyang paglalakbay na siya ay nalihis sa pangunahing layunin.

Pinaliliit ng *Tunay na Kristiyanismo* ang ating paglakad sa pinakadahilan ng ating buhay. Ito ay ang pagsasama-sama ng lahat ng pinakamamataas na tema ng Banal na Kasulatan sa pinakasentro upang bigyan tayo ng isang napakalinaw na hangganan na ating pagsusumikapang abutin.

## Panimula

Ang Tunay na Kristiyanismo ay ang isa sa apat na mga serye patungkol sa paksa ng Kristiyanismong paglago. Ang ating layunin ay pukawin ang mga nagbabasa na magpatuloy mula sa Unang Pedro 2:2 hanggang sa Pahayag 19:7-8 – mula sa pagiging isang sanggol kay Cristo tungo sa isang maluwalhating maygulang na babaeng ikakasal na nakahanda para sa Makalangit na Asawang Lalaki. Dahil dito, ang pagpapanatili ng malusog na espirituwal na paglago pagkatapos ng ating muling kapanganakan ay mahalaga upang manahin ang trono at ang bawat bagay na itinalaga ng Diyos para sa ating buhay (Pah. 3:21).

Pag-isipan ng ilang sandali kung gaano kalungkot na ang isang napakalawak na mana ay ipinamana sa atin, ngunit (dahil sa anumang kadahilanan) nabigo tayong angkinin ito at ito ay ibinigay sa iba. Labis na nakakapanglumo kung ito ay tungkol lamang sa isang panlupang pamana. Naiisip mo din ba ang kaseryosohan nang hindi tamang paghawak ng *walang hanggang pamana*? Ngunit maraming mananampalataya ay totoong hindi nakakaabot sa nilayon ng Diyos sa kanilang mga buhay, marahil ay dahil sa mga pagkagapos na hindi nila mapagtagumpayan, o ayaw nilang pagtagumpayan, o mga pagsubok na patuloy silang nabibigo taun-taon.

### *Ang Israel sa ilang ay isang pangunahing halimbawa nito*

Mabiyayang iniligtas ng Diyos ang Kanyang bayan mula sa napakalupit na pagkaalipin sa Ehipto. Iniligtas Niya sila mula sa kahatulan at kamatayan *sa pamamagitan ng dugo ng kordero ng paskuwa* at binili sila upang maging sariling Kanya. Pagkatapos ay dinala Niya sila sa isang magandang lupain ng mga burol at batis, na sinasabing, "Bawat piraso ng lupa na tatapakan ng inyong paa ay para sa inyo. Magtiwala lamang kayo sa Akin nang buong puso at sundin ang mga habilin na iniuutos Ko sa inyo." Nakakalungkot ngunit ang mga paa ng henerasyong iyon ay hindi man lamang natapakan ang lupang pangako.

### *Bakit hindi natanggap ng Israel ang mga pangako?*

Ang Canaan ay para sa kanila bilang pamana! Ito ay itinakda na mula pa sa pasimula ng mundo na kailangan nilang manahin ang lupa na ipinangako kay Abraham. Ito ay malinaw na ipinakita sa Hebreo 4:3! Ito ay paulit-ulit nang ipinangako sa kanilang mga ninuno, ngunit hindi nila ito natanggap sapagkat pinatigas ng Israel ang kanilang puso sa pagpunta sa lupain ng kaluwalhatian at hinamak ang mga *pagkaantala* sa kanilang daraanan. Tinanggihan niyang sundin ang plano ng labanan o manatili sa pangunguna ng Diyos. Sa bawat punto ng paglalakbay nilalabanan nila ang Espiritu ng Panginoon. Nabigo ang bayan ng Diyos sa bawat pagsubok nila sa ilang. Kung kaya, ang henerasyong ito ay hindi man lamang nakarating sa lupain ng kapahingahan. Ito ay isang malinaw na tema ng Hebreo kapitulo tatlo at apat. Ni hindi man lamang narating ng henerasyong iyon ang kanilang destinasyon kundi nagpaikot-ikot na lamang sa ilang hanggang sa sila ay namatay. Kaya ang Israel ay napunta sa hukay nang may hindi natupad na mga pangako. Tingnan ang 1 Corinto 10:11.

Ngayon ang Iglesya ay humaharap sa parehong sitwasyon, at gayundin sa bawat henerasyon. Ang Diyos ay nag-aalok ng mayamang espirituwal na mana sa bawat isa sa Kanyang bayan. Tayo ay pinagpala (na) ni Cristo ng lahat ng espirituwal na pagpapala sa langit (Efe. 1:3). Ang bawat mga pagpapalang ito ay *maaaring* maging atin. Ngunit kung hindi natin susundan ang Diyos hanggang sa ilang, ipasâ ang ating mga pagsubok at sundin ang plano ng labanan, ay hindi natin makakamtan ang itinakda nang maging para sa atin sa pamamagitan ng pamana. Ang mga pangako ng Diyos ay mamanahin lamang ng mga mananagumpay (Pah. 21:7). Sa Hebrero 4:1, tayo ay pinangaralang matakot, kung hindi, tayo ay hindi makakaabot sa mga pangako ng Diyos katulad ng ginawa ng Israel. Ang mga salita ni Josue ay patuloy na nagpapaalaala sa bawat isa sa atin ngayon nang siya ay nagtangis: "May nalalabi pang totoong maraming lupain na aariin. Hanggang kailan kayo magpapakatamad upang pasukin at ariin ang lupain?" (Jos. 13:1, 18:3). Alalahanin, na lahat ng mga pangako ng Diyos ay may mga *kondisyon* – ang mga ito ay matatanggap lamang *pagkatapos* nating matupad ang kalooban ng Diyos at hindi hanggang sa matapos ito. (Heb. 10:36).

Kaya ang isyu ay hindi lamang ang makarating sa langit kundi ang matupad din ang mga layunin ng Diyos para sa ating mga buhay. May hangganan na kailangang matumbok, isang karerang kailangang takbuhin, isang gantimpalang dapat mapanalunan, isang pamanang kailangang makamtan o mawala. May mga gantimpalang nakalaan sa kaharian na nakataya. Maraming mga Kristiyano ang papasok sa pintuan ng langit na may mga hindi natapos na takbuhin, mga pagkatawag na hindi natupad, at mga korona na hindi naangkin. Alam ba natin na ang ating gawain sa lupa at pagkatawag ay naghahanda sa atin sa walang hanggang posisyon sa langit? Nauunawaan ba natin na kung ang gawain natin sa lupa ay hindi natapos, hindi tayo magiging karapat-dapat na angkinin ang espesyal na makalangit na pamana na itinakda ng Diyos para sa atin, at ang ating korona ay ibibigay sa iba? (Pah. 3:11).

### *Pagpasok sa Kapahingahan*

*Ang pagpasok sa kapahingahan* ang pangunahing tema ng Hebreo kapitulo tatlo at apat. Ang paksa ay ang paglalakbay ng Israel mula Ehipto patungong Canaan, isang paglalakbay na kailangang lakaran ng bawat mananampalataya. Kabilang sa *kapahingahan* para sa Israel ang pagdaan sa ilang, pagpasâ sa mga pagsubok, paglupig sa mga kaaway, at pagkapanalo sa marami pang mga labanan. Kaya, pinangaralan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan na "gumawa upang makapasok sa kapahingahan" (Heb. 4:11). Ang ibig sabihin ng kapahingahan ay pagdating sa ating destinasyon. Ang destinasyon ng Israel ay nakadepende sa pagtawid sa Jordan, pagpasok sa lupain ng Canaan, at sa huli ay ang pagsakop sa Bundok ng Sion. Kaya ang kapahingahan kung gayon, ay isang pagdating sa *kapuspusan* ng pagkatawag ng Diyos at mga layunin sa ating mga buhay. Kabilang din sa kapahingahan ang pagsunod sa espirituwal na *sabbath*, "paghinto sa ating sariling gawain" (paghinto sa mga sarili nating ideya, mga opinyon, at mga pamamaraan). Ang *pag-aasawa* ay isa pang simbulo ng kapahingahan, hindi na nagsasarili, kundi nasa ilalim ng proteksyon, pagkapanginoon at gabay ng Isa na ating makalangit na Asawang Lalaki (Ruth 3:1).

**Ang Kapahingahan Ay:**

1. Pagdating sa ating destinasyon – pagtatapos sa mga pagsubok; hindi nanatili sa ilang, kundi natutunan ang mga aral at nagpapatuloy. Ito ang pagpapasuko sa mga kaaway, pagpanalo sa mga labanan, at pakikipagtagpo sa Diyos sa lahat ng isyu ng ating mga buhay. Ang kapahingahan ay paglago sa ating pagkatawag, at pagpasok sa kapuspusan ng plano ng Diyos sa ating mga buhay.

2. *Nararanasan ang espirituwal na sabbath* - paghinto sa ating sariling gawain (ang ating sariling pagpupunyagi, pag-iisip, pamamaraan, at mga salita). Tingnan ang Hebreo 4:4, 4:9-10, Isaias 58:13. Ito ay espirituwal na gawain na nagaganap sa ating mga puso.

3. *Pag-aasawa* – nasa ilalim ng proteksyon at gabay ng Isa Pa, kung saan tayo ay hindi malaya at na sa ating sarili, kundi bawat bahagi ng ating pagkatao ay nasa ilalim ng Kanyang pagkapanginoon. Ang kapahingahan ay sinasagisag ng pag-aasawa (Ruth 3:1).

*"Ang Kaniyang kapahingahan ay magiging maluwalhati."*

Isaias 11:10

## ANG PAGLALAKBAY NG ISRAEL—ANG MAPA NG ATING DAAN


Mula Ehipto hanggang Sion sa mga Pitong Yugto

1. **Paskuwa** – kaligtasan sa Ehipto sa pamamagitan ng dugo ng kordero
2. **Tinapay na Walang Lebadura** – patuloy na pagkain ng dalisay na Salita ng Diyos
3. **Dagat na Pula** – isang uri ng bautismo sa tubig
4. **Bundok ng Sinai** – isang uri ng Pentecostes, na mangapuspos ng Espiritu

   *Pagkatapos na hindi ipasa ang ika-10 pagsubok sa Kadesh Barnea, sinabi ng Diyos hindi sila papasok sa Kanyang kapahingahan. Sila ay nagpaikot-ikot sa loob pa ng 38 taon.

5. **Kamatayan ni Moises sa Bundok ng Pisgah** – isang tunog ng kornetang trumpeta na magpatuloy mula sa ilang patungo sa lupang pangako
6. **Sa Jordan** – malalim na paglilinis, pagtutuli, paglupig sa 31 mga hari
7. **Sa Sion** – ang kapuspusan ng presensiya ng Diyos, tunay na kapahingahan (Awit 132:13-16)

Ang unang henerasyon ay namatay sa ilang. Pagkatapos ay isang bagong henerasyon (sa pangunguna ni Josue) ang nakarating sa lupang pangako. Ngunit kahit na gayon, sila ay naging mabagal at nanirahan kasama ng kanilang mga kaaway (Hukom kapitulo 1). Malinaw na pinapakita ng Hebreo 4:8 na hindi sila dinala ni Josue sa lubos na kapahingahan. Kundi ito ay nangyari sa panahon ni David, mga 443 taon pagkatapos ng paglabas mula Ehipto, nalupig sa wakas ang Sion.At ang Israel ay pumasok sa *lubos* na kapahingahan (Tingnan ang aklat ni Brian J. Bailey – *Ang Paglalakbay ng Israel*).


Galilee
Shiloh
Daan sa
Jordan
(6)
Sion
(7)
Bundok
ng Pigsah
(5)
Kapatagan ng Moab
Mediterranean
Sea
CANAAN
Patay na Dagat
Kadesh
Barnea
Ang
Ilang
(Deut. 8:2)
Lupain ng
Goshen
(1-2)
(3)
Dagat na Pula
Marah
Elim
Lupain ng
EGYPT
Bundok
ng Sinai

# Ang Kalahagahan ng Pagtupad ng Ating Takbuhin

Ang mga serye na ito ng Paglagong Kristiyano ay inaalay kay Brian J. Bailey, espirituwal na ama sa pananampalataya sa akin at sa marami pang mga anak na lalaki at babae sa buong mundo. Sa ilang mga pagkakataon, inalala niya ang isang di-pangkaraniwang karanasan niya sa kamatayan maraming taon na ang nakalipas. Naniniwala ako na itong "pakikipagtagpo sa walang hanggan" ay karapat-dapat na ulitin sa kabuuang Katawan ni Cristo.

Bago ang panahon ng Kilusang Karismatiko, si Brian Bailey ay isang kabataan sa ministeryo, na nakatira sa isang lungsod sa Hilagang Amerika. Sa mga panahong iyon, ni hindi alam ang ma-bautismuhan sa Banal na Espiritu at kumilos sa mga kaloob ng Banal na Espiritu. Nakakalungkot dahil ang Kristiyanong komunidad ng lungsod na iyon ay nahati dahil sa isyu, at natagpuan ni Brian Bailey ang kanyang sarili na nasa gitna ng kontrobersiya. Isang gabi nang tila hindi na niya makaya pa ang kabigatan, sinabi niya, "Panginoon, tama na. Gusto ko ng umuwi." Sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin – nang gabi ring iyon siya ay namatay! Paglabas niya sa kanyang katawan, sa ilang sandali tumayo siya at nakita ang kanyang katawan. Dumating ang isang anghel ng Panginoon at nakatayo sa kanyang tabi, ngunit hindi nagsalita. Sa napakangingilabot na bilis, sila ay naglakbay papuntang langit. Ngunit habang papalapit sila sa tarangkahan ng langit, matinding kalungkutan ang kanyang naramdaman. At sa isang iglap, ay nakita niya ang kanyang sarili mula sa kasanggulan, bilang kabataan, at hanggang sa paglisan niya sa buhay na ito. Gayunpaman, mula sa puntong iyon, ang mga larawan ay tumigil at naging mga blangko na lamang.

### ***Ang kapighatian ng pagpunta sa langit na hindi nakumpleto ang misyon***

Noon lang niya naunawaan ang kapighatian na mamatay nang wala pa sa oras, o kaya ang pagpunta sa langit na may hindi natupad na takbuhin. Napakarami pa ng nilalayon ng Diyos na gagawin sa kanya at sa pamamagitan ng buhay niya. Ipinaunawa ng Diyos sa kanya sa isang malinaw na paraan na hindi lamang mahalaga na makarating sa langit kundi ang tuparin din ating misyon sa buhay at mga iniatas sa atin. Kung hindi, hindi tayo magiging handa na gampanan ang ating makalangit na posisyon. Tayo ay mananatili sa mas mababang lugar sa walang hanggang kaharian ng Diyos, at isusuko natin ang ating korona. Hindi maaaring sabihin ng Diyos na, "Magaling mabuti at tapat na alipin!" sa mga lalaki at babae na ang tinupad ay ang *maliit na bahagi lamang* ng mga gagawin nila sa buhay!

Si Brian Bailey ay binigyan din ng bagong kaunawaan ng Pahayag 21:4 na nagsasabing, "Papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata." Kanya ngang naunawaan na bago dumating ang paghuhukom ni Cristo maraming banal ang tatangis na may kapighatian kapag tiningnan nila ang lahat ng walang hanggang gantimpala na hindi nila nakuha sapagkat ito ay ibinigay na sa iba. Kaya tayo ay pinapangaralan sa Pahayag 3:11 na panghawakan ang ibinigay ng Diyos sa atin, "upang walang makaagaw ng iyong korona."

### *Tayo ay ipatatawag upang magbigay sulit ng ating mga buhay*

Ang pagkatawag ay hindi lamang isang *imbitasyon*, ito ay isa ring *paghaharap*. Ito ay utos upang humarap sa Hukom upang magbigay-sulit kung ano ang ginawa natin sa ating buhay, oras, mga talento, at pag-aari. Malinaw itong ipinapakita sa mga talinghaga ng Panginoon (Mat. 25:14-30, Luk. 19:12-27). Ang ating buhay dito sa lupa ay humuhubog sa atin para sa walang hanggang posisyon sa susunod na buhay. Ang ilang taon dito sa mundo ay simpleng paghahanda para sa walang hanggan. Kahit ang ating mga sekular na trabaho ay nagdedebelop ng mga espirituwal na katangian sa atin upang magharing kasama ni Cristo. Kaya nga, *hindi natin dapat hamakin* ang ating sekular na trabaho. Si Moises ay nag-aral sa korte ng Faraon, ngunit ito ay nagbigay sa kanya ng kakayahan upang maging administrador ng Kautusan. Hindi ginamit ng Diyos ang kanyang makamundong edukasyon kundi ang kakayahan na idinulot nito. Si David, bilang pastol, ay sinanay sa makalupang gawain ng araw-araw na buhay. Hinahanda siya ng Diyos upang pagpastulan at pakainin ang *Kanyang bayan* (Awit 78:70-72).

Hindi lamang sinanay ng Diyos si David sa kanyang sekular na trabaho para sa isang espirituwal na ministeryo, kundi inihanda din siya para sa ministeryo *sa darating na buhay*, sapagkat si David ay muling mabubuhay sa milenyo at magiging pastol sa Israel (Jer. 30:9, Ezek. 34:23-24, 37, Hos. 3:5). Alalahanin, na tayo din ay hinuhubog upang maging mga hari at saserdote na maghahari kasama ni Cristo sa walang hanggan (Pah. 5:9-10; 1:6; 20:6).

Maliwanag na si Brian Bailey, pagkatapos tanggapin ang kahabagan mula sa Panginoon, ay nagbalik mula sa kanyang karanasan sa kamatayan upang sabihin sa atin ang tungkol sa dakilang bagay na nangyari nang gabing iyon. Mula noon, ang kanyang buhay at mensahe ay nagsusumamo sa atin na makinig sa kanyang tinig upang maging mga *tagapagtapos.* Si Pablo ay isang tagapagtapos. Sinabi niya, "Natapos ko ang aking takbuhin." Dineklara ni Jesus "Natapos ko ang gawain na binigay Mo sa akin." Ang tapat na si Daniel ay sinabihan na siya ay tatayo sa lupa (na minana) sa katapusan ng panahon (Tingnan ang Dan. 12:13, Jos. 14:8, Juan 17:4, Gawa 13:25, 20:24, 2 Tim. 4:7). Huwag mong hayaang kunin ninuman ang iyong korona!

### Dalawang Tanong ni Pablo sa Kanyang Espirituwal na Kapanganakan

Nang makatagpo ni Pablo si Cristo sa daan ng Damasco, dalawang pinakamahahalagang tanong ng buhay ang kanyang tinanong: Una, tinanong niya:

1.) "Sino ka, Panginoon?" at pagkatapos tinanong niya,
2.) "Ano ang gusto mong gawin ko?" (Gawa 9:5-6).

Ang dalawa niyang mga katanungan ang naglalapit ng husto sa pinakapuso ng Kristiyanismo. Ang unang tanong, "Sino ka, Panginoon?" ay tungkol sa *relasyon*, pagkilala sa Diyos. Ang ikalawa, "Ano ang gusto Mong gawin ko?" ay tungkol sa *gawain* na ipinanukala na ng Diyos para sa ating buhay. Ang una ay *panloob*; ang ikalawa ay *panlabas*. Ang kaayusang ito ay hindi maaring baligtarin. Ang una at pinakamahalagang tanong sa buhay ay makilala ang Diyos (Juan 17:3). Sapagkat mula sa *ating relasyon*

*sa Diyos* – ang pagkakilala sa Diyos – na nakakayanan nating tuparin ang gawain at ipahayag Siya sa buong mundo.

**Pagkilala sa Diyos**

Kapansin-pansin si Apostol Pablo ay *nagpatuloy* pa rin sa pagtatanong sa buong buhay niya ng, "Sino ka, Panginoon?" dalawampu't walong taon matapos na siya ay ipinanganak na muli, ay nanangis siya; "Upang makilala ko Siya" (Fil. 3:10). Bagaman nakita ni Pablo ang Panginoon sa maraming pangitain at kapahayagan (Gawa 26:16, 2 Cor. 12:1), ninais pa rin niya na patuloy na mabuksan ang kaalaman ng Diyos sa kanyang sariling puso. Kaya mayroong *mga antas* ng pagkilala sa Diyos.

"Gaano mo kakilala ang iyong pangulo?" Nakikita natin siya araw-araw sa telebisyon, at alam natin ang posisyon niya sa lahat ng mga mahahalagang isyu. Pero nakamayan mo na ba siya o nakausap mo ba na siya ng personal? Kilala mo ba siya tulad ng kung gaano siya kakilala ng mga miyembro ng kanyang gabinete, at mga senador na madalas niyang kausap? At kilala mo ba siya tulad ng kung gaano siya kakilala ng kanyang asawa? Malinaw na hindi! Kung gayon, madali nating mauunawaan kung paanong mayroong *iba't-ibang antas* ng pagkilala sa isang tao, at ito ay totoo rin sa ating relasyon sa Diyos.

**Iba't-ibang Antas ng Pagkilala sa Diyos**

- Bilang isang alipin – (di-malapit) ang alam lang niya ay pumunta dito o doon, gawin ito o iyon.
- Bilang isang kaibigan – (malapit) alam ang isipan at layunin ng isa.
- Bilang isang Kasintahang Babae – (kilalang-kilala) sa katunayan ay isang mahalagang bahagi ng isa.

**Mga Antas ng Pagkilala Sa Diyos**

(Bilang isang Alipin, isang Kaibigan, isang Kasintahang Babae)

**Isang Alipin** – "Hindi ko na kayo tatawaging *alipin*; sapagkat hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon; ngunit tinatawag ko kayong mga *kaibigan*; sapagkat ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo." (Juan 15:15). Sa isang pagkilala, dapat ay palagi tayong magkaroon ng isang *espiritu ng alipin* kapag ito ay tungkol sa ating pagkukusang makapaglingkod sa iba na may kapakumbabaan. Ito ay isang katangian na dapat ay palagi nating pagsumikapan at panatilihin.

Napakadaling kilalanin sa mga mahihirap na bansa (*third world*) kung ano ang sinisikap ng Panginoon na sabihin sa Juan 15:15. Ang mga katulong sa bahay ay madalas galing sa isang karanasan ng napakatinding kahirapan at may *napakaliit na kapasidad* lamang sila na tumanggap ng papuri o maliliit na mga regalo. Madalas ito ay nakakasira sa kanila. Si Hagar ang magandang halimbawa nito! Pagkatapos na tinawag si Hagar upang manganak para kay Abram, minaliit niya si Sara na walang kakayahang magkaroon ng mga anak. Kaagad niyang hinamak si Sara sa kanyang paningin (cf. Gen. 16:1-16).

Ang mga katulong sa bahay ay kontento sa kakaunting sahod.  Sila ay inuutusan na gawin ito at gawin iyon, pumunta dito at pumunta doon, nang walang anumang pagpapaliwanag.  Wala ng tanung-tanong. Ginagawa lamang nila kung ano ang iniuutos sa kanila.  Madalang lamang ang malalim na pag-uusap sa pagitan ng amo at alipin.  Hindi alam o nauunawaan ng alipin ang mga malalalim na iniisip ng kanyang amo sa puso nito.  Sa pinakamainam, ang relasyon sa pagitan ng alipin at kanyang amo ay di-malapit at mababaw.

**Isang Kaibigan** – Nais ng Diyos na ang ating relasyon sa Kanya ay maging higit pa sa isang alipin.  Hindi alam ng alipin ang isipan ng kanyang amo.  Tanging sa *mga malalapit na kaibigan* lamang ibinabahagi ng amo ang kanyang malalalim na mga kaisipan.  Si Abraham ay tinawag na "Ang Kaibigan ng Diyos" (2 Cron. 20:7, Isa. 41:8, Sant. 2:23).  Dahil si Abraham ay malapit na kaibigan ng Diyos, ipinakita Niya kay Abraham ang Kanyang mga lihim.  "At sinabi ng Panginoon, Ililihim ko ba kay Abraham ang Aking gagawin?" (Gen. 18:17).  Sa Genesis 18:17-33, ipinaalam ng Diyos kay Abraham kung ano ang gagawin Niya sa Sodoma at Gomorra.

**Isang Kasintahang Babae** – Ang pag-uugnayan sa kasal ay higit na mas malapit kaysa sa isang malapit na kaibigan.  Likas na natututunang makilala ng tunay na asawang babae ang kanyang asawang lalaki. Kahit hindi nagsasalita, madalas nalalaman niya kung ano ang iniisip at nararamdaman ng kanyang asawang lalaki.  Sa pamamagitan ng pakiramdam naririnig niya kung ano ang sinasabi ng *puso* nito, higit pa sa kanyang mga salita.  Isaalang-alang kung ano ang sinabi ng Diyos sa *Kanyang sarili* sa Genesis 8:21. (Basahin ang Genesis 8:21).  Hindi ito sinabi ng Diyos nang malakas.  May isang napakalapit sa Kanya na tama lamang marinig kung ano ang sinasabi Niya sa sarili.

Sa Exodo 32:9-14, inutusan ng Diyos si Moises na tumabi habang winawasak Niya ang Israel dahil sa kanilang kasamaan.  Si Moises ay *hindi* tumabi o hinayaan Siyang mag-isa.  Sa halip, siya ay namagitan at sinabing, "Panginoon, alam ko na hindi talaga ito ang gusto Mong gawin.  Alam ko na ang nais Mo sa halip ay magpakita ng kahabagan."  Pagkatapos si Moises ay nakiusap sa Diyos batay sa pagpoprotekta sa sarili Nitong reputasyon, na sinasabing, "Ano ang sasabihin ng mga Ehipcio [at ang ibang mga bansa] kapag narinig nila na inilabas mo ang Israel mula sa Ehipto ngunit pagkatapos ay winasak sila sa ilang?" Narinig ni Moises ang *puso* ng Diyos higit pa sa Kanyang *mga salita*.  At dahil dito, nabago niya ang kaisipan ng Diyos at nailigtas ang Israel.

Kaya nga, tayo ay tinawag na magpatuloy ng higit pa sa mekanikal na relasyon bilang *isang alipin*, dahil kilala lamang ng mga alipin ang kanilang Panginoon mula sa malayo.  Ang *mga kaibigan* ay mas malapit sa Panginoon at nauunawaan kung ano ang Kanyang sinasabi at ginagawa.  Ngunit, alam ng *Kasintahang Babae* ang pinaka-puso ng Panginoon, sapagkat siya ay buto ng Kanyang buto at laman ng Kanyang laman.  Kaya naman, tayo ay magsumikap na maging karapat-dapat na maging Kanyang Kasintahang Babae (Pah. 19:7-8, Jer. 9:24).  May mga tiyak na kwalipikasyon.  Masigasig nating alamin kung paano natin maihahanda ang ating mga sarili upang maging kahali-halina at kaaya-aya sa Diyos.

## Nilikha para sa Diyos

*"Karapat-dapat ka, O Panginoon at Diyos namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at karangalan at kapangyarihan, sapagkat nilikha mo ang lahat ng mga bgay at dahil sa iyong kalooban ay nabuhay sila at nalikha." Pahayag 4:11*

Una sa lahat, dapat maunawaan ng bawat tao na siya ay nilikha para sa iba – ang Diyos. Kumbinsido akong hindi magkakaroon ng "krisis sa pagkakakilanlan" ang tao kung ito ay nauunawaan ng mabuti. Ang puso ng tao ay balisa at hindi masiyahan dahil pinipilit nitong maging isang bagay sa kanyang sarili, na hiwalay sa Diyos. Ang puso ay puno ng ambisyon at pagtataas sa sarili. Magkagayunman, tayo ay hindi nilikha ng Diyos na maging pinakatanyag na guro, atleta, musikero, o may natatamo sa mundong ito. Ano nga ba naman ang magagawa nito? Ang tanging magagawa nito ay magdala ng atensyon sa ating sarili, hindi sa Diyos, at *hindi* pa rin tayo magiging ganap.

Paano tayo makasusumpong ng *kaganapan*? Simple lamang talaga ang sagot. Ang unang bagay na kailangan nating gawin ay tuklasin *bakit* tayo nilikha. Sinasabi sa atin ng Pahayag 4:11 na nilikha tayo ng Diyos para sa Kanyang sarili. Tayo ay nilikha *sa pamamagitan* Niya, at *para* sa Kanya. Nilikha tayo upang magbigay ng kasiyahan sa Kanya. Ang kaganapan, kung gayon, ay ang direktang resulta ng pagbibigay kasiyahan sa ating Manlilikha.

Tayo ay nilikha *para* sa Diyos. Hindi tayo sa ating sarili, tayo ay pag-aari Niya (1 Cor. 6:19-20, Awit 100:3). Ang pagkaunawa sa katotohanang ito ay pangunahin upang masumpungan ang isang nasisiyahan at kontentong puso. Kaya nga, kailangan nating tanungin ang Diyos at sabihin, "Paano Kita lubos na mabibigyan ng kaluguran? Ano ang kalooban Mo para sa aking buhay? Paano ko makukuha ang Iyong pagsang-ayon? Ano ang maaari kong gawin upang maitaas Ka at mabigyan ng kasiyahan?" Alalahanin, na ang isang bagay na ninanais ng Diyos higit sa anupamang bagay sa mundong ito ay isang Kasintahang babae na minamahal at nauunawaan Siya (Pah. 19:7-8, cf. Jer. 9:24).

## Ginagawang Kaaya-aya ang ating mga sarili sa Diyos

Ang dapat na maging saloobin natin ay, "Panginoon, ako ay ginawa upang maging pagpapala sa Iyo." Sa halip, madalas tayong nakaririnig ng mga reklamo katulad nito, "Pumunta ako sa simbahan kaninang umaga at wala akong natanggap sa gawain ng pagsamba." Ngunit ano ba ang ating layunin sa pagpunta sa simbahan? Pumupunta lang ba ako upang may makuha para sa aking sarili, o pumupunta ako para magbigay ng kaloob ng pasasalamat sa Diyos? Isang bagay na nagiging kahali-halina ang asawang babae sa isang lalaki ay *pagpapasalamat*. Ang masayahin at positibong espiritu ay ginagawang kaaya-aya ang isang babae sa isang lalaki. Ito rin ay lubos na totoo para sa ating relasyon sa Diyos.

Isang tiyak na paraan para makarating sa lupang pangako (o mga pangako ng Diyos) ay magkaroon ng saloobin ni Caleb at Josue na nagsabing, "Kung *kalulugdan* tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing yaon" (Bilang 14:8). Sinasabi nilang, "Kung makukuha natin ang Kaniyang pagsang-ayon, makakapasok tayo." Ang natira sa kongregasyon ay mga negatibo, mapunahin, di-mapagpasalamat, at di-

nananampalataya, at iyon ay isang malaking "pagkadismaya" sa Diyos. Ito ang dahilan kung bakit hindi nakasusumpong ng pabor ang mga tao sa Diyos at nabibigong makapasok sa Kanyang mga pangako.

Nais ng Diyos na Siya ay maunawaan. Tayo ay nilikha para sa gayong layunin. "Kundi ang nagmamapuri ay dito magmapuri, na kanyang nauunawaan at nakikilala ako." (Jer. 9:24). Ang Diyos ay naghahanap ng taong maaari Niyang pagbuksan ng Kanyang puso, isang tao sa Kanyang antas kung saan ay maaari Niyang ibahagi ang pinakamalalalim Niyang mga lihim. Siya ay naghahanap ng mga taong nagnanais na maging *katugma* sa Kanya, yaong nakahandang sumang-ayon na mabago ayon sa Kanyang wangis (Rom. 8:29). Hindi lubos na mabubuksan ng Diyos ang Kanyang puso sa isang bata. Kung kaya, Siya ay nananabik na ang Kanyang bayan ay lumago mula sa pagiging bata (1 Ped. 2:2) upang sila ay makarating sa Kanyang antas ng komunikasyon – ang antas ng isang maygulang na babaing ikakasal (Pah. 19:7-8).

Malinaw ko pang naaalala ang patotoo ng isang lalaki na may labing-limang taong gulang na lalaking anak. Ang anak na ito ay hindi lumaki mula nang ipinanganak. Sa edad na labing lima, siya ay sanggol pa rin. Ibinigay ng ama ang detalye ng pighati ng pagkakaroon ng anak na hindi man lamang lumaki at nahubog. Ngunit mayroon siyang sinabi na hindi ko malilimutan. Ang Diyos ay nagsalita sa lalaking ito at sinabi, "Tinitingnan *kita* sa katulad na paraan nang pagtingin mo sa iyong anak." Hindi *ka* lumago sa iyong espirituwal na buhay at dahil dito ay hindi ka nakapagbigay ng kagalakan sa Aking puso." Maliwanag na ang Panginoon ay hindi nasisiyahan sa atin kung tayo ay hindi nagpapatuloy na lumago sa espirituwal na pagkamaygulang.

## Nilikha upang Magministeryo Sa Kanya

Nilikha ng Diyos ang tao para sa pakikisama. Nais Niya ng mga tao mamahalin Niya, yung mga malayang makapagbabalik din ng pagmamahal na iyon sa Kanya mula sa kanilang sariling malayang kalooban. Kung gayon, ang una nating pagkatawag ay *hindi* sa isang ministeryo kundi sa Kanya. Alalahanin ang dalawang mga tanong ni Pablo. Tinanong niya, "Sino ka, Panginoon?" *Pangalawa*, tinanong niya, "Ano ang nais Mong gawin ko?"

Inihahayag ng Exodo 30:30 sa atin ang isang *espesyal na pagpapahid*. Ito ay hindi pagpapahid upang magministeryo sa *mga tao* kundi pagpapahid para magministeryo sa *Panginoon*. "At iyong papahiran ng langis si Aaron at ang kaniyang mga anak, at iyong papagbabanalin sila, upang sila'y mangasiwa sa *Akin* sa katungkulang saserdote." Ang mahalagang pagpapahid na ito ay nagdadala ng isang espesyal na pagmamahal at pagkagiliw na ang nakatalagang mananampalataya ay binibigyan kakayanang aliwin, mahalin, unawain, at sambahin *ang Panginoon*. Habang tayo ay nagmiministeryo sa Panginoon, ang paggabay, direksyon, at ministeryo ay umaagos mula sa trono. "Samantalang sila'y *sumasamba* sa Panginoon, at nag-aayuno, ay sinabi ng Espiritu Santo..." (Gawa 13:2).

## Kalungkutan – isang lalo pang Pangangailangan sa Diyos

Ang kalungkutan ay isang *espirituwal* na suliranin. Ang pag-ibig ng tao sa sarili nito ay hindi nakagagamot sa kalungkutan. Ang isang babae o lalaki ay maaaring nasa kalagitnaan ng maraming tao

ngunit lubha pa ring malungkot. Hindi rin malulutas ng pag-aasawa ang kalungkutan, dahil sa pag-aasawa, maaari pa ring maramdaman ng isang tao ang pagkawalay at kawalan. Kung pipilitin mong makita ang *lahat lahat* saiyo sa isang tao, sa hinala ko ay hindi ka makakasumpong ng kasiyahan (Awit 62:5). Kung ang kalungkutan ay hindi napagtagumpayan bago ang pag-aasawa, ang pagkakaroon ng asawa ay hindi rin makapagdadala ng kasiyahan dahil ang isang hindi nalutas na *espirituwal na suliranin* ay madadala sa pagsasama.

Ang kalungkutan ay isang lalo pang pangangailangan sa Diyos. Siya lamang ang makakapuno ng kahungkagan na iyon. Kung ikaw ay malungkot o hindi masaya, higit ka pang lumapit sa iyong Makalangit na Kasintahang Lalaki, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang Kasulatan ay naghahayag, "At kayo'y *napuspos* sa Kanya" (Col. 2:10). Ang pag-aasawa mismo ay hindi maaaring magkapagpalubos ng sinuman. Ang kalubusan ay matatagpuan lamang kay Cristo.

Ang babae sa balon ay nag-asawa ng limang beses, at ang lalaking kinakasama niya ay hindi niya asawa (Juan 4:16-18). Siya ay nauuhaw sa kanyang kaluluwa para sa kasiyahan, at nagpalipat-lipat mula sa iba't ibang mga lalaki dahil sa paghahanap ng pagmamahal at kasiyahan. Binago ni Jesus ang kanyang pananaw, na sinabing, "Subalit ang sinumang umiinom ng tubig na aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman; ang tubig na aking ibibigay sa kanya ay magiging isang bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan" (Juan 4:14).

Si Cristo ay tinaguriang, "Ang Bukal ng Buhay na Tubig" (Jer. 2:13). Siya lamang ang tanging tunay na kasagutan sa kalungkutan. Kapag ang mga lalaki at babae ay uminom ng malalim mula sa "Bukal ng Buhay na Tubig," mararanasan nila ang buhay, kasiyahan, at tunay na kaganapan, may asawa man sila o wala.

Ang asawa ko at ako ay huling nangagsibol. Nag-asawa kami sa edad na halos apatnapu na. Hindi namin pinalano ang aming buhay na ganito, sadyang ito lamang ang paraan na pinangunahan kami ng Diyos ng may-kaawan. Ngunit, gusto kong sabihin sa ngalan ni Betsy at ng aking sarili na natutunan namin ang makontento at masiyahan *bago* kami nag-asawa. At gusto kong sabihin sa mga wala pang asawa na medyo nagkakaedad na, na hindi importante kung ang pagpipilian ay paliit na nang paliit. Hindi mo kailangan ng malaking pagpipilian; *isa* lang ang iyong kailangan – ang taong pinili ng Diyos.

Isang mahusay na nagtuturo sa *seminar* ang minsan ay nagsabi, "Kapag nakikita ng Diyos na ikaw ay magiging mas masaya, at mapaglilingkuran mo Siya nang mas mabuti bilang may-asawa, kung gayon ay dadalhin ng Diyos ang tamang tao sa iyong buhay." Naniniwala ako na ang pangungusap na ito ay may karunungan. Tanging Diyos lamang ang nakakaalam kung sino ang mainam para sa atin. Alam din Niya ang *tamang panahon* para sa pag-aasawa.

**Buod:**

- Ang pag-ibig ng tao ay hindi nakalulunas sa kalungkutan.
- Ang kalungkutan ay isang espirituwal na problema, na nagpapakita ng higit pang pangangailangan sa Diyos.
- Tayo ay "kumpleto sa Kanya." Ang pag-aasawa mismo ay hindi nakakapagkumpleto sa atin.
- Ang kalungkutan bago ang pag-aasawa ay isang problemang hindi nalutas na kadalasan ay nadadala sa pag-aasawa.
- Ang pag-inom mula sa "Bukal ng Buhay na Tubig" ang tanging kalutasan sa kalungkutan.
- Hindi kailangan ng mga wala pang asawa ang malaking pagpipilian; isa lang ang kailangan nila – ang pinili ng Diyos.
- Kapag nakikita ng Diyos na tayo ay magiging mas masaya at mapaglilingkuran natin Siya nang mas mabuti na may asawa, dadalhin Niya ang tamang tao sa ating buhay. Hindi natin kailangang lumabas at maghanap ng mapapangasawa.

## Ang Pagtatayo sa isang Mabuting Pundasyon

*"Kaya't ang bawat dumirinig ng Aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato." (Mat. 7:24)*

Ang pinakamahalagang bahagi ng gusali ay *ang pundasyon*. Hindi mahalaga kung gaano man kaganda ang kabuuan ng istraktura; kung ang pundasyon ay may sira, ang gusali ay hindi tatagal. Noong 1968, naalala ko na ipinakita sa harapang pahina ng isang magasin ang *nakatagilid* na pagkatataas na gusali sa Brazil. Sa halip na tumayo ng tuwid, literal na ang mga gusaling ito ay nagsimulang tumagilid sa isang direksyon o ibang gawi. Ang mga istrakturang milyon-milyon ang halaga na mabilis na nagsulputan ay kinailangang gibain magdamag dahil ang *mga pundasyon* ay hindi nailagay sa tamang lalim. Hindi naisaalang-alang ng mga arkitekto ang matinding kahalagahan na kinakailangan ng mga pundasyon upang masuportahan ang matataas na mga gusaling iyon.

Mayroong napakagandang aral na matututunan mula dito! Kung nais nating gumawa ng mga dakilang bagay para sa Diyos, kailangang hayaan nating ilagay Niya nang malalim ang ating mga pundasyon. Maraming mananampalataya ang ayaw maghintay sa gawaing iyon na matapos sa kanilang mga buhay at winawalang-halaga nila ang *panahon ng paghahanda* (Heb. 12:5-8). Gusto nila ng katagumpayan ngayon na mismo! Tutal, ang mga pundasyon ay hindi naman "nakikita". Ang mga pundasyon ay kumakatawan sa mga nakatagong buhay ng paghahanda kung saan tayo ay pinapakumbaba at sinusubok upang makita kung tayo ay masunurin (cf. Deut. 8:2). Ang mga pundasyon ay hindi kapansin-pansin, ngunit ang lalim ng ating pundasyon ang tumitiyak kung ang ating gusali ay tatayo o babagsak. Ang gusaling ito ay paghahalintulad sa ating buhay, pag-aasawa, tahanan, ministeryo, at lahat ng mga gawain natin sa buhay. Ano *ang mga nasa pundasyon* ng ating tahanan, ng ating ministeryo, ng ating buhay? May panahon na lahat tayo ay susubukin sa pamamagitan ng mga malalakas na bagyo ng buhay. Maraming mga "bahay" ang bumabagsak ngayon. Malalaking ministeryo at mga nagmiministeryo ay nabubuwal. Halos madalas, ang problema ay makikita pababa sa depektibong pundasyon.

Ang pundasyon ng ating buhay ay kailangan nang *pagsunod sa mga salita ng Panginoon* (Mat. 7:24). Ang lahat ng ating mga panukat (paniniwala, doktrina, kombiksyon) ay kailangang nakasalig sa Pangulong Batong Panulukan, ang Panginoong Jesu-Cristo (Efe. 2:20, 1 Ped 2:6). Ang mga espirituwal na bahay ay nagsisipagbagsakan kahit saan dahil ang mga kalalakihan at kababaihan ay di-pinansin ang mga espesipikasyon ng Panginoon at nagsipagtayo sa sarili nilang mga pamantayan. (Mat. 7:26-27).

**Pundasyon para sa isang Mabuting Pag-aasawa**

Kapag ang isang tahanan ay itinatag, ito ay itinayo para sa layunin ng walang katapusang *habang-buhay*, hindi lamang sampu o labinglimang taon. Ito rin ay totoo patungkol sa ating pag-aasawa at pamilya. Ito ay dapat pinaplano sa paraan na ito ay tatagal sa buong buhay natin. Ano ang napupunta sa p*undasyon* ng ating tahanan, pag-aasawa, at sa mga buhay ng ating mga anak? Maaari ko bang imungkahi na ang lahat ng ito ay dapat matagal nang nagsisimula bago pa ang araw ng kasal.

Ang pundasyon ng pag-aasawa ay nagsisimula nang maaga pa lang sa buhay, ngunit lalo na sa panahon ng pagliligawan. Kapag ang pag-aasawa ay may seryosong mga problema, kadalasan ang kakulangan ay matatagpuan sa *pundasyon* nito. Ito ay babalik kung saan ito nagsimula, sa pasimula. Maingat bang tinanong ang Diyos kung sino ang dapat nating mapangasawa, o iginiit natin ang sarili nating kagustuhan? Ang Diyos ba ay inanyayahan na magbigay ng opinyon sa pinakamahalagang desisyon ng ating buhay, o Siya ba ay winalang-bahala? Hinintay ba natin ang pinili ng Diyos at panahon ng Diyos? Tayo ba ay naging maingat sa mga buwan ng panliligaw? Tayo ba ay nagkaroon ng *moral* na kalinisan, o may sekswal na karumihan? Ang sekswal na relasyon bago ang kasal ay nagdadala ng sumbat at di-pagtitiwala sa pag-aasawa, at kawalan ng respeto.

Paano naman ang mga taon ng ating paglaki? Paano ang ating relasyon sa ating mga magulang, kapatid na babae at lalaki? Ang kabataang lalaki na walang respeto sa kanyang ina ay wala ring magiging respeto sa babae na kanyang pakakasalan. Ang babae na nagtatago ng sama ng loob sa kanyang ama kapag kinakalaban nito ang kanyang kalooban, ay gagawin din ang gayon sa lalaki ng kanyang buhay kapag siya ay nag-asawa na. Kung siya ay madalas na makipagpunyagi at makipag-away sa kanyang kapatid na lalaki, makikipagpunyagi din siya sa kanyang asawa. Ang pag-aasawa ay hindi lumilikha ng mga problema; inihahayag lamang niya ang mga ito. Ipinapahayag lamang ng pag-aasawa ang mga bagay na hindi napagtagumpayan bago ang pag-aasawa. Kung ano ang hindi nalutas bago ang pag-aasawa ay madadala sa pag-aasawa.

Ano ang naging (o ang) pangunahin nating dahilan ng pag-aasawa o pagkakaroon ng asawa? Ito ba higit sa lahat ay para magkaroon ng makakasama o emosyonal na kasiyahan? Ang pag-aasawa ba ay pangunahing lunas sa kalungkutan? Ito ba ay para sa seguridad o para magkaroon ng isang pamilya? Ang lahat ng ito, siyempre, ay *bahagi* ng layunin ng pag-aasawa, ngunit wala sa mga ito ang dapat na maging pangunahing dahilan. Ang pinakamataas na layunin sa pag-aasawa ay upang luwalhatiin ang Panginoon, at nang makilala at mapaglingkuran Siya ng mas epektibo. Dahil kung tutuusin, tayo ay nilikha "Niya at para sa Kanya." Kailangan nating manalangin, "Panginoon, pakiusap, bigyan mo po ako ng isang asawa

na gagamitin Mo upang tulungang madebelop ang aking karakter ayon sa Iyong wangis, isang tao na tutulong sa akin upang matupad ko ang gawain na pinlano Mo sa aking buhay."

Ang atin bang pag-aasawa ay nakatayo sa matibay na bato ng *pagsunod* sa mga salita ng Panginoon (Mat. 7:24-25)? O ito ba ay naitayo sa isang pundasyon na batay sa ating sariling espisipikasyon (Mat. 7:26-27)? Ngunit kung ang ating bahay ay nakatayo sa mahinang pundasyon, magpakalakas tayo. Kaya ng Diyos na palitan ng bago at pangmatagalang mga batong pundasyon ang ating buhay at tahanan. Ang ating buhay at tahanan ay maaari at dapat na maitayo sa pitong haligi ng karunungan (Kaw. 9:1 cf. Sant. 3:17).

## Hanapin ang Lumalagong Pag-aasawa

Dapat nating hanapin ang isang *lumalagong pag-aasawa*! Ang tanging paraan na lumalim ang pag-aasawa ay kapag *espirituwal tayong lumalago*. Ang ibig sabihin ng lumagong espirituwal ay mas lalo at higit na nagiging katulad natin ang Isa na siyang lumikha ng pag-aasawa. Habang tayo ay nagiging katulad ng Panginoon, tayo ay patuloy na mababago na maging isang mas kanais-nais na mapapangasawa. Si Jesus ay marunong, mapagpasensiya, at maamo. Siya ay puno ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at lahat ng iba pang bunga ng Espiritu (Gal. 5:22-23). Hindi siya maramdamin o mabilis magalit. Siya ay mahabagin, mapagbiyaya, mapagpahinuhod at mapagpatawad. Hindi Siya nagtatago ng sama ng loob o kapaitan. Gaano natin inaayon ang ating kalagayan sa Pangulong Batong Panulukan, ang Isa na Siyang pinanggagalingan ng lahat ng mga espirituwal na sukatan?

**Buod:**

Mga Alituntunin para sa isang mabuting pundasyon sa pag-aasawa:

- Maging masunurin sa Salita ng Diyos. Ang pagsunod kay Cristo ang dapat nating maging pundasyon.
- Lutasin ang mga alitan sa mga miyembro ng pamilya – mga magulang, kapatid na lalaki at babae, at iba pa.
- Sumangguni sa Diyos para sa makakasama na Kanyang pinili. Hintayin ang Kanyang panahon.
- Panatilihin ang kalinisang moral sa panahon ng panliligaw. Alisin ang iyong sarili sa mga sitwasyong nakakatukso.
- Igalang ang mga may awtoridad – mga magulang, guro, opisyal ng pamahalaan, mga amo, mga nagmiministeryo. Kung walang pagpapasakop o respeto sa may kapangyarihan, ang espiritu ng katampalasanan ay maghahari sa inyong mga anak.
- Maging responsable sa pananalapi. Ang maraming mga kagipitan sa mga mag-asawahan ay dahil sa kaperahan.
- Hayaang ang pinakapangunahing layunin ng pag-aasawa ay luwalhatiin ang Diyos, maging katulad Niya, at matupad ang Kanyang ipinagagawa.
- Hanapin ang lumalagong pag-aasawa. Ang pag-aasawa ay lumalalim habang tayo ay lumalagong espirituwal at nagiging katulad ng Panginoon.

Ang pag-aasawa ay hindi lumilikha ng mga problema; inihahayag lamang nito kung ano ang mga di-napagtagumpayan bago ang pag-aasawa.

## Kahalagahan ng mga Pasimula

Ipinanganak sa Inggit o Ipinanganak sa Diyos

"At nang makita ni Raquel, na hindi siya nagkakaanak kay Jacob, ay *nainggit* si Raquel sa kaniyang kapatid; at sinabi kay Jacob, Bigyan mo ako ng anak, o kung hindi ay mamamatay ako!" (Gen. 30:1, 1-6). Dito, mayroon tayong sitwasyon kung saan ang isang kapatid na babae ay mabunga, ang isa naman ay baog. Ang pagkainggit ni Raquel ang umudyok sa kanya na magkaroon ng anak *sa kahit na anumang paraan*. Ang paraang ginawa niya upang magkaroon ng *"mga anak"* ay paulit-ulit na isinasagawa sa buong Iglesya ngayon. *Inggit* ang nagdikta kay Raquel na ibigay ang kanyang alipin kay Jacob upang magkaanak sa pamamagitan niya. Nagresulta ito sa pagsilang kay Dan. Masasabi natin kung gayon, na si Dan ay ipinanganak mula sa *inggit.* Ang motibo para kay Dan na maipanganak sa mundong ito ay *inggit*. Ngunit, kailangan nating isaalang-alang ang bunga nito pagkatapos.

Ilang mga gawa na "pinasimulan para sa Diyos" ang ipinanganak mula sa motibo ng inggit (Fil. 1:15)! At huwag tayong magkamali tungkol dito, sapagkat walang mali sa kagustuhang gumawa ng isang bagay para sa Diyos. Ang hangarin na maging produktibo at mabunga para sa Diyos ay likas. Ang problema kung gayon ay nakabatay sa ating mga motibo. Handa ba nating sabihin, "Panginoon, sa anong partikular na paraan ako magiging mabunga para sa Iyo? *Paano* Kita mapaglilingkuran nang pinakamabuti?" O pinipilit ba nating "gumawa ng hangganan sa ating buhay" sa anumang halaga? Nakahanda ba tayong pahintulutan ang Diyos na linisin ang ating mga motibo? Nakahanda ba tayong ialay ang *ating layunin*? Marami ang mga naniniwala na sila ay mga tagapagtanggol at mga kampeon para sa layunin ng Diyos, ngunit ito ay sa kanila lamang.

Naobserbahan ko sa maraming taon na may seryosong kinahihitnatnan kapag *paulit-ulit* na nilalabanan ng mga tao ang ginagawa ng Diyos sa kanilang buhay patungkol sa kanilang mga motibo. Kapag ang mga isyu ay iniiwasan, hindi pinapansin, at nilalabanan nang paulit-ulit, ang muog ng espirituwal na pagkapurol at panlilinlang ay lumalakas (Sant. 1:22). At habang nagpapatuloy sila ng may katigasan at determinado sa kanilang "layunin" para sa Panginoon, sa huli ay *ikinakalat* nila ang ani, sa halip na tipunin ito. Ang Panginoon ay nagbabala, "Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin; at ang hindi ko kasamang nagtitipon ay nagkakalat" (Mat. 12:30, Luk. 11:23). Kung mabibigo tayong gawin ang isang bagay sa paraan ng Diyos, ngunit pinipilit na gawin ito sa ating sariling paraan, ito ay magdudulot ng higit na kasamaan sa halip na kabutihan sa kaharian ng Diyos. Kaya nga, nawa ang bawat pagpapagal ay maipanganak, hindi sa kalooban ng tao, o sa kalooban ng laman, kundi ng Diyos. Tayo nga ay magpasa liwanag at hayaan natin na ang ating mga motibo ay maging malinaw sa harap ng Diyos at sa harap ng mga kapatiran! Nawa lahat ng ating mga pagpapagal ay "gawa ng Diyos" at itinatag sa pamamagitan Niya (Juan 3:21)!

### Ginamit ng Diyos Ngunit Hindi Sinang-ayunan ng Diyos

*"Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa akin, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?' At kung magkagayon ay ipahahayag ko sa kanila, 'Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!'" Mateo 7:22-23.*

Ilang taon na ang nakalipas, mayroong isang babae na makapangyarihang ginamit ng Diyos bilang isang propeta.  Walang duda na marami ang napagpala sa pamamagitan ng kanyang pagpapahid at ministeryo. Unti-unti, ang kapalaluan at panlilinlang ay pumasok sa kanyang buhay at siya ay nagsimulang mag-isip na siya ay nasa itaas ng batas (Obad. 1:3).  Pinaniwalaan niyang palalampasin ng Diyos ang kasalanan niya ng pangangalunya dahil sa kanyang di-pangkaraniwang tagumpay sa ministeryo.  Nang siya ay hinarap tungkol sa bagay na ito, matatas niyang sinabi, "O, hindi ako iisantabi ng Diyos.  Napakaraming propesiya ang aking sinalita na nangyari."  Siya ay *umasa* sa kanyang mga nagawa at espesyal na mga kaloob bilang dahilan ng pagtanggap ng Diyos at dahilan ng kaligtasan, sa halip na sa dugo ni Jesus at katuwiran.

Upang maganap ang mga dakilang gawa ng Mateo 7:22, ang isang mananampalataya ay kinakailangang tiyak na nahugasan ng dugo, at puspos ng Espiritu.  Ang mga lalaki at babae na binanggit sa Mateo 7:22-23 ay maliwanag na kinilala si Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.  Sila ay gumagawa ng mga kamangha-manghang himala ng kagalingan at pagpapalaya sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo, at napakaraming tao ang nangagbalik-loob sa ilalim ng kanilang mga ministeryo. Ngunit kasabay nito, sila ay namumuhay nang may katampalasanan.  Magkagayon man, ay inaasahan nila ang kanilang malalaking ministeryo na magliligtas sa kanila.  Nakapanlilinlang isipin na ang kasamaan ng isang tao ay maaaring ipagpaumanhin at palampasin ng Diyos dahil sa isang makapangyarihang ministeryo – tingnan ang Ezekiel 33:12-13.

Sa Araw ng Paghuhukom, ang apela nila sa kahabagan ay batay sa kanilang mga gawa, kaloob, at ministeryo.  Ang magiging malungkot na tugon ng Panginoon ay, "Hindi ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!"  Nakakalungkot dahil ang kanilang relasyon sa Diyos ay *paimbabaw* lamang.  Oo, *ginamit* sila ng Diyos bilang isang instrumento sa Kanyang kamay ngunit hindi Niya kailanman *sinang-ayunan*.  Hindi nabigyan ang Diyos ng pagkakataon upang sila ay makilala.  Paano Niya ito magagawa?  Wala silang panahon para sa Kanya.  Abalang-abala sila sa pagtataas sa kanilang mga sarili at kanilang kaharian – lahat sa Kanyang Pangalan, siyempre (Isa. 4:1). Kaya nga, sila ay *nadaig* at nasilo ng kasalanan at tukso, ginagawa silang mga bihasa na gumawa ng katampalasanan (cf. 1 Cor. 9:27).

Ginamit ng Diyos ang panga ng asno bilang *instrumento ng pagpapalaya*, ngunit ano ang ginawa Niya sa instrumentong iyon pagkatapos?  Ito ay tinapon Niya (Huk. 15:15-17)!  Ayaw nating maging *andamyo* (tuntungan).  Ang andamyo ay ginagamit ng Diyos upang itayo ang Kanyang Iglesya, ngunit ito ay inaalis Niya at hindi ito bahagi ng Kanyang maluwalhating Iglesya.  Ni hangarin man natin na maging isang *bulalakaw* na kumikinang nang panandalian (katulad ng ilang mga ministeryo) ngunit nawawala at nakakalimutan.

Kung gayon, ano ang tunay na Kristiyanismo?
Dalangin namin na ang mga sumusunod
ay makatutulong na masagot ang pinakamahalagang tanong na ito!

# MGA TANDA NG PAGKAMAYGULANG

**Pagsukat sa ating espirituwal na paglago**

Pinipilit tayo ng Tunay na Kristiyanismo na harapin ang ating mga sarili ng may katapatan. Ang Kristiyanismong pagkamaygulang ay dahan-dahang dumarating habang ang mga "usapin ng puso" ay nalulutas. Sa ibaba ay ang ilang mga tungkod na panukat na sa pamamagitan nito maaari nating sukatin ang ating espirituwal na paglago.

## MGA TUNGKOD NA PANUKAT

ANG PAGKAMAYGULANG AY SINUSUKAT SA PAMAMAGITAN NG MGA SUMUSUNOD:

1. Kung gaano tayo kahusay makitungo sa iba (Juan 17:21). Sinasakop nito ang lahat ng mga sumusunod:

2. Kung gaanong kasiyahan ang ating natutunan (Filipos 4:11-12, 1 Timoteo 6:6).

3. Kung gaano kahusay nating pinamamahalaan ang ating espiritu at kinokontrol ang ating mga emosyon – pag-ibig o pagkamuhi (Kawikaan 16:32).

4. Kung gaano natin hinaharap ang pagmamataas at lahat ng iba pang nagpapahirap na mga alitan (Roma 12:3).

5. Kung gaanong pasensiya ang mayroon tayo–pagkasupil sa kawalang-ingat at pamumuna (Kaw. 18:1, Isaias 32:4).

6. Kung gaano tayo katatag – hindi pataas at pababa, kundi tapat "sa lahat ng panahon" (Gawa 20:18).

7. Kung gaano natin kinokontrol ang ating dila. Karamihan sa mga kasalanan ay nagagawa dahil sa dila (Sant. 3:2).

8. Kung gaano tayo kabanal. Ang malaking ministeryo na walang *karakter* ay may maliit na halaga (Mateo 7:20-23).

9. Kung gaanong espiritu ng paglilingkod ang mayroon tayo. Ang kapakumbabaan ang tanda ng kadakilaan (Marcos 10:43-45).

10. Sa ating inaasal sa may kapangyarihan. Ang masasamang asal ay nagpapahayag ng pagsuway sa Panginoon (Ezekiel 3:7).

11. Sa pagwawagi sa ating kaisipan. Bawat labanan ay napapanalunan o napapatalo sa ating isip (1

Pedro 1:13).

12. Sa matalinong pamamahala ng ating mga salapi. Kasama ng salapi ang konsiyensiya at karakter (Lucas 16:10, 11).

13. Kung gaano natin tinitigilan na sabihing, “Hindi patas” (Genesis 45:5-8, 50:20).

14. Sa ating pasasalamat. Ang pagpapasalamat ang susi sa katagumpayan, kalusugan (Efe. 5:20, 1 Tesalonica 5:18).

15. Sa pagkaunawa kung gaano pa ang hindi natin nalalaman. Ang walang-gulang na kristiyano ay may kasagutan sa lahat ng bagay. (1 Corinto 8:2).

16. Sa ating kakayanan na harapin ang pagtatakwil – pagkakaroon ng kaunawaan at pagpapatawad (Gawa 5:41).

17. Sa ating mga pagtugon sa mga pagkaantala – patunay kung gaano na kalayo ang naaabot ng ating mga ugat (Awit 40:1-2, Isaias 64:4).

18. Kung gaano kahusay nating hinaharap ang personal na kabiguan, o katulad ng gayon. (1 Samuel 30:6, Isaias 49:4).

19. Kung gaano kahusay nating hinaharap ang pagkawala ng isang bagay (Job 1:21).

20. Kung gaano kahusay nating hinaharap ang poot na dumadating sa ating daraanan (Roma 12:17-21).

21. Kung gaano kahusay nating pinamamahalaan ang tagumpay! Patuloy ba tayong umaasa sa Diyos? (Deuteronomio 8:11-14).

22. Kung gaanong karunungan ang ating natamo. Ang karunungan ang pangunahing bagay (Kawikaan 4:7, Lucas 2:52).

23. Kung gaanong pag-ibig ang ating taglay. Ang pag-ibig ay lubos na hindi makasarili, ang tali ng kasakdalan (Colosas 3:14).

24. Kung gaano tayo karesponsable at maaasahan, at kung gaano tayo natatakot sa Panginoon (Nehemias 7:2).

25. Kung gaanong kahusay nating pinamamahalaan ang ating oras. Ang pagsasayang ng oras ay pagsasayang ng buhay (Awit 90:12, Efeso 5:15-17).

26. Sa ating saloobin para sa mga kapatid na bumagsak – nilinis na sa asal na “Sinabi ko na sa iyo” (Galacia 6:1).

27. Kung gaano natin kakilala ang ating mga sarili, kahit na kilala tayo ng Diyos (1 Corinto 13:12), at kung gaanong pagpapaimbabaw ang nalinis na sa ating mga puso (Mateo 7:1-5). Ang pagpapaimbabaw ay pagkabulag sa sarili.

28. Kung gaanong bunga ng Espiritu ang tinataglay natin (buod ng lahat sa itaas).

Ang paglago, kalakasan, at pagkamaygulang ay masusukat lahat sa pamamagitan nito – “Sa kanilang mga bunga makikilala mo sila” (Mateo 7:20, Galatia 5:22-23). Lahat ng siyam na bunga ng Espiritu ay nagpapahayag ng kalikasan ng Diyos. Kaya nga, kapag lahat ng mga bungang ito ay nananagana sa atin, tayo ay magiging katulad Niya. Ito ang ating pagkatawag at layunin (Rom. 8:29, 1 Juan 3:2).

Sa mga sumusunod na pahina bibigyan natin ng maikling paliwanag ang bawat punto.

# MGA TANDA NG PAGKAMAYGULANG AY IPINALIWANAG

## Paglutas sa mga Usapin ng Puso

**1. PAANO TAYO NAKIKITUNGO SA IBA?** Inihahalubilo tayo ng Kristiyanismo sa mga tao! Kaya nga wala talaga sa kasulatan ang *mag-isa* bilang Kristiyano. Ang lumayo sa katawan ng mga mananampalataya ay sintomas ng mga hindi malutas na alitan tulad ng mga pagdaramdam, di pagtitiwala, o kawalan ng malasakit. Sa ilang pagkakataon, mukhang madaling isara ang sarili sa pakikihalobilo sa iba; ngunit sa paggawa nito, ang mga malalalim na mga suliranin ay hindi talaga kailanman nahaharap, at ang mga kinaugaliang paraan at kinagisnan ay nagpapatuloy. Kailangan natin ang bawat isa para sa balanse at paglago. Sa katunayan, ang pagkamaygulang ay hindi posible kung wala ang bawat isa (Juan 17:11, 21, 23)!

Wala ito sa kasulatan at mapanganib ang mag-isa! Mas madalas na nakikipag-usap si Satanas sa mga nag-iisa. Ang kabuuang mensahe ng Kristiyano ay inihahalobilo tayo sa iba. Kung gaano tayo ka-espirituwal ay nakadepende sa kung gaano tayo kahusay makisalamuha at kung gaano kahusay makitungo sa ibang mga Kristiyano, sa amo natin, sa nasa awtoridad, at higit sa lahat sa ating pamilya. Ito ang mga tunay na usaping pang-puso ng buhay (Mat. 22:36-40). Ang Kristiyanismo ay *mga relasyon*!

Gaano katotoo ang Bibliya sa iyong Kristiyanismo? Ang 1 Tesalonica 5:12-13 o Hebreo 10:25, 13:17 ba ay nalalabag? Ikaw ba ay nananagot sa sinuman?

**May mga nangalat na tupa kahit saan. Ang mga Kristiyano na nag-iisa at hindi nakadugtong sa katawan ng mananampalataya ay kadalasang ganito ang dulot ng mga sumusunod na pangunahing dahilan:**

- **Mahirap ang kinalakhan at kinagisnan**– nagreresulta sa kawalan ng kakayanan na makisama o makibagay sa iba.

- **Natisod at hindi na nakatayo** – Mga pagdaramdam, kahihiyan, mga kabiguan at kapaitan ang sanhi kung bakit ang iba ay umiiwas at lumalayo sa pagsasama-sama ng mga Kristiyano at local na iglesya. Ang ibang mangangaral ng ebanghelyo ay umalis sa ministeryo dahil sa isang tao o sa isang bagay na nakatisod sa kanila (Heb. 12:15).

- **Labis na Matuwid** – (Mang. 7:16). Masyadong mataas ang pamantayan ng mga ito kaya kapag ang ibang miyembro ng iglesya ay hindi namumuhay ayon sa sarili nilang pamantayan, umaalis sila sa iglesya. Pagkatapos mapunta sa ilang mga iglesya at makakita ng pagkakamali sa kanila, ang pamarisan ay naroon na at tumitigil na silang dumalo kahit saan.

- **Nagsasarili** – Pakiramdam ng mga taong ito na mas marami silang alam kaysa sa pastor at ayaw mapagsabihan ng *sinuman*. Hindi sila nagsusulit kaninuman, at nagpapantasiya na sila ay espesyal na mensahero galing sa Diyos. Ang iba ay hindi nakatalaga kahit saan at hindi nananagot kaninuman. Dumadalo sila sa iba't-ibang iglesya o kaya ay nananatili lang sa bahay, nanonood ng Kristiyanong palabas sa telebisyon, nakikinig sa *tape*, o nagsisimula ng sariling pag-aaral ng Bibliya.

*Ikaw at ako ay isinasali ng totoong kristiyanismo sa iba!* Tayo ay hinihimok ng kasulatan na mahalin ang isa't-isa, magsama-sama ang bawat isa, palakasin ang isa't-isa, patibayin ang isa't-isa, paglingkuran ang isa't-isa, patawarin ang isa't-isa, at magbuklod sa pag-ibig (Col. 2:2). Nilalagay ng tunay na Kristiyanismo ang mga tao sa mga pamilya (Awit 68:6). Ito ay para sa ating kaligtasan at paglago. Dinadagit ni Satanas ang mga humihiwalay kaysa doon sa mga nasa grupo. Gaano ka-totoo sa Bibliya ang iyong Kristiyanismo? Ang 1 Tesalonica 5:12-13 o Hebreo 10:25, 13:17 ba ay nalalabag? Ikaw ba ay nananagot sa sinuman?

**Ang Kristiyanismo ay relasyon! Ang buong Bibliya ay binuod sa *dalawang* bagay lamang—Kung paano natin pinakikitunguhan ang *mga tao* at paano natin pinakikitunguhan ang *Diyos* (Mat. 22:36-40). Huwag nating kaligtaan ang puntong ito.**

**2. MAYROON BA TAYONG KASIYAHAN?** Ang pagkakontento ay tunay na isa sa mga dakilang kayamanan ng Diyos. "Datapuwa't ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan" (1 Tim. 6:6). Umuunlad ang kasiyahan sa mga taong katulad ni David na ang hangarin ay kanyang binawasan hanggang sa maging isa na lang – ang Panginoon Mismo (Awit 27:4). Nasumpungan niya ang lubos na kagalakan sa presensiya ng Diyos (Awit 16:11). *Natutunan* ni Pablo ang kasiyahan sa lahat ng kanyang sitwasyon (Fil. 4:11). Wala siyang magandang bahay, ang aliw ng maunawaing asawa, magagarang damit, o anumang luho ng buhay. Sa halip, siya ay nagdusa sa kawalan ng lahat ng bagay, kasama ang nakaraan niyang mga posisyon at mga titulo at papuri ng tao (Fil. 3:7-10). Ngunit lubusan siyang pinalakas at binigyang kasiyahan ng presensiya ng Panginoon. Maraming mananampalataya ang umiinom mula sa maruming batis ng sanlibutan sa pag-aakalang mapupunan ang nauuhaw nilang mga kaluluwa, ngunit natagpuan ni Pablo ang sekreto sa pagiging kontento na may kakaunting pagtatamasa sa mundong ito. Nagmula lamang ang kanyang kagalakan sa isang pinagmulan. Siya ay kumukuha kay *Cristo* at patuloy siyang umiinom ng malalim sa Kanyang buhay.

**3.GAANO KAHUSAY NATING PINAPAMAHALAAN ANG ATING ESPIRITU?** (Kaw.16:32) Ang isang Kristiyano ay hindi maygulang kung siya ay pinapamahalaan at pinapangunahan ng kanyang mga emosyon, may silakbo ng galit, at hindi natutong pangasiwaan ang nasaktang damdamin. Ang ibig sabihin ng pamamahala sa ating espiritu ay pagsasabi ng *hindi* sa ating damdamin at natural na pagkahilig. Ang abilidad na magsabi ng "hindi" ay dumadating bilang resulta ng biyaya na binubuhos sa ating mga buhay sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Panginoon at pagharap sa sarili nating buhay. Paano natin "pamamahalaan ang mga bansa ng pamalong bakal" kung hindi natin natutunang pamahalaan ang ating sariling espiritu? (Pah. 21:7, 2:26-27). Kinakailangang makontrol natin ang ating mga emosyon, sapagkat mula sa ating puso ay magbubukal ang lahat ng mga gawa at desisyon sa ating buhay (Kaw. 4:23).

**4.NALUPIG BA ANG PAGMAMATAAS?** Hindi si Satanas ang pinakamalaki nating kaaway – ang sarili! Pagmamataas ang pinakaunang suliranin ng tao. Ang kahambugan ay nasa ilalim ng karamihan sa ating mga alitan at paghihirap. Hindi natin maasahan na maging isang maygulang na Kristiyano hanggang sa ang pagmamataas ay naibaba. Ginagawa ng kapalaluan ang mga tao na magkunwari maging isang bagay na hindi naman sila. Hinihingi ng kapaluan ang makilala. Kapag ang mayabang na tao ay hindi pinansin, siya ay natitisod. Pagmamataas ang dahilan sa isang malupit na disposisyon. Pagsilakbo ng galit ang resulta kapag hindi nakuha ng hambog na tao ang sariling kagustuhan o nalabag ang kanyang kalooban. Ngunit pinapalaya ng kapakumbabaan ang puso sa lahat ng ganitong karamdaman!

**5.NAGTATAGLAY BA TAYO NG PASENSIYA?** (Sant. 1:3-4). Ang pasensiya ay isang pambihirang katangian! Ito ay nakakamit sa pamamagitan ng pagpasa sa napakaraming mga panggigipit at mahihirap na sitwasyon (Sant. 5:10-11, Rom. 5:3). Ang pasensiya ay isa sa mga katangian ng isang apostol (2 Cor. 12:12). Ito ay katangian ng espiritu na maingat na tinitimbang ang mga isyu at hindi gumagawa ng

padalos-dalos na mga konklusyon o mabilis na mga paghatol. Ang karunungan at kaalaman ay mga kakulangan sa isang taong pabigla-bigla sa mga reaksyon (Isa. 32:4). Isang kamangmangan ang bumuo ng isang konklusyon kapag ang lahat ng mga katunayan ay hindi pa nasusuri ng mabuti (Kaw. 18:13).

**6. MATATAG BA TAYO?** Ang isang Kristiyano ay itinuturing na maygulang sa pamamagitan ng kanyang *katatagan*. Ang kasulatan ay maraming sinasabi tungkol sa pagiging *nakaugat, nakasalig, itinatag at nanatili*. Ang mga mananampalataya ay pataas at pababa dahil pinapangunahan pa rin sila ng emosyon at mga kalagayan. Subalit ang mga maygulang na Kristiyano ay hindi pinangingibabawan ng mga emosyon o mga pangyayari kundi ng *pananampalataya* at kung ano ang sinabi ng Diyos. Nagpahayag si Pablo, "Nagsisilakad kami sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng paningin" (2 Cor. 5:7). Ang Israel ay pabagu-bago at nagagalak lamang kapag ang kanilang mga kalagayan ay nakabubuti. Pagkatapos sila ay tatalikod laban sa Diyos kapag nariyan na ang mga problema (Awit 78:37).

Ang buhay ni Pablo ay hindi pabagu-bago, anuman ang kanyang kalalagayan (Gawa 20:18-19) Sabi niya, "Alam ninyo kung paano ang pakikisama ko sa inyo *sa buong panahon*, na ako'y naglilingkod sa Panginoon ng buong pagpapakumbaba ng isip, at ng mga luha." Si Pablo ay nanatiling matibay sa magagandang panahon at gayundin sa masasamang panahon. Walang pataas at pababang sitwasyon sa kanya. Nakuha niya ang isang makalangit na pangitain at ito ang gumawa ng pagkakaiba sa kanyang buhay. Binabago ng isang bagong pangitain ang paraan ng ating pag-iisip at pamumuhay. Humingi sa Diyos ng isang sariwang pangitain kung ano ang nais Niyang gawin sa iyo at sa pamamagitan ng iyong buhay. *Pangitain* ang nagdedetermina sa ating katatagan! Kung walang nagpapatuloy na pangitain, tayo ay nagpapabaya (Kaw. 29:18). Ang bawat isa ay nangangailangan ng isang malinaw na tunguhin upang magtumulin.

**7. NASUSUPIL BA NATIN ANG ATING DILA?** Ang pinakamataas na katunayan ng kabanalan ay pagkakontrol sa dila. Siya na nirerendahan ang kanyang dila ay isang sakdal na tao (Sant. 3:2)! Muli, ito ay isang isyu ng puso dahil "mula sa kasaganaan ng puso ang bibig ay nagsasalita" (Luc. 6:45). Lahat ng mga gawa ng laman na binanggit sa Galatia 5:19-21 ay nilalabas ng dila. Ang dila ang pinakamakapangyarihang miyembro ng ating katawan. Tayo ay hindi ililigtas ng Diyos mula sa isang mahirap na sitwasyon hanggang sa ang ating pananalita ay mabago (Awit 50:23, Job 42).

**Narito ang ilang mga bahagi kung saan natin dapat kontrolin ang ating dila:**

- **Magtago ng Sekreto** – (Kaw. 11:13). "Ang gumagalang tagapagdala ng tsismis, mga lihim ay inihahayag." Pigilan mo ang iyong sarili na huwag maibunyag ang mga kompidensyal na bagay ng iba. Sinaway ng Diyos si Ham sa pagsisiwalat sa *kahubaran* ng kanyang ama (Gen. 9:20-27).

- **Walang Negatibong Pagpapahayag** – Ang mga ito ay *nakakahawa* at nakakaapekto sa ating mga kapatiran. Ang negatibong pahayag ng sampung tiktik ay nagpahina ng loob ng buong kongregasyon ng Israel, at naging sanhi na sila ay bumulong-bulong at patigasin ang kanilang mga puso laban sa mga pangako ng Diyos. (Tingnan ang Bil. 13:26-33, 14:1-10, 32:9, Deut. 1:28).

- **Walang Paghihinganti sa Salita** –Kapag may nakasakit sa atin, kailangan nating manalangin ng biyaya na hindi gumanti sa ating mga pananalita (Isa. 53:7, 1 Ped. 2:22-23). Ito ay kaamuan! Ang pakikipagtalo at paghihiganti ay nagdadala ng katigasan sa ating mga puso (Kaw. 24:29). Ang taong galit na galit ay nawawalan ng sandata kung tayo ay sasagot nang malumanay (Kaw. 15:1).

- **Iwasan ang Mangmang na Pananalita** – May isang kaibahan sa pagitan ng kamangmangan at banal na kasiyahan (Efe. 4:29). Ang mangmang na mga tanong ay nagbubuyo sa atin na magbigay ng mangmang na mga sagot (Tit. 3:9, Kaw. 26:4). Dapat nating *iwasan* ang mga paksang hindi nakakapagpatibay at putulin ito.

- **Pakunwaring Labi** – (Awit 17:1-3, 120:2). Manalangin na ilayo tayo ng Panginoon sa mga sitwasyon kung saan ay mapipilitan tayong magsalita ng mga bagay na ayaw natin! Huwag tayong madaya o mapuno ng rasyonalisasyon, kundi "walang pagdaya" katulad ni Natanael (Juan 1:47). Ang mga malalapit sa Diyos ay may malilinis na dila (Pah. 14:5).

- **Bantayan ang Pakunwaring Papuri**– Ang pakunwaring papuri ay masamang espiritu, ito ay isang bitag. Si Satanas ay isang labis na mapamuri. Ang mga tao ay nabibingwit sa mga salita ng labis na mapamuri. Ang isang tapat na papuri o nakapagpapatibay na salita ay malaki ang nagagawa, ngunit pinalalabis ito ng pakunwaring papuri at ang motibo ay hindi tama. Ang pakunwaring papuri ay palaging humihingi ng isang bagay na kapalit (Kaw. 26:28). Ang kunwang papuri ay isang taktika ng darating na anticristo, at marami siyang mahuhuli sa pamamagitan ng labis-labis na papuri (Dan. 11:32).

- **Maging Maingat sa mga Ipinapangako**. "Ikaw ay nasilo ng mga salita ng iyong bibig" (Kaw. 6:2). Ang ating mga bibig ay maaaring maging sanhi ang ating laman na magkasala sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pangako, kasunduan, o pakikipagtipan na kalaunan ay panghihinayangan natin at hindi tutuparin (Mangangaral 5:1-6, 5:6). Sanaying mas magpakaingat at mag-isip ng mabuti *bago* magsalita.

- **Malinis na mga Ilustrasyon** –Hindi tayo dapat kailanman gumamit ng maruruming ilustrasyon sa ating mga sermon. Ang ating mga salita ay pumipinta ng larawan sa isipan ng mga tao. Iwasan ang detalyadong patotoo ng mga nakaraang kasalanan at huwag sabihin ang personal na mga bagay tungkol sa ibang tao. Ang mga ito sa katunayan ay lumilikha ng karumihan sa mga nakikinig (1 Tes. 2:3, Efe. 5:12). Ang mga salita ay nagkakabunga. (Kaw. 12:14, 13:2, 18:20-21).

- **Walang Hidwaan** – Ang mga *salitang* hinahasik natin sa puso ng iba ay mga butong sisibol at tutubo. Ang mga maling salita ay nagbubunga ng kapaitan at masamang bunga. Kinamumuhian ng Diyos ang paghahasik ng hidwaan (Kaw. 6:19). Hinawaan ni Judas ang ibang disipulo ng kanyang pagrereklamo (Juan 12:4-6, Mar. 14:4-5). Ang pinakamalaking pinsala ni Satanas ay napahamak gamit ang *kanyang bibig* (Pah. 12:10). Ito ay totoo rin sa atin! Karamihan sa mga kasalanan ay nagagawa gamit ang dila. Kapag hinusgahan at pinulaan ng isang tao ang iba, siya ay nagdadala ng parehong mga sumpa sa kanyang sarili (Mat. 7:1-2).

- **Kung Paano Tayo Nagsasalita sa Diyos** – Sinabi ng Panginoon: "Ang inyong mga salita ay naging lapastangan laban sa akin, sabi ng Panginoon" (Mal. 3:13), tingnan ang Job 27:2, Bil. 14:3.
  Kung paano tayo nagsasalita *sa* Diyos at *tungko*l sa Diyos ay lubhang napakahalaga. Gayundin ang gagawin ng Diyos sa atin (Bil. 14:28). Kailangan nating linisin ang ating mga labi, gaya ni Isaias. (Isa. 6:5, 6).

**8. GAANO TAYO KABANAL?** Ang kabanalan ay may kaugnayan sa kung ano ang *binibigkas* natin sa puso (mga iniisip natin, motibo, at kagustuhan). Ang katuwiran ay nangangailangan ng ating mga *gawa*, ngunit ang kabanalan ay kinapapalooban ng ating *mga motibo*. Posibleng gumawa ng tamang mga gawain ngunit hindi pa rin banal ang kalooban; sa parehong pagkakataon ang puso ay kumakapit pa rin sa ibang pagmamahal at mga diyus-diyusan sa kanilang puso. Ang katotohanang ito ay pinatunayan na ng maraming beses sa Salita ng Diyos.

Ilang mga hari "ang gumawa ng tama sa harap ng Panginoon… ngunit hindi inalis ang mga matataas na lugar" (1 Hari 15:11-14, 22:43, 2 Hari 12:2-3, 14:1-4). Bagamat gumawa sila ng personal na mga gawain ng katuwiran, may mga iba silang minamahal sa kanilang mga puso na iniwas at tinanggihang ayusin. Ito rin ay masasabing totoo sa karamihan ng mga mananampalataya ngayon. Maraming Kristiyano ang kumakalaban sa pornograpiya, aborsyon, at humanismo, habang kasabay nito ay nakakapit sa mga diyus-diyusan sa kanilang puso. Marami ang *matuwid* na hindi *banal*. Ngunit tinatawag ng Diyos ang bawat isa sa atin sa mas mataas na antas ng kadalisayan!

Ayon sa Mateo 7:20-23, ang karakter ng isang tao ay hindi masusukat sa mga espesyal na kaloob ng ministeryo na mayroon siya. Maaaring magkaroon ng lahat ng kaloob na ito ang isang tao, ngunit siya ay nananatiling hindi malago. Ang karakter ay hinahatulan sa pamamagitan ng *bunga*. "Sa pamamagitan ng kanilang bunga makikilala mo sila." Gaano karaming bunga ng Espiritu ang maaaring makita sa buhay ng isang tao? Ito ang tunay na tanong! Siya ba ay may kaamuan, pagpapahinuhod, pagpipigil sa sarili, kahinahunan, pag-ibig, kagalakan at kapayapaan? Si Lusiper ay lubhang maraming talento ngunit *walang karakter*. Siya ay napakatalinong musikero na may ekstraordinaryong *karisma*, ngunit siya ay interesado lamang sa isang bagay – ang itaas ang kanyang sarili. Ang karakter ay kinabibilangan ng mga katangian ng katapatan, kaamuan, at tamang pagtugon kapag tayo ay nasasaktan. Tingnan natin ang katunayan ng mga ito sa ating buhay at sa buhay ng iba.

**9.GAANONG ESPIRITU NG ISANG TAGAPAGLINGKOD ANG MAYROON TAYO**? Ayon sa mga salita ng Panginoon, ang *kadakilaan* ay nalalaman sa *kapakumbabaan* o kung gaano nabuo ang puso ng isang tagapaglingkod sa ating mga buhay (Mar. 9:33-35, 10:37, 41-45). Si Jesus ay Lingkod ng lahat ng mga tagapaglingkod. Ano ang isang totoong tagapaglingkod?

***ANG TAGAPAGLINGKOD AY:***

- **Isang tao na may debosyon sa iba** – nakatuon sa mga pangangailangan at interes ng iba. Ito ay kabaligtaran ng isang tao na nakasentro sa sarili at puno ng sariling pagdaramdam at mga suliranin (Fil. 2:19-21).

- **Hindi mapilit –** hindi niya iginigiit ang sariling karapatan o pagkakapantay kundi tinatanggap kung ano ang ibinibigay sa kanya na may espiritu ng pagpapasalamat (Mat. 5:3). Walang tao na totoong "dukha sa espiritu" na may mapilit na pag-uugali.

- **Hindi nagsasarili –** isang nagbabata ng kahirapan, "nagtitiis ng lahat ng bagay para sa kapakanan ng mga pinili" …. ang kabaligtaran ng makasalanang kalikasan na nagsasabi, "Hindi ko kailangang pagtiisan ito" (1 Cor. 9:19, 2 Tim. 2:10).

- **Isa na walang reputasyong ipagtatanggol –** ang isang tagapaglingkod ay katulad lamang ng ating Modelong Lingkod (Fil. 2:6-8). Si Jesus ay hindi kailanman nagkaroon ng mga problema sa *pagkakilanlan.* Wala siyang imahe na dapat panatilihin. Hinahanap niya ang karangalan ng iba – Ang Kanyang Ama. Hindi kailanman hinanap ng Anak ang makalupang pangalan o reputasyon para sa Kanyang Sarili.

- **Isang hindi palalo** – kung gayon, hindi siya madaling matisod o magalit. Tanging mga *panginoon* lamang ang natitisod.

- **Isang gumagawa ng higit pa sa kanyang tungkulin –** subalit hindi pa rin siya humigingi ng "salamat" o tapik sa balikat (Luk. 17:7-10). Siya ay nabubuhay para sa papuri ng kanyang Panginoon, hindi sa papuri ng kanyang kapatiran (Col. 3:23-24).

- **Isang may presensiya ng Diyos** – Lumalakad ang Diyos kasama ng mga mababang lingkod dahil Siya rin ay isang tagapaglingkod (Isa. 57:15). Iniibig Niyang lumakad kasama ang mga katulad Niya at katugma sa Kanya.

**Ang pagkakaron ng isang puso ng tagalingkod ay ang susi sa mabuting pakikitungo sa iba, lalo na sa mga nasa tahanan. Ang totoong tagapaglingkod ay tinutupad ang batas ng pag-ibig kung saan ay ang *lubusang hindi makasarili* – (1 Corinto 13).**

**10. ANO ANG ATING SALOOBIN SA MGA NASA KAPANGYARIHAN?** Hanggang sa anong antas tayo nagpapasakop sa Panginoon? Hindi natin malalaman ang kasagutan sa tanong na ito malibang bigyan tayo ng Diyos ng *tiyak na nakikitang bagay* sa buhay upang ipakita sa atin kung ano ang nasa mga puso natin. Ang ating reaksyon sa mga nasa kapangyarihan (yung mga inilagay ng Diyos na mas mataas sa atin) ay naghahayag kung tayo ba ay nagtataglay ng batas ng pagpapasakop o hindi. Ang Diyos ay nagsasalita at gumagawa *sa pamamagitan ng mga tao.* Kadalasan ang Diyos ay nangungusap sa atin sa pamamamagitan ng mga *ahensiya ng tao* gaya ng isang guro, pastor, opisyal ng batas, asawang lalaki, at mga iba. Kaya kung ang mga ito ay binalewala, ang Diyos ay binabalewala (Ezek. 3:7, Rom. 13:1-7).

Isaalang-alang ang halimbawa ni Eli, ang punong saserdote sa 1 Samuel kapitulo 1-4. Si Eli ay tumalikod sa Panginoon. Pinagbintangan niya ang isa sa mga kapatid na babae sa iglesya, inakusahan siya na lasing. Siyempre, si Ana ay hindi lasing, kundi sa kapaitan ng kanyang kaluluwa siya ay humihingi sa Diyos ng isang anak na lalaki habang siya ay nananalangin sa altar. Nang ipinaliwanag niya ang kanyang sitwasyon

sa tumalikod na lingkod ng Diyos, sinabi nito, “Humayo kang payapa at ipagkaloob nawa sa iyo ng Diyos ng Israel ang kahilingan na idinulog mo sa Kanya” (1 Sam. 1:15-20).

Iginalang ng Diyos ang mga salita at pagpapala ni Eli. *Pinarangalan niya ang katungkulan ni Eli, bagaman hindi niya kinailangang parangalan si Eli.* Dumating ang pananampalataya sa puso ni Ana at siya ay bumalik sa kanyang tahanan at ipinaglihi si Samuel. Naging marunong si Ana na makita na ang Diyos ay nagsasalita sa pamamagitan *ng isang tao*. Isinantabi niya ang pagdaramdam at nakinig sa tinig ng Diyos na nanggagaling sa isang lingkod na ang buhay ay wala na sa tamang kaayusan. Sa gayon, makikita natin ang kahalagahan ng ating mga inaasal sa mga nasa kapangyarihan.

Ang Kristiyanismo ay mga saloobin! Ang saloobin ng asawang babae sa kanyang asawang lalaki ay nagpapahiwatig kung siya ba ay mayroon o walang pagpapasakop (1 Ped. 3:1-7). Ang saloobin para sa pastor, mga opisyal ng batas, o sa sumpunging amo na mainitin ang ulo ay nagpapahayag din ng gayon (1 Ped. 2:13-14, 2:18). Sa huling pagsusuri, ang sinumang nagsasabing,” Hindi ako nakikinig sa tao, sa Panginoon lamang” ay hindi rin nakikinig sa Panginoon. Sinusubukan ng Diyos na magsalita sa kanya *sa pamamagitan ng tao* ngunit hindi siya makarinig. Kung ang Diyos ay direkta ngang magsalita, hindi niya ito makikila o masusunod dahil hindi niya nakagawian ang sumunod. Ang *batas ng pagsunod* ay hindi nananahan sa kanya.

**11. NASUPIL NA BA NATIN ANG ATING PAG-IISIP?** Hindi posibleng maging espirituwal kung hindi muna natin masusupil ang ating kaisipan. Kung ano ang pinipili nating pagbulayan, yun ang nagpapasiya ng ating tagumpay o pagkatalo, sapagkat bawat labanan ay napagtatagumpayan o natatalo sa isip. Ang pagbubulay-bulay ay pagkain. Sa ating mga pagbubulay-bulay, pinapakain natin ang alinman sa *lumang* pagkatao o ang *bagong* pagkatao. Tandaan, ang ating pag-iisip ay nagdudulot ng bunga (Jer. 6:19). Ang ating pag-iisip ay nagiging aksyon, ang aksyon ay nagiging mga gawi, gawi ay nagiging tadhana.

- Ang panghihina ng loob ay resulta ng pagbubulay at pagsasalita kung ano ang sinasabi ng kaaway, kaysa sa kung ano ang sinasabi ng Diyos. Ang mga kaisipan ng Diyos ay palaging mabuti para sa atin (Jer. 29:11). Kung ikaw ay pinapanghinaan ng loob, ano ang iyong *iniisip*? Ang mga kaisipan mo ba ay Kanyang mga kaisipan? (Isa. 55:8).

- Ang kasalanan ay *ipinaglilihi* sa pag-iisip. Ito ay lumalaki habang ito ay *pinapakain* sa pamamagitan ng pagbubulay-bulay, pagkatapos ito ay ipinapanganak sa isang paggawa. Ang kasalanan ay maaaring hadlangan, sa mga iniisip. Ang mga tao ay nagkakasala dahil *binalak nila* at hinayaang maisakatuparan ang kanilang pakana. Pinapakain at pinapalakas ng maling pagbubulay-bulay ang masasamang gawi (Col. 3:9, Rom. 6:12-13). Ang tamang pagbubulay-bulay ay nagpapahina at nagpapawalang bisa sa masasamang kagawian (Col. 3:10, Efe. 4:22-24).

- Ang pagbubulay-bulay ay nakakaapektoot sa ating kalusugan. Ang patuloy na pananahan sa mga takot, karahasan at paghihiganti ay nakakaapekto sa bilis ng takbo ng ating pulso at paghinga. Ang masamang kaisipan ay pinupukaw ang mga glandula, organo, at sistema ng nerbiyos, kaya tayo ay nagkakasakit.

Ang ating pagbubulay-bulay (mga bagay na palagi nating iniisip) ay nakakaapekto sa ating espiritu, sa ating kaluluwa, at kahit sa ating katawan. Ang mga importanteng desisyon ay bumubukal din mula sa ating lohikang pag-iisip. "Nawa'y ang mga salita ng bibig ko, at pagbubulay-bulay ng aking puso ay maging katanggap-tanggap sa paningin mo, O Panginoon, ang aking malaking bato at manunubos ko." (Awit 19:14).

- Hindi magkakaroon ng katagumpayan maliban na matutunan nating masubaybayan ang ating kaisipan. Imposibleng maging espirituwal kung hindi maihahanda ang isipan (1 Ped. 1:13). Ano ang ibig sabihin ng "bigkisan ang baywang ng pag-iisip?" Nung panahon ng Bibliya, ang lalaki ay nagsusuot ng mahaba at maluwag na damit. Kapag siya ay naglalakbay, inaabot niya sa baba ang maluwag na damit at iniipit nang mahigpit sa kanyang sinturon at pagkatapos siya ay magpapatuloy na sa paglalakbay. Ito ang "pagbibigkis ng baywang." Sinasabi ni Pedro na gawin natin ito sa ating mga isip! Ang ating kaisipan ay gustong maging nasa kahit saan katulad ng maluluwag na damit na iyon. Mayroon tayong abilidad na *higpitan* ang ating pag-iisip. Nasa pagpili natin na patayin ang maling pag-iisip at buksan ang tama. Mayroon tayong kapangyarihan na baguhin ang ating pokus.

- Ang kabanalan ay may kaugnayan sa sinasabi natin sa ating *puso*. "Siya na ... nagsasabi ng katotohanan sa kanyang puso" (Awit 15:2). Dapat tayong tumigil at makinig sa ating kaisipan. Dinidinig ng Diyos ang sinasabi ng ating puso. Kadalasan hindi natin natatalastas kung ano ang sinasabi natin sa ating sarili. Nakikilala ng Diyos ang ating isipan at motibo at sinasabi sa atin kung sino talaga tayo (Heb. 4:12, 1 Cron. 28:9). Tandaan, ang ating mga pagbubulay-bulay ang nagpapasiya kung tayo ay magtatagumpay o matatalo. Madalas na minumuni-muni ng mga maybahay kung ano ang nakasakit sa kanila sa buong araw hanggang sa sila ay mabalisa na. Ngunit ang pintuan ay nakabukas kay Satanas kapag patuloy nating binabalikan ang mga kinatitisuran. Mag-isip ng isang bagay na mabuti tungkol sa nakatisod sa iyo at pagkatapos ay ipanalangin siya. Magbulay-bulay sa mga bagay na dalisay, kaibig-ibig, at may magandang ulat (Fil. 4:8, Awit 19:14). Kung gagawin mo ang mga bagay na ito, ang Diyos ng kapayapaan ay sasaiyo.

**12. MAYROON BA TAYONG INTEGRIDAD SA PANANALAPI?** Mayroong higit sa 2,000 mga talata sa Bibliya ay may kinalaman sa pera. Gusto kong gumawa ng isang pahayag na maaaring mukhang matapang sa una ngunit ito talaga ang katotohanan: "Kung paano natin pingangasiwaan ang pera ay tumutukoy kung magtatagumpay ba tayo o hindi sa ating buhay Kristiyano." Ito ang dahilan kung bakit tinalakay ni Jesus ang paksa sa *dalawang-katlo* ng Kanyang mga talinghaga. *Ang tanong ay hindi kung gaano karaming pera mayroon tayo, kundi kung gaano kahusay nating pinangangasiwaan ito.*

**Ang salapi at kung paano natin pinangangasiwaan ito ay nagpapahayag ng ilang mahahalagang bagay tungkol sa atin:**

- Kung mayroon ba tayo o wala ng isang mabuting *konsiyensya*
- Ano ang ating mga *prayoridad*
- Saan natin nilalagak ang *malalalim nating pagmamahal*
- Paano natin ginagamit ang ating *oras*
- Kung mayroon ba tayong *mabuting paghatol at karunungan*
- Kung *mahal natin ang ating pamilya ng higit pa sa materyalismo*
- *Saan natin nilalagay ang ating seguridad*
- Kung tayo ay may *pananampalataya* o kawalan ng pananampalataya sa ating puso
- Kung tayo ay taong *masakripisyo* o hindi
- Kung tayo ay *masunurin* o hindi
- Kung tayo ay mayroon o walang *disiplina* at pagpipigil sa sarili
- Kung tayo ay mapagkakatiwalaan ng Diyos ng mga *espirituwal na kayamanan* o hindi
- Higit sa lahat, kung *gaano tayo ka-nakatalaga sa Panginoon*

**Ang lahat ng mga ito ay espirituwal na mga isyu.**

Maraming mananampalataya ang walang integridad sa salapi. Ang mga Kristiyanong tindahan ng aklat ay hindi *makapagpautang* sa kapwa mananampalataya dahil madalas ay hindi nila natatanggap ang kanilang pera. Ang mga paaralang Bibliya din ay kailangang magbago ng patakaran dahil maraming estudyante ang hindi nakakabayad ng kanilang lagpas na sa taning na matrikula. Ang bagong patakaran ay kinailangan maging – “Walang bayad…walang diploma”! Naobserbahan ng aming mga guro na ang mga nagtapos na matapat na nagbayad ng kanilang matrikula ay karaniwang nagtatagumpay sa ministeryo. Ang iba ay *hindi*!

Hindi makatuwiran na magkaroon ng malaking utang at pagkatapos ay bumibili ng magagarang kasuotan, magagandang kasangkapan at kagamitan, at mamahaling gitara. Kailangang bayaran muna natin ang ating mga bayarin. Ito ang pamamaraang Kristiyano! Iniuutos ni Pablo sa Roma 13:8, “Huwag magkautang kaninuman!” Tama ba na aliwin ang ating sarili at mga kaibigan sa mamahaling kainan at maging mapag-aksaya nang hindi natin binabayaran ang ating pinagkakautangan? Ito ay uri ng pagnanakaw kapag iniiwasan ng mga tao ang magbayad ng kanilang mga utang, na umaasang mabubura ito bilang “hindi nakolekta.” Ang mentalidad na katulad nito ay nakakapagpalabo sa konsiyensya. Nakakaapekto ito sa relasyon ng tao sa Diyos, dahil hindi siya nagiging sensitibo sa Banal na Espiritu. Ano ang mararamdaman mo kung may utang sa iyo ang isang tao (o kumpanya mo) ng libo-libong dolyar, pero pinalano na niya na mag-apply ng pagkalugi at wala ng intensyon na magbayad sa iyo? Ito ba ay pamumuhay ayon sa ginintuang tuntunin?

"Kung gayon, kung hindi tayo naging tapat sa salapi (kayamanan ng kasamaan), hindi ipagkakatiwala sa atin ng Diyos ang mga totoong kayamanan" (cf. Luc 16:10-12). Tinuruan tayo ni Cristo na ang hindi tapat na pangangasiwa ng pera ay isang indikasyon na tayo ay hindi rin magiging tapat sa mga espirituwal na bagay sapagkat ito ay prinsipyo ng puso. Ito ang dahilan kung bakit sinusubok muna tayo ng Diyos sa mga natural na bagay tulad ng ating trabaho, pamilya, at salapi. Kung napatunayan natin sa ating sarili na tapat tayo sa mga ito, tayo kung gayon ay magiging karapat-dapat para sa "mga tunay na kayamanan" o sa espirituwal na ministeryo at pamamahala. Maraming mga Kristiyano ang hindi minarapat ang kanilang mga sarili dahil sa isyu ng pera. Kung paano natin hinahawakan ang pera ay isang mahalagang bahagi ng mensahe ng Ebanghelyo. Kabilang dito ang konsiyensya, karakter, at kung saan natin nilalagay ang ating pagmamahal. Sa ibaba ay ilang mga dahilan ng pagkaalipin sa pananalapi.

## Tatlong Pangunahing Dahilan sa Pagkaalipin sa Pananalapi

**A. Kakulangan sa Pag-iikapu.** Hindi tayo pagpapalain kung hindi tayo nag-iikapu. Inuutusan tayo ng Kawikaan 3:9-10 na mag-ikapu lakip ang pangako na pagpapalain at bibigyan. Kaya nga, kapag hindi tayo nag-iikapu, hindi tayo sumusunod sa Salita ng Diyos. Ang pagkakait ng ating mga ikapu ay isa ring uri ng di-paniniwala. Madalas sabihin ng mga tao, "Kung magbabayad ako ng aking ikapu, wala ng matitira sa aking sarili." Ngunit paano tayo pagpapalain ng Diyos kapag nilalabag natin ang Kanyang Salita at ang ating puso ay walang pananampalataya? Ang kasaganaan ay ipinangako lamang doon sa mga isinasagawa ng *lahat* ng Kanyang mga utos (Jos. 1:8).

Sa literal, ay ninanakawan natin ang Diyos kapag pinababayaan natin ang ating mga ikapu (Mal. 3:8-11). At saka, ninanakawan natin ang ating mga sarili ng mga ipinangakong pagpapala. Sapagkat kapag pinaparangalan natin ang Panginoon sa pinakamainam ng ating pag-aari, "Sinasaway Niya ang mananakmal para sa ating kapakanan." Ang *mga mananakmal* ay ang masasamang espiritu na humihigop palayo ng ating mga salapi. Sa Malakias, ang *mananakmal* ay dumating sa anyo ng isang peste na sumira sa lahat ng mga pananim nila. May mga mananakmal ngayon na walang tigil na umuubos sa ating mga kabuhayan gaya ng mga ospital, pag-papaayos ng sasakyan, at pagkasira ng mga makina. Ang pagpapala ba ng Diyos ay nasa ating tahanan at industriya? Pinaparangalan ba natin ang Panginoon sa unang mga bunga ng ating kabuhayan?

Sa Hagai 1:3-11, pinababayaan ng mga tao ang tahanan ng Diyos. Ang buhay ay umikot lamang sa *sarili* nilang mga bahay at ibang makasariling mga interes. Ang mga prayoridad ay wala sa ayos; kaya, hinipan ng Diyos ang kanilang mga gawa. Bawat isa ay nagtatrabaho ng sobra sa oras para lang ilagay ang mga kinita sa sisidlang may butas. Hindi pararangalan ng Diyos ang ating mga gawa kung hindi natin pinaparangalan ang Kanyang gawa, at kasama diyan ang pag-iikapu.

Ang pag-iikapu ay hindi lamang ordinansa ng Kautusan ni Moises. Ang pag-iikapu ay naroroon na *bago* pa ang Panahon ng Kautusan. Si Abraham ay nagbayad ng ikapu kay Melquisedec (Gen. 14:18-20). Si Jacob ay nagbayad ng ikapu (Gen. 28:22), at ang parehong lalake ay lubhang pinagpala. Pinagtibay din ng Panginoong Jesu-Cristo ang pag-iikapu sa panahon ng Bagong Tipan. Sa Mateo 23:23, ang mga tao

ay nag-iikapu ngunit pinababayaan ang mga mahahalagang bagay ng kautusan tulad ng kahabagan, katarungan, at pananampalataya. Dineklara ni Cristo, "Itong [partikular] mga bagay na ito ay dapat ninyong ginawa" (kahabagan, katarungan, at pananampalataya), at dapat na patuloy din silang mag-ikapu. Oo, ang pag-iikapu ay isang obligasyon, ngunit ang ibang mahalagang bagay ng kautusan—pananampalataya, katarungan, at kahabagan ay hindi rin dapat pabayaan.

Iniibig ng Diyos ang nagbibigay na *masaya* (2 Cor. 9:7). Kaya, ang *saloobin* sa ating pagbibigay ay napakahalaga. Dapat tayong magbigay dahil nais natin, hindi lang dahil kailangan. Gayundin, dapat tayong magbigay sa pananampalataya, yamang nalalaman natin na ibibigay ng Diyos ang ating pangangailangan. Ang pagbibigay na *napipilitan* ay hindi sa pananampalataya kundi tungkulin. Maghandog tayo ng ating mga alay mula sa isang relasyon ng pag-ibig at pananampalataya.

**B. Maling Paghawak ng Pera.** Bakit nga ba ganito na ang ilang mga tao na may kakaunting kinikita ay nakakatagpo ang pangangailangan sa buong sanlinggo, habang ang iba na itinuturing na mas maraming kinikita ay palaging may utang? Ang problema ay maling *paghawak*. Kaya, ang isyu ay hindi kung gaano karami ang mayroon tayo, kundi kung gaano kahusay nating pinamamahalaan ang ating pera. Kadalasan ang mga tao ay kinakapos dahil hindi nila nagamit ng mahusay ang ipinagkaloob ng Diyos. Tayo ay mga katiwala ng pera na ibinibigay ng Diyos sa atin. Paano natin ito ginagamit?

***Narito ang ilan sa mga halimbawa kung paanong maling napapamahalaan ang pera:***

• **Maling Pamumuhunan** – madaliang pagnenegosyo na hindi nananalangin o nanghihingi ng payo mula sa mahuhusay na tagapayo.

• ***Credit Cards*** – ang mabilis at agarang pera ay isang bitag, pinapagastos tayo nang labis-labis at higit sa ating kakayanan.

• **Panghihiram Nang Walang-Ingat** – Ang mataas na interes sa mahabang panahon ay nagdadala ng pagkaalipin. Hayaang mapangunahan ka ng Banal na Espiritu bago ka magtayo o bumili ng isang gusali. Subukang bayaran ang lumang pagkakautang sa mas mababang interes kung kaya mo.

• **Maling Panahon** – pagbayad nang sobra sa mga bagay na nabili sana nang mas mura kung naghintay lamang tayo. Bantayan kung may espesyal na pagbebenta, at hintayin ang tamang oras. Magtanong-tanong muna sa pinakamainam na pakikipagtawaran.

• **Malaking Bayarin sa Telepono** – Ilimit ang haba ng mga tawag; hanapin ang pinakamainam na plano para sa mga lugar na tatawagan ng *long distance*.

• **Labis-labis na paggastos** – mga bilihing hindi kailangan. Iwasang bumili ng mga bagay na hindi kailangan at hindi kayang bayaran.

• **Pag-aaksaya** – ilaw, aircon na naiwang bukas, tubig na tumutulo, at iba pa. Ang pampainit ng tubig ay gumagamit ng 25% ng kunsumo sa kuryente. Mag-isip ng konserbatibo! Kapag nasa bakasyon, ilagay ang refrigerator sa mababa, at patayin ang pampainit ng tubig.

**• Naisin Lamang ang Pinakamainam** – Ang pinakamura ay hindi laging ang pinakamainam sa kalaunan. Ngunit, kailangan bang lahat ay pinakamainam? Nasaan ang ating puso? Ang isang magandang gamit na nasasakyan ay nagkakahalaga lamang ng 20 hanggang 30% ng kung ano ang babayaran natin kung bibili tayo ng bago. Lagi tayong nagbabayad ng *mataas na dolyar* para sa kung ano ang bago! Maaari ba tayong makontento sa isang bagay na "halos kasingganda rin" para sa mas murang halaga? Masyado ba tayong marangya para pumunta sa isang tindahan ng ukay-ukay?

**C. Kulang sa Disiplina at Karakter.** "At anumang ninasa ng aking mga mata ay hindi ko ipinagkait" (Mang. 2:10). Si Solomon ay walang pagpipigil sa sarili. Lahat ng nakita ng kanyang mata, kinuha niya. Lumubog siya sa lahat ng nasa ilalim ng araw sa paghahanap ng makakapagbigay sa kanya ng kasiyahan at kasayahan. Ngunit ang kasayahan ay hindi makikita alinman sa mga bagay na ito maliban lamang kay Cristo. Maraming mga Kristiyano ay "nakikisangkot sa mga bagay ng buhay na ito" (2 Tim. 2:4). Ang Panginoon ay nagbibigay ng babala na ang mga pag-aalala, kayamanan at kalayawan ng sanlibutang ito ay *sumasakal* sa buhay ng kaharian (Luc. 8:14). Ang *pinakamataas* nating pagkatawag ay tuparin ang dalawang dakilang kautusan ng Mateo 22:36-40, na mahalin natin ang Diyos ng ating buong puso, isip, kaluluwa at lakas, at ang ating kapwa gaya ng ating sarili. Upang masunod ito —— kailangan nating italaga ang ating oras, lakas, at mga kinagigiliwan ng Diyos. Kung ang ating buhay ay okupado ng materyalismo at pag-oobertaym, hindi natin matutupad ang ating pagkatawag.

Ang PERA ay nakakaapekto sa ating espirituwal na buhay. Ipinapahayag ng salapi kung *sino* tayo! Hindi tayo magiging espirituwal kung hindi natin pinamamahalaan ang ating kaperahan nang may karunungan. Ang mahalagang punto ay ito – ang pagkaalipin sa salapi ay humahadlang sa atin upang gawin ang kalooban ng Diyos sa ating buhay; kaya, dapat nating tiyakin na tayo ay may pinansiyal na kalayaan!

*Seguridad* ang isa pang pangunahing dahilan kung bakit mahal ng tao ang pera. Ngunit, ang seguridad ay makikita sa sentro ng kalooban ng Diyos, hindi sa ating salapi. Nakakalungkot na ang mga taong nakatangan sa kanilang pera sa bangko ay *bihira, kung mayroon man* na nakakatanggap ng anumang malalaking espirituwal na tagumpay sa kanilang mga buhay. Anong bahagi mayroon ang pera sa iyong puso?

**13. NATUTUHAN NA BA NATING TUMIGIL SA PAGSABI NG – "HINDI ITO PATAS"** Kung ang reklamong, "Hindi ito patas" ay laging lumalabas sa ating pananalita, ito ay indikasyon ng dalawang bagay tungkol sa ating karakter. Pinapakita nito na hindi pa natin natutunan ang mga kaparaanan ng Panginoon at tayo ay wala pa sa pagtatagumpay. Ang tao ay may napakatinding kahinaan – iniisip niya na karapat-dapat siya sa bagay na mas higit pa at hindi siya nagpapasalamat kung ano ang mayroon siya. Ang daan sa tagumpay ay unang maunawaan nang malalim sa ating mga puso na *hindi* tayo karapat-dapat sa *anuman*. Oo, ang katotohanan ay hindi talaga tayo karapat-dapat sa anuman, bagaman hindi tayo masyadong kumbinsido dito! Hindi tayo "dukha sa espiritu."

"Mapapalad ang mga dukha sa espiritu" (Mat. 5:3). Sa orihinal na Griyego, ang *dukha* ay nilalarawan bilang "susukot-sukot na pulubi." Ang susukot-sukot na pulubing ito ay nagpapasalamat sa bawat mumo na kanyang tinatanggap. Ito ay eksaktong kabaligtaran ng taong nagpipilit ng mas marami at mas higit, o "pagkakapantay ng karapatan". Si Cristo kailanman ay hindi nagpumilit ng *pagkakapantay ng karapatan* at gayundin dapat tayo. Ang problema natin ay hinahambing natin ang ating mga sarili sa iba at pinapalagay na dapat mayroon tayo kung anong mayroon sila. Ang umasa sa pagkakapantay-pantay at ipinipilit ang ating mga karapatan ay di-katulad ng ating Panginoon. Maraming mga mental at emosyonal na pakikipagbaka ang titigil kung ang Mateo 5:3 ay isinasagawa. Kumbinsido ako na karamihan sa ating mga problema ay hindi umuugat sa mababang pagtingin sa sarili. Sa Halip, nanggagaling ang mga ito sa pagmamataas at pagkaako, di-pagpapasalamat, di-natubos na mga bahagi ng sariling-buhay, at kakulangan ng pananaw ng Diyos sa mga isyu ng buhay. Dapat nating turuan ang ating mga anak mula bata pa lamang na huwag isiping *karapat-dapat* tayo kung ano ang mayroon sa iba.

**14. GAANONG PAGPAPASALAMAT ANG TINATAGLAY NATIN?** Ang pasasalamat ang susi sa katagumpayan. Ang pagpapasalamat ay isang lunas sa kaluluwa. Napapagtagumpayan nito ang lahat ng kapaitan, lahat ng pagrereklamo, at bawat mahihirap na sitwasyon. Kinokondisyon tayo ng pagpapasalamat na magpuri, at dinadala tayo sa dalisay na pagsamba. Sinasabi sa atin ng Kasulatan na magsipasok tayo sa kanyang mga pintuan na may pagpapasalamat, at sa kanyang bulwagan na may pagpupuri (Awit 95:2, 100:4). Ang pagpapasalamat ay isang saloobin na nagbubunga ng *pananampalataya*. Ang Israel ay walang pananampalataya— Sila ay di-mapagpasalamat sa lahat ng ginawa ng Diyos sa kanila. Hindi nakarating ang Israel sa lupang pangako dahil sa espiritu ng di-pagpapasalamat at di-paniniwala. Ang hindi pagpapasalamat, gaya ng nakikita natin sa kasaysayan, ay ang unang pangunahing hakbang sa pagtalikod (tingnan ang Roma 1:21). Kahit si Lusiper ay bumagsak mula sa mataas na posisyon dahil sa *hindi pagpapasalamat.* Sa halip na magpahayag ng pagpapasalamat sa Diyos sa lahat ng ginawa Niya sa kanya, mas nagpumilit lamang siya ng higit pa. Tunay na hindi posible ang magtagumpay sa buhay kung walang kahusayan ng isang pusong mapagpasalamat.

Kaya ba nating magpasalamat sa Panginoon *sa* at *para* sa bawat sitwasyon? (1 Tes. 5:18, Efe. 5:20, Hab. 3:17-19). Naniniwala ako na natuklasan na natin ang susi sa matagumpay na pamumuhay kapag tayo ay nakakapagpasalamat sa Panginoon *sa* at *para* sa bawat kalagayan. Inaalis tayo ng pagpapasalamat sa bawat negatibong tono tulad ng pesimismo, kritisismo o pagrereklamo. Tiyak na ang pagpapasalamat ang susi sa katagumpayan at pagpapatuloy sa Diyos (Bil. 14:8). At alalahanin, ang mapagpasalamat na espiritu ang nagpapahalina sa atin sa Diyos. Ito rin ang gumagawa sa isang babae na maging kaaya-aya para sa lalaki. Ang mapagpasalamat at nagagalak na espiritu ang nagbibigay kagalakan sa Panginoon at nakakakuha ng Kanyang pabor (Isa. 64:5).

Ang Kristiyanismo ay lahat tungkol sa mga saloobin. Ang saloobin kung saan ginagagawa natin ang kalooban ng Diyos-ay ang pinakamahalagang isyu sa Kanya. Mayroon lamang isang bagay na mas mahalaga kaysa sa paggawa ng kalooban ng Diyos at yun ay ang *kasiyahan* na gawin ang Kanyang kalooban (Awit 40:8, 37:4). Ito ay isinalalarawang mabuti sa buhay. Maaaring hilingin ng isang ama sa kanyang anak na lalaki o babae na gawin ang isang bagay; ngunit kung sila ay susunod nang may pag-

aatubili o saloobin ng pagsuway, hindi ito makakapagbigay ng kasiyahan sa ama. Ito ay totoo rin sa ating relasyon sa makalangit na Ama.

**15. NAUUNAWAAN BA NATIN KUNG GAANO KAKAUNTI ANG ALAM NATIN?** Idinideklara ng Kawikaan 17:27, “Siyang pumipigil ng kanyang mga salita ay may kaalaman.” Minumungkahi nito na kapag mas marami tayong nalalaman, mas lalo nating nakikita kung gaano karami ang hindi natin alam, at mas mabagal tayong magbigay ng payo (Sant. 1:19). Kahit si Job ay pinagsabihan dahil sa “siya’y nagpaparami ng salita na walang kaalaman” (Job 35:16). Sinabi ng Diyos, “Saan ka nandoon nang ilagay Ko ang mga pundasyon ng lupa?” (38:2-4). Sa totoo lang, napakakaunti ng alam natin. Ayon sa Efeso 2:7, ihahayag ng Diyos ang bagong kapahayagan sa atin para sa walang hanggan. Kailangan nating maunawaan na bahagya pa lamang nating nakikita kung ano ang ipapahayag ng Diyos. Kaya ang tao na nag-aakalang *mayroon siya ng lahat at nalalaman na niya ang lahat* ay nananahan sa kalunos-lunos na kategorya ng Pahayag 3:17-19 (cf. 1 Cor. 8:2, Gal. 6:3).

**16. GAANO KAHUSAY NATING KINAKAYA ANG PAGTANGGI?**

**17. GAANO KAHUSAY TAYONG TUMUTUGON SA MASAKIT NA MGA PAGKAANTALA?**

**18. GAANO KAHUSAY NATING HINAHARAP ANG KABIGUAN?**

**19. GAANO KAHUSAY NATING HINAHARAP ANG PAGKAWALA NG ISANG BAGAY?**

**20. GAANO KAHUSAY NATING HINAHARAP ANG POOT NA DUMARATING SA ATING DARAANAN?**

**21. KUNG GAANO KAHUSAY NATING PINAMAMAHALAAN ANG TAGUMPAY?**

Ang mga paksa sa itaas ang magsasabi kung tayo ba ay isang malakas na Kristiyano o hindi. Ang bawat isa sa mga ito ay buong ipinapaliwanag sa seksyon na may titulo – TUNAY NA KALAKASAN. (Tingnan ang pahina 79.

**22. KUNG GAANONG KARUNUNGAN ANG ATING NATAMO?** Ang bagay na magkaiba sa isang maygulang na mananampalataya mula sa isang walang-gulang, ay *karunungan*. Kaya, sa Kawikaan 4:7, tayo ay pinapangaralan na mag-ipon ng karunungan dahil “ang karunungan ang pangunahing bagay.” Binabago ng karunungan ang kulang sa kaalaman (o walang kamalayan) sa isang may pagkilalang matanda. Si Jesus mismo ay lumago sa karunungan; at, habang Siya ay nadadagdagan ng karunungan, lumalaki rin Siya na may pabor sa Diyos at tao (Luc. 2:52). Karunungan din ang dahilan na ang Anak ng tao ay “maging malakas sa espiritu” (Luc. 2:40).

Ang *Aklat ng Kawikaan* ay isinulat upang magbunga ng makaharing karunungan. Ito ay sinulat *ng* isang hari, *para* sa isang hari. Ang tema ng Kawikaan ay “Ang Paghuhubog ng isang Hari.” Ang pagkatawag sa bawat mananampalataya ay maging makahari (1 Ped. 2:9, Pah. 1:6, 3:21, 5:9-10, 1 Sam. 2:8). Isinasama

ng karunungan sa sarili nito ang mga sumusunod: pagtitimpi, pagkilala, malinaw na pagkaunawa, pananaw sa hinaharap, mabuting paghatol, kasanayan, karanasan, lalim, kadalisayan, kapayapaan, kahinahunan, at marami pang iba. Ang lahat ng mga katangiang ito ay kailangan sa paghahari sa trono kasama ang Hari ng mga hari (Pah. 3:21). Ilang taon na ang nakalipas, isang pastor na pinanghinaan ng loob na iniwanan ang napakagandang trabaho para sa ministeryo ang nanangis sa Panginoon, na nagsasabing "Iniwan ko ba ang lahat ng ito para lang pastulan ang kakaunting mga tao na ito?" Sumagot ang Panginoon sa kanya, "Ikaw ay naghahanda ng dalawampung hari na maghahari kasama Ko sa walang hanggan!" Kaagad, ay naglaho ang panghihina ng kanyang loob!

**MGA MAHAHALAGANG TEMA NG KAWIKAAN**

*Mga Kailangan para sa paghubog ng isang hari*

- Tamang pagdidisiplina sa isang bata (Ang paghubog ng hari ay nagsisimula sa kapanganakan).
- Paglilinis sa kaloob-looban at tamang mga motibo (Huwag hamakin ang pagtutuwid ng Panginoon).
- Pagkakaroon ng takot sa Panginoon (Ito ang simula ng karunungan).
- Paglakad kasama ang tamang mga kaibigan (Huwag kainggitan ang masama o naisin na makasama sila).
- Paghahabol sa karunungan nang walang tigil (Ito ay binibigay lamang sa karapat-dapat na naghahanap).
- Pagbibigay ng ating puso [mga minamahal] sa Diyos (Lahat ng desisyon sa buhay ay nagbubukal mula dito).
- Pagbabantay laban sa bisyo (Sanayin ang kahinahunan, pagpipigil at kontrol sa sarili).
- Pagbabantay sa bitag ng pakunwaring papuri (Naghihintay ng kapalit ang kunwaring papuri).
- Ang kapangyarihan ng dila para sa mabuti o masama (Ito ay may kapangyarihan ng buhay at kamatayan).
- Pagdinig at pagpapanatili kung ano ang narinig natin (Ang mga susing salita ay – "huwag kalimutan" at "sundin").
- Pangangaral laban sa suhol o maling paggamit ng salapi sa anumang kaparaanan (Tingnan ang 1 Sam. 12:3).
- Mga panganib ng pagsasayang ng oras at kabuhayan (Mag-ingat sa pagpapaliban).
- Paghatol sa kapalaluan, kayabangan at isang mapagmataas na espiritu.
- Pagtataas ng kapakumbabaan ("Bago ang karangalan ay kapakumbaan").
- Pagbibigay-diin sa tamang pakikitungo sa mga mahihirap (Layuan ang anumang uri ng pang-aapi).
- Paghambing sa katangian ng mabuti at masamang babae, at pagpili ng isang asawang babae na may pinakamataas na kalidad.
- Ang personalidad ng karunungan (Ang karunungan ay dalisay, mapayapa, at iba pa, cf. Sant. 3:17).
- Ang karunungan na nagtatayo ng bahay (Paglalagay ng batong pundasyon ng karunungan na nagtatatag ng pag-aasawa).
- Laban sa paghamak, pangungutya, at pagmamapuri (Ang mga ito ay hindi kaaya-aya sa buhay ng isang hari).
- Pagsisisi, madaling turuan, at paghinto mula sa sarili nating karunungan.
- Hindi natitisod (Ang natisod na puso ay bumababa papunta sa matinding kasamaan).
- Pagkamuhi sa walang kamalayan (Ang ibinubunga ng pagtatanggi sa karunungan ay tatanggihan tayo ng Diyos).
- Ang tamang ugali sa mga kaaway (Walang lugar para sa "makaganti" o maghangad ng paghihiganti).
- Paggalang sa ating mga magulang sa anumang edad ("Huwag hamakin ang iyong ina kapag siya ay matanda na").
- Mga problema sa kaluluwa na nakakaapekto sa katawan (Ang malusog na katawan ay nakadepende sa malusog na kaluluwa).

## KATUNAYAN NG TAMANG MENSAHE

*Ano ang tunay na mensahe ng panahon?*

| Walang Hanggang Mensahe (Pinakasukdulan) | Pansamantalang Mensahe (Ang mga ito ay hindi sukdulan) |
|---|---|
| • Kapakumbabaan at pag-alis sa eksena<br>• Pagtupad ng kalooban ng Diyos sa aking buhay<br>• Pagkamuhi sa kasalanan at pagmamahal sa katuwiran<br>• Kadalisayan ng motibo, pagsaliksik sa banal na karunungan<br>• Pagkilala sa Diyos, pagpapabago ng aking buhay<br>• Pagkaunawa kung ano ang nasa puso ng Diyos ngayon<br>• Pagtuon sa Kordero, pagiging katulad Niya<br>• Pagkakaisa sa bawat isa, lalo na sa tahanan<br>• Ang asawang lalaki at babae na nagkakaisa sa kanilang kaisipan<br>• Pagkakaroon ng nagsisisi, natuturuan, at bagbag na espiritu<br>• Paglilinis ng lahat ng pagtutunggali sa ating puso<br>• Ang Iglesya ng Diyos na dumarating sa kaluwalhatian at pagkamaygulang<br>• Pagiging Babaing Ikakasal na handa para kay Cristo<br>• Paghahayag ng ebanghelyo na may kapangyarihan at katotohanan<br>• Pagkasentro sa lahat ng bunga ng Espiritu | • Ano ang magagawa ng Diyos para sa akin<br>• Ang pinakamabilis na daan palabas sa aking mga problema<br>• Pag-angkin sa aking mga karapatan kay Cristo<br>• Pagtanggap ng materyal na pagpapala<br>• Pagpokus sa akin – gaano ako magiging dakila kay Cristo<br>• Paano ako gagawing matagumpay ni Jesus<br>• Ang pagsasabi ng Hinaharap<br><br>*Ang mensahe ng Kasaganaan* ay may malaking kabiguan dahil ang binibigyang-diin nito ay sa kung ano ang magagawa ng Diyos para sa akin ngunit walang pagbibigay-diin sa isang banal na buhay. Ang pagkakaroon ng isang puso ng tagapaglingkod, pagiging katulad ng kordero at pagsuko ng mga karapatan ay hindi masyadong binigyang-diin, o kahit man lamang na ang pagpapakumbaba ay binigyang halaga. Ni maging ang kahalagahan ng kadalisayang moral at pag-aasawa ay maipangaral. |

**23. MAYROON BA TAYONG BANAL NA PAG-IBIG?** Kung ang lahat ng katangian ng banal na pag-ibig ay bibigyang buod, sila ay mauunawaan sa isang salita lamang – *di-makasarili*. Pag-ibig ang kabaligtaran ng pagkamakasarili. Ang makadiyos na pag-ibig ay hindi lamang basta emosyon. Ito ay karakter! Ginagawa nito kung ano ang pinakamabuti para sa iba. Hindi niya hinahanap ang sariling kapakinabangan, hindi madaling mabuyo. Binabata at tinitiis niya ang lahat ng bagay. Ang tunay na pag-ibig ay lubusang di-makasarili. Ito ay "ang tali ng kasakdalan" (Col. 3:14). Ang pag-ibig ay nagpapakasakit, binibigay ang buhay para sa iba. Ang pag-ibig ang katuparan ng kautusan (Rom.13:8-10). Ang pag-ibig ay hindi nabibigo! Ang Kristiyanong kasakdalan ay makikita sa pamamagitan ng kung gaano na ang *hindi makasariling kalikasan ng Diyos ng pag-ibig* ay pinasakdal sa ating mga buhay.

Ang pagkamakasarili ang eksaktong kabaligtaran ng pag-ibig. Unang isinasaalang-alang ng pagkamakasarili ang *sarili*. Ang pagkamakasarili ang pangunahing dahilan kung bakit ang mga tao ay hindi nakikitungo ng mabuti sa bawat isa. Gayundin, ito ay pangunahing dahilan ng diborsiyo. May isang nagsabi, "Kung magpapasa ng batas ang mga mambabatas na tanging ang mga di-makasariling tao lamang ang hahayaang magdiborsiyo, wala sanang magiging diborsyo." Ang pagtanggi sa sarili ay ang nasa pinaka-puso ng Kristiyanismo (Mat.16:24). Kahit ang Tagapagligtas ay hindi binigyang-lugod ang Kanyang sarili (Rom. 15:1-3).

## Pagdating sa Pag-ibig at Tunay na Pagkakaisa

*"Ngayong nilinis na ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pamamagitan ng inyong pagsunod sa katotohanan, kaya't kayo'y may tunay na pag-ibig sa isa't isa, mag-ibigan kayo sa isa't isa nang buong alab mula sa dalisay na puso." 1 Pedro 1:22*

Paano tayo nakakarating sa "hindi pakunwaring pag-ibig sa mga kapatid?" Ipinapakita sa atin ng Unang Pedro 1:22 at Unang Juan 1:7 ang daan! Ito ay dumarating sa mabagal at dahan-dahang proseso na kinakailangan ng maraming gawa ng pagsunod at maraming pagtugon sa katotohanan. Ang sanhi kung bakit napakaliit na karakter lamang ang nakikita sa Iglesya ay dahil sa ang mahahalagang pangangailangan na ito (pag-ibig at pagkakaisa) ay mayroong napakatataas na halagang nakasabit sa kanila, at iilan lamang ang nakalaang magbayad ng halaga para makuha sila.

"Ang hindi pakunwaring pag-ibig ng mga kapatiran" ay pagkakaisa. Sila ay magkatumbas! Kung saan mayroong tunay na pagpapakumbaba, mayroong pagkakaisa. Ngunit sa ating kalikasan, tayo ay di-mapagkumbaba at makasarili, kundi sa halip ay *mapilit* na itinataas ang sarili nating kalooban, mga paraan, at mga opinyon, at iilan lamang ang nagpaparaya. Kaya patuloy tayong nagkakaroon ng banggaan.

*Lubos na nauunawaan* ng Diyos kung ano ang mga bagay sa ating buhay na nagiging sanhi ng hindi pagkakasundo at kawalan ng pagkakaisa. Kaya, pinagtutuunan Niya ng pansin ang mga isyung ito ng paisa-isa at ayon sa Kanyang tulin. Magsasalita Siya nang malinaw sa atin at hindi magkakaroon ng di-pagkakaunawaan. Ituturo ng Diyos ang Kanyang daliri sa isang bagay sa ating buhay. Maaaring sabihin Niya sa atin, "Kailangan nito ng pag-aayos" o "Gusto Kong maghintay ka" o "Ang relasyong ito ay hindi mabuti para sa iyo." Maaaring bigyan Niya tayo ng bagong direksiyon, na nagsasabing, "Hindi ito ang plano Ko sa iyong buhay; may ibang bagay Akong iniisip" o puwedeng, "Ang ugali mo ay hindi tama para sa taong ito at ito ay nakakahadlang sa iyong paglago at nakakaapekto ng hindi mabuti sa iba." Maaaring magsalita nang mahina ang Espiritu sa ating puso at magsasabi, "Gusto kong maging mas masunurin ka; masyado kang mahigpit sa iyong mga opinyon."

Kapag tayo ay hinaharap ng Diyos tungkol sa isang isyu, inaalok Niya rin tayo ng biyaya (kakayanan mula sa Diyos) upang tulungan tayong tumugon sa bagay na hinihingi Niya sa atin. Ito ang susi – kung tayo ay tutugon sa Kanya at susunod sa Kanyang tinig, ang pagbabago ay mangyayari sa ating puso. Isang bagay ang nadedeposito sa ating pagkatao. Tuwing sumusunod tayo mula sa puso sa mga sariwang katotohanan na inihahain sa atin, isang bagong paglilinis ang nangyayari sa ating kaluluwa. "Ngayong nilinis ninyo ang inyong mga sarili sa pamamagitan ng inyong pagsunod sa katotohan." Basahin muli ang 1 Pedro 1:22

Sa bawat bagong pagtugon sa liwanag ng katotohanan ng Diyos, isang pagbabago ang nangyayari. Habang ang prosesong ito ay laging nauulit, sa huli, dumarating tayo sa mapagpalang estado ng "hindi pakunwaring pag-ibig ng mga kapatiran" (1 Ped. 1:22). Ang bawat bagong pagtugon sa katotohanan ay nagdadala ng lunas sa ating puso sa bagay na nagdudulot ng hindi pagkakaisa, yung mga bahagi ng kadiliman, kalituhan, pagkamakasarili at katigasan.

## Ang Liwanag ay Naghahatid sa Pag-ibig at Pagkakaisa

*"Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, gaya niya na nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay nilinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak." 1 Juan 1:7*

Ang liwanag ay naghahatid sa pag-ibig! Walang ibang daan upang makarating sa pag-ibig kundi ang paglakad sa liwanag. Ang ating pagsasama-sama sa bawat isa ay batay sa paglakad sa liwanag, o paglakad sa *katotohanan*. Ang paglakad sa liwanag (sa katotohanan) ay siyang panlunas sa kadiliman at kawalan ng pagkakaisa sa ating mga puso. Kaya imposibleng magkaroon ng pagkakaisa o pagsasama-sama kung iniiwasan natin ang liwanag. Ang tunay na pag-ibig ay nasasakdal habang tayo ay lumalakad at tumutugon sa liwanag (1 Juan 2:5). Kaya, tanging ang mga *masunurin lamang* ang nakakarating sa tunay na pag-ibig at pagkakaisa.

Walang pakinabang na sabihin sa pulpito, "Kailangan nating magkaisa dito; dapat nating mahalin ang isa't-isa." Ang tunay na pag-ibig at pagkakaisa ay posible lamang kapag ang kongregasyon ay tumutugon sa liwanag. Ang paglago ay magpapatuloy lamang habang tayo ay *nagsasabi ng oo sa kung ano ang tinuturo ng Diyos sa ating buhay*. *Tuwing nagsasabi tayo ng oo* sa Diyos mayroong pagbabago, mayroong paglago. Ito ang paraan upang umabante mula puntong C patungong puntong D sa ating espirituwal na buhay. Ngunit kapag tayo ay nagsasabi ng hindi sa Diyos, ang ating paglago ay tumitigil at ang *tamang paggabay* ay humihinto rin. Hindi magsasalita ang Diyos sa atin tungkol sa puntong E, kung sinara na natin ang ating mga tainga sa puntong D.

## Ang Diyos ay Liwanag – Ang Diyos ay Pag-ibig

Ang Kristiyanismo ay lahat tungkol sa *pagsasama-sama*– pagsasama sa Diyos at sa bawat isa. Lahat ng buhay ay umiikot sa mga relasyon (Mat. 22:36-40). Kabilang sa lahat ng kasalanan ay ang ating relasyon sa bawat isa at sa Diyos. Kaya ang kailangan natin ay para sa *lumalago at maygulang na* pagsasama. Ito ay dumarating habang tayo ay *lumalago* sa banal na pag-ibig, na naghahatid sa pagkakaisa. Ngunit, ito'y sa pamamagitan lamang ng ating paglakad sa liwanag (sa katotohanan) na tayo ay magkakaroroon ng ganitong pagsasama-sama. Saka pa lamang na ang dugo ni Jesu-Cristo [ay patuloy na] maglilinis sa atin sa lahat ng pagkakasala at lulunasan ang lahat ng ating di-pagkakaisa (1 Juan 1:7).

Ano ang ilan sa mga bagay na sumisira sa ating pagsasama? Ang *kasalanan* ay sumisira sa pagsasama. Sinasaktan nito ang ating relasyon sa Diyos at sa tao. Ang *pagkamuhi at hindi pagpapatawad* ay sumisira sa pagsasama at pinaghihiwalay tayo sa isa't isa. Sinabi ni Juan na kung kinamumuhian natin ang ating kapatid tayo ay lumalakad sa kadiliman (1 Juan 2:9-11). Ang *pagkakamali* ay nakakawasak ng pagsasama. Ang mga maling konsepto at bulaang mga espiritu ay nagdudulot ng masamang bunga at nakakapagpabagsak ng ating pagsasama at pagkakaisa. Ang lahat ng mga ito ay sentral na tema ng unang sulat ni Juan. At bagaman si Juan ay kilala bilang "apostol ng pag-ibig," siya din ay apostol ng *pagkilala*.

Una tayong ipinakilala ni Juan sa Diyos ng Liwanag, at pagkatapos sa Diyos ng pag-ibig. "Ito ang aming narinig sa kanyang Anak at ipinapahayag naman namin sa inyo: ang Diyos ay liwanag at walang anumang kadiliman sa kanya." (1 Juan 1:5). Sa mga talatang 6-7 nilinaw niya na ang ating *pagsasama* sa Diyos at

sa bawat isa ay nakasalalay sa paglakad natin sa liwanag.  Pagkatapos na mapagtibay ang katotohanan na ang “Diyos ay liwanag,” dinebelop niya ang tema na ang “Diyos ay pag-ibig.” Ang liwanag ay nauuna sa pag-ibig!  Ang paglakad sa liwanag, pagsunod sa liwanag, at ang mapuno ng liwanag, ang magdadala sa atin sa pag-ibig at pagkakaisa.

**Ang liwanag ay nauuna sa pag-ibig – Hindi magkakaroon ng pag-ibig malibang harapin natin ang liwanag at ang ating mga alitan at malutas.**

## ANG PAGLAKAD SA LIWANAG AY NAGDADALA SA ATIN SA PAG-IBIG AT SA PAGKAKAISA

### *Ang Liwanag at Kadiliman Inihambing*

**Paglakad sa Liwanag**

• Pagpapanatili ng isang mabuting konsiyensiya

• Pagsunod sa alam natin ay tama – Pamumuhay ayon sa mga katotohanan na mayroon tayo sa kasalukuyan

• Pag-ibig sa katotohanan, aktibong naghahanap ng higit pang katotohanan

• Mabilis at positibong mga pagtugon sa pagtutuwid– ang yakapin ang pagsaway at huwag itong masamain

• Nakahandang ilantad ang buong puso natin sa Diyos, at ang *pagiging bukas* sa ating mga kapatiran

• Paglalakad kasama ng kapatiran na mayroong kombiksyon, na sila mismo ay lumalakad sa liwanag. Si David ay palaging sumasangguni kay Samuel para sa pagpapayo.

• Pagpapanatili ng ating mga puso mula sa mga pagkatisod at sama ng loob. Tingnan ang 1 Juan 2:9-11. Hindi pinatitigas ang ating puso.

**Paglakad sa Kadiliman**

• Paglabag sa ating konsiyensya

• Pagtalikod mula sa alam natin ay katotohanan ng Diyos at Kaniyang kalooban – pagtanggi sa liwanag (Kaw. 2:13)

• Pagmamahal sa sanlibutan at mga bagay ng kadiliman

• Pagdaramdam sa pagsaway mula sa mga nakatataas sa atin, at pagkamuhi na aminin ang anumang pagkakamali o kahinaan

• Pagkukubli at pagtatago sa Diyos, pagkakait ng mga mahalagang katotohanan mula sa kapatiran.

• Pagkakaroon ng mga kaibigan na hindi lumalakad kasama ang Diyos. *Pag-iwas* sa mga taong lumalakad sa liwanag. Halimbawa, iniwasan ni Saul si Samuel.

• Pagpapahintulot sa masasamang damdamin at pagkamuhi sa ating mga puso tungo sa iba (1 Juan 2:9-11, Heb. 12:15).

**Mga Katangian ng Liwanag**

• Hinahayag, pinapaalam, nilalantad, at pinapakita kung ano ang nakatago. Pinupunit ng liwanag ang tabing ng pagkukunwari.

• Ginagawa tayong wagas at tunay ng liwanag, nililinis tayo sa kasinungalingan at pagpapaimbabaw, ginagawa tayong tapat.

• Ang liwanag ay katotohanan. Ito ay may *kapangyarihang makapagpalaya*. (Ang *laser* ay makapangyarihang konsentrasyon ng liwanag).

• Ang liwanag ay kalusugan. Ang mga mikrobyo at sakit ay dumadami kung saan walang liwanag.

• Ipinapakita ng liwanag kung saan tayo papunta. Ito ay direksyon at pagkaunawa. Ang Diyos ay liwanag. Wala siyang takot, kalituhan, pag-aalinlangan, kahinaan ng loob, o kapanglawan. Hindi nagugulat ang Diyos ng anumang bagay.

***Mga Katangian ng Kadiliman***

• Ang kadiliman ay isang panakip, isang balabal. Sa kadiliman ang isang tao ay maaaring magkunwari at gumanap ng isang papel (Juan 3:19-21, 15:22).

• Ang kadiliman ay kung saan ang sakit at mikrobyo ay dumadami. Dito kumakalat ang salot ng kasamaan.

• Ang kadiliman ay kalabuan, kalituhan, kawalan ng kalinawan at direksyon. Ito rin ang lugar ng kabulaanan.

• Ang kadiliman ay pagkasira ng loob, desperasyon, isang kasinungalingan. Ay depresyon ay kadiliman; katulad ng isang kulimlim o hamog.

• Si Satanas ay makapangyarihan *lamang* kung saan siya ay mahusay na nakatago o nagpapanggap bilang iba. Mahal ni Satanas ang kadiliman. Ang kanyang kaharian ay kadiliman. Kapag siya ay nailantad sa liwanag, ang kanyang kapangyarihan ay nawawasak.

**24. TAYO BA AY MGA TAONG MAY PANANAGUTAN?** Ang responsableng tao ay may matinding kamalayan ng *pananagutan*. Alam na alam niya na siya ay mananagot sa Diyos para sa kanyang sarili, sa kanyang pamilya, at sa iba. Ang responsableng lalaki ay takot sa Diyos. Kaya, maingat siya sa kanyang mga salita, mga ikinikilos, mga saloobin, at mga aksyon. Nauunawaan niya na ang kanyang buhay ay palaging nag-iiwan ng impresyon sa mga nakapaligid sa kanya at *naiimpluwensiyahan* niya ang kanilang pang-walang hanggang tadhana.

Ang taong may responsibilidad ay *maaasahan* sa trabaho, sa bahay, at sa iglesya. Siya ay may isang salita. Totoo siya sa kanyang sinasabi at sinasabi kung ano ang ibig niyang sabihin, at tinutupad niya ang kanyang mga pangako (Mat. 5:37). Kapag siya ay gumawa ng pagtatalaga, sinusunod niya ito (Awit 15:4). Kapag sinabi niyang, "Magkita tayo ng 8:00 ng umaga," siya ay naroon o tatawagan ka kung hindi siya makakarating. Ang responsableng tao ay may tamang pag-uugali sa awtoridad – sa kanyang boss, mga tagapagtupad ng batas, guro, inihalal na mga opisyal, at mga magulang. Gayundin, siya ay maingat sa pagbabayad ng kanyang mga pagkakautang *bago* magpakasawa sa pagbili ng ibang mga bagay.

Ang nananaig na pag-uugali ng mga *iresponsableng* tao ay parang ganito: "Hindi ko kailangang tiisin ito," "Walang puwedeng magsabi sa akin kung ano ang dapat kong gawin," "Buhay ko ito at gagawin ko kung ano ang gusto ko," "Kung ayaw ko ng trabaho ko, o ang panggigipit, o ang aking buhay may-asawa, aalis nalang ako." Inalis ni Cain ang kanyang sarili sa lahat ng responsibilidad nang tanungin siya ng Diyos kung nasaan naroroon ang kanyang kapatid. Matatas niyang sinabi, "Ako ba'y tagabantay ng aking kapatid?" Inakala ni Pilato na makakaiwas siya sa kasalanan ng pagkabubo ng dugo sa pamamagitan ng paghuhugas ng kanyang kamay at pagsasabing, "Wala akong kasalanan sa dugo ng matuwid na taong ito" (Mat. 27:24). Ngunit, nasa kanyang hurisdiksyon ang magpalaya o maghatol, at tunay nga na pinanagot siya ng Diyos (Juan 19:10). Tinuring ni Pablo ang kanyang sarili na tagapagbantay ng kanyang mga kapatid. Sinabi niya na siya ay may *utang* sa lahat ng tao at obligadong sabihin sa kanila ang katotohanan (Rom. 1:14, 15). "Tiniis niya ang lahat ng mga bagay dahil sa mga hinirang" at "sa lahat ng mga bagay ay nakibagay sa lahat ng mga tao" upang sa lahat ng mga paraan ay mailigtas ang ilan (1 Cor. 9:22, 2 Tim. 2:10). Isinantabi ni Pablo ang kaginhawahan at lahat ng mga pansariling interes upang paglingkuran at saklolohan ang bumagsak na tao.

**25. GAANO KAHUSAY NATING PINAMAMAHALAAN ANG ATING ORAS?** Ginawa ba natin si Jesus na maging *Panginoon ng ating oras?* Ang oras ay kaloob sa atin ng Diyos. Walang kinalaman ang walang hanggan sa oras, ngunit sa lupa ang *oras* ang pinakamahalagang kayamanan na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos. Ang oras ay isang pagkakatiwala, isang banal na tiwala. Hindi ito mabibili o mahihiram. Tatanungin tayo ng Diyos kung paano natin ginamit ang ating oras. Ipagpalagay na inaksaya natin ang kalahati ng ating araw sa mga hindi mahalaga. Kung gagawin natin itong kaugalian, masasayang natin ang kalahati ng ating buhay. Ang pag-aaksaya ng oras ay pag-aaksaya ng *buhay*. Kapag naubusan na tayo ng oras, naubusan na tayo ng *buhay*! Tumatakbo ang oras. Paano natin ito ginagamit? Bibigyan tayo ng Diyos ng sapat na mga taon para magawa ang Kanyang mga layunin sa ating buhay, ngunit kung sasayangin natin ang mahahalagang oras, hindi natin matutupad ang lahat ng kalooban ng Diyos.

Ang Awit 90 ay isang panalangin ni Moises. Ang kanyang henerasyon ay naglagalag sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Sinayang nila halos ng kanilang buhay dahil sa hindi pagsunod at pagmamatigas ng kanilang puso. Kaya, nanalangin si Moises sa Awit 90 para sa mga henerasyon sa hinaharap, na huwag nating sayangin ang ating buhay sa mga walang kabuluhang gawain kundi bigyan tayo ng Diyos ng karunungan upang malaman kung paano natin gamitin ang ating oras nang may katalinuhan. "Kaya't turuan mo kami na bilangin ang aming mga araw, upang kami ay magkaroon ng pusong may karunungan (Awit 90:12). Nawa dalhin tayo ng Diyos sa lugar kung saan lahat ng ginagawa natin ay *produktibo, makabuluhan, at mahusay, na namumunga ng walang hanggang bunga.*

## Ginawa ba natin si Jesus na Panginoon ng ating Oras?

***Samantalahin ng Husto ang ating Oras***

- Karamihan sa atin ay hindi kailangang maging abala. Ang tanong ay, "Ang mga proyekto ba na kinabibilangan natin ay produktibo?" Sa Efeso 5:16, 17, tayo ay inutusan na "samantalahin ang bawat pagkakataon" at "samantalahin ang panahon". Dapat ang bawat suntok magawa nating maibilang. Kasama na dito ang mapasa-tamang mga lugar sa tamang mga panahon, makatagpo ang tamang mga tao at masabi ang tamang mga salita. Sa madaling salita, tayo ay dapat pinapangunahan ng Espiritu kahit sa maliliit na mga detalye.

- Naitatalaga ba natin ng wasto ang mga responsibilidad sa tamang mga tao? Hindi natin dapat tangkaing gawin ang lahat ng bagay sa ating sarili. Kahit na ang Panginoong Jesus ay naunawaan na hindi Siya maaaring mapasa-lahat ng dako ng minsanan. Kaya, inilagak Niya ang Kanyang misyon at mensahe sa maraming mga tao na maaaring gumawa nito.

- Kapag sinasabi natin na hindi natin magagawa ang lahat ng bagay sa isang dalawampu't-apat na oras ng araw, masyado tayong abala. Alalahanin, na alam ng Diyos ang ginagawa Niya nang nilalang Niya ang mga araw na may dalawampu't-apat na oras. Kailangan ba na magkaroon ng dalawang trabaho para bayaran ang mga karangyaan na maaari naman tayong mabuhay kahit wala? Pinipilit nitong kunin ang ating oras at lakas, at ang ating *kakayanan*. Makakatipid ba sa katagalan para sa isang ina na magtrabaho sa pagsasaalang-alang sa halaga ng ekstrang sasakyan, ekstrang buwis, mga tagapag-alaga ng bata, at marami pang iba?

- Natatakot ba tayong tanggihan ang mga imbitasyon o mga kahilingan dahil iniisip nating makakatisod tayo sa isang tao? Matuto tayong magsabi ng "hindi" nang may kagandahang loob. May isang mahusay na paraan na magawa ito, kaya bakit hindi hingiin sa Diyos na tulungan tayo! Dapat tayong gumawa ng imbentaryo. Lahat ba ng ating mga pagpapagal ay lubhang kinakailangan (mga paglalakbay, mga pabor, mga aktibidad, mga libangan)? Pagkatapos nating gumawa ng listahan, piliin kung ano ang pinakamahalaga at *alisin* ang ilan sa kanila. Ang gusto natin ay walang hanggang bunga. Manalangin tayo na bigyan tayo ng Diyos ng karunungan upang magamit ang ating oras ng mahusay at para lamang sa mga isyu na may kaugnayan sa walang hanggan. Ang oras ay maikli; ito ay nauubos na.

**Mga Kaabalahan na Kumukuha ng Ating Oras at Salapi**

(Kung gaano karami ang mayroon tayo, ganun karami ang kailangang panatilihin)

Sa ibaba ay ang ilan sa isang salita na nagsasalawaran ng mga tungkulin na kailangan nating gawin upang panatilihin ang lahat ng mga ekstrang *gadgets*, proyekto, at libangan na nakakaabala sa ating panahon sa Diyos at sa ating mataas na pagkatawag. Sila ay kinakailangang:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| iniwasto | kinumpuni | nilangisan | binago | nawalisan |
| iniba | nagrasahan | inorganisa | inayos | nahigpitan |
| kinargahan | binahay | inoberhol | kinayod | nagupitan |
| nilinis | nakaseguro | pininturahan | kinuskos | nakaayon |
| binilang | ininspeksiyon | tinagpian | mahigpit na nakasara | nabakyum |
| nilinang | nilisensiyahan | pinakintab | naserbisyuhan | binarnisan |
| hiniwa | tinagpian | naingatan | ipinag-shampoo | nilabahan |
| pinunasan | isinangla | pinutulan | pinatalas | diniligan |
| isinalansan | tinabasan | itinala | inuri | dinamuhan |
| pinuno | pinatabaan | pinamamahalaan | itinuwid | pinapahinga |

Kahit ang mabuti at lehitimong bagay ay makahahadlang sa atin sa banal na magkamabunga. Kung ikaw ay tinawag sa ministeryo, mas may karunungan na lagyan ng limitasyon ang bilang ng iyong mga anak. Kung ikaw ay may mas malaking pamilya, kailangan mo ng mas malaking bahay na ang ibig sabihin ay mas mataas na buwis, mataas na bayarin sa kuryente, sa dentista at doktor, at napakarami pang mga pangangailangan. Maraming mga misyonero / pastor na kinailangang iwan ang ministeryo upang alagaan ang kanilang mga anak. Dahil dito, napabayaan nila ang daan-daang espirituwal na mga anak. Huwag mong hayaang matali ka sa mga alalahanin ng buhay na ito, kahit pa mga *lehitimong* mga alalahanin.

**26. ANO ANG ATING SALOOBIN SA MGA BUMAGSAK NA KAPATID?** Ang Galatia 6:1 ay isa pang mahalagang katunayan ng pagiging espirituwal. "Mga kapatid, kung ang isang tao ay natagpuan sa anumang pagsuway, kayong mga espirituwal ay dapat panunumbalikin siya sa espiritu ng kaamuan. Tingnan ang iyong sarili, baka ikaw ay matukso rin." Ano ang pumapasok sa ating mga isipan kapag nakikita natin ang kapwa mananampalataya na natisod?

*Kapag ang isang kapatid na lalaki o babae ay bumagsak sa kasalanan, mayroong ilang karaniwang maling reaksyon na kailangan nating bantayan:*

a) Pamumuna
b) Katigasan
c) Kalupitan
d) Ang saloobin na "Sinabi ko na sa iyo"
e) Ang saloobin na "Walang tulong para sa kanya na galing sa Diyos"

Sinabi ni David, "Marami ang nagsasabi sa aking kaluluwa: walang tulong sa kaniya ang Diyos" (Awit 3:2). Ito ang sinasabi ng kapwa mananampalataya tungkol kay Haring David nang siya ay bumagsak sa

kasalanan at nasa ilalim ng matinding pagdidisiplina. Marami ang nagsasabing, "Wala na siyang pag-asa; tapos na ang Diyos sa kanya," ngunit nagkamali sila. Alam ng isang maygulang na Kristiyano na *maaari* rin siyang bumagsak sa kasalanan. Natutunan niyang maging sensitibo sa mga pakikibaka at tukso na nagpapahirap sa iba, at mapagpasalamat at batid niya ang biyaya na nag-iingat sa kanya (1 Ped. 1:5).

*Ang katigasan at pamumuna sa mga bumagsak na kapatid ay nagpapahayag ng mga sumusunod:*

- Hindi siya kumbinsido na puwede rin siyang bumagsak sa kaparehong bitag.
- Hindi siya sensitibo sa ilang pagpapahirap na nararamdaman ng mga tao. Kung siya ay sensitibo, siya ay magiging mahabagin.
- Kailangan niya ng mas malaking pangitain ng nais ng Diyos na magpanumbalik. Ang puso ng Diyos ay para sa *pagpapanumbalik*.

**27. GAANO NATIN KAKILALA ANG ATING MGA SARILI?** Ang kasunod sa pagkilala kay Cristo, ang pinakamahalagang bagay ay makilala ang *ating sarili* (1 Cor. 13:12). Hindi natin naiintindihan ang ating mga sarili at ito ang dahilan kung bakit mayroon tayong mga alitan. Marami sa ating mga pagkaalipin ay nababali kapag sila ay nadadala ng lubos *sa kaliwanagan.* Ang ating mga suliranin ay hindi malulutas maliban na tayo ay *kumbinsido* na mayroon tayo nito. Ang kalayaan ay hindi makakamit malibang *mapaniwala* tayo na ito ay ating kailangan. Alalahanin, na nalinis lamang si Job nang *nakita niya ang kanyang sarili* sa liwanag ng Diyos (Job 42:5-6). Saka pa lamang na ang kanyang mga pagsubok ay natapos. Kailangan nating makita kung ano ang nakikita ng Diyos sa atin, at pagkatapos ay gumawa ng isang matapat na pag-amin.

**Pinapahinahon tayo ng mga pagsubok, panahon at mga panggigipit. *Kinokondisyon* tayo ng mga ito upang marinig at makita ang mga bagay na hindi natin matanggap o dati ay hindi tayo nakahandang tanggapin. Pagkatapos, ay babaguhin tayo ng bagong kaliwanagan (Roma 12:2).**

Ang pagpapaimbabaw, ayon sa Panginoong Jesu-Cristo, ay *pagkabulag* (Mat. 7:1-5), ngunit ito ay nanggaling mula sa pinatigas na puso. Gaano kaya kabagsik at kalupit ang isa tao sa iba samantalang ang kaparehong problema ay tumutubo rin sa kanyang sariling puso at mas malala pa! (Rom. 2:1). Kung gayon, bakit kaya ang mga tao ay mga mapagpaimbabaw? Ito ay bunsod ng *kakulangan ng kaalaman sa sarili*. Sila ay bulag sa kondisyon ng sarili nilang mga puso (Jer. 17:9). Ang tunay na Kristiyanismo at pagkamaygulang ay kinabibilangan ng ating buong pagkatao na sinusuri ng Diyos at *nababalutan ng banal na kaliwanagan*. Ito ay nangangahulugan na lahat ng bahagi ng ating pagkatao ay kailangang suriing mabuti ng Diyos na nakakakita ng lahat at ng Kanyang pagtingin na tumutubos (Awit 11:4, Kaw. 20:27). Nakikita at nalalaman ng Diyos ang bawat bahagi natin. Kapag nakikita natin ang nakikita Niya, tayo ay mapapalaya. Ngunit mayroon pang isang kadahilanan dito. Kailangang *maghintay* ng Diyos hanggang sa tayo ay maging maygulang na *bago* Niya ipapakita sa atin kung ano ang nakikita Niya, at ang tunay nating kondisyon.

**28. GAANO NA KARAMING BUNGA NG ESPIRITU ANG NADEBELOP SA ATIN?** Narito ang pinakamataas na hangganan ng espirituwalidad. Ito ang *pinakamataas na pamantayan* kung saan natin

hahatulan ang karakter ng tao, at iyon ay, "Sa kanilang mga bunga makikilala mo sila" (Mat. 7:20). Bawat isa sa mga bunga ng Espiritu na binanggit sa Galatia 5:22-23 ay isang aspeto ng kalikasan ng Diyos. Kaya, ang layunin ay mamunga ang bawat isa sa magagandang bunga na ito sa ating buhay upang ang ating kalikasan ay maging kagaya ng sa Panginoon. Ang ating pagkatawag ay maging "ayon sa Kanyang wangis" (Roma 8:29). Kaya, kapag ang lahat nitong siyam na makalangit na katangian ay namumukadkad ng sagana, magiging katulad tayo ng Panginoon. Gayundin, ang *kalakasan* ng isang tao ay napatutunayan sa pamamagitan ng ebidensiya ng mga bungang ito sa kanyang buhay.

**Lahat ng Siyam na bunga ng Espiritu ay mga Kalakasan (Galatia 5:22-23)**

**Pag-ibig** – ay ang *kalakasan* na unahin ang iba. Ito ang *kalakasan* na maging di-makasarili, na binabata at pinagtitiisan ang lahat ng bagay. Hinahanap ng pag-ibig ang hindi sa kanyang sarili, kundi inuuna ang iba.

**Kagalakan** – "Ang kagalakan ng Panginoon ay ating *kalakasan*." Nililinis at pinagagaling ng kagalakan ang ating espiritu ng pagdaramdam, sama ng loob, at depresyon. Pinalalakas din tayo ng kagalakan sa pisikal at nagbibigay sa atin ng kasiglahan.

**Kapayapaan** – ay ang *kalakasan* na maging payapa sa mga bagyo. Hindi ito nayayanig ng mga pagdududa, mga takot, at mga pagsalakay ng kaaway. Ang kapayapaan ay nagbibigay ng katatagan sa ating mga puso at isipan.

**Pagpapahinuhod** – ay ang *kalakasan* na huwag "sumuko" kundi nagtitiis ng mga kahirapan, mga pag-antala, at kalalagayan.

**Kahinahunan** – ay ang *kalakasan* na huwag maging magaspang o makasakit sa iba. Ito ay ang kalakasan na maging mabait. Ito ay isang bunga ng karunungan. Tanging ang malakas na tao lamang ang maaaring maging mahinahon.

**Kabutihan** – ay ang *kalakasan* na gawin ang tama sa larangan ng moralidad. Isinasantabi nito ang sariling kagustuhan at *walang humpay na* ginagawa kung ano ang *pinakamainam* para sa iba.

**Pananampalataya** – ito ay ang *kalakasan* na mapagtagumpayan ang sanlibutan, si Satanas, at madidilim na pagsubok (1 Juan 5:4), at kinikilos nito ang mga bundok. Ang pananampalataya ay higit sa anupamang suliranin na mayroon tayo.

**Kaamuan** – ay ang *kalakasan* na huwag gumanti, sa salita o sa pisikal (Isa. 53:7, 1 Ped. 2:21-23). Ito rin ay ang *kalakasan* na tanggapin ang ating mga kalagayan nang walang galit.

**Pagtitimpi** – (pagpipigil sa sarili) ay ang *kalakasan* na hindi nagpapakasawa; ito ay ang kalakasan na kontrolin ang mga pagkagana at kinahihiligan. Si Samson ay hindi malakas sa espiritu.

# PAGDATING SA KALUWALHATIAN – ANG ATING LAYUNIN

"Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Rom. 3:23). Ang isang talata na ito ay nagpapakita sa atin kung ano talaga ang tinutumbok ng buhay – *ang makaabot sa kaluwalhatian.* Ang kasalanan ay ang hindi pagkaabot sa hangganang ito. Ang pinakatanging misyon ng ating Panginoong Jesus ay "magdala ng maraming anak sa kaluwalhatian" (Heb. 2:10). Hindi Siya pumunta sa mundo upang sagipin *lamang* ang makasalanang sangkatauhan mula sa walang hanggang

pagkahatol. Siya ay dumating upang baguhin ang mga tao ayon sa Kanyang sakdal na wangis, "upang ibangon ang dukha mula sa karumihan, paupuin siya kasama ang mga prinsipe, at magmana ng luklukan ng kaluwalhatian" (1 Sam. 2:8). Kaya, inihayag ni Pablo, "Dahil dito, Siya'y may kakayahang *iligtas nang lubos* ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, yamang lagi Siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila."

Ninanais ng Diyos ang isang maygulang na kasintahang babae, siya na *maluwalhati*, walang batik o kulubot, o anupamang katulad nito (Efe. 5:26-27). Hinahanap Niya ang isang tao na ang "antas ng komunikasyon," ay kapantay Niya, kung saan ay maaari Niyang pagbuksan ng Kanyang puso at maibahagi ang malalalim Niyang mga lihim. Hindi maaaring gawin ng Diyos ang ganitong uri ng relasyon sa *isang bata*. Ito ang dahilan kaya kailangan nating lumago mula sa pagiging sanggol kay Cristo patungo sa isang maygulang na babaing ikakasal, mula sa 1 Pedro 2:1-2 tungo sa Pahayag 19:7-8.

Isinalarawan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto bilang *mga sanggol at karnal* (1 Cor. 3:1-3, cf. Heb. 5:12-14). Sa panahon na sumulat si Pablo sa kanila, hindi sila handa na maghari kasama si Cristo. Ang trono ay hindi ipinagkakatiwala sa mga musmos na sanggol o karnal, kundi sa mga mananagumpay (Pah. 2:26, 3:21, 21:7). Hinamon ni Pablo ang mga taga Corinto, na sinasabi, "[Sa kasalukuyan], kayo ay hindi karapat-dapat na humatol sa maliliit na bagay," samantalang sa katotohanan tayo ay tinawag upang hatulan ang sanlibutan at mga anghel (1 Cor. 6:2-3). Hindi lubusang nawalan ng pag-asa si Pablo sa pagsulat niya sa kanila. Siya ay nagtitiwala na "patitibayin sila ng Diyos sa wakas, upang sila ay maging *walang dungis* sa panahon ng ating Panginoong Jesus" (1 Cor. 1:8). Inalala ni Pablo kung saan *siya* nanggaling. Nakita niya na ang parehong biyaya na nagpabago ng kanyang buhay ang siya ring biyaya na kikilos sa mga taga Corinto habang sila ay patuloy na sumusunod at tumutugon araw-araw sa tinig ng Diyos. Oo, ang mga taga Corinto ay ipinanganak na muli, puno ng Espiritu, at nilinis sa pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo (1 Cor. 6:11). Mayroon silang mahusay na halimbawa (Pablo), at mayroon silang angking mga espirituwal na kaloob. Gayunman, sila ay bata pa sa pananampalataya, wala sa gulang, karnal, at hindi nalinis mula sa mga pita ng kamunduhan (2 Cor. 7:1). *Hindi pa sila nakarating sa kaluwalhatian.*

Ano ang ibig nating sabihin ng "pagdating sa kalulwahatin." Naniniwala ako na nagsimula na tayong pumasok sa kaluwalhatian kapag si Cristo ay nakikita na ng iba sa atin (Gal. 1:16, 24). Si Cristo na nasa atin *ang pag-asa ng kaluwalhatian* (Col. 1:27). Nang tayo ay ipinanganak na muli, si Cristo ay ipinanganak sa atin bilang binhi (1 Ped. 1:23). Ang banal na binhing nasa atin ay hindi maaaring magkasala (1 Juan 3:9). Ngunit kailangang Siya ay pahintulutang lubos na mahubog sa atin (Gal. 4:19) hanggang sa tayo ay maging ganap na tao, ayon sa sukat ng kapuspusan ni Cristo (tingnan ang Efe. 4:13-14). Siyempre, si Cristo ay *nasa sa atin*, nang tayo ay ipinanganak na muli, at habang siya ay lubos na nahuhubog sa atin, makikita ng mga nakapaligid sa atin ang maygulang na Cristo na inihahayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng ating mga buhay.

Ang pagdating sa kaluwalhatian, kung gayon, ay ang maging kawangis ng Anak ng Diyos (Rom. 8:29) at pagpapakita ng Kanyang buhay sa sanlibutan. Kabilang sa kaluwalhatian ang apat na bagay:

1.) Ang *paglalagak* sa Diyos ng kaluwalhatian na para sa Kanyang pangalan sa bawat sitwasyon (Gawa 12:23, Rom. 4:20, 1 Cor. 10:31, 2 Cor. 4:15, Pah. 4:11, 11:13, 14:7, 16:9).

2.) Ang *pagtanggap* ng kaluwalhatian o pagsang-ayon na ibinibigay ng Diyos (Juan 5:44, 12:43, Rom. 2:7, 2:10, Heb. 3:3).

3.) Ang *pagpapaliwanag* ng kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng pagdating sa pagkamaygulang (1 Cor. 11:7, 2 Cor. 3:18).

4.) Ang *pakikibahagi* ng lubos na kaluwalhatian na ibibigay sa mga banal sa pagdating ni Cristo (Rom. 8:18, 1 Cor.15:43, 2 Cor. 4:17, 2 Tes.1:10, 1 Ped. 5:1, 5:4).

**PAANO TAYO MAKAKARATING SA KALUWALHATIAN?**

• PAGKAGUTOM, HANGARIN – Ang pagkagutom sa Diyos ay isang banal na kaloob. Ito ay itinatanim mismo ng Diyos sa ating mga puso habang tayo ay naghihintay sa Kanya, at habang makapangyarihan Niya tayong nilalapit (Juan 6:44). Nagsumamo si Moises sa Diyos, na sinasabi, "Ipakita Mo sa akin, idinadalangin ko, sa Iyo, ang Iyong kaluwalhatian" (Exo. 33:18). Ito ay nagresulta sa kahanga-hangang pagpapakita ng Diyos na isinalarawan sa Exodo 34:5-8. Ang salitang *"magsumamo"* ay isang napakalakas na salita sa orihinal na Hebreo at Griyego. Ito ay nangangahulugan ng *desperasyon*. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay hinahayag sa mga desperado, sa mga humahanap na may kagutuman. Ang susi ay ang hangarin! Ang mga Kristiyanong *kontento na bilang sila* ay hindi makakarating sa kaluwalhatian (Pah. 3:15-19). Kung wala tayong kagutuman, manalangin tayo, "Panginoon, mahabag Ka sa akin at ilapit Mo ako" (Ang Awit ni Solomon 1:4, Juan 6:44).

• PAGKAUHAW – si David ay *nauhaw* para sa Diyos (Awit 42:1-2). Nauuhaw siya na makita ang kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos (Awit 63:1-2). Ang mga hangarin ni David sa buhay ay binawasan hanggang sa *nag-iisang bagay* – "ang mamalas ang kagandahan ng Panginoon, at sumangguni sa Kanyang templo" (Awit 27:4). Nakalaan siyang dumaan sa mga karanasan sa tuyong ilang, sapagkat ang gayong mga karanasan ay lumilikha sa kanya ng banal na pagkauhaw para sa Diyos at sa Kanyang kaluwalhatian. Maaaring tuyuin ng Diyos ang iba nating lumang mga sapa upang sa Kanya lamang tayo uminom, *ang Bukal ng Buhay na Tubig* (Jer. 2:13). Tandaan, na ibinubuhos lamang ng Diyos ang Kanyang Espiritu *sa mga nauuhaw* (Isa. 44:3, 41:17-18, Mat. 5:6).

• PAGIGING AGRESIBO – Hindi binibisita ng Diyos ang mga sunud-sunuran. Hindi Siya ngumingiti sa pagiging *maligamgam*. Hindi pipili si Cristo ng isang kasintahang babae na ang puso ay hati (Pah. 3:15-16). Kung nais nating makita ang Diyos at mabago ang ating buhay sa makabuluhang paraan, kailangan nating maging agresibo (Mat. 11:12, Kaw. 2:1-5). Bawat mananampalataya ay may "mga ugat" at nakaraan na kailangang mapagtagumpayan. Ang mga kalakasan at kahinaan na ating minana ay nadadala natin sa ating buhay Kristiyano. Halimbawa, ang mga Amish at Quakers ay mga hindi lumalaban. Hindi sila sang-ayon sa anumang uri ng digmaan. Ngunit ang ganitong mentalidad ay nadadala sa espirituwal na buhay hanggang sa kahit na si Satanas ay hindi nilalabanan o sinasalangsang. Ngunit ang Kasulatan, ang Luma at Bagong Tipan, ay puno ng mga salitang pakikipagdigma. Dineklara mismo

ni Jesus na ang *karahasan sa espiritu* ay kailangan upang tamuhin ang buhay ng kaharian (Mat. 11:12). "Ang magandang balita ng kaharian ng Diyos ay ipinangangaral, at ang bawat isa ay sapilitang pumapasok doon." (cf. Luk. 16:16). Tanging *ang mga agresibo* lamang ang magtatamo ng mga pangako at makakarating sa kaluwalhatian.

• KATUWIRAN – "Ang Panginoon ay magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian" sa mga lumalakad nang matuwid sa harap Niya (Awit 84:11). Iniibig ng Diyos ang katuwiran at pinapaboran ang mga matuwid ng Kanyang kaluwalhatian. Tiyak na dadalhin tayo ng Panginoon sa lahat ng Kanyang maluwalhating pangako habang tayo ay nakalulugod sa Kanya at gumagawa ng katuwiran (Bil. 14:8, Isa. 64:5).

• KAAYUSAN –Kapag ang lahat ng bagay ay may *kaayusan* sa ating buhay at sa ating mga tahanan, sa gayon ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag (Isa. 40:3-5). Ang kaluwalhatian ng Diyos ay hindi darating malibang ang mga pamantayan ay maabot. Maraming bagay ang *mauuna* sa pagdating ng kaluwalhatian ng Diyos. Hangga't hindi "natapos" ang tabernakulo at bawat bagay ay nailagay sa *tamang kalalagyan*, na ang kaluwahatian ng Panginoon ay bumaba (Exo. 40:33-35). Ito rin ay naging totoo sa templo ni Solomon (1 Hari 6:38, 8:10-11). Siyempre pa, ang mga katotohanang ito ay totoo rin sa ating mga mananampalataya sapagkat tayo ang templo ng Diyos. Gayundin, ito ay napakamahalaga na ang ating tahanan ay nasa kaayusan, at ang ating relasyon sa ating mga anak at asawa ay ayon sa mga pangaral ng Kasulatan.

Malaking paghahanda ang kailangan bago dumating ang Diyos sa Kanyang kaluwalhatian (Awit 102:16). "At sinabi ni Moises, Ito ang bagay na iniutos ng Panginoon na gawin ninyo; sapagkat magpapakita sa inyo ang Panginoon" (Lev. 9:6, 9:4). Bago nagpakita ng kaluwalhatian ang Diyos sa Israel, ang unang walong kapitulo ng Levitico ay kailangang maisakatuparan. Ang bayan ng Diyos ay kailangang mag-alay ng tamang handog, gawin ang iba't-ibang paglilinis, mga tamang aplikasyon ng dugo, tamang espirituwal na mga kasuotan, at mapahiran. Ang lahat ng mga hakbang na ito ay kailangan sa ating pansariling mga buhay bago dumating ang kaluwalhatian.

• PAGKAMAYGULANG – Ang kaluwalhatian ay dumarating sa mga *maygulang*; ito ay dumarating sa hinog na pananim. Ang magsasaka na ang pananim ay hindi nahinog sa pagkagulang ay walang kagalakan, sa halip ay kalungkutan. Ang Diyos din ay isang magbubukid at wala Siyang kasiyahan o mangyari na Siya ay masiyahan hanggang sa tayo ay *makapagdala ng bunga sa kasakdalan* (Luc. 8:14, Sant. 5:7). Ang pagkamaygulang ay nakabatay sa paglago sa karunungan. "Ang pasimula ng karunungan ay ito: Kunin mo ang karunungan, sa lahat mong kukunin ay kunin mo ang unawa" (Kaw. 4:7, Awit 90:12).

***Ang pasanin ng Diyos*** ay para sa Kanyang Iglesya na dumating sa ganap na kaluwalhatian. Si Cristo ay darating para sa isang maluwalhating Iglesya (Efe. 5:26-27). Kailangan Niyang alisin ang lahat ng batik at dungis mula sa ating mga buhay, sapagkat ang Diyos ay hindi magkakaroon ng Kasintahang Babae na may kapintasan. Na ang Iglesya na darating sa kaluwalhatian ay napagpasiyahan na bago pa lamang magsimula ang sanlibutan. Ito ang isang katotohanan na ang Iglesya ay darating sa kaluwalhatian (Efe. 5:26-27, Isa. 60:1-2, 40:3-5). Ang tanong ay kung ikaw ba o ako ay makikibahagi sa kaluwalhatiang ito!

Idinedeklara ng Bilang 14:21, "Gayunpaman, na kung paanong ako'y buhay at kung paanong mapupuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa." Mula sa talatang ito ay makikita na natin kung nasaan naroroon ang puso ng Diyos sa pasimula pa lamang ng tao.

***Ano ang susi sa pagdating sa kaluwalhatian?*** Madali lang ito – sa pamamagitan ng pananatili sa daan ng Diyos para sa ating buhay. Hindi tayo dapat lumiko sa kanan o sa kaliwa o umiwas sa mga isyu na inaayos ng Diyos (2 Hari 22:2). Harapin natin ang bawat sitwasyon ng patas. Kung ang isyu ay sobrang mahirap, manalangin tayo hanggang magkaroon tayo ng katagumpayan. Kung ito ay napakalaki pa rin, dapat pumunta tayo sa mga nakatatanda para tulungan tayo. Akyatin natin ang espirituwal na hagdanan nang dahan dahan. Ang mga banal na nasa pinakamataas na hagdanan ay ang mga hindi umiwas, kundi hinarap ang bawat sitwasyon sa pamamagitan ng biyaya. Sa punto kung saan ay sinasabi natin ang "hindi" sa Diyos, tayo ay tumitigil na sa paglago. Manalangin tayo para sa isang malambot at pusong nakikipagtulungan. Kaya ng Diyos na bigyan tayo ng *isang pusong laman* (Ezek. 36:26).

**BASIHAN SA KASULATAN NG PARA SA PAGDATING SA KALUWALHATIAN**

**1. Ang Pagdating sa Kaluwalhatian ay ang Pagkatawag na Tayo ay Nagtutumulin.**
"Yamang ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23).

**2. Na ang Tao ay Dapat Dumating sa Kaluwalhatian ay ang Pinakamataas na Misyon ni Cristo.**
"Sapagkat nararapat na ang Diyos, na para sa kanya at sa pamamagitan niya ay nagkaroon ng lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming anak tungo sa kaluwalhatian, ay gawing sakdal ang tagapagtatag ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagdurusa." (Hebreo 2:10)

**3. Tinawag Tayo ng Diyos na Maging Katulad ni Jesus na Siyang "Kaluwalhatian ng Diyos."**
"Ay itinalaga naman niya na maging katulad sa larawan ng kanyang Anak" (Roma 8:29).

**4. Ang Pagdating sa Kaluwalhatian ay ang Pasanin sa Puso ng Diyos Para sa Kanyang Kasintahang Babae.**
"Upang kanyang maiharap sa kanyang sarili ang isang maluwalhating iglesya, na walang batik, o kulubot, o anumang gayong bagay, kundi siya ay maging banal at walang dungis." (Efeso 5:27).

**5. Ang Nais ng Diyos ay Dalhin ang Kanyang Kaluwalhatian sa Buong Mundo.**
"Gayunpaman, na kung paanong ako'y buhay at kung paanong mapupuno ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa" (Bilang 14:21).

*Ang pinakasimpleng kahulugan ng kasalanan ay – ang hindi makaabot sa hangganan, ang kaluwalhatian ng Diyos. Kaya nga, kung tayo ay hindi sumusulong sa ating Kristiyanong paglakad, kung tayo ay hindi lumalago – tayo ay nagkakasala.*

# TUNAY NA BIYAYA

***Ano ang biyaya***
***Ano ang hindi biyaya***
***Paano tumanggap ng biyaya***
***Paano tinatanggihan ang biyaya***

*"Sinulatan ko kayo ng maikli upang pasiglahin kayo at magpatotoo na ito ang tunay na biyaya ng Diyos. Manindigan kayo rito." 1 Pedro 5:12*

"Sinulatan ko kayo ng maikli upang pasiglahin kayo at magpatotoo *na ito ang tunay na biyaya ng Diyos*. Manindigan kayo rito" (1 Ped. 5:12). Binigyang diin ni Pedro ang *tunay* na biyaya ng Diyos dahil mayroong *maling* tema ng biyaya na ipinapangaral sa Iglesya, kahit pa noong kapanahunan niya. Si Judas ay nagbabala rin laban sa mga taong hindi makadiyos na nakapasok ng lihim sa Iglesya at pinalitan ng kahalayan ang biyaya ng Diyos" (Jud. 1:4). Ang tunay na biyaya ay nagtuturo sa atin na tanggihan ang kalikuan at mga kahalayan ng sanlibutan (Tito 2:11, 12).

Ang tunay na biyaya ay hindi *pagpapahintulot!* Ito ay hindi kailanman dahilan para magkasala, o para kunsintihin ang kasalanan. Ang tunay na biyaya ay hindi nagmumungkahi na ibinabaling ng Diyos ang Kanyang ulo at nagkukunwaring hindi Niya nakikita ang ating kasalanan, o dahil sa batid Niya ang ating kahinaan at ipagsasawalang-bahala ang hindi natin pagsunod. Hindi kailanman inaalis ng biyaya ang ating responsibilidad na sundin ang mga utos ng Diyos, sa halip ay *binibigyan tayo ng kakayanan* na sundin ang mga ito. Dapat mapagtanto ng Iglesya na hindi *pinalalampas* ng Diyos ang ating mga kasalanan. Sa halip, ay inaalok Niya itong makadiyos na bagay na tinatawag na *biyaya* upang tayo ay mapalaya mula sa mga kuko ng kasalanan upang maisagawa ang kalooban ng Diyos. Kung saan marami ang kasalanan, ay lalong dumarami ang biyaya (Roma 5:20b).

***Mayroong dalawang natatanging kahulugan ang biyaya:***

l. Ang biyaya ay *di-sana-nararapat na pabor*. Ito ang pinakadakilang kabutihan at kagandahang-loob ng Diyos sa atin.

2. Ang biyaya ay *makadiyos na kakayanan at kalakasan*. Ito ay isang kapangyarihang nagbabago, nagpapangyari at nagbibigay kasiglahan.

Ang partikular na pag-aaral na ito ay tungkol sa bilang 2
– ang makadiyos na kakayanan (o kapangyarihan) na aspeto ng biyaya.

## ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN!
## Kapangyarihan upang Baguhin Tayo, Ingatan Tayo, at Gamitin Tayo

Ang biyaya ng Diyos ay *pagbibigay ng kakayanan* (1 Cor. 15:10). Ito ay isang *bagay* na dinideposito ng Diyos sa atin kapag tayo ay nasa pangangailangan (Heb. 4:16). Ang biyaya ang tanging bagay na nagbabago ng ating buhay (1 Tim. 1:13-14). Maliban na makapangyarihang ibigay ng Diyos sa atin ang Kanyang biyaya, walang anumang magbabago. Sa pamamagitan lamang ng pagtanggap ng biyaya kaya natin naiingatan ang ating puso sa kapaitan (Heb. 12:15). Ang biyaya ay kailangan sa pagkontrol ng ating mga emosyon. "Sapagkat mabuti na ang puso ay patibayin ng *biyaya*" (Heb. 13:9). Tayo ay binibigyan ng biyaya ng kinakailangang kapangyarihan na *sumunod* kung ano ang hinihingi sa atin ng Diyos (Rom. 1:5). Napakamakapangyarihan ng biyaya na ang katunayan nito ay malinaw na *nakikita* (Gawa 11:23).

*"Hindi sa ilalim ng kautusan, kundi sa ilalim ng biyaya"* ay nangangahulugang inaasahan ng Diyos ang higit mula sa atin (Rom. 6:14-15). Bago dumating ang biyaya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, ang bayan ng Diyos ay may kautusan ngunit kaunti ang kapangyarihan na tuparin ito. Ngayon na dumating na ang biyaya, mayroon tayong *magagamit na kapangyarihan* upang tuparin ang mga makatwirang hinihingi ng kautusan. "Ang katuwiran ng kautusan" ay matutupad sa atin (Rom. 8:4).

**Balik-Tanaw**

**Tanging biyaya lamang ang nagbabago sa atin (1 Cor. 15:9, 10).** Si Pablo, na dating "umusig" sa Iglesya ng Diyos (Gal. 1:13) ay nagsabi, "Sa biyaya ng Diyos ako nga'y ako." Binago ng biyaya ang buhay ni Pablo. *Tumanggap* siya ng isang napakalaking halaga (1 Tim. 1:13-14).

**Ang biyaya ay binibigay sa mga panahon ng pangangailangan (Heb. 4:16).** Tayo ay pinangaralan na "Lumapit sa trono ng biyaya upang tumanggap ng kahabagan at makasumpong ng biyaya upang tumulong sa *panahon ng pangangailangan*." Matapat na binubuhos ng Diyos ang walang patid na biyaya sa ating mga buhay kapag tayo ay nasa ilalim ng kagipitan *kung* tatawag tayo sa Kanya at kung pananatilihin nating tama ang ating damdamin.

**Ang biyaya ay binibigay lamang sa mga mapagkumbaba (Sant. 4:6, 1 Ped. 5:5, 6, Kaw. 3:34).** Laging mayroong dahilan kung bakit ang iba ay nakakatanggap ng biyaya samantalang ang iba ay hindi. Si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa harap ng Diyos at naingatan sa paghatol. Ang iba ay hindi. Ang ating *saloobin ang magpapasiya* kung tayo ay tatanggap ng biyaya o hindi. Sa *pagpapatigas ng puso*, nilalabanan ng mga tao ang Diyos at pinuputol ang daloy ng biyaya.

**Ang masaganang biyaya ay nagbibigay sa atin ng kakayanan na maghari sa buhay (Rom. 5:17).** "Ang tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng pagiging matuwid ay lalo pang maghahari sa buhay." Kung tayo ay tumatanggap ng isang *maliit* na bahagi ng biyaya, hindi tayo maghahari. Ang dami ng biyaya na tinatanggap natin ay batay sa ating pagtugon, at gayundin ng Diyos. Ang espiritu ng biyaya ay maaaring maalispusta (Heb. 10:29). Sa tuwing tayo ay nasasaktan, ang biyaya ay maaaring gamitin kaagad, ngunit ang kabiguan na gamitin ang biyayang ito ay nagreresulta sa kapaitan (Heb. 12:15). Ayon kay Pablo, wala tayong dahilan na lubhang maging mapait dahil hindi tayo sinusubok ng Diyos nang higit sa ating makakayang batahin (1 Cor. 10:13). Kaya nga, kapag tayo ay nagiging mapait, ay tinutulan natin ang nakalaang biyaya, pinatitigas ang ating puso, at tumangging iwaksi ang kinatisuran.

**Ang kasakdalan ay tumatawag para sa higit pang biyaya (Heb. 6:1-3).** Nangaral si Pablo sa mga Hebreo na umalis na sa mga naunang panuntunan, na nagsasabi "Tayo ay magpatuloy sa kasakdalan." Ngunit dinagdagan pa niya, "At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos." Sa ibang salita, kung ang Diyos ay magbibigay ng higit pang biyaya.

## GAANO KARAMING BIYAYA ANG TATANGGAPIN NATIN?

Maraming beses sa Kasulatan inihalintulad ng Diyos ang mga tao sa mga *sisidlan*. Tayo ay nilikha na may kahungkagan o walang laman, at kung gayon, mayroon tayong natural na kapasidad na *magtaglay* ng isang bagay. Kung ano ang pinapahintulutan nating ibuhos sa ating buhay ay nagpapasiya kung tayo ay magiging mabuti o masamang sisidlan (Rom. 9:22-23, 2 Tim. 2:20-22). Anuman ang binubuhos sa atin ay tumatagos sa buo nating pagkatao. Obserbahan ng maraming beses na makikita natin ang mga salitang "puno" o "puspos" sa Salita ng Diyos.

Nang kumilos ang Diyos sa rebaybal sa Aklat ng mga Gawa, interesanteng makita kung ano ang nakapuspos sa mga nakatira sa lungsod. Ang iba ay *puspos* ng Banal na Espiritu, ngunit ang iba ay *puno* ng inggit. Ang iba ay *puspos* ng pananampalataya at kapangyarihan; ang iba ay galit. Ang iba ay *puno* ng mga bunga ng katuwiran, samantalang ang iba ay *puspos* ni Satanas. Ito ay nakasalalay sa kung ano ang pinagmumulan ng kanilang iniinom – ang ilog ng Diyos o ang ilog ng sanlibutang ito. (Tingnan ang Gawa 13:9-10.)

Samakatuwid, dahil tayo ay mga sisidlan at maaaring magdala ng isang bagay, nais ng Diyos na punuin tayo ng Kanyang biyaya at lahat ng mga bunga na kasama ng biyaya. Sa tuwing hinahayaan natin ang Diyos na ideposito ang espirituwal na bagay na tinatawag na *biyaya* sa ating buhay, tayo ay naiiba. Tayo ay nababago. Ang biyaya ay isang bagay na hindi *pangkalangitan*. Ito ay sangkap at *tinatanggap* sa ating sisidlan. Isaalang-alang si Haring Saul na binago ng Diyos "para maging ibang tao" nang biglaan (1 Sam. 10:6, 9). Ito ay isang halimbawa na maranasan at matanggap ang biyaya. Ngunit nakakalungkot dahil tinanggap niya ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan (2 Cor. 6:1). Si Saul ay bumalik sa kanyang dating buhay.

### Buod

Dahil biyaya lamang ang tanging bagay na nagbabago sa atin, at dahil ang biyaya ay binibigay lamang sa mga mapagkumbaba, ang tanging paraan upang makagpatuloy sa ating Kristiyanong paglakad ay sa pamamagitan ng magpakumbaba ng ating mga sarili. Upang tumanggap ng bagong biyaya sa ating buhay na nagdadala sa bagong paglago, kailangang mayroon munang isang sariwang pagluhod sa paanan ng krus. Ito ay isang dahilan kung bakit magandang magkaroon ng isang suliranin na hindi natin kayang lutasin sa ating sarili. Kapag may suliranin na *higit pa sa ating kakayanan*, kailangan nating magpakumbaba at pumunta sa iba para humingi ng tulong. Ito ay nagbubukas ng pinto sa bagong biyaya (Sant. 4:10).

Ang biyaya ay binibigay sa panahon ng pangangailangan. Samakatuwid, ang mga taong dumaan sa mga pinakamahirap na sitwasyon at nakipagtagpo sa Diyos ang siyang nagtataglay ng maraming biyaya sa

kanilang buhay. Ang isang masakit na sitwasyon ay pagkakataon upang ang biyayang nagpapabago ng buhay ay ibuhos sa ating sisidlan. Ang kasaganaan ng biyaya ay binibigay sa mga taong *malaki ang pangangailangan.* Ngunit mayroon pang isang kadahilanan na kabilang dito—saloobin. Kung paano tayo tumutugon sa isang mahirap na sitwasyon ang gumagawa ng pagkakaiba. Kadalasan ang tao ay may kahirapan ngunit hindi tumatanggap ng biyaya dahil sa maling saloobin. Sa pamamagitan ng ating pagtugon, maaari nating gawin na ang isang mahirap na sitwasyon ay maging *pagsubok* o *pagkakataon* para sa bagong biyaya. Maaari nating piliin na buksan o isara ang ating sisidlan sa biyaya.

Nasa kapangyarihan ng ating pagpili na tanggapin o tanggihan ang biyaya. Kapag tayo ay nasasaktan, kaagad-agad nahaharap tayo sa isang desisyon. Maaari nating patigasin ang ating puso at tanggihan ang biyaya, o maaari tayong umiyak sa Diyos para sa Kanyang biyaya upang tulungan tayo sa panahon ng kaguluhan. Sapat ang Kanyang biyaya (2 Cor. 12:9) ngunit kung pinatitigas natin ang ating puso ang daloy ng biyaya ay titigil at darating ang kapaitan (Heb. 12:15). Ito ay tulad ng paglalagay ng takip sa ating sisidlan, na humahadlang sa pagbuhos ng biyaya. Kung gayon, ay kailangan nating panatilihing bukas ang ating sisidlan sa lahat ng oras sa mga kahanga-hangang kayamanan ng biyaya ng Diyos. Ang tanging panahon na dapat nating isara ang ating sisidlan ay kapag mayroong salot o kamatayan sa hangin (hal. tsismis, maling doktrina; tingnan ang Bil. 19:14-15).

Pinanatiling bukas ni Pablo ang kanyang sisidlan sa Diyos at nag-ipon ng napakaraming dami ng biyaya habang lumilipas ang mga taon (1 Tim. 1:13, 14). Habang ang biyaya ay binubuhos sa ating buhay araw-araw, nag-iimpok tayo ng nilalarawan ni Pablo na "kasaganaan ng biyaya" (Rom. 5:17). Ang masaganang biyaya ay kailangan upang makapaghari sa buhay na ito at sa panahong darating. Binabanggit ng kasulatan ang tatlong antas ng biyaya: sapat na biyaya – sapat upang makalagpas tayo (2 Cor. 12:9); kasaganaan ng biyaya – upang maghari sa buhay (Rom. 5:17), at labis na masaganang biyaya – upang lubos tayong baguhin at gawin tayong higit pa sa mananagumpay (1 Tim. 1:13-14).

"Nakasumpong ng biyaya si Noe sa mga mata ng Panginoon" (Gen. 6:8). Ang iba ay hindi! Ngunit walang tinatangi ang Diyos. Bakit ang ilan ay tumatanggap ng biyaya samantalang ang iba ay hindi? Ito ay nakadepende sa *saloobin*. Ang Diyos ay nagbibigay ng biyaya sa mga mapagkumbaba ngunit sumasalungat sa mga mapagmataas. Kaya, ang ating saloobin ang nagpapasiya kung *gaano karaming* biyaya ang natatanggap natin (Isa. 57:15).

**Klima upang ang biyaya ay ibigay:** Sa kahirapan, tukso, kagipitan (Heb. 4:16, 2 Cor. 12:7-9).
**Saloobin upang tumanggap ng biyaya:** Kapakumbabaan. Ang biyaya ay binibigay sa mga mababa (Sant. 4:6, 1 Ped. 5:5-6, Kaw. 3:34). Ang biyaya ay ibinibigay sa mga taimtim na tao (Efe. 6:24)

Sinabi ni Pablo, "Maging malakas ka sa biyayang na kay Cristo Jesus" (2 Tim. 2:1). Pumunta sa lupa si Jesus bilang ordinaryong tao. Sa panahon ng marami Niyang pagsubok at tukso nagtaglay Siya ng biyaya (banal na kakayanan) mula sa Kanyang Ama sa langit hanggang sa Siya ay "*mapuno* ng biyaya at katotohanan" sa bawat bahagi ng Kanyang buhay (Juan 1:14). Lubos na nauunawaan ni Cristo ang bawat bahagi ng pagtukso sa tao (Heb. 2:16-18). Ngayon tayo ay inaanyayahang lumapit sa trono ng biyaya

upang makasumpong ng tulong sa panahon ng pangangailangan, dahil ang biyayang ito ay matatagpuan kay Cristo Jesus na nakaupo sa kanang kamay ng Diyos.

## BINIGYANG KAHULUGAN ANG BIYAYA

**Ang biyaya ay higit pa sa hindi karapat-dapat na pabor. Kadalasan sa Salita ng Diyos, ang biyaya ay nangangahulungan ng banal na kakayanan o kapangyarihan. Nakatala sa baba ang ilang halimbawa sa Salita ng Diyos ng kapangyarihan ng biyaya na nagbibigay ng kakayanan o kapangyarihan.**

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA DALHIN ANG ISANG MABIGAT NA PASANIN.**
*"Ako'y naglingkod ng higit sa kanilang lahat, bagaman hindi ako, kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin." (1 Corinto 15:10)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN PARA SA ISANG MALAKAS NA MINISTERYO.**
*"Sapagkat ang gumawa sa pamamagitan ni Pedro sa pagka-apostol sa mga tuli ay siya ring gumawa sa akin sa pagka-apostol sa mga Hentil; at nang malaman nila ang biyayang sa akin ay ipinagkaloob… (Galatia 2:8-9)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA GAWIN ANG KALOOBAN NG DIYOS.**
*"Tumanggap kami ng biyaya… para sa pagsunod." (Roma 1:5)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA BAGUHIN TAYO.**
*"Kahit na noong una ako'y isang lapastangan, mang-uusig at mang-aalipusta…at labis na sumagana sa akin ang biyaya ng ating Panginoon." (1 Timoteo 1:13-14)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA MAPAGTAGUMPAYAN ANG KASALANAN.**
*"Ngunit kung saan marami ang kasalanan, ay lalong dumarami ang biyaya." (Roma 5:20)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA MAGHARI SA BUHAY.**
*"Ang tumanggap ng kasaganaan ng biyaya…ay lalo pang maghahari sa buhay." (Roma 5:17)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA MAUNAWAAN ANG KATOTOHANAN AT IDEKLARA ITO.**
*"…Ayon sa kaloob ng biyaya ng Diyos na sa akin ay ibinigay ayon sa paggawa ng Kanyang kapangyarihan. Bagaman ako ang pinakahamak sa lahat ng mga banal, ang biyayang ito ay ibinigay sa akin upang ipangaral sa mga Hentil ang mga di-masukat na mga kayamanan ni Cristo; at maliwanagan ang lahat ng mga tao kung ano ang pagiging katiwala sa hiwaga…" (Efeso 3:7-9)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA HAWAKAN ANG MGA POSISYON NG PAMAMAHALA NANG MAY KARUNUNGAN**
*"Sapagkat sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na ibinibigay sa akin, na ang bawat isa sa inyo ay huwag mag-isip sa kanyang sarili nang higit kaysa nararapat niyang isipin." (Roma 12:3)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA MAGMINISTERYO SA MGA KALOOB NG ESPIRITU.**
*"Tayo ay may mga kaloob na magkakaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin." (Roma 12:6)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA ALISIN ANG KAPAITAN SA ATING MGA PUSO.**
*"Pakaingatan ninyo na baka ang sinuma'y mahulog mula sa biyaya ng Diyos; baka may ilang ugat ng kapaitan ang sumibol at bumagabag sa inyo at mahawa nito ang marami." (Hebreo 12:15, 4:16 cf. 2 Cor. 12:9, 1 Cor.10:13)*

**ANG BIYAYA AY KAPANGYARIHAN NA PATATAGIN ANG ATING MGA PUSO AT EMOSYON.**
*"Mabuti na ang puso ay patibayin ng biyaya; hindi sa pamamagitan ng mga pagkain." (Hebreo 13:9)*

# TUNAY NA KAYAMANAN

***Pagpokus sa mga Tamang Isyu sa Buhay***

*"Kung kayo nga'y hindi naging tapat sa kayamanan ng kalikuan, sino ang magtitiwala sa inyo ng mga tunay na kayamanan?" Lucas 16:11*

Ano ba ang higit mong pinahahalagahan sa buhay? Ano ang iyong inaasahan? Saan mo inilagak ang iyong malalalim na hangarin at inaasahan? Sila ba ay nakapokus sa panandalian o sa walang hanggan? Sinabi ni Jesus, "Kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso" (Mat. 6:21). Ang ating *patuloy na mga pinagbubulay-bulayan* ay isang indikasyon kung ano ang higit nating itinatangi.

Ginagamit ng mga tao ang karamihan sa kanilang buhay sa pagtatrabaho para sa mga panandaliang bagay na lumilipas – isang magandang bahay, edukasyon, trabaho, komportableng ipon sa bangko, seguridad, libangan, paligsahan, mga damit, makamundong kalayawan, at mga alalahanin sa buhay na ito. Lahat ng ito ay nangangailangan ng ating oras, pagmamahal, lakas at pera. Ngunit, sa huli, wala sa mga ito ay maaaring dalhin sa walang hanggan. Wala dito ang "isang pag-aaring higit na mabuti at tumatagal" na binanggit ni Pablo sa Hebreo 10:34.

Ano ang "mga tunay na kayamanan" ng Lucas 16:11? Anong kayamanan ang dapat nating ilagak sa langit (Mat. 6:20)? Paano natin dapat gamitin ang ating oras at pag-aari? Anong pamumuhunan ang babalik na may walang hanggang dibidendo? Ano ang dadalhin natin kapag iniwan na natin itong buhay sa lupa at pumunta na sa susunod? Ang munting pag-aaral na ito sa *Ang Tunay na Kayamanan* ay naglalayon na suriin ang ating kayamanan. Ito ay pangangaral na mamuhunan sa mga bagay na tatagal magpakailanman (Luc. 10:42). Dinideklara ng Pahayag 14:13 na ang mga namatay sa Panginoon ay may "mga gawa na susunod sa kanila".

Maraming sinasabi ang kasulatan tungkol sa paksa ng kayamanan. Mayroong mga huwad at totoong mga kayamanan. Mayroong mga nahahawakan at hindi nahahawakan. Ikaw ba o ako ay mayroong mas mabuti at tumatagal na pag-aari o tayo ay may isang *kapalit*? Maliwanag mula sa Pahayag 3:18 na nais ng Diyos na tayo ay maging mayaman ngunit sa tamang uri ng mga kayamanan. Sinabi Niya: "Ipinapayo ko sa iyo na bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy *upang ikaw ay yumaman*." Ngunit, tayo ay pinangaralan na huwag magtiwala sa di-tiyak na mga kayamanan ng sanlibutang ito (1 Tim. 6:17-18).

## Huwad na mga Kayamanan

*"Subalit sinabi sa kanya ng Diyos, 'Hangal, sa gabing ito ay kukunin ang iyong kaluluwa; at kanino kaya mapupunta ang mga bagay na inihanda mo? Gayon nga ang nagtitipon ng kayamanan para sa kanyang sarili, subalit hindi mayaman sa Diyos." Lucas 12:20-21, v16-21*

Sinabi ni Jesus, "Mag-ingat kayo at magbantay laban sa lahat ng kasakiman, sapagkat ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian." (Luc. 12:15). Sa Lucas 12:13-15, mayroon tayong alitan tungkol sa mga habilin o pamana: "Guro, sabihin mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana." Sa partikular na kasong ito, hindi hinimok ng Panginoon ang kapatid na "mag-away para sa patas na

bahagi" o ipilit ang pantay na karapatan.  Nakita Niya sa lalaking ito ang motibo ng kasakiman.  Nagbabala Siya, "Ang buhay ng tao ay wala sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian."  Sinasabi Niya na, "Hindi mo dito matatagpuan ang tunay na kaligayahan!  Hindi ang mga ito ang tunay na kayamanan; hindi ang mga bagay na ito ang dapat mong pagsumikapan!

"Kung kayo nga'y hindi naging tapat sa … [kayamanan, salapi, mga pag-aari] – sino nga ang magtitiwala sa inyo ng mga *tunay na kayamanan?* (Luc. 16:11)?  Ipinahiwatig ni Cristo na ang makamundong mga kayamanan, salapi, at pag-aari ay hindi mga pangmatagalang kayamanan.  Ang mga ito ay nahahawakan! Ang mas mabuti at tumatagal na kayamanan ay *hindi nahahawakan.*

**"MAS MABUTI AT TUMATAGAL NA KAYAMANAN"**
(Mga hindi nahahawakang kayamanan na madadala natin sa walang hanggan)

Mayroong dalawang mahalagang bagay na madadala natin sa buhay na darating:

**1.) ANG ATING KARAKTER – kung sino tayo:  kung ano ang pinahintulutan natin sa Diyos na ideposito sa ating buhay**
**2.) ANG ATING MGA GAWA – yung mga banal na bagay na idineposito natin sa iba na nagpapabago ng kanilang buhay**

**Kaya nga dapat mamuhunan tayo sa mga tao, hindi sa mga bagay.*
*Ang mga tao ay walang hanggan, ang mga bagay ay hindi.*

## MGA KAYAMANAN NA KAILANGAN NATING HANAPIN
### Ang Mas Mabuti at Tumatagal na Kayamanan

**1. ANG MABUTING PANGALAN** "Ang mabuting pangalan ay dapat piliin, kaysa malaking kayamanan, at mabuti kaysa pilak at ginto ang magandang kalooban." (Kaw. 22:1).  Ang mabuting pangalan ay *paggalang ng Diyos* para sa atin.  Sinabi Niya, "Sapagkat ang mga nagpaparangal sa Akin ay Aking pararangalan" (1 Sam. 2:30).  Isang yaman kapag itinataas ng Diyos ang liwanag ng Kanyang mukha sa isang lalaki o babae na nakasumpong ng Kanyang pagsang-ayon at pabor!  Kapag napaluguran natin Siya, hindi lamang na tayo ay igagalang ng Diyos, kundi Kanya ring gagawin na igagalang tayo ng tao (Luc. 2:52).  Kahit pagkatapos ng kamatayan, ginagawa ng Diyos na ang *alaala ng matuwid* ay mapagpapala (Kaw. 10:7, Awit 45:17).  Ang magandang pangalan ay kayamanan na maaaring iwanan sa lupa *at* madala rin sa walang hanggan.

Pinapangako ng Diyos, "Magkakaroon Ako ng respeto sa iyo" (Lev. 26:9), ngunit ang pangakong ito ay *kondisyonal*.  Ito ay nakabase sa talata 3 – "Kung susundin ninyo ang aking mga tuntunin at tutuparin ninyo ang aking mga utos, at gagawin ang mga iyon" Isang malungkot na pangyayari na mawala ang respeto ng Diyos, sapagkat kapag ang respeto ng Diyos ay nawala, ang respeto ng tao ay mawawala din. Inalis ng Diyos ang Kanyang pabor mula sa maraming mga lider sa Iglesya ngayon.  Kinuha Niya ang

maganda nilang pangalan dahil binago nila ang moral na pamantayan ng Diyos sa isang pagtatangkang makakuha ng malawak na pagtanggap ng kanilang ministeryo (Mal. 2:7-9). Ito ang dahilan na kailangan nating *patuloy na piliin* ang makipot na daan, hindi ang paraan ng katanyagan, o mawawala ang pagngiti ng Diyos sa ating mga buhay. Sinabi ni Pablo, "Sa kanila na sa pamamagitan ng pagtitiyaga sa mabubuting gawa, na *naghahanap* ng kaluwalhatian at karangalan at ng kawalan ng kasiraan, ay magbibigay siya ng buhay na walang hanggan" (Roma 2:7).

**2. GINTONG DINALISAY SA APOY** "Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa akin ng gintong dinalisay ng apoy upang ikaw ay yumaman" (Pah. 3:18, v14-19). Ang ginto ay simbulo ng *banal na kalikasan.* "Ang Gintong sinubok sa apoy" ay tumutukoy sa banal na kalikasan na nabubuo sa atin habang nasa hurno ng kapighatian (Isa. 48:10, Mal. 3:2-3, Pah. 2:9). Ang kalibreng ito ng ginto ay higit na mas mahal kaysa sa anumang natural na ginto sa lupa, sapagkat ito ay nangungusap tungkol sa pagdadalisay sa karakter ng isang tao. Sinabi ng Diyos, "Aking gagawin na mas bihira ang mga tao kaysa Dalisay na ginto, at ang sangkatauhan kaysa ginto ng Ofir" (Isa. 13:12). Sa panlupang pananalita, ang Iglesya ng Laodicea ay napakayaman. Sila ay nagyabang, "*Ako'y mayaman*, at naging mariwasa at hindi ako nangangailangan ng anuman." Ngunit iba ang pagtingin ng Diyos sa kanila. Sinabi Niya, "*Ikaw ay aba*, kahabag-habag, maralita, bulag at hubad." Ngunit ibig ng Diyos na sila ay yumaman sa mga *walang hanggang* pagpapala, na nagsasabi, "Bumili ka sa Akin ng gintong dinalisay sa apoy, *upang ikaw ay yumaman.*

"Ang gintong dinalisay sa apoy" ay banal na karakter! Ang banal na karakter ay nangangahulugan na maging katulad ng Diyos at taglayin ang Kanyang mga katangian. Sa mga apoy ng Diyos, tayo ay nahuhubog sa wangis ni Cristo at iyon ang pinakamahalagang bagay sa buhay (Rom. 8:29). Kapag tayo ay namatay at lumisan na sa mundong ito, dinadala natin sa walang hanggan kung sino tayo – ang ating karakter. Ang karakter ang pinakahamalagang bagay sa buhay. Ang karakter ay nahuhubog sa pamamagitan ng martilyo ng Diyos at pinatinding init at kagipitan. Ito ay nadedebelop sa pamamagitan ng patuloy na pagpipili ng tamang daan, hindi sa paraan ng katanyagan.

*Samakatuwid, ang karakter ay laging may kaugnayan sa sakit.* Kapag tayo ay nahaharap sa isang mahirap na desisyon o nagpapahirap na tukso, pipiliin ba natin ang madaling daan o pipiliin natin ang paraan ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya? Ang karakter ay nalilinang kapag tayo ay natututong magsabi ng "hindi" sa ating mga sariling damdamin, at "oo" sa kalooban ng Diyos. Ang ating karakter ay ang kabuuan ng lahat ng mga pagpili at mga desisyon sa buhay, at ito ang madadala natin sa walang hanggan. Ang panlupang ginto ay tiyak na lilipas, ngunit ang *gintong banal na kalikasan* na hinabi sa loob ng ating pangwalang hanggang pagkatao ay hindi kailanman lilipas (Awit 45:13).

**3. MGA KAYAMANAN SA LANGIT** "*Huwag* kayong magtipon ng mga kayamanan para sa inyong sarili sa *lupa*, na dito ay naninira ang bukbok at ang kalawang at ang mga magnanakaw ay nakakapasok at nakakapagnakaw. Kundi magtipon kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, na doon ang bukbok at ang kalawang ay hindi makapaninira at ang mga magnanakaw ay hindi rin makakapasok ni makakapagnakaw" (Mat. 6:19-20, Col. 3:1-2). Gayundin, ang mga mayayamang mananampalataya ay pinagbilinan ni Pablo na huwag magtiwala sa mga kayamanang hindi tiyak, kundi maging *mayaman sa*

*mabubuting gawa* upang makapagtipon sila para sa kanilang sarili ng mga kayamanan na mananatili magpakailanman (1 Tim. 6:17-19).

Kapag ang isang mananampalataya ay lumilisan sa maiksing buhay na ito at dumarating sa kanyang panghuling destinasyon, anong klaseng *tahanan* ang naghihintay sa kanya doon? Ang isang tahanan ay isang tirahan. Tayo ay magkakaroon ng isang tirahan sa langit kung papaanong mayroon tayo dito sa lupa. Higit na malaki ang kaibahan ng mga mansion sa langit. Ang ilan ay higit na kamangha-mangha kaysa sa iba. Alam ba natin na ang ating tahanan sa langit ay kasalukuyang itinatayo ngayon? Ang materyal na napupunta sa ating walang hanggang tahanan ay ipinapadala *ngayon mismo* sa pamamagitan ng ating mga gawa sa lupa. Isang kabataang babae ang nagkaroon ng isang panaginip ng tirahan ng kanyang mga magulang sa langit. Ito ay maganda at kumpleto. Pagkatapos ay nakita niya ang ilang piraso ng materyales sa pagtatayo ng bahay at itinanong, "Ano ang mga ito?" Napahiya siya sapagkat sinabi sa kanya, "Ito ang iyong tirahan. Ito lamang ang ibinibigay mo sa amin upang magamit." Mula noon, siya rin *ay nagtatayo na sa mga hindi nakikita*.

*"Kung saan ang mga magnanakaw ay nakakapagnakaw."* Kapag napag-uusapan natin ang mga magnanakaw na nakakapasok at nagnanakaw, naiisip natin ang ating pag-aari, ang ating tirahan. Naniniwala ako na ito ang nasa isipan ni Jesus nang ibigay Niya ang pangangaral ng Mateo 6:19-21. Sinasabi Niyang, "Mamuhunan kayo ng higit sa inyong pangwalang-hanggang tirahan kaysa sa panlupang tahanan." Karamihan sa ating oras at atensyon ay nauubos ng ating panlupang tirahan, at siyempre, hindi mali na magkaroon ng isang angkop na tirahan. Ngunit hindi nito dapat labis na nakukuha ang ating pagtatangi na hindi na tayo makapagbigay ng pagtuon sa ating walang hanggang tirahan. Anong klase ng mga materyales ang pinadadala natin sa mga "makalangit na tagapagtayo" para sa ating walang hanggang mansyon? *Saang* tirahan ba higit na nakalagak ang ating puso?

**4. MAYAMAN SA MABUBUTING GAWA** "Mapapalad ang mga patay na namamatay sa Panginoon…sila'y magpapahinga sa kanilang mga gawa; sapagkat *ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila*" (Pah. 14:13). Ang ating mga gawa ay susunod sa atin sa walang hanggan. Ang buhay na walang hanggan, mangyari pa, ay libreng kaloob mula sa Diyos at hindi maaaring makamtan. Ang *mga gantimpala, gayunman,* ay magiging ayon sa ating mga gawa. Pinatutunayan ng Mateo 5:19 na ang gantimpala ng bawat isa ay hindi magiging pareho. Lahat ng mga handog na ginawa para sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso ay mag-aani ng mayayamang gantimpala. Kahit ang mga pagngiti o maliliit na pagpapakita ng kagandahang-loob ay nakasulat sa aklat Diyos ng mga alaala.

"Ako'y malapit nang dumating at dala ko ang aking gantimpala, upang gantihan ang bawat isa ayon sa kanyang ginawa." (Pah. 22:12). May sinabi tungkol sa isang babae sa Gawa 9:36, na siya ay "puspos ng mabubuting gawa at [ng pagkakawanggawa]." Isipin mo na lamang kung ano ang iniimpok niya para sa kanyang sarili sa langit. Ang iba ay nagdurusa ng kakutyaan at sinamsam ang kanilang mga ari-arian dahil sa kanilang patotoo bilang Kristiyano at mabubuting gawa. Sa mga salita ni Pablo, sila ay nagbata ng *matinding pakikipaglaban na may kapighatian*, na may lubos na kaliwanagan na sila ay magtatamo ng isang "pag-aaring higit na mabuti at tumatagal" (Heb. 10:32-35). Tingnan din ang Tito 3:8, 1 Timoteo 6:17-18.

**5. PINAYAYAMAN ANG IBA** "Tulad sa mga dukha, gayunma'y pinayayaman ang marami" (2 Cor. 6:10). Si Apostol Pablo ay nagtataglay ng maliit na mga karangyaan ng mundo. Ngunit, marami siyang pinayaman (sa espiritu) sa pamamagitan ng mga katotohanang ibinahagi niya sa kanilang mga buhay. Masasabi niya sa mga nakakilala sa Panginoon sa pamamagitan niya, "Kayo ang aking korona" o sa ibang salita – "Kayo ang aking gantimpala" (1 Tes. 2:19-20, Fil. 4:1). Pinayaman ni Pablo ang marami, binibigyan sila ng kasagutan sa mga paglalaban sa kanilang mga puso at isipan. Ipinakita sa kanila ng kanyang pagtuturo kung paano harapin ang buhay: kung paano makasusumpong ng kapayapaan at kagalakan, at makilala ang pag-ibig ni Cristo na higit pa sa kaalaman. Hindi hinangad ni Pablo ang ordinaryong kaalaman, kundi "ang nakahihigit na kaalaman tungkol kay Cristo" dahil ang mataas na kaalaman ay nagbubunga ng mataas na karakter sa mga Kristiyano (Fil. 3:8). Ang mainam na binhi ay nagbubunga ng mainam na bunga. Kaya't, ginugol ni Pablo ang buong buhay niya sa pagtatanim ng pinakamainam na binhi ng Salita ng Diyos sa mga buhay ng iba. Nagalak si Pablo nang nakita niya ang bunga ng kanyang pagpapagal at patuloy niyang gagawin ang mga ito magpakailanman.

Sa pagbigay ni Pablo ng kanyang oras, lakas, katuruan, at mga panalangin sa buhay ng kanyang mga nadala sa Panginoon, sila ay lubos na nabago. Sila ay napayaman ng parehong kapahayagan na lubos na nagpabago sa buhay ni Pablo. Ang mga katotohanan na idineposito niya sa mga *sisidlang-panlupa na ito* ay nagpabago sa kanila na maging isang kayamanan para sa Panginoon (2 Cor. 4:7). Ang mithiin at layunin ni Pablo ay iharap ang Iglesya bilang malinis na birhen kay Cristo sa Kanyang pagdating (2 Cor. 11:2, 3). Ipagkakatiwala din ng Diyos sa ating pangangalaga ang *mga tao*, ang mga tao na siya nating magiging gantimpala at ating korona (Awit 2:8). Alalahanin — na kung ano ang pinuhunan natin *sa mga tao* ay dadalhin sa walang hanggan.

**6. ANG KASIYAHAN AY MALAKING PAKINABANG** "Subalit ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking pakinabang" (1 Tim. 6:6-10). Ang kontento at masayang puso ay isang walang katumbas na kayaman. Ang mga tao ay pumupunta sa walang katapusang paghahanap ng kasiyahan at kakontentuhan, ngunit hindi masumpungan ang mga ito maliban na ito ay ibigay ng Diyos. Pinatototohanan ito ni Solomon, na sinasabing, "Sapagkat ang tao na kinalulugdan ng Diyos ay binibigyan Niya ng karunungan, kaalaman, at kagalakan; ngunit sa makasalanan ay ibinibigay niya ang gawain ng pagtitipon at pagbubunton" (Mang. 2:26). Ang kagalakan ay kaloob ng Diyos sa isang tao na mabuti sa Kanyang paningin. Si Solomon mismo ay nagtaglay ng karunungan at kaalaman, *ngunit walang kagalakan.* Nawala ang kanyang kagalakan dahil sa nahating katapatan sa kanyang puso. Nang isinulat niya ang Mangangaral, siya ay hindi na "mabuti sa paningin ng Diyos." Ang mga balon ng kanyang kagalakan ay natigil at nadumihan na ng mga walang kabuluhang bagay ng mundong ito.

Malinaw na naunawaan ni Solomon na ang kasiyahan ay isang kaloob ng Diyos. Isinalarawan niya ang katotohanang ito sa pamamagitan ng paghahambing sa buhay ng dalawang tao (Mangangaral 5:19—6:2). Una ay tinutukoy niya ang isang tao "na binigyan ng Diyos ng kayamanan at ari-arian, at binigyan niya ng kapangyarihan na masiyahan sa mga ito, [at tanggapin ang kanyang kapalaran, at magalak sa kanyang pagpapagod]." Pagkatapos ay idinagdag niya, "Ito'y kaloob ng Diyos." Pagkatapos ay nagpatuloy siya, "May kasamaan akong nakita sa ilalim ng araw, at ito'y *mabigat* sa mga tao: isang tao na binibigyan ng Diyos ng kayamanan, mga ari-arian, at karangalan, na anupa't walang kulang sa lahat ng kanyang

ninanasa. Gayunpama'y hindi siya binibigyan ng Diyos ng kapangyarihan na tamasahin ang mga iyon." Ang taong ito ay may kayamanan at karangalan, ngunit *hindi* siya pinahintulutan ng Diyos na makibahagi at tamasahin ito. Tinutukoy ni Solomon ang *kanyang sarili* at marami pang iba na katulad niya (Mangangaral 2:4-11).

Ang kagalakan at kakontentuhan ay hindi katulad sa kayamanan ng mundong ito — hindi sila mabibili o mahihiram. Ang mga ito ay hindi nakikitang kayamanan na ibinigay lamang sa mga matutuwid (Awit 45:7). Ang kasiyahan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pag-inom mula sa tamang Pinagmulan — ang Bukal ng Buhay na Tubig (Jer. 2:13). Si Solomon ay umiinom na sa *bawat* maisip na maduduming batis ng sanlibutan sa paghahanap ng kasiyahan, ngunit wala siyang masumpungan. Totoo nga, na ang pusong hati ay salat sa kagalakan.

Ang kagalakan ay isang kahanga-hangang kayamanan. Ang kagalakan ng Panginoon ay ating kalakasan (Neh. 8:10). Kung ang depresyon ay nagpapahina sa atin sa pisikal at sa espirituwal, ang kagalakan ay kaya tayong palakasin. Hindi lamang nililinis ng kagalakan ang ating puso mula sa depresyon at mga sakit, ito din ay nagdadala ng pisikal na kalakasan. Ang kagalakan ang susi sa mabuting kalusugan sa pag-iisip, emosyon, espirituwal, at pisikal. "Isang mabuting gamot ang masayang puso" (Kaw. 17:22). Hinahatid tayo ng kagalakan sa kabanalan at kadalisayan. Ang *kapuspusan ng kagalakan* ay matatagpuan sa presensiya ng Diyos (Awit 16:11).

Ang kagalakan ay bunga din ng pagiging tapat sa kung ano ang iniatas ng Diyos na gawin natin. Sasabihin ng Diyos sa mga masigasig sa araw ng pagsusulit, "Magaling! Mabuti at tapat na alipin…pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon" (Mat. 25:21). Ang kagalakan ay isa pang hindi nakikitang bagay na maaari nating taglayin sa mundong ito at madadala din sa walang hanggan. Sa langit, ang ilan ay may mas maraming kagalakan kaysa sa iba. Ang kahirapan dito sa lupa ay umuukit ng malalim sa ating katauhan upang taglayin ang kagalakan ng Diyos. Gaano karaming kagalakan ang madadala natin sa walang hanggan?

**7. MGA KAYAMANAN NG KADILIMAN** "At ibibigay ko sa iyo ang mga kayamanan ng kadiliman, at ang mga natatagong kayamanan sa mga lihim na dako" (Isa. 45:3). Ang mga *kayamanan ng kadiliman* ay mga espesyal na pananaw na tinitipon natin sa mga madidilim na karanasan ng ating mga buhay. May mga katotohanan na matatagpuan lamang sa kadiliman. Napakamahal ng mga ito. Sa oras na ito ay matanggap natin, ang mga ito ay maaari ibahagi sa iba upang palakasin at upang itaas sila sa mataas na antas ng Espiritu. Sa langit ay walang kadiliman. Tanging sa panahon lamang na ito ng ating buhay na maaari nating matagpuan ang mga ganitong kayamanan. Samantalahin natin ang ganitong mga pagkakataon.

**8. ANG KAYAMANAN NG KADUSTAAN NI CRISTO** "Kanyang itinuring na malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa sa mga kayamanan ng Ehipto: sapagkat kanyang pinagtutuunan ng pansin ang gantimpala" ((Heb. 11:25, 26). Isinasaalang-alang ni Moises ang kalooban ng Diyos na mas mahalaga kaysa lahat ng mga kayamanan sa Ehipto. Ang pagsunod kay Cristo kailanman ay hindi isang sikat na bagay! Hinding-hindi umapela si Cristo sa likas na tao o sa laman, at hindi Niya

ito gagawin kailanman.  Sa sanlibutan, si Cristo ay katitisuran!  Siya ay isang dibuho ng kahihiyan at kontrobersiya.  Siya ay iniisip na isang kadustaan at isang kabiguan.  Gaano kalapit mo nais na lumakad kasama ang taong ganito ang pagsasalarawan?  Ang Taong ito ng isang karaniwang mukha ay ang *Diyos na nagbalatkayo*.  At *nakatago* sa Taong ito ang lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman, at lahat ng mga pagpapala at mga misteryo ng buhay (Col. 2:3).

**Ang Kadustaan ni Cristo ay isang Kayamanan Dahil:**

• Ito ay nagpapakilala sa atin kay Cristo at sa lahat ng Kanyang mga nakatagong pagpapala, kasama ang isang trono ng kapangyarihan (2 Tim. 2:12).

• Nakilala natin si Cristo nang higit na malapit sa pamamagitan ng *pakikisama sa Kanyang mga paghihirap* (Fil. 3:10).

• Makakakuha tayo ng karunungan at kaalaman na nakatago sa Kanya na wala sa iba (Col. 2:3).

* Ikahihiya ng Panginoon ang mga taong nahihiya dahil sa Kanya, at hindi nila makakamit ang Kanyang pabor (Mar. 8:38).

**9.  ISANG MALUWALHATING BAGONG KATAWAN** "Sapagkat nalalaman namin na kung mawasak ang aming tolda sa lupa, mayroon kaming isang gusaling mula sa Diyos, bahay na hindi gawa ng mga kamay, walang hanggan sa sangkalangitan. Sapagkat dito kami dumaraing, na nasasabik na mabihisan ng aming makalangit na tahanan." (2 Cor. 5:1-2, v1-8).  Sa mga talatang ito, tinutukoy ni Pablo ang ating di-nasisirang katawang muling binuhay.  Narito ang isa pang kayamanan na pamuhunanan! Anong uri ng katawan ang nais mong gawing tahanan sa walang hanggan?  Magkakaroon ng iba't-ibang antas ng kaluwalhatian sa muling pagkabuhay (1 Cor. 15:40-42).  Ang iba ay magkakaroon ng mas mabuting muling pagkabuhay kaysa sa iba (Heb. 11:35).  Nais ni Pablo hangga't maaari ang pinakamainam na muling pagkabuhay (Fil. 3:10-11).  Nais niya na mapabilang sa unang pagkabuhay na muli.  Hindi lahat ng mananampalataya ay makikibahagi dito!  Ang iba na hindi bubuhaying muli sa pagdating ni Cristo ay ibabangon sa katapusan ng milenyo (Pah. 20:5-6).  Upang mapabilang sa unang pagkabuhay na muli, dapat tayong maging banal, dapat tayong maging isang mananagumpay.

Mayroong batas na nagpapasiya kung anong antas ng "pagkabuhay" mayroon tayo sa umaga ng pagkabuhay na muli at ito ay matatagpuan sa Filipos 3:21. "Na siyang magbabago ng ating hamak na katawan upang maging katulad ng katawan ng kanyang kaluwalhatian, *ayon sa kapangyarihan na kumikilos sa kanya upang maipailalim sa kanyang sarili ang lahat ng mga bagay*." Ang ating katawan ay mababago sa antas na pinahintulutan si Cristo na "maipailalim sa kanyang sarili ang lahat ng bagay" sa ating buhay.  Sa tuwing sinusunod natin ang Diyos, at pinipili ang Kanyang paraan, at mamatay sa ating sarili, may bagay na "nasusupil" sa ating mga puso, at may bagay na natatanim sa ating katauhan.  Sinabi ni Pablo, "Ako ay namamatay araw-araw" (1 Cor. 15:31).  Sa kabaligtaran, sila na ginagawa ang *sariling kalooban* ay walang anumang maitatanim sa kanilang mortal na laman at sa pagkabuhay na muli ay kakaunti lamang ang bubuhayin. Kaya, sila ay mananatili sa isang mababang pagkabuhay na muli dahil si Cristo ay hindi pinahintulutang "ipailalim sa kanyang sarili ang lahat ng bagay" sa kanilang katauhan.

**10. MAYAMAN SA PANANAMPALATAYA** "Hindi ba pinili ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutang ito upang maging mayayaman sa pananampalataya" (Sant. 2:5). Ang pananampalataya ay isa pa sa mga banal na kayamanan ng Diyos. Hindi lahat ng tao ay may pananampalataya (2 Tes. 3:2). Kahit sa mga tinubos, bawat tao ay binigyan ng *sukat* ng pananampalataya. Gayunman, ang pananampalatayang ito ay kailangang patuloy na lumago. Ang sinumang nagtataglay ng pananampalataya ay napakayaman. Nililigtas tayo ng pananampalataya sa mga madidilim at mahihirap na panahon. Pinapakalma ng pananampalataya ang lahat ng ating mga takot. Ang pananampalataya ay nagdadala ng probisyon at kagalingan. Gumagawa ang pananampalataya ng daan kapag tila wala ng paraan. Sa kabilang dako, ang mundo ay puno ng takot. Nalilito ang tao at hindi alam kung ano ang gagawin o saan pupunta, at iyon ay dahil salat siya sa pananampalataya. Ang mga hindi tinubos na walang pananampalataya ay patuloy na kumakapa sa dilim sa paghahanap ng mga kasagutan na binigay na ng Diyos.

"Sa pananampalataya ay nauunawaan natin" (Heb. 11:3). Binubuksan ng pananampalataya ang ating pang-unawa. Ito'y sa pamamagitan ng pananampalataya nauunawaan natin ang tungkol sa paglikha. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay alam natin kung saan tayo nanggaling at kung saan tayo patungo. Sa pamamagitan ng pananampalataya alam din natin kung ano ang darating sa lupa. Ito'y sa pananampalataya ng Anak ng Diyos na nagpapalakas sa atin at nagbibigay ng katatagan at kapayapaan. Pananampalataya ang nagtatagumpay laban sa mundo (1 Juan 5:4). Ang pananampalataya ang katagumpayan. Kung walang pananampalataya, ang mga salita ng Diyos ay "tusong mga pabula" lamang. Totoo nga, na ang isang taong hungkag sa pananampalataya ay isang *maralitang hindi maisalarawan.*

"Wala akong pilak at ginto, ngunit ang nasa akin ay siya kong ibinibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad" (Gawa 3:6). Ang hindi kayang tuparin ng edukasyon at diploma, at kung ano ang hindi magawa ng lahat ng salapi sa mundo, ay naipamalas ni Pedro na may kapangyarihan sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa isang saglit, ang isang lalaking hindi nakakapaglakad ay "lumalakad at tumatalon at nagpupuri sa Diyos." Sina Pedro at Juan ay hindi nakapagtapos ng kurso ng medisina sa isang unibersidad ngunit meron silang *walang katumbas na kapangyarihan mula sa Diyos* dahil sa isang relasyon ng pananampalataya. Ang mga taong ito ay nagtataglay ng tunay na kayamanan. Sila ay may kaugnayan sa trono ng Diyos, at ang kaugnayang ito ang dapat hinahanap ng bawat anak ng Diyos. Ating hayaan ang ating mga buhay sa mga kamay ng Diyos at gawing maging instrumento ng pagpapalaya ang ating mga sarili para sa makasalanang lahi. Marami ang mga mangangaral ngunit kakaunti ang tagapagpalaya.

**11. MAYAMAN SA PAGTITIYAGA, KAALIWAN, AT IBA PANG BUNGA NG ESPIRITU** "Alam ko ang iyong kapighatian, at ang iyong karalitaan, ngunit ikaw ay mayaman" (Pah. 2:9). Sa isang iglesya na nasa kapighatian at kahirapan, dineklara ng Diyos, "*Ikaw ay mayaman.*" Ngunit, sa kapitbahay na iglesya na akala nila nasa kanila na ang lahat, sinabi ng Diyos, "Ikaw ay mahirap" (Pah. 3:17). Ang unang iglesya ay nasa ilalim ng matinding kagipitan, at sila ay mahirap sa materyal. Ngunit binigyan sila ng Panginoon ng katiyakan, "Ikaw ay mayaman. Mayroon kang mga ari-arian." Sinasabi ni Pablo sa atin, na "ang paghihirap ay gumagawa ng katiyagaan" (Roma 5:3). Totoo nga, na sa kanilang *kapighatian*, sila ay nagtatamo ng pambihirang katangian ng *pagtitiyaga* na nagdudulot sa kanila na magkaroon ng pang-unawa para sa iba. Kaya nga, ang halaga ng pagkakaroon ng pagtitiyaga at kaaliwan ay napakataas. Ang

magkaroon ng mga kasagutan at kahabagan para sa mga nasa kaguluhan ay isang pambihirang kayamanan (2 Cor. 1:3-7). Kaya't, sinabi ng Diyos sa iglesya na nasa kapighatian, "Ikaw ay mayaman."

**12. ANG PANGINOON ANG ATING NAPAKADAKILANG GANTIMPALA** "Ako ang iyong kalasag, ang iyong gantimpla ay magiging napakadakila" (Gen. 15:1). Narito ang pinakadakilang kayamanan sa lahat —ang Panginoon mismo. Gaano man kaganda ang langit, ang sentro ng atraksyon ay palaging ang Anak ng Diyos. Sinabi ni Jeremias, - "Ang Panginoon ay aking bahagi" (Pan. 3:24, cf. Awit 16:5, Deut. 18:1-2). Sinabi ni Pablo na siya ay nabuhay upang "makamit si Cristo" (Fil. 3:7-11). Ito ang pinakabuod na tema ng kasulatan. Ang buhay ay dapat umiikot sa paghanap ng pagsang-ayon ng ating Makalangit na Kasintahang Lalaki at upang makilala ang Kanyang pag-ibig na higit sa kaalaman (Efe. 3:19). Ang ating buong layunin sa buhay ay dapat ang manahan ng malapit sa Kanyang puso hanggat maaari, hindi lamang dito sa lupa kundi gayundin sa walang hanggan (Awit 27:4, 23:6).

## BUOD NG MGA TUNAY NA KAYAMANAN

*Mga Kayamanang kailangan nating hanapin*

**1. Ang Mabuting Pangalan** – *(Ang pag-ibig ng Diyos at respeto sa atin).* Ito ay dumarating sa patuloy na pagpili ng kaparaanan ng Diyos. Kapag pinalulugdan natin Siya, hindi lamang na tayo ay rerespetuhin ng Diyos kundi gagawin Niya na tayo ay respetuhin din ng tao. Tingnan ang Kawikaan 16:7.

**2. Gintong Dinalisay sa Apoy** – *(banal na kalikasan na tinanggap sa mga maiinit na pagsubok).* Ang karakter, kung sino tayo, ang pinakamahalagang bagay sa buhay at ito ang madadala natin sa walang hanggan. Ang dakilang karakter ay laging ginagawa kung ano ang tama, kahit sa sakit. Karakter (kung sino tayo) ay ang kabuuan ng lahat ng mga pagpili at desisyon natin sa buhay.

**3. Mga Kayamanan sa Langit** – *(ang ating makalangit na tahanan at ibang gantimpala).* Ang mga materyales na pumupunta sa ating walang hanggang tirahan ay pinapadala ngayon sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa natin dito sa lupa. Tayo ba ay namumuhunan sa isang bahay kung saan ang mga magnanakaw hindi makapasok at makapagnakaw?

**4. Mayaman sa Mabubuting Gawa** – *(mga gantimpala sa langit).* Bagamat ang buhay na walang hanggan ay kaloob na hindi pinaghihirapan, ang ating mga gantimpala ay magiging ayon sa ating mga gawa. Ang lahat ng mga handog na ginawa para sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso ay mag-aani ng mga mayayamang gantimpala. Kahit ang pagngiti o maliliit na pagpapakita ng kabutihan ay maaalala ng Diyos at gagantimpalaan.

**5. Pinayayaman ang Iba** – *(walang hanggang bagay na nilalagay natin sa iba na nagpapabago ng kanilang mga buhay).* Bahagi ng ating korona at mana ay ang mga tao na ipinagkatiwala ng Diyos sa ating pangangalaga sa anumang kaparaanan. Kabilang dito ang ating pamilya. Kailangan nating mamuhunan sa ibang tao, hindi sa mga bagay. Ang mga tao ay walang hanggan, ang mga bagay ay hindi.

**6. Ang Kasiyahan ay Malaking Pakinabang** – *(isang kontento, masayang puso).* Ito lamang ang hinahanap ng tao. Ang isang kontento, at masayang puso ay ibinibigay sa mga taong pinaluluguran ang Diyos. Ang kahirapan ay nag-uukit ng mas malaking kapasidad sa ating pagkatao upang taglayin ang kagalakan. Silang mga naging tapat sa mga layunin ng Diyos ay pumapasok sa kagalakan ng Panginoon, ngayon, at sa walang hanggan.

**7. Mga Kayamanan ng Kadiliman** – *(espesyal na mga pananaw, mahahalagang bagay na nakukuha sa mga madilim na pagsubok).* Maaari natin ibahagi ang mga ito sa iba na dumadaan sa madidilim na karanasan.

**8. Ang Kayamanan ng Kadustaan ni Cristo** – *(nagpapakilala sa atin kay Cristo na nagpapakitang tila isang kabiguan).* Ang taong ito ng kadustaan ay mismong ang Diyos na nagbalatkayo bilang isang ordinaryong tao. Sa Kanya nakatago ang lahat ng mga kayamanan at misteryo ng buhay. Ibinabahagi Niya ang mga ito sa mga taong malalapit sa Kanya, hindi sa mga lumalayo sa Kanya at ikinahihiya Siya.

**9. Isang Bago at Niluwalhating Katawan** – *(ang ating katawan ay mabubuhay sa antas na tayo ay namatay sa sarili)* at sang-ayon sa kung ano ang pinahintulutan natin na itanim ng Diyos sa ating mortal na laman sa pamamagitan ng ating mga pagtugon sa Kanya.

**10. Mayaman sa Pananampalataya** – *(nagdadala ng kaunawaan, probisyon, kagalingan, at naghahanda sa atin sa walang hanggan.)*

**11. Mayaman sa Pagtitiyaga at Kaaliwan** – *(ang pambihirang kakayanan na maunawaan ang mga taong nasa pagsubok).*

**12. Ang Panginoon Mismo** – *(ang pinakadakilang kaloob sa lahat). Ang makamit si Cristo ay ang magkaroon ng lahat ng bagay.*

# TUNAY NA MGA HANDOG

***Mga Handog na Nagpapahanga sa Panginoon***

Ang pinaka-kalikasan ng Diyos ay ang maghandog! Siya ay isang mapagbigay. “Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanglibutan na Kanyang ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak.” “Mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap” (Gawa 20:35). Binigay sa atin ng Diyos ang Kanyang pinakamabuti at nais Niya na ibigay din natin sa Kanya ang gayon. Upang makilala natin ang Diyos at mapagwagihan ang gantimpala, ito ay nangangailangan ng lubos na pagsasakripisyo. Ang pagsunod sa Kordero ay napakamahal. Si Cristo mismo ay lumakad sa daanan ng pagtanggi sa sarili, ngunit ang daan ng sakripisyo ay nagpapalaya ng buhay at nagdadala sa atin sa dakilang kagalakan.

Gumagana ang Kristiyanismo! Ito ay isang lubos na katotohanan, ngunit doon sa mga *buong puso* lamang. Ang Kristiyanismo ay hindi gagana kung tayo ay nagdadalawang isip. “Siya ay isang taong nagdadalawang isip, di-matatag sa lahat ng kanyang mga lakad” (Sant. 1:8). Ang taong sinusubukan na maglingkod sa dalawang panginoon ay walang kapayapaan o kagalakan. Kung ang Kristiyanismo ay hindi mabisa para sa iyo, tingnan mo ang ang mga sumusunod:

- Ikaw ba ay lubos na nakasuko kay Jesus, o hati ang iyong puso sa ibang mga pagmamahal?
- Nagtatanim ka ba ng sama ng loob sa kaninuman? Kung hindi pa natin mapatawad ang iba, hindi natin mararamdaman ang pagtanggap ng Diyos.
- Ikaw ba ay nakikipagtulungan sa mga lider na itinalaga ng Diyos sa iyo?
- Sinusubukan mo bang ipamuhay ang Kristiyanong buhay sa sarili mong kalakasan?
- Gumagawa ka ba ng seryosong kasalanan sa iyong buhay?

Kung mayroong isang paglabag sa alinman sa nasa itaas, mawawala sa atin ang katotohanan at kagalakan ng ating pananampalataya. Alalahanin, na ang katotohanan ay isang pagpapala na nakalaan *lamang* para sa mga taong nakatalaga na gawin ang buong kalooban ng Diyos. At muli ay gusto kong ulitin ito – hindi natin mararamdamang pinatawad na tayo kung hindi natin pinatawad ang iba. Ang mga wastong pagsasakripisyo na iisa-isahin natin ay magdadala sa atin sa kagalakan at katagumpayan laban kay Satanas. Kaya, kailangang isapuso natin ang mga bagay na ito.

Si David ay isang lalaking ayon sa puso ng Diyos. Determinado siyang tuparin ang *lahat* ng kalooban ng Diyos (Gawa 13:22). Ito ang hinahanap ng Diyos ngayon—mga lalaki at babae na magsasakripisyo nang lubos. Si Haring Saul, na pinalitan ni David, ay nakatalaga lamang na gawin ang *bahagi* ng kalooban ng Diyos—ang maginhawang bahagi. Tayo ay maging isang *David, hindi isang Saul.*

*Walang buhay kung walang pagsasakripisyo.* Si Haring David ay isang lalaki ng matinding sakripisyo. Hindi siya magkakaloob ng anuman sa Panginoon nang hindi niya ginugugulan ng halaga (2 Sam. 24:24, 23:14-17). Ang mga handog na hindi natin ginugugulan ng halaga ay hindi mga handog, at hindi sila nagbibigay ng buhay. Ang tunay na mga mangangaral, yung may mga *tunay* na ministeryo at buhay na ibinabahagi, ay ang mga nagbayad ng malaking halaga. Ang iba, na hindi nagbayad ng anuman para sa kanilang mensahe, ay katulad ng tansong tumutunog at batingaw na umaalingawngaw. Ang kanilang

mensahe ay mababaw at walang espirituwal na kahalagahan.  Malaking halaga ang kailangan upang mabago ang ating puso!  Tingnan ang Pahayag 7:13, 14.

Ang pagsunod sa Kordero ay nangangailangan nang lahat sa atin.  Ito'y nangangahulugan na ang ating buhay ay magiging katulad sa Kanya (Pah. 14:1-5).  Kaya nga, dapat ay huwag tayong humawak sa anuman kundi maging bukas ang kamay sa Kanya na malayang nagbigay sa atin ng lahat ng mga bagay.  Minsan ang pagsunod sa Diyos ay nakakaapekto sa ating tahanan, pamumuhay, salapi, seguridad, pagpili ng asawa, paraan ng pamumuhay, at iba pang mga karanasan.  Ito'y isang pribilehiyo na gawin ang ganitong mga handog sa Panginoon sapagkat sila ay matamis na samyo sa Kanya, kung paanong ang buhay ni Cristo ay mabangong samyo sa Ama (Efe. 5:2, Fil. 4:18, Rom. 12:1).  Ang *kagalakan* ay ang resulta ng lahat ng mga sakrispisyo na ginawa sa Diyos mula sa isang dalisay at masunuring puso.

Nakahanda ba tayo?  Sila na nawalan ng kanilang mga buhay para sa Kanya ay masusumpungan ito.  Ang mga dibidendong makakamit sa pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ay napakalaki.  Sa totoo lang, wala talaga tayong isinasakripisyo.  *Ang gantimpala* ay higit na mas malaki kaysa sa *halaga*.  Narinig ko ang sabi ng mga batang Kristiyano, "Gusto ko ang pinakamataas ng Diyos at babayaran ko ang anumang halaga para makamit ito."  Pagkatapos, kapag hinihipo na ng Diyos ang ilang maliliit na isyu sa kanilang mga buhay, sila ay nagsusumigaw sa sobrang galit.  Magkaroon tayo ng karakter at gawin kung ano ang sinabi natin!

**Hindi Tinatanggap ng Diyos ang Bawat Paghandog**

Bago tayo magpatuloy, gusto kong sabihin na hindi tinatanggap ng Diyos ang bawat handog.  Madalas ito ay hindi nauunawaan.  Ayaw ng Diyos ang ating handog kung ang ating puso ay hindi tama sa Kanya.  Ang handog ay hindi maaaring maging *kapalit* sa isang bagay na hinihingi sa atin ng Diyos.  Sa heograpikong pag-uusap, kailangang tayo ay *nasa lugar* na pinili ng Diyos.  Hindi Niya tatanggapin ang ating handog sa ibang lugar.  At kailangan nating gawin ang mga bagay ayon sa Kanyang kaparaanan, hindi sa ating sarili.  Hindi tatanggapin ng Diyos ang papuring makalaman at makamundong musika para sa isang papuring paghahandog.

• Nagkunot-noo ang Diyos sa handog na dinala ni Cain dahil ang kanyang buhay ay hindi tama (Gen. 4:5-8; 1 Juan 3:11, 12).
• Ang mga anak ni Aaron ay naghandog ng "kakaibang apoy" (maling pagsamba) at sila ay tinupok (Lev. 10:1, 2, 10:10).
• Nagalit ang Diyos sa handog ni Core dahil nilabanan niya ang lider ng Diyos (Bil. 16:1-3, 15, 35).
• Tinatanggap lamang ng Panginoon ang ating handog kung tayo ay nasa lugar na pinili Niya para sa atin (Deut. 12:13, 14).
• Ang handog ni Saul ay tinanggihan dahil ito ay isang kapalit para sa paggawa ng kalooban ng Diyos (1 Sam. 15:1-3, 9, 22).
• Sa panahon ni Malakias, sila ay nag-alay sa Diyos ng mga may dungis na handog at maruming tinapay. (Mal. 1:7-8, 3:3, 4).

• Ayaw ng Diyos ng ating handog kung hindi natin sinisikap na makipagkasundo sa isang kapatid (Mat. 5:23, 24).
• Hindi pinapansin ng Panginoon ang mga handog ng mga taong tinatrato ang kanilang asawa nang may kalupitan (Mal. 2:13-16).
• Ang kaloob nila Ananias at Safira ay kasuklam-suklam sapagkat ito ay ginawa ng may panlilinlang (Gawa 5:1-10).

**Mga Handog na Nagbibigay Buhay**

| | | |
|---|---|---|
| Handog ng Pagsunod | Handog ng Pagpupuri | Handog ng ating Isaac |
| Handog ng Lokasyon | Handog ng Kagalakan | Handog ng isang Bagbag na Espiritu |
| Handog ng Katuwiran | Handog ng Pag-ibig | Handog ng Ating Sariling Buhay |
| Handog ng Pasasalamat | Handog ng Pagbili ng isang Bukirin | |

*Ito ang mga handog na nagdala ng kamatayan kay Satanas sapagkat ito ang mga handog na hindi niya kayang gawin.*

## MGA HANDOG NG ISANG MABANGONG SAMYO

*"Tulad ng mga batong buhay, hayaan ninyong kayo ay maitayo bilang espirituwal na bahay tungo sa banal na pagkapari, upang mag-alay ng mga espirituwal na handog na kasiya-siya sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo" (1 Ped. 2:5)*

**1. HANDOG NG PAGSUNOD** "Sapagkat nang araw na ilabas ko sila sa lupain ng Ehipto, hindi ako nagsalita sa inyong mga magulang, o nag-utos man sa kanila, tungkol sa mga handog na sinusunog at mga alay: kundi ito ang ipinagutos ko sa kanila, 'Sundin ninyo ang aking tinig'" (Jer. 7:22-23, 11:7). Itinatag ng Diyos ang lahat ng paghahandog ng mga hayop sa Bundok ng Sinai *ilang buwan* pagkatapos umalis ang Israel sa Ehipto. Ang mga handog na ito ay anino lamang ng handog na gagawin ng Anak ng Diyos sa krus pagkalipas ng maraming taon. Nilinaw ito ng Diyos sa panahon na nilabas Niya ang Israel mula sa lupain ng Ehipto na ang Kanyang puso ay *hindi* nababahala sa mga handog at alay ng mga hayop. Siya ay interesado sa ibang uri ng handog—ang handog ng pagsunod. "Sundin ninyo ang Aking tinig" (Ex. 19:5, 1-5)! Nais Niya ng mga tao na nakikinig sa Kanyang tinig gamit ang kanilang mga puso at pagkatapos ay sumunod ng may pag-ibig. Ito ang tunay na handog.

Naunawaan din ni Haring David ang katotohanang ito, sapagkat inihayag niyang, "Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit binigyan mo ako ng bukas na pandinig" (Awit 40:6-7). Alam ni David ang puso ng Diyos. Nakita niya na hindi nasisiyahan ang Diyos sa ritwal ng mga pag-aalay ng mga hayop kundi sa mga taong may nakikinig na mga tainga at mga pusong tumutugon. Ito ay isang relasyon ng pagsunod na ninanais ng Diyos, hindi ang walang buhay na mga ritwal. Kailanman ay hindi ito natutunan ni Haring Saul. Nakagawian na niya ang hindi lubusang sumunod, at pagkatapos ay mag-aalay ng labis-labis na mga handog upang mapunan ang kakulangan ng kanyang pagsunod. Hindi tinanggap ng Diyos ang alinman sa kanyang *pamalit*. Sa halip, pinagsabihan Niya si Saul, na sinasabing, "Ang Panginoon kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at sa mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng

Panginoon? Tiyak ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki." (1 Sam. 15:22).

Ang handog ng pagsunod ay ang susi sa paglagong Kristiyano. Ito ang paraan upang makasulong mula punto D patungo sa punto E. Kapag nilalagay ng Diyos ang Kanyang daliri sa isang tiyak na bahagi ng ating buhay, inaasahan Niya ang isang pagtugon. Samantalang tayo ay tumutugon, tayo ay nababago. Ngunit, kung iniiwasan natin o tinatanggihan kung ano ang Kanyang sinasabi, ang ating suliranin ay hindi nalulunasan at tumitigil tayong lumago; sa katotohanan, tayo ay naglalakad pabalik. Hindi kailanman makukuha ng paghahandog ang bahagi ng pagsunod. Maaari nating sabihin, "Panginoon, hindi Mo maaaring kunin ang bahaging ito ng aking buhay. Ito ay para sa akin!" Ngunit dahil dito dumadating tayo sa *isang pagtigil* sa ating paglakad bilang Kristiyano. Hindi tayo makakapunta sa pakikipagkasundo sa Diyos. Hindi Niya tatanggapin ang isang pamalit para sa ilang aksyon na hinihingi Niya sa atin.

**2. HEOGRAPIKAL NA HANDOG** "Mag-ingat ka na huwag mag-alay ng iyong handog na sinusunog sa alinmang dakong iyong makikita, kundi sa dakong pipiliin ng Panginoon" (Deut. 12:13, 14). Partikular ang Diyos kung *saan* natin hinahain ang ating handog (ang ating paglilingkod at pagsamba). Tatanggapin lamang Niya ang ating handog *sa lugar* na pinili Niya para sa atin. Kung hindi, ang ating handog ay Kanyang tatanggihan. Hindi natin masasabing, "Tinatawag ako ng Diyos sa Paaralang Bibliya. Pipili ako ng paaralan sa Florida o Texas dahil ang klima roon ay mas mainit."

"Tumindig ka, bumaba ka sa bahay ng magpapalayok, at *doo'y* iparirinig ko saiyo ang aking mga salita" (Jer. 18:2). Mahalaga na nasa tamang heograpikal na dako sapagkat ito'y "doon" na ang Diyos ay nakakapagsalita sa ating mga puso. Doon ay naghihintay sa atin ang tamang mga tao at tamang mga kalagayan na nakadisenyo para sa ating ikasasakdal at ikatututo. Kung ilalagay natin ang ating sarili sa ibang lugar, mananatiling hindi debelop at di-tubos ang ilang mga bahagi ng ating buhay. Sa lugar ng Kanyang pagpili, ang Diyos ay mayroong kakaibang mga *kagamitan* na tanging ginawa para maabot ang "mga mahirap makuhang" mga bahagi sa ating buhay. Maaaring hingin sa atin ng Diyos na iwanan ang isang organisasyon o kaya ang iglesya na kinalakihan natin. Minsan ang lubos na heograpikal na paglipat ay kinakailangan upang makapagpatuloy sa ating paglakad kasama ng Diyos. Maaaring ibig sabihin din nito ay ang pag-iwan sa mga kaibigan, kamag-anak, o iba pang mga sentimyento.

Si Abraham ay hindi lubusang makapagpatuloy sa Diyos at tuparin ang kanyang banal na pagkatawag hanggang sa iwan niya ang bahay ng kanyang ama (Gen. 12:1, Awit 45:10). Maaaring ito ay hindi magiging madali sa una, ngunit ito ay posible sa pamamagitan ng biyaya; at, ang kagalakan ng Panginoon ay matatagpuan sa dako ng Kanyang pagpili (Mar. 10:28-30). Ito ay isang handog ng mabangong samyo sa Panginoon at ito ay kalugod-lugod sa Kanyang paningin. Ngunit, kung hindi tayo kikilos kung kailan at saan Niya sinasabi, mawawalan tayo ng pagpapala at kagalakan. Mawawala natin ang Kanyang pabor (Mat. 10:37-38).

*Kung saan* tayo itinanim ay napakamahalaga. Tayo ay hahantong sa kung saan patungo ang ating iglesya o denominasyon. Tayo ay sasailalim sa parehong pagpapala o paghatol. Sa Pahayag 18:4, inuutusan ng Diyos ang mga nakaugnay sa isang maling sistema ng relihiyon, "Magsilabas kayo sa kanya, bayan ko,

upang huwag kayong madamay sa kanyang mga kasalanan, at huwag kayong makabahagi sa kanyang mga salot." Ang ilan sa atin ay maaaring kailangang iwanan ang lumang tradisyon na ating kinalakihan. Ang bautismo sa tubig (paglubog) ay pumuputol sa lumang pagkaalipin at relihiyosong tali ng Katolisismo. Nakalulungkot man, ang bautismo sa tubig ay hindi nabigyang-diin sa kilusang karismatiko ng mga nagdaang taon. Ang pinaka-pangunahing binigyang diin ng panahong iyon ay ang bautismo sa Banal na Espiritu.

*Ang probisyon* din ay matatagpuan sa lugar na pinipili ng Diyos (1 Hari 17:2-9). Si Elias ay dinala sa batis Cherit at doon siya ay pinakain ng mga uwak. Pagkatapos siya ay dinala sa isang mahirap na balo. Kapag tinatawag tayo ng Diyos sa paglilingkod sa Kanyang gawain, hindi Niya tatanggapin ang dahilang, "Hindi ko kaya ito." Kung hindi tayo kikilos kapag sinasabi sa atin ng Diyos, sasaluin tayo ng kaaway at sasalakayin at sisiluin ang ating mga anak. Kumilos tayo kapag ang ulap ng Diyos ay kumikilos (Bil. 9:16-23). Ang pinakaligtas na lugar sa lupa ay ang nasa gitna ng kalooban ng Diyos.

**3. HANDOG NG KATUWIRAN** Sa Awit 4:5, tayo ay sinasabihan: "Maghandog kayo ng matuwid na alay, at ang inyong pagtitiwala sa Panginoon ilagay." Ang handog ng katuwiran ay nangangahulugan na ginagawa natin kung ano ang tama sa kabila ng mga kahihinatnan. Ang pagtayo sa kung ano ang tama ay *isang handog* dahil kadalasan hindi ito tanyag, at ang pamumuna at pagkukunot ng noo ay nakadirekta laban sa atin. Minsan ang paggawa ng tama ay nagiging sanhi na mawalan tayo ng pinansiyal na tulong, lalo na kung tayo ay nasa ministeryo. Ngunit sa kalaunan, ipinagtatanggol ng Diyos silang mga naghahain ng handog ng katuwiran at ang naglalagay ng pagtitiwala sa Kanya, hindi sa tao. Ang Diyos mismo ay matuwid at *nalulugod* Siya sa mga matuwid (Awit 84:11-12).

**4. HANDOG NG PAGPUPURI/PASASALAMAT** "Ako'y mag-aalay sa iyo ng handog ng pasasalamat, at tatawag sa pangalan ng Panginoon" (Awit 116:17, 107:22). Ang pagpupuri at pasasalamat na pinapahalagahan ng Diyos ng higit ay *hindi kung ano ang tinatanggap Niya mula sa mga nananahan sa langit* kung saan lahat ay kaluwalhatian at lubos na kaligayahan, kundi mula doon sa mga nasa lupa na nasa ilalim ng matinding kagipitan. Napakadaling magpasalamat kapag tayo ay nananagana sa lahat ng panig. Ngunit ang pasasalamat at pagpupuri ay nagiging *handog* kapag ang ating mga pagpapala ay nababawasan at tayo ay humaharap sa kadiliman ng gabi. Nang si Job ay nabawasan hanggang sa abo, nagpatirapa siya sa pagsamba na sinasabing, "Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang bumawi; purihin ang pangalan ng Panginoon" (Job 1:20-22). Ito ay tunay na nagpasiya sa puso ng Diyos! Ito ang pinakamahal na pagsamba sa lahat. Pinapanatili din ng pagpapasalamat ang ating mga balon na malaya at umaapaw, at ang *tamang pagtugon* sa kasakitan ay nagbibigay sa atin ng kalamangan laban kay Satanas.

"Kaya't sa pamamagitan niya ay maghandog tayong patuloy ng alay ng pagpupuri sa Diyos, samakatuwid ay ang bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kanyang pangalan" (Heb. 13:15). Ito ay isang pagpapatuloy na paraan ng buhay! Sinabi ni David, "Pupurihin ko ang Panginoon sa lahat ng panahon; ang pagpuri sa Kanya ay sasaaking bibig ng patuloy" (Awit 34:1). Ang tunay na mga handog ay mahal. Ito ay hindi sakripisyo na magpuri at magpasalamat kapag maganda ang ating pakiramdam. Paano naman ang mga panahon kapag tayo ay pinanghihinaan ng loob at nasa kagipitan at lahat sa ating mga puso ay

gustong gawin ang kabaligtaran? Kapag isinantabi natin ang ating mga nararamdaman para magpuri at magpasalamat sa Panginoon, ito ay *isang handog* na lubusang nakalulugod sa Diyos. Ayon sa Isaias 61:3, ang pagpupuri ay isang espirituwal na kasuotan. Ang "espiritu ng kabigatan" ay isa ring pantakip. Sa gayon, tayo ay mayroong kakayanang na *isuot o hubarin* ang mga espirituwal na kasuotang ito. Ang kakayanang ito ay nananahan sa kapangyarihan ng ating pagpili. Piliin nating *isuot* ang kasuotan ng pagpupuri at *hubarin* ang espiritu ng kabigatan, sa pamamagitan ng biyayang nagbibigay ng kakayanan.

**5. HANDOG NG KAGALAKAN** "At ngayo'y matataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa Kaniyang tabernakulo ng mga hain ng kagalakan" (Awit 27:6). Si David ay nasa ilalim ng kagipitan; siya ay napapaligiran ng kanyang mga kaaway. Binaling ni David ang kanyang pokus palayo sa kanyang sitwasyon at nag-alay ng handog ng kagalakan sa Panginoon, na nagtitiwala ng lubusan sa kanyang Diyos na siya ay protektahan. Ginagalang ng Diyos ang handog ng kagalakan. Ito ay nagdadala ng pananampalataya at kinikilos nito ang Kanyang makapangyarihang kamay ng pagpapalaya. Ang depresyon at kawalan ng loob ay maaaring malabanan sa pamamagitan ng handog ng kagalakan. Sa halip na hayaan natin ang ating mga sarili na magapi ng isang madilim na ulap habang tinitingnan natin ang ating mga sitwasyon, maaari nating ibaling ang ating atensyon sa ating Tagapagpalaya at magsimulang mag-alay ng handog ng kagalakan at pagsigaw. Ang pagtugong ito ay nagdadala ng pananampalataya at pagpapalaya. Muli, ito ay *isang handog* dahil maaaring hindi natin maramdaman ang kagalakan sa simula at kinakailangan dito ang pagsisikap. Karagdagan pa dito, kailangan nating matutunang mag-alay ng handog ng kagalakan sa ating asawa at sa iba. Kailangan nating disiplinahin ang ating mga sarili na tumugon ng may katuwaan sa mga nakapaligid sa atin at huwag silang dalhin sa kabigatan na pinaglalabanan natin.

**6. HANDOG NG PAG-IBIG** "Ang siya'y ibigin nang buong puso, buong pagkaunawa, buong lakas, at ibigin ang kapwa niya gaya ng kanyang sarili, ay higit pa kaysa lahat ng mga handog na sinunog at mga alay." (Mar. 12:33). Ito ang tunay na handog na hinahanap ng Diyos —ang ating pag-ibig. Ninanais ng Diyos ang ating mga pagmamahal, mga kaisipan, mga emosyon, at lahat ng ating lakas na mailagay sa altar. Gayundin, nais Niya na ibigin at paglingkuran natin ang iba nang walang pag-iimbot mula sa isang malinis na puso. Ito ang tunay na handog. Ang pag-ibig ang pinakabuod at pagkatupad ng kasulatan (Rom. 13:8-10).

Ang Marcos 12:33 sa katunayan ay ang katuparan ng mga sinusunog na hain ng Levitico kapitulo isa. Ang handog na ito ay hinati sa apat na bahagi: Ang ulo, ang taba, ang lamang loob, at ang mga paa (Lev. 1:6-9). Ang lahat ng apat na seksyon ay kailangang ilagay sa altar at ganap na matupok ng apoy ng Diyos. Upang ang ating mga buhay ay maging isang handog na sinunog at isang mabangong samyo sa Diyos, ang apat na bagay na ito ay kailangang nasa altar:

1.) Ang ulo – ang ating mga kaisipan at mga opinyon. "Ang ating kaisipan ay hindi Niya kaisipan" (Isa. 55:8).
2.) Ang taba – ang ating kasiglahan. Ang atin bang kasiglahan at kalakasan ay ginugugol sa mga libangan, o ito ay ginagamit para sa Diyos?

3.) Ang mga lamang loob – ang ating mga pagmamahal, mga matitinding damdamin. Ang mga bagay na ating iniibig o kinamumuhian ay kailangang ilagay sa altar.
4.) Ang mga paa – ang ating lakad, ang mga lugar na ating pinupuntahan, at mga pagbibiyahe natin ay kailangang italaga sa Diyos.

Ang ating matitinding damdamin (iniibig o kinamumuhian) ay kailangang ilagay sa altar, o hindi natin maaabot ang layunin ng Diyos sa ating mga buhay. Kung gagawin lamang natin ang mga bagay na gusto nating gawin, kailanman ay hindi tayo magiging isang marangal na tao. Minsan ay ayaw pumunta ng mga tao sa lugar ng pagmimisyonan dahil ayaw nila ng pagkain o klima. Isang babae ang ayaw pumunta sa isang partikular na iglesya dahil ayaw niya ang kanilang ng musika, kahit na ang iglesyang iyon ay mas espirituwal kaysa sa iba. Upang maging epektibo sa kaharian ng Diyos, ang mga gusto at ayaw natin ay kailangang maipako sa krus. Magsanay tayo na gawin ang mga bagay na ayaw nating gawin, at mamatay sa iba nating mga kagustuhan.

Nangusap ang Diyos sa isang tinedyer na babae isang araw at sinabi, "Kailangan mong kainin ang mapait gayundin ang matamis." Kinamumuhian ng babae ang gawaing bahay at gawain sa eskwelahan at ang gusto lamang ay nasa labas. Sinabi ng Diyos sa kanya na kung hindi niya didisiplinahin ang kanyang sarili at tatanggapin ang mapait gayundin ang matamis, siya ay lalakî na magiging isang mahirap na maybahay at asawang babae. Nasanay siya na gawin lamang kung ano ang gusto niyang gawin.

**7. HANDOG NG PAGBILI NG BUKIRIN** Ang huwarang babae ng Kawikaan 31:16 "ay bumili ng isang bukirin." Kailangan din nating bumili ng isang bukirin. Mayroong dako ng pagmimisyon ang Diyos para sa ating lahat, ngunit kailangan nating bayaran ito. Napakaraming tao na nagpupunta sa misyon ang nagnanais na iba ang magbayad para sa kanilang bukirin. Sinasabi nila, "Hindi ako pupunta maliban na ipangako ng organisasyong ito na bayaran ako ng ganito at ganyan bawat buwan, at magbigay ng sasakyan, at lahat ng iba pang bagay na gusto ko." Maraming tao ang ayaw mamuhunan ng anuman, ngunit wala silang magiging gantimpala. Magkano ang binayad mo para sa iyong "bukirin?"

**8. HANDOG NG ATING ISAAC** "Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumunta ka sa lupain ng Moria. Ialay mo siya bilang handog na susunugin" (Gen. 22:2). Si Isaac ay kumakatawan sa bagay na pinakamamahal sa ating puso—–isang tao, pagkatawag, mga pangako, o maaaring isang ministeryo. Sinubok ng Diyos si Abraham upang makita kung minamahal niya si "Isaac" nang higit sa Kanya. Sinabi ng Diyos, "Ibalik mo ang lahat sa Akin." Ang pagkusang-loob ni Abraham na ihandog si Isaac ay isang suntok kay Satanas, at gayundin ang iba pang mga handog na ating napag-usapan.

Si Lusiper ay may isang diyos-diyusan. Ang *diyos-diyusan ng ministeryo* ay mas mahalaga sa kanya kaysa sa kanyang relasyon sa Diyos. Sa lahat ng bagay na binigay ng Diyos kay Lusiper, ang tanging gusto lamang niya ay higit pa para sa kanyang sarili— mas higit na posisyon at higit pang pagtataas sa sarili. Ninais niya ang pinaka-trono. Ang tanging ninais niya ay ang maging sentro ng atensyon. Siya ay naglilingkod sa Diyos para lamang sa mga benepisyo, at ngayon ay pinaparatangan niya ang mga kapatiran ng gayundin. Ito ay makikita sa Job kapitulo isa. Pinaratangan ni Satanas si Job na naglilingkod lamang

sa Diyos para sa mga pagpapala. Nang inalis ang lahat ng pagpapala ni Job, siya ay nagpatirapa at sumamba. Kaya, natalo niya si Satanas. Sinusubok tayong lahat ng Diyos upang makita kung tayo ay makakapasa sa mga pagsubok na ikinabagsak ni Lusiper. Nang isinuko ni Abraham si Isaac, siya ay nagkamit ng isang malaking katagumpayan laban sa Ahas.

**9. HANDOG NG ISANG BAGBAG NA DIWA** "Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na diwa, isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos, ay hindi mo hahamakin" (Awit 51:16, 17). Ang isang bagbag na diwa ay ang kalidad ng espiritu na kung saan ang katigasan ng ulo, katigasan at paglaban ay inaalis sa ating kalooban. Ito ang resulta ng pagkakaloob ng naunang mga handog. Ito ang uri ng puso na nais ibigay sa atin ng Diyos (Ezek. 36:26). Ang ganitong uri ng puso ay pinagtatagumpayan ang sanlibutan, ang laman, at ang diyablo. Ang isang bagbag na diwa ay ang eksaktong kabaligtaran ng taong may *isang natisod na espiritu* (Kaw. 18:19).

**10. HANDOG NG MISMONG BUHAY NATIN** "Sa pananampalataya si Abel ay nag-alay sa Diyos ng higit na dakilang handog kaysa kay Cain" (Heb. 11:4). Si Abel ay naghandog ng isang kordero. Si Abel mismo ay isang kordero na kinalaunan ay papatayin ng isang *natisod na kapatid* na pinatigas ang kanyang puso. Nais ng Diyos na ikaw at ako ay maging maamong kordero (Isa. 53:7, 1 Ped. 2:23). Sinabi ni Pablo, "Nakahanda na akong maialay" (2 Tim. 4:6). Walang nagtanggol kay Pablo sa paunang pagdinig sa kanyang kamatayan bilang martir (2 Tim. 4:16). Kung sakaling kakailanganin ni Pablo ng suporta, iyon ay sa pagkakataong ito. Sa halip na matisod, nanalangin siya na ang mga kapatid na naduwag ay mapatawad. Isang paraan upang malaman natin na tayo ay nakahanda nang mamatay ay kung makatugon tayo katulad ng ginawa ni Pablo. Siya ay naging isang tupa na minsang naging isang mananakmal.

Si Esteban din ay nanalangin para sa mga gumawa sa kanya ng hindi makatarungang bagay (Gawa 7:59, 60). Tanging sa mga habag lamang ng Diyos na maihaharap natin ang ating mga katawan bilang isang haing buhay (Roma 12:2). Si Pablo ay nagkaroon ng pribilehiyo na ibigay ang kanyang buhay bilang isang martir. Handa na siya na maging handog ng Diyos. Kung tinawag ng Diyos ang sinuman sa atin na ibigay ang ating buhay, gaya ni Pablo at gaya ni Esteban, dapat ay maialay natin ang ating buhay bilang isang *kordero*. Kung ito ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay (ito ay *hindi* para sa lahat), ay mayroong ngang biyaya (kakayanan mula sa Diyos) sa sandaling iyon, at walang dapat na ikatakot.

**Ang mga handog sa itaas ay nagdadala ng isang kamatayan kay Satanas sapagkat ito ang mga handog na hindi niya kayang gawin.**

## MGA PAGPAPALA NG ISANG BAGBAG NA DIWA

**• Susi sa Kapangyarihan**

Nang tinanong si Smith Wigglesworth sa sekreto ng kanyang kapangyarihan, hindi niya binanggit ang kanyang buhay pananalangin o mahabang pag-aayuno o pagiging masigasig sa pag-aaral. Simple lamang na sinabi niya, "Ako ay isang taong may bagbag na diwa." Si Wigglesworth ay bumuhay ng patay nang 25 beses at may angking ekstraordinaryong kapangyarihan na dumadaloy sa pamamagitan ng kanyang buhay, pangunahing dahilan ay dahil sa *isang bagbag na diwa.*

**• Susi sa Presensiya ng Diyos**

Ayon sa Isaias 57:15, Ang Diyos ay nananahan kasama ng mga may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob. Ang pusong matigas ay nilalabanan ang presensiya ng Diyos, ngunit walang kagaspangan sa taong may bagbag na diwa. Sinasalungat ng Diyos ang mapagmataas dahil nilalabanan Siya ng kapalaluan. Ang Diyos ay hindi lalakad kasama ang mga mapagmataas. Siya ay lumalakad kasama ang mga mabababa dahil Siya ay mababang-loob.

**• Susi sa Pagtanggap ng Kapahayagan at Patnubay**

Sa isang malambot na puso, kayang ibigay ng Diyos ang mga impresyon at mga pag-udyok. Sa pusong laman sinusulat ng Diyos ang Kanyang mga kautusan, subalit sa mga bahagi kung saan tayo ay matigas at manhid Siya ay hindi makakapasok sa atin. Ang isang matigas at mabatong puso ay *hindi sensitibo* at hindi kayang marinig ang marahan at banayad na tinig ng Espiritu. Ginagabayan lamang ng Diyos ang mga maamo (Awit 25:9).

**• Susi sa Pagkakaisa at Kapayapaan**

Sa mababang lugar ay mayroong pagkakaisa. Sa mababang lugar mas inuuna ng bawat isa ang iba kaysa sa kanyang sarili. Inuutos ng Kasulatan na sa kababaan ng pag-iisip kailangan nating ipalagay ang iba na lalong mabuti kaysa sa ating sarili (Fil. 2:3-4, Rom. 12:10). Ang lalaki o babae na may bagbag na kalooban ay hindi madaling matisod o magalit. Ang mga pagpupunyagi at alitan ay titigil kapag may isang bagbag na diwa (Kaw. 13:10). Ang malakas, galit, mapamilit, at dominanteng mga personalidad ay kailangang mabali. Hindi dapat maramdaman ng iba ang *ating espiritu*; dapat maramdaman nila ang *Espiritu ng Diyos* na gumagawa sa pamamagitan natin. Kapag nararamdaman ng mga tao ang ating espiritu nang higit pa sa Diyos, kailangan natin ng isang bagbag na diwa at ito ay maaaring mangailangan ng maraming pagbabasag. Ang isang malakas at hindi mabaling espiritu ay nagpapahiwatig na ang isang tao ay hindi wastong nadisiplina at nasanay bilang isang bata.

**• Susi sa Hindi Pagkatisod**

Hindi ang mga tupa ang natitisod at nagiging mapait, kundi mga *panginoon!* Ang mapagpakumbabang tao na ang espiritu ay mahinahon at bagbag ay hindi ang *natisod na kapatid* ng Kawikaan 18:19. Ang tisod na kapatid ay may napakalaking ego na nasugatan. Tinanggihan ang biyaya at pinatigas ang kanyang puso at naging mapait (Heb. 4:16, cf. 12:15). Ang natisod na kapatid ay nagkimkim ng sakit at nagkulong ng kanyang sarili sa isang hukay. Hindi na siya mahihimok pa, hindi sa pamamagitan ng paghingi ng tawad, o ano pa mang bagay hanggang sa siya ay magkaroon ng pakikipagtagpo sa Diyos.

Ang natisod na puso na iniwang hindi siniyasat ay nagiging *labis na masama.* Sa huling mga araw marami ang matitisod at ito ay hahantong sa pagkamuhi at pagkakanulo sa bawat isa (Mat. 24:10). Isang seryosong bagay na hayaan ang puso na pagtaniman ng mga katitisuran! (Tingnan ang Kaw.

4:23). Nais kong ulitin ito—ang natisod na kapatid ay hindi isang tupa; siya ay isang panginoon, at may mas mataas siyang opinyon sa kanyang sarili at sa kanyang sariling kahalagahan. Ipinagtatanggol niya ang kanyang mga kaparaanan at ipinipilit maghiganti para sa sarili. Isa sa mga pagkalinlang ng nasaktang kapatid ay naniniwala siya na *siya ay may* karapatang matisod. Nararamdaman niya na talagang lubos siyang nabibigyan ng katarungan sa pagkikimkim ng galit at pagkalat ng katitisuran at lason sa iba. Ang tanging paraan upang makaalis sa ganitong hukay ay maging isang tupa, isuko ang ating mga karapatan, at itulad natin ang ating sarili sa Kapitan ng ating kaligtasan na ipinagkatiwala ang lahat ng kawalang-katarungan sa Kanyang Ama sa langit (1 Ped. 2:21-23, cf. Mat. 11:6, 13:21).

*Ang impiyerno ay para sa mga natisod.* Ang impiyerno ay puno ng mga natisod na tao na tinanggihan ang biyaya ng Diyos nang sila ay nasaktan. Namatay sila na taglay ang kapaitan laban sa Diyos at sa mga taong tinanggihan nilang patawarin. Ngayon sila ay pinahihirapan ng mga katitisuran na kailanman ay ayaw nilang ipatawad sa iba. Ang totoo nito, ang ating kaligtasan ay nakadepende sa pagpapatawad sa iba (Mat. 6:14, 15). Ganito ito kaseryoso!

# TUNAY NA KALAKASAN

***Mga paraan upang masukat ang kalakasan***

Ang Kasulatan ay maraming masasabi tungkol sa paksa ng kalakasan. Binibigyan ng Diyos ng pagkakaiba ang malakas at mahinang mananampalataya sa Kanyang Salita. Mayroong ilang malinaw na paraan upang matukoy ang kalakasan ng isang tao, o kakulangan nito, at ito ang layunin ng munting pag-aaral na ito. Nagbababala si Cristo na marami ang matitisod at tatalikod sa pananampalataya sa ating kapanahunan (Mat. 24:10). Bakit natitisod ang mga tao at tumatalikod sa Panginoon? — Sa huling pagsusuri, ito ay sa dahilang hindi sila malakas! Kaya, ang katanungan ay, "Ano ang bumubuo ng kalakasan?"

Ang Mateo 7:22-23 ay isang panghinaharap na larawan ng upuan ng paghuhukom ni Cristo. Sa iba ito ay magiging isang "nakakatakot na tagpo" dahil gumawa sila ng malalaki at dakilang gawain para sa Diyos, ngunit hindi sila papapasukin sa langit. Minsan ang mga tao na inaakala nating *tore ng kalakasan* at "nasa kanila na ang lahat" ay hindi naman pala ganun. Mamamangha tayo kung sino ang tatayo sa ating panahon at kung sino ang hindi. Madalas hindi madaling makilala kung gaano na kalayo ang narating ng ugat ng isang tao. Napakamahalaga na "umugat, mapagtibay, mapalakas, at maitatag" upang makapagtiis hanggang sa wakas (1 Ped. 5:10, Col. 1:23, Efe. 3:17).

*Ang pagpipigil sa sarili* ang pamantayan kung paano sinusukat ng Diyos ang kalakasan ng tao: "Ang makupad sa pagkagalit ay mas mabuti kaysa makapangyarihan, at ang namamahala sa kanyang diwa, kaysa sumasakop sa isang bayan" (Kaw. 16:32). Ang kakayanan na suriin at pigilin ang ating masidhing damdamin (pag-ibig o galit) ay naghahayag kung tayo ba ay isang taong malakas o hindi. Hindi natin maaaring pamahalaan ang mga bansa hanggat hindi muna natin pinamamahalaan ang ating sariling mga espiritu (Pahayag 2:26).

Si Samson ay malakas sa pisikal ngunit mahina sa moral. Kaya niyang gapiin ang isang lungsod ngunit hindi niya mapamahalaan ang sarili niyang espiritu (Kaw.16:32). Siya ay pinamunuan ng kahalayan. Habang siya ay gumagawa ng mga himala at pumapatay ng isang libong Filisteo, siya ay isang bihag ng maraming mapagmanipulang kababaihan. Kaya nga, si Samson ay hindi maaaring ituring na isang lalaking may panloob na kalakasan.

Ang ating layunin, kung gayon, ay maging makapangyarihan *sa espiritu* (Lucas 2:40). Ang isang taong nagbubuhat ng dalawang daang libra ay maaaring maging malakas sa pisikal, ngunit siya kaya ay malakas din sa panloob? Kung hindi niya kayang pigilan ang kanyang galit o ang kanyang moralidad, kung siya ay tinatangay ng mga bisyo, kung siya ay madaling masaktan o pinangingibabawan ng kawalang pag-asa, at kung hindi niya makayanang makibagay sa mga relasyon sa pamilya o lipunan—siya ay isang taong hindi malakas. Ang panloob na kalakasang espirituwal ay ang tunay na mahalaga (Awit 147:10, 11).

Sa Pahayag 3:7-8, isinalarawan ng Diyos ang iglesya ng Filadelfia na mayroon lamang "kakaunting lakas." Ang iglesya ng Sardis ay hindi rin malakas. Sila ay pinangaralan na "Palakasin ang mga bagay na natitira, na malapit nang mamatay" (Pah. 3:2). Ang pagtingin ng Diyos sa Sardis ay kahabag-habag. Ang ilan sa mga miyembro ng iglesya ay masyadong mahihina sa pananampalataya na handa na silang

mamatay. Ngunit ninanais ng Diyos na bawat mananampalataya ay labis na maging malakas – "*pinalakas ng buong kapangyarihan*" (Col. 1:11, cf Efe. 3:16). Alam ng Diyos ang kaibahan sa pagitan ng malakas at mahinang mananampalataya (Rom. 14:2, 15:1, Kaw. 24:10, 1 Cor. 8:11).

"Hahatiin ni Cristo ang samsam na kasama *ng malakas*" (Isa. 53:12). Sa pamamagitan ng Kanyang matagumpay na buhay at sakdal na hain "sinamsam Niya ang mga pamunuan at mga kapangyarihan" ayon sa Colosas 2:15. "Ang kaharian ng sanlibutan ay naging kaharian ng ating Panginoon, at ng Kanyang Cristo" (Pah. 11:15). Ang mga bansa ay Kanyang mana. Lahat ng ito ay "samsam" na binawi Niya mula sa Kaaway. Ngunit, ibinabahagi Niya ang samsam *kasama ng malakas* – sa mga mananagumpay. Tayo ay tinawag upang hatulan ang sanlibutan at hatulan ang mga anghel, at tayo ay tinawag upang pamahalaan ang mga bansa ng pamalong bakal (1 Cor. 6:2-3, Pah. 2:26-27, 3:21). Ngunit ang samsam ay hahatiin *lamang* sa mga malakas, sa mga mananagumpay (Pah. 2:17).

**Ang Kalakasan ay Maaaring Malaman sa pamamagitan ng mga Sumusunod:**

- Kung gaano tayo *karunong*
- Kung gaano kalaki ang angkin nating *kababaang-loob*
- Kung paano natin *hinaharap ang kabiguan*
- Kung gaano kahusay nating *pinamamahalaan ang tagumpay*
- Kung gaano kahusay nating kinakaya ang *pagtanggi at pamumuna*
- Kung gaano kahusay nating hinaharap ang *kawalan* ng isang bagay
- Kung gaano kahusay tayong tumutugon sa *masakit na mga pagkaantala*
- Kung paano natin pinaglabanan ang mga takot
- Kung gaano kahusay nating hinaharap ang mga taong *nakasakit sa atin*
- Kung gaano tayo ka-nakadepende sa Panginoon
- Kung gaano kabuo ang ating loob
- Kung gaano kalaking kagalakan ang mayroon tayo, at ang lahat ng iba pang bunga ng Espiritu

**1. Ang Karunungan ay Kalakasan.** "Ang pantas na tao ay malakas; Oo, ang taong maalam ay lumalago ang kapangyarihan" (Kaw. 24:5). Ang lakas at oras, kadalasan, ay nasasayang dahil sa kawalan ng karunungan (cf. Ecc. 10:10). Ang karunungan ay nagbibigay ng perspektibo at nagtuturo sa atin kung ano ang gagawin sa bawat sitwasyon. Maraming beses na pinapagod natin ang ating mga sarili mula sa maling mga pagtugon sa mga hirap na dulot ng buhay. Kamakailan, isa sa istasyon ng misyon namin sa Aprika ay kinuha ng isang taong may mga makasariling motibo. Sinabi sa amin ng Diyos na magalak at huwag sumama ang loob. "Ang gawain ay nabibilang pa rin sa inyo," ang sabi ng Panginoon. "Anumang bunga na manggagaling sa gawaing iyan ay mapupunta sa inyo." Kapag tumayo ang lalaking iyon sa harap ng Diyos upang tanggapin ang kanyang gantimpala, matutuklasan niya na lahat ng nagawa niya ay igagawad sa amin. Nang makita namin ang sitwasyong ito sa pananaw ng Diyos, ito ay nagbigay sa amin ng pambihirang lakas at kapayapaan. Ito ang ibinubunga ng karunungan.

Karamihan sa mga pagkaalipin ng tao ay *nasa isipan*, sa mga bahagi kung saan ang karunungan at kapahayagan ay hindi pa nakakapasok. Ipinangako ng Panginoon na "Ang Kanyang katotohanan ay

magpapalaya sa atin" sa bawat larangan ng ating buhay kung *patuloy* tayong makikinig sa Kanyang Salita (Juan 8:31,32). Ang pangako ng pagdating sa ganap na kalayaan ay nakadepende sa "pagpapatuloy sa Kanyang Salita. Kaya nga, kapag may bagay na nakakatisod sa atin at sinara natin ang ating mga puso sa Diyos, hindi natin malalaman ang *lahat* ng katotohanan o magawang maging lubos na malaya. Ang kondisyon ay, "Kung kayo'y mananatili sa aking Salita, at inyong malalaman ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."

Ang karunungan at kaalaman ay nagbubunga ng katatagan. Sila ang kalakasan ng ating kaligtasan (Isaias33:6). Si Jesus ay lumaking *malakas* sa espiritu habang Siya ay lumago sa karunungan at biyaya (Lucas 2:40, 2:52). Alam ng karunungan kung paano tumugon sa lahat ng mga nakakayamot sa buhay. Ang karunungan, kung gayon, ay nagbubunga ng kapayapaan kasama ang iba at ito ay nagdadala sa atin sa pabor ng Diyos at tao. Ang karunungan ay nagtatayo ng isang tahanan at nilalagay ang pag-aasawa sa mabuting pundasyon (Kaw. 9:1, cf. Sant. 3:17). Ang karunungan ang pangunahing bagay sa buhay; kaya, tayo ay hinihimok na kunin ang karunungan (Kaw. 4:7).

**2. Ang Kapakumbabaan ay Kalakasan.** Ang Kristiyano na may tunay na kapakumbabaan ay may kapahingahan (Mat. 11:28-29). Hindi siya nagkukunwari o gumaganap ng isang bahagi. Wala siyang kailangang patunayan, walang kailangang ipagtanggol, at walang mawawala sa kanya. Ang taong may tunay na kapakumbabaan ay malaya! Siya ay matatag sa emosyon, kaya niyang palampasin ang mga katitisuran, at mayroon siyang kapayapaan na naghahari sa kanyang kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit mayroon siyang malaking kalakasan sa kanyang kalooban, gaya ng Kordero ng Diyos.

Sa kabilang banda, ang mapagmataas ay may isang kaakuhan – napakalaki. Ang pagkamakaako na ito ay madaling matisod at masaktan na nagpapasimula ng maraming alitan. Kaya, ang palalo ay pinahihirapan at naliligalig. Hindi sila ang panginoon ng kanilang mga emosyon, kaya nga, sila ay mahina. (Tinatalakay ito ng mas malawak sa ikalawang kurso.).

**3. Ang Pagharap sa Kabiguan ay isang Tanda ng Kalakasan.** Nakahanda na ba agad tayong "sumuko" kapag tayo ay nabigo o nakagawa ng pagkakamali? Mismong ang Diyos ay nakahanda na magmukhang isang ganap na kabiguan nang Siya ay nakabayubay sa krus. Tanging ang isang lalaki o babae lamang ng *kalakasan* ang makakapagtiis sa kadustaan na magmukhang isang kabiguan. May mga panahon, na ang kabiguan (o parang katulad nito) ay kailangan upang maranasan ang pakikisama sa paghihirap ni Cristo (Fil. 3:10). Sa mga panahon ng kabiguan kailangan natin ng *marahas na espiritu* na binanggit sa Mateo 11:12 na tumatangging sumuko.

Naisip mo na ba na ikaw ay pinabayaang bumagsak ng Diyos o pinahintulutan ka na magmukhang mangmang? Mayroon bang pagkakataon sa iyong buhay na natitiyak mong pinakitaan ka ng Diyos ng isang bagay (at tila ba parang marami ding kompirmasyon) at pagkatapos ay natuklasan mo na ang lahat ng iyon ay mali? Ikaw ba ay tumugon sa pagsasabing, "Kung ganito lang din naman, titigil na ako"? Mga kapatid kay Cristo, ipanatag natin ang ating kalooban na tayo ay hindi kinukutya ng Diyos.

Sa ekonomiya ng Diyos, may mga panahon na mas mabuti para sa atin ang mabigo kaysa magtagumpay. Ang kahinahunan at kahababagan ay lumalago mula sa malala nating mga kabiguan kung hindi natin hahayaan ang ating sarili na maging mapait at sumuko. Ang personal na kabiguan ay tumutulong upang alisin ang pamumuna at katigasan mula sa ating mga puso. Ang kapalaluan at ugaling parang *hindi tayo nagkakamali* ay namamatay kapag tayo ay nabibigo. Ang pinaka intensyon ng Diyos ay ang lubos tayong pagpalain.

Si Pedro ay may isang napakatinding kamalian – sinumpa at itinakwil niya ang Panginoon. Ito ay isang mapait na karanasan para sa kanya. Sa kanyang kapalaluan at pagmamayabang inilagay niya ang kanyang sarili sa hindi kinakailangang pagtukso. Ang kanyang matapang at mapusok na pananalita, "Kahit tumalikod man ang lahat, ako'y hindi" ay nag-anyaya kay Satanas upang dumating at siya ay subukin. Si Satanas ay hinahayaang subukin tayo kapag tayo ay gumagawa ng matatapang na deklarasyon katulad nito (Mar. 14:29-31, Luc. 22:31-34). Hinampas ng Kaaway ng malaking takot ang puso ni Pedro. Binuksan niya ang kaniyang sarili sa tukso. Ang kabiguan ay lubhang dumurog kay Pedro na gusto na niyang tumigil sa ministeryo. Sa Juan 21, ay hayagang pinanumbalik muli ng Panginoon si Pedro sa harap ng kanyang mga kapatid, at tinagubilinan siya na "pakainin ang Kanyang tupa." Mula sa mga abo ng kanyang kabiguan si Pedro ay bumangon bilang lider ng labingdalawang apostol at pagkatapos ay makapangyarihang nangaral sa araw ng Pentecostes pagkalipas lamang ng limampu't apat na araw. Kailangan natin ng ganyang tibay ng loob at abilidad na bumangon mula sa kabiguan.

Si Moises din ay nagkaroon ng isang seryosong kabiguan, ngunit ang kanyang kadakilaan ay ipinakita sa maygulang na kaparaanan kung paano niya hinarap ito. Si Moises ay hindi humiga at namatay nang siya ay nabigo. Ang kabiguan ay hindi nakapagpalubog sa kanya sa malalim na kawalan ng pag-asa at awa sa sarili. Lumakad siya na nakataas ang kanyang noo. Mababasa natin ang kanyang kabiguan sa Bilang 20:7-12. Nang kailanganin ng Israel ang tubig sa ikalawang pagkakataon, inutusan ng Diyos si Moises na *magsalita* sa Bato, ngunit sa kanyang galit *hinampas* niya ang Bato. Hindi siya nakapagpigil; napukaw sa galit ang kanyang espiritu (Awit 106:32, 33).

Ang aksyon ni Moises sa paghampas sa Bato sa ikalawang pagkakataon ay sumira sa propetikong *simbolo* ng pagpapako sa krus. Ang Bato ay kumakatawan kay Cristo (1 Cor. 10:4). Ang paghampas sa Bato sa unang pagkakataon (Ex. 17:1-6) ay simbolismo ni Cristo na sinaktan ng pamalo ng Diyos sa krus dahil sa ating mga kasalanan. Ang mga tubig na umagos mula sa Bato ay kumakatawan sa buhay ni Cristo na dumadaloy sa uhaw na mga kaluluwa ng tao sa lahat ng dako. Ang paghampas sa Bato *sa ikalawang pagkakataon* (gayong sinabihan na si Moises na *magsalita* dito) ay nangahulugan na kinakailangan mamatay ni Cristo ng dalawang beses. Ang nasirang *sagisag* ay lubhang seryoso na binawalan ng Diyos si Moises na pumunta sa lupang pangako. Ang matanggihang makapasok sa lupain ay hindi madali para kay Moises na tanggapin. Ilang hakbang na lamang siya sa pagtawid sa Jordan pagkatapos ng pananatili sa ilang ng apatnapung taon. Inalala ni Moises ang kuwento sa Deuteronomio 3:23-29. Nakiusap siya sa Panginoon na baguhin ang Kanyang isip at payagan siyang makapunta sa lupain, ngunit tumugon ang Diyos, "Hindi, at huwag mo na Akong tatanungin ulit."

Ang reaksyon ni Moises ay makikita sa Deuteronomio 4:1. Sa katunayan, parang sinasabi ni Moises na, "Bagama't hindi ako makakapunta sa lupain, patuloy ko kayong tuturuan ng mga kaparaanan ng Diyos upang kayo ay makapasok sa lupain at mapagpala roon." Siya ay isang tapat na pastol na ninais na mapagpala ang mga tao sa lupain, kahit na siya ay tinanggihan ng gayong pribilehiyo. Hinarap ni Moises ang kanyang kabiguan at kaparusahan nang may malaking integridad. Patuloy siyang lumakad kasama ang Diyos nang nakataas ang noo. Tumingin si Moises nang higit sa anupamang panlupang mana tungo sa kanyang walang hanggang mana. Maraming taon ang lumipas si Moises ay muling binuhay at siya ay nagpakita kay Cristo sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (Huk. 1:9, Mat. 17:3). Sa huli, ay *nakarating* din si Moises sa lupain.

Kung ikaw ay nabigo, ang pinakamainam na gawin mo ay ibigay ang iyong kabiguan sa dugo ni Jesus, at magpatuloy sa Kanya. Ang sagisag ng kalakasan at karakter ay ang kakayanan na bumangon muli mula sa ating kabiguan. Ang pagsuko sa ating sarili at sa Diyos ay pagpapahiwatig ng espirituwal na kahinaan. Tayo ay maging mga *tunay* lalaki at babae ng Diyos at ibigay ang ating kabiguan sa dugo ni Cristo at patuloy na sumunod sa Panginoon ng ating buong puso.

**4. Kalakasan – Hindi Nasisira ng Tagumpay.** Tila baga isang kabalintunaan, na ang mga kahirapan ay mas madaling harapin kaysa sa kasaganaan ng pagpapala. Nang dahil sa kaguluhan ay nagagawang tumingin ng tao sa Diyos para humingi ng tulong, ngunit pagkatapos ng sandaling karanasan sa ituktok ng bundok, maging mapagbantay! Ang sobrang pagtitiwala sa sarili at kapalaluan ay tusong nakakapasok! Ang mga espesyal na pagpapala, mga hindi pangkaraniwang kaloob, at tagumpay ay tumutukso sa isang tao na isiping siya ay pinapaboran ng Diyos nang higit sa lahat ng iba pa (Deut. 17:20, 2 Cor. 12:6-10).

Kayang gawin ng kasaganaan sa atin na makalimutan ang Diyos (Deut. 6:10-13, 8:7-20, Jer. 22:21). Kung walang pagpipigil, ang puso ay nagiging palalo sa magdamag, at wala ni isa mang hindi saklaw dito. Ang malalaking tagumpay ang nag-uudyok sa mga mangangaral upang ipagmalaki na ang kanilang iglesya ang pinakamabilis na lumalagong iglesya sa kanilang lugar. Kapag binaba ng isang tao ang kanyang sarili sa mga ganitong uri ng pananalita, siya ay lumayo na sa *tunay na layunin*, at iyon ay ang ibaling ang lahat ng pansin sa Diyos at unti-unting mawala sa eksena. Ang mga bagong mananampalataya ay natatanging madaling kapitan ng kayabangan. Ito ang dahilan kung bakit ang Diyos ay mabagal sa pagbibigay sa atin ng ating mana (Kaw. 20:21, 1 Tim. 3:6). Naghihintay Siya hanggang sa maygulang na tayo (1 Ped. 5:6).

Sa aklat ng mga Gawa, sa tuwing ang isang apostol ay nakagawa ng isang himala, siya ay binubugbog pagkatapos mismo. Ito ay ang habag ng Diyos. Kung gusto nating magkaroon ng *kapangyarihan na walang sakit*, tayo ay magiging masama sa magdamag. Tayo'y maging mga taong may lakas na nalulugod sa mga kapansanan, sa mga kadustaan, sa mga pangangailangan, sa mga pag-uusig, sa paghihinagpis alang-alang kay Cristo, sapagkat kapag tayo'y mahina sa bagay na ito, tayo nga ay totoong malakas (2 Cor. 12:9-10).

**5. Kalakasan—Kakayanang Maharap ang Pamumuna, Pagtanggi, Kadustaan.** Si Jesus ay nagbababala na darating ang mga katitisuran, ngunit "mapalad siya na *hindi* natitisod..." (Mat. 11:6, 13:21, 13:57, 15:12, 24:10). Ang taong sobrang madaling masaktan at madaling matisod ay napakamahinang

tao.  Katulad nila ang tropikal na "sensitibong halaman o makahiya" na sa marahang paghipo ng dahon at tangkay ay tumitiklop.  Hindi mo mahihipo ang anuman sa mga buhay ng ilang tao na hindi mo sila *masusugatan* o gagawin silang malungkot.  Ang mahawakan sila ay ikalalanta nila at halos ikamatay.

Walang nasisiyahan nang kinukutya, ngunit kung hindi tayo nakahandang makilala sa ilang mga kadustaan ni Cristo, sa gayon ay hindi tayo karapat-dapat sa Kanya.  Ang Diyos ay hindi nahiya na tawaging ating Diyos, at hinihingi Niya sa atin na huwag natin Siyang ikahiya (Heb. 2:11, 11:16).  Hindi kikilanlin ng Diyos ang sinuman na ikinahihiya Siya (Mar. 8:38, Luc. 9:26).  Maraming mga tao ang nabubuhay sa takot ng kung ano ang iisipin ng iba tungkol sa kanila (Juan 12:42, 43), ngunit nawa ay magkaroon tayo ng *higit na pagkatakot* kung ano ang iisipin ng Diyos sa atin.  Isaalang-alang ang kalakasan ng ating Panginoong Jesus na tumangging itago ang Kanyang mukha mula sa kahihiyan at pagdura (Isa. 50:6).  Nawa ay hayaan natin ang Banal na Espiritu na linisin ang ating mga puso sa lahat ng kahihiyan at espiritu ng pagkapahiya.

Ang ilang mga tao ay hindi inaanyayahan si Jesu-Cristo sa kanilang buhay dahil sa takot na sila'y tanggihan o kutyain.  Ang "matatakutin" ng Pahayag 21:8 ay yaong mga natatakot kung ano ang iisipin sa kanila ng iba dahil sila ay na kay Cristo.  Ang ibang kumikilala kay Jesus, kinalaunan, ay tumatalikod sa Kanya dahil sa hindi pagsang-ayon ng pamilya at mga kaibigan.  Kinakailangan ng kalakasan upang piliin ang Diyos nang *higit* sa pamilya at mga kaibigan (Mat. 10:37-39, 13:20-21, 24:10-12).  Ang tunay na usapin sa buhay ay ito:  Kaninong pagsang-ayon ang higit nating hinahanap — sa Diyos o sa tao?

Lahat tayo ay susubukin; malao't madali isang bagay na hindi makatarungan ay haharang sa ating daraanan.  Maaaring ito ay darating mula sa ibang mga Kristiyano, o mula sa kanila na tinitingala natin at hinahangaan.  Matitisod ba tayo at titigil?  Isasara ba natin ang ating puso at lalayo sa Panginoon? Tatanggihan ba natin ang biyayang nagpapanatili ng buhay na nakalaan para sa atin?  Tayo ba ay magiging maasim at titigil na magtumulin nang buong puso dahil sa isang inalagaang katitisuran?  Hingin natin sa Diyos ang espesyal na biyaya upang malampasan ang mga katitisuran; sapagkat kung madali tayong matisod tayo ay hindi malakas.  Huwag mo na ring isaalang-alang ang magkaroon ng ministeryo kung hindi mo kayang harapin ang pamumuna.  Ang pamumuno ang pangunahing tudlaan ng pamumuna at espirituwal na pag-atake.

**6.  Kalakasan – Ang Kakayanan na Harapin ang Pagkawala ng Isang Bagay.**  Pinatotoo ni Pablo na siya ay "nagdusa sa pagkawala ng lahat ng bagay," ngunit siya ay may dakilang katagumpayan sa kanyang kalooban dahil ang kanyang puso ay hindi nakatuon sa anumang bagay na nawala sa kanya.  Kaya, ipinangaral ni Pablo, "Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa" (Col. 3:2).  Paano tayo tumutugon kapag nawalan tayo ng ilang bagay dito sa lupa?  Ito ba ay katulad ng tila katapusan na ng mundo kapag ang ilang pag-aari o posisyon ay kinuha sa atin?  May mga matindi bang pakikipaglaban ng depresyon at pagkagalit?  Kung gayon, ang bagay na iyon ang may hawak ng ating puso.  Kailanman ay hindi hinangad ng Diyos na ang lahat ng ating mga inaasahan ay matutupad sa isang tao—asawa, mga anak, mga kaibigan, trabaho, o ilang mga bagay na nakamit.  Ang ating inaasahan at kagalakan ay dapat na *nakasentro* sa Kanya (Awit 62:5, Jer. 15:16).

Ang ating saloobin sa mga makalupang pag-aari ay dapat maging– "Sila ay hiniram lamang." Nang nawala kay Job ang lahat niyang pag-aari sa isang araw lamang, siya ay sumamba, na sinasabing "Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-alis; purihin ang pangalan ng Panginoon" (Job 1:21-22). Ang reaksyon ni Job sa kawalan dito sa lupa ay nagpatunay na ang kanyang puso ay nakatuon sa Diyos, hindi sa panlupang pagpapala. Gayundin si Abraham, malaya niyang napakawalan si Isaac nang hiningi ng Diyos sa kanya na gawin ito. Binigay ni Abraham si Isaac sa espiritu ng pananampalataya at pagsamba; walang galit kay Abraham nang sinabi ng Diyos, "Ibalik mo siya sa Akin."

Kapag sinasara ng Diyos ang isang pinto o hinahadlangan ang direksyon na tinatahak natin (pag-aasawa, karera, o ilang hangarin), marapat na pasalamatan natin Siya ng buong puso. Mayroong mas mabuting iniisip ang Diyos para sa atin. Gayundin, maaaring nililigtas Niya tayo sa mga sitwasyon na sa kalaunan ay pagsisisihan natin. Isipin mo na lamang ang lahat ng pagsisimangot at galit na tiniis ng Diyos mula sa Kanyang mga anak nang sa karunungan ay iniligtas Niya sila sa hindi masabing paghihirap. Marami sa mga pintuan na sinasara ng Diyos ay mga pintuan lang naman ng *bilangguan*. Ang mga tao ay nakatayo sa labas ng pintong iyon, umiiyak at nananalangin na makapasok, ngunit kung makapasok na sila sa loob ay gagawin din nila ang lahat para muling makalabas! Tanging ang ating Ama lamang ang nakakaalam kung ano ang pinakamainam at kung ano ang magpapasaya sa atin sa katagalan. Magtiwala tayo sa Kanya.

**7. Kalakasan – Tamang Pagtugon sa Masasakit na Pagkaantala.** Ang *oras* ay mahalagang patunay ng ating tapat na pangako sa Diyos. Ang paghihintay sa panahon ng Diyos ay isa pang katunayan ng pagtataglay ng banal na kalakasan. Ang mga pagkaantala ay nilalayon ng Diyos upang ihayag ang tunay nating mga motibo. Ano ang ating reaksyon sa Diyos kapag pinigilan Niya ang mabilis na katugunan sa ating kahilingan? Ang Exodo 32:1-9 ay isang banal na kasaysayan kung ano ang ginagawa ng maraming mananampalataya kapag ang mga bagay ay hindi mabilis na nangyayari; tumatalikod sila sa Diyos at bumabalik sa sanlibutan. Maaaring nanalangin ka sa maraming taon tungkol sa isang mahirap na sitwasyon, ngunit wala pa ring malinaw na salita o pagpapalaya mula sa Diyos. Nauunawaan ng isang maygulang na Kristiyano na kapag inaantala ng Diyos ang isang kasagutan, ginagawa Niya ito dahil sa napakabuting mga dahilan. Nauunawaan niya na ang Diyos ay tapat at mangungusap kapag ito ay tamang panahon na.

Naghihintay ang Panginoon na Siya'y maging mapagbiyaya sa atin (Isa. 30:18). Ang masasakit na pagkaantala ay gumagawa ng espesyal na mga bahagi ng pagtubos sa ating mga puso, at ito ang dahilan kung bakit tayo ay hindi palaging sinasagot kaagad ng Diyos. Nauunawaan ng mga tapat na Kristiyano ang katotohanang ito at hindi nila binibigyan ng mga takdang araw o ultimatum ang Diyos, ngunit ang sinasabi ng mga hindi tapat ay, *"Ipinanalangin ko ito sa loob ng dalawang taon at pagod na akong maghintay; Kung hindi mo ibibigay sa akin ang aking kahilingan ngayon, iiwanan kita at magpapatuloy akong mag-isa."* Ang mga tunay na Kristiyano ay determinadong gawin ang kalooban ng Diyos (hindi ang kanilang sarili) anuman ang halaga o mga pagkaantala. Sa mga panahon ng pinahabang pagkaantala ang mga tapat na Kristiyano ay ganito manalangin —– "Panginoon, pakiusap, ipagkaloob Mo po sa akin ang Iyong biyaya at itawid Mo ako sa yugtong ito ng aking paglalakbay, at gawin mo sa aking buhay ang lahat ng bagay na nararapat." Ang saloobing ito ay naghahayag ng kalakasan at pagiging marangal. Ang paghihintay sa panahon ng Diyos ay patunay na mahal natin Siya. Ang kabiguang maghintay sa panahon

ng Diyos ay maaaring magresulta sa pagkawala ng isang mana at ito ay maaaring makahadlang sa plano ng Diyos sa ating buhay (Isa. 64:4, Kaw. 20:21)

**8. Kalakasan – Kapag Napagtatagumpayan Natin ang mga Takot.** Inaalis ng mga takot ang ating pananampalataya at kalakasan. Hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng takot (2 Tim. 1:7). Ang *buhay* ay napapalaya sa pamamagitan ng pagdurusa, ngunit ang mga takot ay pinipigilan ang buhay mula sa pagdaloy. Kaya nga, nais ng Diyos na tayo ay palayain mula sa lahat ng ating mga takot (Awit 34:4). Ang takot ay isang kaaway dahil ito ay humahadlang sa atin upang gawin ang kalooban ng Diyos. Hindi tayo binibigyan ng Diyos ng mga takot upang gawin tayong maging mapagkumbaba. May iba Siyang mga kaparaanan upang gawin ito. Ayon sa mga ulat medikal mayroong higit sa dalawampu't dalawang milyong mga Amerikano ang kinakitaan ng lumalalang mga pobya, bagama't ang totoong bilang ay pinaniniwalaang mas mataas pa. Ang takot ay isang kaaway na kayang gapiin, ngunit kailangan nating *gumawa ng mga hakbang* upang harapin sila at pagtagumpayan sila.

***Ang takot ay maaaring dumating alinman sa mga sumusunod:***

• Mga takot na minana (likas na pagkabalisa, histirya, pangamba, kamatayan)
• Mga takot na resulta ng pag-abuso bilang isang bata (mga trauma, pinabayaan, binugbog, o minolestya)
• Mga takot mula sa hindi nasolusyunang alitan (mga pader, mga imahinasyon, hindi makapag-ugnay sa lipunan)
• Mga takot mula sa hindi pagtitiwala sa Diyos (Mat. 6:25-34– nakaugat sa katigasan ng puso cf. Mar. 6:50-52)
• Mga takot mula sa pisikal na mga problema (Halimbawa: *hypoglycemia* – ang utak ay may mababang hangin, pagkataranta). Anuman ang sanhi, ang Diyos ay may kasagutan para sa ating mga takot at inaasam na ibigay ito. Ang ating pag-iisip sa partikular ay nangangailangan ng isang ganap na pagbabago (Rom. 12:2, Isa. 55:8-9). Ang binagong kaisipan ay lubos na magbabago sa atin.

"Walang takot sa pag-ibig; kundi ang sakdal na pag-ibig ay napapalayas ng takot, sapagkat ang takot ay may kaparusahan; at ang natatakot ay hindi pa nagiging sakdal sa pag-ibig" (1 Juan 4:18). Maraming mga takot ay may kaugnayan sa *ibang tao* – ang takot na itakwil, ang takot ng kabiguan, ang takot ng kung ano ang iisipin ng iba. Ang mga hindi naresolbang emosyonal na mga alitan ay malulunasan kapag ang pag-ibig ng Diyos ay pinasakdal sa tao, at habang siya ay natututong maging malinaw at bukas sa iba. Nangangailangan ito ng *pagsisikap* (1 Juan 3:14).

Pinangaralan ni Pedro ang mga kababaihan na huwag "matakot sa anumang kasindakan" (1 Ped. 3:6). Nangangahulugan ito na kailangang paglabanan ng mga babae ang *histirya*. Karamihan sa mga asawang babae ay may maraming malalim na ugat ng mga takot. Kailangang tulungan ng mga asawang lalaki ang kanilang asawa na masabi at makilala ang kanilang mga takot, at humingi sa Diyos ng karunungan na tulungan silang mapagtagumpayan ang mga ito. Ang *histirya ay nagbubunga ng kasalanan* dahil ang mga emosyon ay hindi napipigilan sa halip na namamayani ang pananampalataya. Ang hindi makontrol na mga emosyon ay nagbubunga ng pamumuna, galit, kawalang-galang, at di-paniniwala. Ang mga babae ay kailangang maging mahinahon (1 Tim. 2:9, 2:15, Tito 2:4).

Ang ilang mga takot ay mga masasamang espiritu na kailangang palayasin. Ang ibang mga takot ay mapagtatagumpayan lamang habang taas-noo silang hinaharap at binabagtas. *Ang takot ay isang larawan.* Ang takot ay maaaring maging alaala ng isang bagay na nagbigay ng *trauma* sa nakaraan o isang takot sa hinaharap. Kaya nga, kailangan natin ng isang bagong larawan sa ating isipan. *Ang pananampalataya din ay isang larawan.* Kailangan natin ng mga bagong alaala, bagong mga larawan ng katagumpayan at pananampalataya na papalit sa mga lumang larawan na bumabagabag sa atin. Sa pagharap sa ating mga takot at paggawa ng tamang mga paghakbang tungo sa kanila ng paunti-unti, nagsisimula tayong magkaroon ng kompiyansa at isang bagong larawan. Ang sitwasyon ay unti-unting kikilos pabor sa atin habang hinaharap natin (sa pamamagitan ng biyaya) ang mga bagay na kinatatakutan natin. Ang ating isip ay katulad ng kompyuter. Ito ay kailangang maiprogramang muli sa mga larawan na nagtala ng takot. Papalitan ng mga bagong pagtatagumpay ang lumang mga larawan sa ating mga isipan.

**9. Kalakasan – Tamang Pagharap sa Mga Nakasakit sa Atin.** Ang Diyos ay laban sa mga kawalan ng katarungan, ngunit maaaring mas higit Siyang interesado sa *ating reaksyon sa nakatisod* kaysa sa mismong ikinatisod. Kapag ang masamang pagtugon ay umuusbong, mas tinitingnan ng Diyos ang ating reaksyon. Karamihan sa ating mga tunay na problema ay hindi sa nasa labas natin – kung ano ang sinabi o ginawa ng isang tao. Ang tunay nating problema ay ang *nasa kalooban natin* (kapalaluan, pagkabulag, pagkalito, sobrang sensitibo, kawalan ng seguridad, mga takot, sumbat ng kasalanan, pagkimkim ng sama ng loob, kawalan ng kapayapaan at walang kagalakan). Ang suliranin ay nasa katotohanan na hindi malakas ang ating kalooban at kailangan ng ating panloob na pagkatao na mapalakas. Ang taong malakas ay maaaring umiwas na gumanti. Hindi ko iminumungkahi na dapat ay maging estoico tayo o walang emosyon, ngunit kailangan natin ng isang pag-uugali na kontrolado ng Espiritu. Habang tayo ay lumalago espirituwal (sa karunungan, kagalakan, kapayapaan, pag-ibig, pagpapahinuhod, pagtitiis, kaawaan, at pagtitiyaga) tayo ay tutugon sa mga sitwasyon na gaya ng ginawa ni Cristo.

Minsan may isang babae na naging isang buhay na buhay na patotoo para kay Cristo. Ang kanyang ministeryo ay nagdala ng daan-daang tao sa Panginoon. Ang kanyang asawang lalaki ay hindi ganun ka nakatalaga, at sa isang pagkakataon ito ay bumagsak sa kasalanang moral. Nakaramdam siya ng mataos na pagsisisi dahil sa di-pagiging tapat at humingi siya ng tawad sa kanyang asawa, ngunit tumanggi ito! Sa halip, pinatigas niya ang kanyang puso laban sa kanyang asawang lalaki at laban sa Panginoon. Mapait siyang nagreklamo, “Panginoon, naging tapat ako sa Iyo, ngunit hindi Ka naging tapat sa akin. Hindi mo pinanatiling tapat ang aking asawa sa akin.” Tinanggihan niyang mapagtagumpayan ang kanyang kinatisuran at namatay siya na sinusumpa ang Diyos. Nabigo siyang tanggapin ang biyaya sa panahon ng kanyang pangangailangan (Heb. 4:16). Ang biyaya lamang ang tanging pinagmumulan ng ating kalakasan. Habang itinuturo niya ang higit sa limandaang kaluluwa sa buhay na walang hanggan, ang kanyang sarili mismo ay hindi nakaranas ng buhay na walang hanggan (tingnan ang 1 Cor. 9:27).

**10. Kalakasan – Mula sa pagkadepende sa Diyos.** Ang isang taong nauunawaan ang kawalan niya ng kakayahan, ay taimtim na nananalangin at umaasa sa Diyos para sa kalakasan. Kaya, siya ay napapalakas at nakakatayo. Ang taong may tiwala sa sarili (tiwala sa laman – Fil. 3:3) at umaasa sa sariling kakayahan, hindi hinahanap ang Diyos, siya ay hindi napapalakas at bumabagsak. Ito ang dahilan kung bakit ang

malalakas na tao sa natural ay nabibigo, ngunit ang *karaniwang* mga tao na umaasa ay nagtatagumpay. Kaya nga, ang saloobin ng umaasa ay isang malaking bagay sa kung gaano kalakas ang isang tao. Si Cristo ang pinakamalakas na tao na nabuhay. Ito ay dahil sa Siya ang *pinakanakadependeng* tao na nabuhay. Lubos Siyang umasa sa Kanyang Ama para sa kalakasan at biyaya upang tulungan Siya sa panahon ng pangangailangan. Ito ang lihim ng Kanyang lakas. Walang sinuman ang nakapagtiis ng pamumuna, pagtanggi at pagsasalungat (Heb. 12:3). Walang sinuman ang humarap sa kawalan ng katarungan gaya ng ating Panginoon. Ngunit tinaglay ni Jesus ang di-pangkaraniwang lakas nang Siya ay lubos na nanangan at umasa sa Ama sa panalangin at sa saloobin.

**11. Kalakasan – Mula sa Pagiging Buo ang Puso.** Tayo ay malakas kapag ang *bawat bahagi* natin ay nakaugat at nakasalig sa pag-ibig para sa Diyos (Efe. 3:17). Ang dahilan kung bakit ang tao ay nabibigo at bumabagsak ay dahil may isang bagay sa pagitan nila at ng Diyos. Walang lubos na katapatan sa pangako ng pag-ibig. Kapag nakikita ng Diyos ang isang bagay sa puso na magdadala sa isang tao palayo sa tinatahak nito, nagsasalita Siya sa pusong ito nang paulit-ulit. Pagkatapos ay binibigyan Niya sila ng mga banal na salita upang bigyan sila ng babala. Kapag ang mga ito ay hindi pinansin, nagbabangon Siya ng mga pangyayari upang kunin ang kanilang atensyon. Pagkatapos ay nagpapadala Siya ng ibang mga kapatiran para magsalita sa kanila. Sa huli, ang hindi naisukong usapin na iyon sa kanilang puso ay nagiging katitisuran, at sila ay lumalayo sa Diyos.

**12. Kalakasan – Mula sa Kagalakan at Lahat ng Bunga ng Espiritu.** Ang lakas ng isang tao ay nasusukat sa kanyang kagalakan. "Ang kagalakan ng Panginoon ay iyong kalakasan" (Neh. 8:10). Inaalis ng kagalakan sa atin ang espiritu ng kapaitan at sama ng loob. Nililinis ng kagalakan ang kaluluwa at pinagagaling ang mga sugat ng nakaraan. Nilulunasan ng kagalakan ang depresyon at pagdadalamhati. "Ang masayang puso ay mabuting kagamutan." Bagamat ang depresyon ay isang espirituwal na suliranin, pinahihina nito ang katawan, ngunit ang kagalakan ay nagbibigay ng buhay at lakas sa ating katawan at gayundin sa ating kaluluwa. Kagalakan ang nagbigay sa mga apostol ng katagumpayan laban sa pagka-awa sa sarili at pag-uusig nang sila ay inaapi (Gawa 5:41, 16:23-26). Hindi kayang gambalain ni Satanas ang lalaki o babae na puno ng kagalakan. Ang kagalakan ay panangga laban sa Kaaway. Maging bukas sa mga pagkilos ng Espiritu na nagdadala ng pagpapalaya, kagalakan at kagalingan. Kung may anumang bagay na bumabara sa iyong balon kagaya ng pagkamuhi, pagseselos, di-pagpapatawad, o kahalayan, pumunta sa Panginoon at sa ministeryo kung kinakailangan upang mapigilan ang mga barang ito (Gen. 26:15-22). Taos-pusong naisin na maging ganap na malaya sa espiritu.

# TUNAY AT MALING BUNGA NG ESPIRITU

Sa bawat isa sa bunga ng Espiritu, ay may isang huwad. May maling pag-ibig, maling kapayapaan, maling kagalakan, at maling kaamuan. Upang ilarawan ang puntong ito: si Satanas ay maaaring magbigay ng kapayapaan, ngunit ito ay kapayapaan na nakabatay sa pagmamataas at pag-aakala. Maaaring isipin ng mga tao na sila ay maayos kung sino sila, at pinaniniwalaan pa na sila ay pinapaboran ng Diyos, nang sa katunayan ay papunta na sila sa kahatulan. Ang munting pag-aaral na ito ay talagang puspusan. Ang layunin nito ay pumukaw ng kaisipan. Ito ay isang panghihikayat na sanayin natin ang ating mga espirituwal na "pandama" upang makakilala sa pagitan ng kabutihan at kasamaan (Heb. 5:13-14).

### Tunay na Pag-ibig – Maling Pag-ibig

*"Idinadalangin ko na ang inyong pag-ibig ay lalo pang sumagana sa kaalaman at sa lahat ng pang-unawa; upang inyong makilala ang mga bagay na magaling; at kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa araw ni Cristo" Filipos 1:9-10.*

Idinadalangin ni Pablo na ang pag-ibig ng Diyos ay maging sakdal sa lahat ng mga mananampalataya, at na ang pag-ibig natin ay *lumago* sa malalim na pagkaunawa at komprehensibong pagkilala upang malaman at piliin kung ano ang pinakamataas at pinakamainam. Ang pag-ibig ng maygulang na Kristiyano ay kayang makita ang kaibahan sa pagitan ng mabuti at masama. Subalit, mayroon sa Iglesya ngayon ang isang musmos, makalamang *pag-ibig* na niyayakap ang bawat isa at bawat bagay, ngunit ito ay nakakasakit sa Diyos (Ezek. 22:26). Kaya nga, ang mensahe ng pag-ibig ay dapat maging malinis.

Pagkakamali ang nagiging resulta kapag ang isang katotohanan ay pinalalabis at masyadong pinalayo. Kapag ang isang katotohanan ay labis na binigyang-diin ito ay nagiging baluktot, at ito ay lalong totoo sa mensahe ng pag-ibig. Ang pag-ibig ng Diyos ay hindi maaarok sapagkat nahihigitan nito ang kaalaman (Efe. 3:10). Ngunit kapag ang banal na pag-ibig ay masyadong pinalayo ikinakaila nito na ang walang hanggang pag-ibig ay hindi kailanman pahihintulutan ang *hindi nagsisi* na magdusa ng walang hanggang paghatol. Karagdagan pa dito, ang mensahe ng sobra-sobrang pag-ibig ay ipinipilit na kahit si Satanas at lahat ng kanyang mga demonyo ay hindi saklaw ng walang hanggang paghatol. Ito ay humanismong konsepto ng pag-ibig! Sa katunayan, ang humanismo ay isang simpatiya na nagpapawalang-bahala sa paghatol ng Diyos. Alalahanin natin na tao ang pumutol ng kanyang sarili palayo sa Diyos; at hindi ang kabaligtaran. Ang tao ang "humahatol sa kanyang sarili na hindi karapat-dapat sa walang hanggang buhay" (Gawa 13:46). Ang tao ang siyang tumatanggi sa mapagbigay-loob na probisyon ng Diyos ng kapatawaran, at pinipili ang walang hanggang pagkahiwalay sa Diyos (Deut. 30:19).

*Ang humanismong pag-ibig* ang pumupuno sa Iglesya ni Jesu-Cristo ngayon. Ang konsepto ng tao sa pag-ibig, kadalasan, ay maling-mali! Pinipilit nito na ang kasalananan ay wala nang masyadong kaparusahan. Halimbawa, ipagpalagay natin na ang isang maimpluwensiyang mananampalataya ay bumagsak sa seryosong kasalanan. Ang ibang mga banal ay nakahanda nang ibilang siya na walang pag-asa, ngunit ang iba naman ay pumupunta sa kabilang kalabisan. Sinasabi nila, "Huwag tayong manghusga; Kailangan nating magkaroon ng kahabagan at ibalik siya ng mabilisan sa prominente niyang posisyon." Sa kanilang ginawa, iniisip nila na sila ay nagpapakita ng walang kundisyon na pag-ibig, ngunit sa katunayan, sila ay

nagpapakita ng walang kaibahan na pag-ibig ng tao.  Ang problema natin ay hindi natin natututunang mahalin ang mga tao sa paraan kung paano ginagawa ng Diyos (Pah. 3:19).

Ipagpalagay natin na ang isang Kristiyanong lider na bumagsak ay mabilis na naibalik sa dati niyang kalagayan ng kapangyarihan!  Paano kung siya ay tinanggap nang may bukas na mga kamay at buong pagtanggap, at ni hindi humarap sa anumang kaparusahan o aksyon ng pagdidisiplina para sa kayang kasalanan?  Ang problema sa kanyang buhay na nagpabagsak sa kanya una sa lahat ay hindi kailanman *malulunasan*.  Kapag ang isang lingkod ng Diyos ay bumagsak, ito ay dahil sa iniwasan niya ang bawat mga balakid at hindi pinansin ang bawat babala sa kanyang personal na buhay.  Sinikap ng Diyos na mangusap sa kanya sa maraming pagkakataon tungkol sa mga panganib na bahagi sa kanyang buhay, ngunit tumanggi siyang makinig.  Kaya nga, ang mabilis na pagpapanumbalik sa bumagsak na kapatid sa kanyang posisyon ng kapangyarihan ay lantarang kawalan ng katarungan, hindi lamang sa tao, kundi sa Katawan ni Cristo.  Tiyak na lalabas siyang muli at *uulitin* ang parehong mga kasalanan, at magiging mas malala pa.

Ngunit mayroon pang isang seryosong bagay na kabilang dito, at iyon ay ang epekto ng pagbagsak ng lalaking ito at *mabilisang pagpapanumbalik* sa karamihan na tumitingala sa kanya.  Kung walang kaparusahan o paghihigpit na inilagay sa bumagsak na lider (lahat sa pangalan ng pag-ibig), ito ay maaaring gumawa ng isang mensahe sa lahat ng ibang nakatingin.  Ang mensahe ay ito: “Ang kasalanan ay walang seryosong kaparusahan.  Kung ang lider ay maaaring gawin ito at tinrato lamang nang magaan, tiyak na maaari din nating gawin ito.  Puwede tayong lumabas at gawin kung ano ang gusto natin. Minamahal tayo ng Diyos nang walang kundisyon kahit ano pa ang gawin natin.” Kung magkaganoon nga, ang katampalasanan, katulad ng isang salot, ay kakalat sa kongregasyon ng Panginoon.

Kung ano ang sinabi natin tungkol sa bumagsak na mga lider ay totoo rin sa kahit *sinumang* mananampalataya.  Kapag may seryosong kasalanan na kumikinang sa paligid, ito ay *kumakalat* sa buong Iglesya.  Kaya nga, ang tunay na pag-ibig ay nagdidisiplina, nagtatama, at sumasaway (Pah. 3:20, Kaw. 13:24, 19:18).  Hinihiwalay ng pag-ibig ng Diyos ang kasalanan mula sa makasalanan, ngunit ang pag-ibig ng tao ay nagpapanatili ng pagkaalipin sa tao.  Alam mo ba na posibleng mahalin ang mga tao sa impiyerno? Ang tunay na pag-ibig ay gumagawa at sinasabi kung ano ang walang hanggang pinakamainam para sa iba, kahit na ito ay hindi pinahahalagahan. Ang tunay na pag-ibig ay hayagan; nakahanda itong matanggihan para lamang makatulong sa iba (Kaw. 27:6, Awit 140:5, 2 Cor. 12:15).  Ang tunay na pag-ibig ay hindi makasarili!

Ang *tunay na pag-ibig* ay pinipili ang Diyos higit sa pamilya at mga kaibigan (Mat. 10:37).  Idineklara ni Cristo: “Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin: at ang umiibig sa anak na lalaki o anak na babae nang higit kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin.”  Kapag ang isang mananampalataya ay minahal ang kanyang ama o ina nang higit pa sa kalooban ng Diyos, ito ay hindi banal na pag-ibig— ito ay pag-ibig ng tao.  Kapag minamahal ng magulang ang anak na lalaki o babae nang higit pa sa kalooban ng Diyos, hindi ito banal na pag-ibig— ito ay pantao, natural na pag-ibig.  Ang pag-ibig ay kailangan ding malinis mula sa *pagkiling*.  Sina Isaac at Rebecca ay mayroong dalawang anak na lalaki.  Minahal ni Isaac si Esau, ngunit minahal ni Rebecca si Jacob (Gen. 25:28).  Bawat magulang

ay may paborito.  Ito ay pagkiling, karnal na pag-ibig.  Gayundin, upang magkaroon ng tunay na pag-ibig kailangan tayong malinis mula sa mga kinawiwilihan, mga pantasya, at mga pagkahumaling na pumipigil sa atin upang magkaroon ng makatuwirang paghatol.

Pinagsabihan ang propetang si Samuel sa kanyang katandaan na "tumigil na sa pagluluksa para kay Saul" (1 Sam. 16:1).  May isang bagay sa kanyang isipan at sa kanyang mga emosyon na kailangang isaayos. Si Samuel ay nagluluksa sa isang bagay na hindi pinagluluksaan ng Diyos.  Hinihiwalay ng Salita ng Diyos ang kaluluwa at espiritu sa kanyang personal na buhay (Heb. 4:12).  Tayo ay *espirituwal* lamang kapag mayroon tayong kaisipan at damdamin ng Diyos.  Kapag sarili lang natin ang mayroon tayo, *makakaluluwa* tayo. Si Samuel ay hindi makatugma sa Espiritu ng Panginoon kaugnay sa kanyang nararamdaman tungkol kay Saul. Kung tayo ay nagluluksa, tiyakin natin na ang Diyos ay nagluluksa. Kung tayo ay tumatawa, siguruhin natin na ang Diyos ay tumatawa.  Ang ating damdamin tungkol sa mga tao at sitwasyon ay kailangang mga damdamin ng Diyos; kung hindi, maaari nating mapanatili sa pagkaalipin ang mga tao.  Tiyakin natin na mahal natin ang mga kalalakihan at mga kababaihan gaya ng pagmamahal ng Diyos o kung hindi, tayo ay nagpapakita lamang ng makataong pag-ibig sa halip na pag-ibig ng Diyos.

*"Tandaan ninyo ang mga lumilikha ng pagkakabaha-bahagi at ng mga katitisuran na laban sa mga aral na inyong natutunan; lumayo kayo sa kanila"* (Roma 16:17).  Sa talatang ito, tinutukoy ni Apostol Pablo ang mga nanggugulo sa loob ng Iglesya na kailangang iwasan.  May mga pagkakataon na hindi maaaring magkaroon ng malapit na pakikisama sa *bawat isang* nasa loob ng Iglesya.  Minsan ang isang miyembro ng iglesya ay katulad ng isang selula ng kanser na nagkakalat ng sakit sa buong katawan.  Ang isang *tagahasik ng pag-aalitan* ay maaaring makasira sa buong iglesya.  Hinawaan ni Judas ang lahat ng ibang kapatiran sa pamamagitan ng kanyang mga salita at mga saloobin (Mar.14:3-6, Juan 12:1-6).  Si Jesus ay hindi nanalangin para sa pagkakaisa o nag-utos sa mga apostol na mahalin ang isa't isa hanggang sa si Judas ay nawala.  Ang pagkakaisa ay hindi posible hanggang sa ang mga taong magdaraya at hindi tapat na katulad ni Judas ay maalis mula sa grupo.

*"Dapat mo bang tulungan ang mga masasama at mahalin ang mga napopoot sa Panginoon? Dahil dito, ang poot ay lumabas laban sa iyo mula sa harapan ng Panginoon."* (2 Cron. 19:2).  Ito ang pagsaway ng Diyos kay Josaphat dahil sa kapit-kamay na pakikipag-anib sa isang di-matuwid na kapwa Israelitang si Ahab.  Ito ay hindi sitwasyon ng isang mananampalataya/di-mananampalataya. Kapwa sila mga Israelita. Pareho silang nasa tahanan ng pananampalataya.

Kapwa sila gumagamit ng parehong Bibliya at naniniwala sa parehong Diyos.  Sa katunayan, ang parehong lalaki ay naniwala sa espirituwal na mga kaloob at tumingin sa espiritu ng propesiya para sa patnubay nang sila ay humarap sa mga desisyon (2 Cron. 18:1-5).  Ngunit nagalit ang Diyos sa kanilang alyansa dahil ang isang grupo ay makadiyos at ang isa ay di-makadiyos, at ang pagsasama ng dalawa ay masamang impluwensiya sa matuwid.  Naging mas mabuti ang samahan nina Josaphat at Ahab hanggang sa ang kanilang mga anak ay nagsimulang "magligawan" sa isa't isa.  Sa huli, ang anak na babae nina Ahab at Jezebel ay pinakasalan ang lalaking anak ni Josaphat, at iyon ang pagkasira ng hanay ng mga hari ng Judah sa maraming mga henerasyon (2 Cron. 21:6, 22:3-4).  Ito ang dahilan kung bakit hindi natin

maaaring “mahalin ang lahat” nang walang kaibahan at dumaloy sa lahat ng bagay— kahit sa nasa tahanan ng pananampalataya.

**Mayroon Tayong Tunay na Pag-ibig Kapag:**

• Minamahal natin ang iba kung paano sila minamahal ng Diyos
• Nauunawaan natin na ang mga pagsaway at parusa ay nakakalunas, hindi malupit
• Nagpapakita tayo ng kaibahan at karunungan sa paraan ng ating pagmamahal
• Nakahanda tayong isapanganib ang matanggihan para sa pagsasabi sa iba ng katotohanan
• Mahal natin ang Diyos nang higit kaysa sa pamilya at mga kaibigan
• Gagawin natin kung ano ang walang hanggang pinakamainam para sa iba
• Nakahanda tayong pagsabihan ang isa't isa, at ating mga anak (Rom. 15:14, Kaw. 13:24).
• Nililimitahan o sinisira natin ang pakikisama sa mga hindi nagsisising kapwa mananampalataya (2 Tes. 3:14-15).
• Nagdadalamhati lamang tayo sa pinagdadalamhatian ng Diyos; kung hindi, tayo ay makakaluluwa, at hindi espirituwal
• Binibigay natin ang ating buhay para sa mga kapatiran (Juan 15:13). Huwag mong ibigay ang iyong buhay para sa huwad na kapatiran.
• Hindi tayo makasarili. Ang kabuuang buod ng banal na pag-ibig sa Unang Corinto 13:4-7 ay *hindi makasarili.*

May mga panahon na naglalagay ng isang guhit ang Diyos at ang bawat isa ay kailangang pumili sa pagitan ng paglakad kasama ang mga makadiyos o hindi makadiyos sa Iglesya. Ang Israel, sa isang pagkakataon, ay nahati sa dalawang kampo, at ang lahat ay kailangang pumili sa pagitan ng kampo ni Saul o ni David. Pinilit ni Jonathan na maging kaibigan ng *lahat* at sa huli ay namatay nang wala sa panahon at nasa maling kampo.

**Tunay na Kagalakan – Maling Kagalakan**

Pinili ni Moises na magdusa ng kapighatian kasama ang bayan ng Diyos kaysa “magkaroon ng pansamantalang kasiyahan ng kasalanan” (Heb 11:25). Ang kasalanan ay nakakaakit! Ito ay maaaring maging “kasiya-siya” sa panandalian (Kaw. 7:12-27). Ang “kasiyahan ng kasalanan” ay umaakit sa marami na naghahanap ng katuwaan, libangan, katanyagan, kayamanan, at kaaliwan. Ang makamundong kasiyahan ay kumikinang bilang isang pagtakas sa pagkainip at nakakalungkot na mga pangyayari at si Satanas ay palaging naroroon upang alukin ang nalulungkot na lalaki at babae ng huwad na kasiyahan. Tunay, na ang mga makamundong kasiyahan ay nag-aalok ng isang “*pansamantalang pagkalango*” ngunit sa huli ay ganoon pa rin ang kahahantungan—kawalang kasiyahan at kamatayan.

Isa lamang ang hinahanap ng puso ng tao at iyon ay kaligayahan. Ang mga lalaki at babae ay naghahanap ng kaligayahan sa lahat ng dako ngunit hindi nila ito matagpuan—ang tunay na kaligayahan ay hindi makikita sa panlabas na dako. Ang tunay na kagalakan ay nagmumula sa isang balon ng buhay na

nilalagay ni Cristo *sa kalooban* ng bawat isang mananampalataya (Juan 4:14, Isa. 12:3). Ngunit ang kagalakan na pinipilit maranasan ng natural na tao ay ibang-iba. Ito ay panlabas at palaging umaasa sa mga pangyayari na pumapabor sa kanya. Ang banal na kagalakan ay *panloob*. Pinatitibay nito ang kaluluwa kahit na ang mundo mismo ay bumabagsak na (Hab. 3:17-18). Si Jesus ay nagtaglay ng pinakamatinding kagalakan habang tinatahanak Niya ang Kanyang daraanan patungo sa Hardin ng Gethsemane (Juan 17:13). Ito ang uri ng kagalakan na ninanais Niyang itanim sa bawat mananampalataya.

*"Sapagkat ang bayan ko ay gumawa ng dalawang kasamaan; tinalikuran nila ako, ang bukal ng mga tubig na buhay at gumawa para sa kanila ng mga tipunan ng tubig na mga nasirang tipunan na hindi malagyan ng tubig." Jeremias 2:13*

Ang kagalakan ay resulta ng pananahan ni Cristo sa ating pagkatao bilang isang bukal ng buhay. Siya ang *Bukal ng Tubig na Buhay*. Ang ating kagalakan ay nananatili habang patuloy nating ginagawa si Cristo na *pinanggagalingan* ng ating buhay. Nakakalungkot, pero marami sa mga banal ng Diyos ay umiinom mula sa iba pang mapagkukunan. Ang mensahe ni Jeremias (Jer. 2:13) ay hindi itinuturo sa mga hindi mananampalataya kundi sa mga tinubos. Ang Kristiyanismo ay nagiging kabiguan sa lahat ng mga pabagu-bago ng pag-iisip (Sant. 1:8, 4:8, Mat. 6:24). Kapag ang bayan ng Diyos ay uminom mula sa lahat maruruming batis ng sanlibutang ito, si Jesus ay *hindi* nakakapagbigay kasiyahan. "Si Jesus ay nagbibigay kasiyahan" ang tanging bagay na sinasabi nila. Ito ay hindi totoo sa kanilang mga puso.

Ang pagkakaroon ng ministeryo ay hindi nakakapagbigay kasiyahan, at ni ang tagumpay o katanyagan man. Kailangang maalis ang mga Kristiyano mula sa ganitong ilusyon. Ang lahat ng ito ay na kay Solomon na ngunit kulang pa rin siya sa kagalakan (1 Hari 4:29-34, Mang. 2:1-11). Si Solomon ay pinagkalooban ng hindi pangkaraniwang karunungan, kaalaman, at kaunawaan. Siya rin ay isang kahanga-hangang musikero. Nagsulat siya ng higit sa isang libong awit. Ngunit nawala ni Solomon ang presensiya ng Diyos dahil pinabayaan niya ang kanyang relasyon sa Diyos (1 Hari 11:6). Ang kanyang puso ay nahati sa ibang mga pag-ibig (ihambing ang 1 Hari 3:3 sa 11:1). Nang ipinangaral ni Solomon ang Mangangaral, siya ay matanda at mangmang na haring hindi na mapagsabihan. Ito ang mga taon ng kanyang *pag-aani*. Ang taniman ng kanyang sariling buhay ay nawasak, kinain ng lahat na maliliit na soro ng mga kahalayan ng kanyang buhay. Sinubukan niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng araw. Sa huling pagsusuri, si Solomon ay naging isa sa mga pinakabigong tao sa lahat ng panahon.

Ang pag-ibig ng tao ay hindi nakakapagbigay kasiyahan. Ang pag-ibig ng tao ay isa sa pinakakaraniwang "basag na sisidlan." Ang babae sa balon ay nag-asawa ng limang beses at ang lalaking kinakasama niya ay hindi niya asawa (Juan 4:17-18). Inalok siya ni Cristo ng ibang pagmumulan, na sinabing, "...Sinumang umiinom ng tubig na aking ibibigay ay hindi na mauuhaw magpakailanman. Ang tubig na aking ibibigay sa *kanya*, ay magiging bukal ng tubig tungo sa buhay na walang hanggan" (Juan 4:14). Dinagdagan pa ni Apostol Pablo na "tayo ay *kumpleto sa Kanya*" (Col. 2:10).

**Tayo ay May Tunay na Kagalakan Kapag:**

• Kinukuha natin ang ating buhay mula sa mga balon ng kaligtasan, mula mismo kay Cristo
• Tayo ay hindi umiinom mula sa ibang makasanlibutang pinagkukunan
• Tayo ay hindi nagdadalawang-isip at mabuway sa lahat ng ating pamamaraan
• Hindi natin pinipilit na hanapin ang kaligayahan sa pantaong pag-ibig sa halip na pag-ibig ng Diyos
• Tayo ay nalinis na sa ilusyon na ang kasiyahan ay dulot ng ministeryo, tagumpay, at katanyagan
• Ang ating kagalakan ay hindi nakadepende sa mga paborableng pangyayari (Hab. 3:17-18)
• Natututunan natin sa pamamagitan ng karanasan na ang "kapuspusan ng kagalakan" ay matatagpuan sa presensiya ng Diyos (Awit 16:11)
• Napapagtagumpayan ng ating kagalakan ang mga masalimuot na pag-uusig at pagkaawa sa sarili (Gawa 5:41, 16:23-25)

Tandaan, na mapapanatili nating walang bara ang ating mga balon sa pamamagitan ng patuloy na pagkakaroon ng masayahing espiritu. Sina Caleb at Josue ay mayroong mapagpasalamat, masayahing espiritu, at ito ang nagpanatili sa kanilang mga balon na walang bara at hinayaan ang pananampalataya na maging malaya at dumadaloy. Mayroon silang "ibang espiritu" at iyon ang nagdala sa kanila sa lupang pangako (Bil. 14:8). Kung ang Panginoon ay malulugod sa atin, dadalhin Niya tayo sa lahat ng mga mabubuting bagay na Kanyang ipinangako.

**Tunay na Kapayapaan – Maling Kapayapaan**

Ang kapayapaan ng Diyos ay katahimikan ng kalooban. Ito ay *kahinahunan* sa gitna ng unos (Mar. 4:37-41). Kung gayon, ang kapayapaan ng Diyos ay isang malaking puwersa na nagpapatatag. Ang konsepto ng sanlibutan sa kapayapaan ay ang *kawalan ng kaguluhan*, ngunit, kahit pa tumigil ang mga panlabas na kaguluhan, ang mga lalaki at babae ay patuloy pa ring nagdurusa mula matinding kabalisahan ng kalooban. Sinabi ni Pablo na ang kapayapaan ng Diyos ay mag-iingat o magbabantay sa ating mga puso at isipan (Fil. 4:7). Kailangan natin ng kapayapaang ito sa ating puso (sa ating mga pagmamahal), gayundin sa ating isipan dahil dito kung saan nagkakaroon tayo ng kalituhan. Bawat banal ng Diyos ay nangangailangan ng malalim na karanasan ng kapayapaan ng Diyos. Kapag ang mga tao ay binibigo ng kanilang mga puso dahil sa takot sa mga bagay na darating sa lupa (Luc. 21:26), titingin sila sa mga taong nagtataglay ng kapayapaan ng Diyos. Ang ating kapayapaan ay lumalalim habang patuloy tayong lumalakad kasama ng Diyos, at habang nananalo tayo sa bawat labanan sa mga isyung kinakaharap natin sa ating mga personal na buhay. Nangako ang Diyos na gagawa ng isang tipan ng kapayapaan na hindi matatanggal (Isa. 54:10). Dapat nating ipanalangin, "Panginoon, gawin mo ang tipan ng kapayapaan na iyan sa *akin!"*

Subalit may ibang kapayapaan, na nanggagaling sa Masama. Ang kapayapaang ito ay isang *walang-kamalayan* na lumalambong sa isipan ng mga lalaki at babae, na ginagawa silang maniwala na sila ay maayos kung sino sila ngunit sa katotohanan sila ay papunta sa kahatulan. Ito ay isang kapayapaan na nakabatay sa pagmamataas at pag-aakala. Ang mga lalaki at babae na nabulag ng pandaraya ay sasabihin sa iyo hindi sila nakaramdam ng mas higit kompiyansa na ang kanilang ginagawa ay tama (Kaw. 14:12,

16:25). Kapag ang mga tao ay may lubos na kapayapaan sa ligaw na landas na kanilang pinili, ito ay kadalasang bunga ng isang pinatigas na konsiyensiya. Suriin natin ang ating kapayapaan upang tingnan kung ito ba ay galing sa Diyos o kay Satanas. Ang kapayapaan ni Satanas ay ginagawa ang mga tao na maging mapangahas, sobrang kompiyansa, hindi apektado, at hindi nakabantay habang patuloy silang tumatahak sa daan na nagdadala sa kanila sa kapahamakan.

**Tunay na Pagpapahinuhod – Maling Pagpapahinuhod**

Ang pagpapahinuhod ay kahalili sa salitang "pagtitiis." Ito ay nangangahulugan na maging mahinahon o mapagtimpi. Ang pagpapahinuhod ay nangangahulugan ng pagtitiis sa kabila ng patuloy na panggagalit at panggugulo. Ang pagpapahinuhod ay isang banal na biyaya. Hindi ito maaaring isuot. Ang pagpapahinuhod (o matiyagang pagtitiis) ay maaaring ihalintulad sa kamanyang o insenso. Ang kamanyang ay naglalabas ng mabangong samyo kapag ito ay inilagay sa apoy. Sa katunayan, habang mas mainit ang apoy, mas mabango ang halimuyak. Ang kalikasan ni Jesus ay katulad nito. Habang ang mga apoy ng paghihirap ay nadaragdagan, ay gayundin ang mabangong halimuyak na bunga ng pagpapahinuhod.

Ang mga kaloob na inaalay sa pamamagitan ng apoy sa Panginoon ay hindi maaaring magkaroon ng pulot (Lev. 2:11). Ang pulot ay kumakatawan sa *katamisan ng tao*. Kapag ang pulot ay pinainitan, ang mga kemikal nito ay nababago at ito ay nasisira. Hindi maaaring matagalan ng pulot ang apoy, at gayundin ang tamis ng tao. Maaaring subukan ng tao na isuot ang pagtitiis at maging mapagtimpi at mapagpahinuhod ngunit kapag ang apoy ay lalong naging mainit ang pulot ng tao ay mabubulok at magkakaroon ng pagsabog. Maaari nating pag-aralan na maging mapagbigay-loob, at mapino, ngunit lahat ng ito ay mga *likas na katamisan* at hindi nito kayang batahin ang mga apoy ng pag-uusig o pamumuna.

Hindi kayang tiisin ng pantaong biyaya ang apoy; tanging ang biyaya lamang na galing sa Diyos. Nang nilusob ng mga Nazi ang Pransiya nung Ikalawang Digmaang Pandaigdig, pinilit ng ilan sa mga Kristiyano na ikondisyon ang kanilang mga sarili sa pag-uusig sa pamamagitan ng pagpapahirap sa kanilang mga sarili. Tinangka nilang maabot ang mataas na antas ng pagtitiis sa pagpapahirap upang makaligtas sa kabangisan ng mga Aleman. Gayunpaman, ang mga naghanda ng kanilang mga sarili sa ganitong paraan ang mga unang sumuko. Ang ibang mga mananampalataya na umasa sa *tanging biyaya* lamang ang nakatagal at nakaligtas sa pananakop ng Alemanya. Ang pagpapahinuhod ay nadadaya sa pamamagitan ng pagpapatigas ng puso, pagiging estoikal at walang emosyon, at pagsusuot ng huwad na ngiti o isang pagkukunwari. Ang artipisyal na pagtitiis at pagtitimpi ay makakatagal lamang hanggat kaya ng laman.

**Tunay na Kahinahunan – Maling Kahinahunan**

Ang kahinahunan ay puwede ring isalin sa salitang "kabaitan." Ito ay nangangahulugan na maging magaan at malumanay sa tao. Ito ay isang pagkakawanggawa at kagandahang-loob sa iba. Kadalasan, ang mga *mabuway* na tao ay hindi makapagpakita ng pagka-mapagbigay-loob sa iba. Kailangan ng kalakasan upang maging mahinahon. Tinukoy ni Samson ang katotohanang ito sa bugtong na kanyang

sinabi, “mula sa malakas ay may lumabas na matamis” (Hukom 14:14). Ipinaalala nito sa akin ang isang kuwento na narinig ko tungkol sa dalawang aso na natutulog sa bungad ng isang kainan sa isang lalawigan. Ang isa ay malaking *bull dog*, at ang isa ay maliit na aso. Kapag may pumapasok sa pasukan ito, mabagsik na kumakahol ang maliit na aso, ngunit ni hindi man lamang gumagalaw ang malaking aso. Ito ay isang ganap na ilustrasyon ng puntong ito. Ang isang malakas at may kapanatagan ay kayang maging mahinahon. Tanging ang isang maliit na mabuway ang siyang gumagawa ng lahat ng pambubulyaw at pagbabanta. Ang banal na kompiyansa at magandang pagtingin sa sarili ay kailangan sa ating buhay upang maipakita ang bunga ng kahinahunan. Ang mga malalakas na lalaki (mahinahong mga lalaki) ay kayang mapatawad ang iba nang libre at palampasin ang mga katitisuran (Gen. 45:4, 5, Kaw. 19:11).

Kinokopya ni Satanas ang kahinahunan, pero ginagawa niya ito ng may mga lihim na motibo. Ang mga politikong hindi mananampalataya ay maaaring makilala sa pagiging mahinahon at maluwag. Ang mga tao sa sanlibutan ay kayang magpakita ng personal na simpatiya o nagtataglay sila ng isang taktika na nagagawang magustuhan sila ng lahat. Ang ilan sa kaharian ng kadiliman ay mga makatao at nagpapakita ng pagiging sensitibo sa mga dukha at nahihirapan. Ang bighani, pagkamalumanay, at ang pagka-mapagbigay-loob ay puwedeng ipakita ng mga hindi ligtas. Kailangan nating maunawaan na hindi lahat sa kaharian ni Satanas ay pangit. Ang ilan sa mga demonyo at bumagsak na mga anghel ay napakagaganda, mahinahon, at mapagbiyaya. Huwag tayong madaya sa kaisipan na ang mga tao ay Kristiyano dahil lamang sa sila ay kaaya-aya at magandang-loob.

**Tunay na Kabutihan – Maling Kabutihan**

*Kabutihan* ang pinakasentro ng kalikasan ng Diyos. Ang Diyos ay mabuti. Lahat ng bagay na ginawa ng Diyos ay mabuti. Ang kabutihan ay isa sa mga katangian na ginamit ng Diyos nang inilarawan Niya ang Kanyang sarili kay Moises. Idineklara niya: “Ang Panginoong Diyos… sagana sa kabutihan at katotohanan” (Ex. 34:6, Awit 34:8). Ang kabutihan ay salitang kilos; palagi nitong ginagawa kung ano ang moral na kagalang-galang. Ang kabutihan ay lubos na dalisay sa motibo; ang ibig sabihin nito ay “hindi kaya ng kasamaan.” Ang ibig sabihin ng kabutihan ay “tamang asal sa ating pakikitungo sa iba.” Gagawin lamang nito kung ano ang pinakamainam at kailangan para sa walang hanggang kapakanan ng iba, sa kahinahunan. Ninanais ng Diyos na tayo ay *mapuno* ng Kanyang kabutihan (Rom. 15:14, Efe. 5:9).

Ang kabutihan ay nakaugat sa kadalisayan ng mga motibo. Wala itong paninibugho kundi ninanais lamang ang pinakamainam para sa iba. Gusto lamang nitong magdala ng atensyon para sa Panginoon, hindi para sa sarili. Magkagayon man ay may huwad na kabutihan, sapagkat may iilan na ipinapakitang nagsasakripisyo at kumakalinga ngunit ang natatagong motibo ay may makukuhang kapalit. Sinabi ni Pablo na maaaring ibigay ng isang tao ang lahat ng kanyang pag-aari para pakainin ang mahihirap, at kahit pa ibigay din ang kanyang katawan na susunugin bilang isang martir ay hindi pa rin magkakaroon ng malinis na mga motibo (1 Cor. 13:3). Ang ilang mga kalalakihan at kababaihan ay gustong magkaroon ng *kahigitan at kontrol.* Ang tunay na motibo ng kanilang mabubuting gawa at sakripisyo ay para ma-maniobra ang buhay ng mga tao upang kontrolin sila. Sa huling pagsusuri, ang kanilang pagmamalasakit ay hindi para sa pinakamainam na interes ng iba, kundi para sa makasarili nilang mga kaakuhan.

**Tunay na Pananampalataya – Maling Pananampalataya**

Ang tunay na pananampalataya ay ganap na banal. Ito ay ganap na sobrenatural, ngunit ang ating pananampalataya ay kailangang linisin dahil ito ay nahaluan ng pagsasapantaha at di-kilalang mga elemento ng *sarili*. Sinasabi ni Apostol Pedro: "Upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama't ito'y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo" (1 Ped. 1:7). Sa mga naunang maraming taon ay ipinanalangin ni Cristo na ang pananampalataya ni Pedro (na nahaluan ng pagsasapantaha) ay hindi mabigo kapag ito ay sinubukan (Luc. 22:31, 32). Maraming bagay ang ginagawa natin na hindi pagkilos ng totoong pananampalataya.

*Ang ating pananampalataya at ang ating pangitain* ay kailangang dalisayin. Maaari tayong bigyan ng Diyos ng isang sulyap ng Kanyang mga layunin para sa ating mga buhay sa maagang edad. Ang unang kapahayagan na binibigay ng Diyos sa atin tungkol sa ating pagkatawag ay maaaring isandaang porsyentong *banal*, ngunit ang pantaong kaisipan natin ay sumusuri at nagpapalagay – kailan, saan, at paano – pero karaniwan ang ating kalkulasyon ay maling mali. Kung ano ang nasa isipan ng Diyos para sa atin at kung ano ang nasa ating isipan ay magkaibang-magkaiba (Isa. 55:8-9). Maraming mga bagay na ginagawa natin at sinasabi at iniisip na hindi isinilang sa tunay na pananampalataya. Sa halip, ito ay pagsasapantaha. Kaya, kailangang dalisayin ang ating pananampalataya, gayundin ang ating pangitain.

**Tunay na Kaamuan – Maling Kaamuan**

Ang ibig sabihin ng kaamuan ay *walang paghihiganti*. Maaaring isalarawan ang kaamuan bilang "isang mabangis na hayop na napaamo." Ang salitang-ugat ng kaamuan ay "isang tao na napaamo at hindi ginagawa ang sariling kalooban." Binabata ng maamong tao ang mga pagtutuwid ng Diyos. Ito ay *banal na pagtanggap*. Binabata at tinatanggap nito ang mga pangyayari na may kagalakan. Ang sinuman na nagtataglay ng tunay na kaamuan ay isang napakalakas na tao. Lubos na tinanggap ni Jesus ang kalooban ng Kanyang Ama nang walang paglaban. Siya ay katulad ng isang kordero sa harap ng Kanyang manggugupit (Isa. 53:7, Awit 39:13). Ang kaamuan ay *hindi naghihiganti* sa isip man o sa gawa (Kaw. 24:29). Ang tunay na kaamuan ay sobrenatural, ngunit ang halaga upang madebelop ang katangiang ito sa ating buhay ay napakataas (Kaw. 23:23). Ang kaamuan ay pambihirang katangian sa mga Kristiyano. Nagkakahalaga ito ng isang bagay upang mabago ang ating mga puso. Si Moises, na kilala sa kanyang kaamuan, ay nakaranas ng maraming pagdurog.

Paano naiiba ang tunay na kaamuan sa huwad na kaamuan? Katulad ng tunay na kaamuan, ang maling kaamuan ay hindi lumalaban. Subalit, sa halip na pagpapakita ng banal na kalakasan, ang maling kaamuan ay nagpapakita ng *pagsawalang kibo*, *bulag na pagpapasakop*, *pagkompromiso*, *at hindi paglaban* hanggang sa sukdulan na kahit pati si Satanas ay hindi na nilalabanan. Lahat ng mga ito ay mga panggagaya ng kaamuan. Si Cristo ang pinakamaamong tao na nabuhay (Mat. 11:29), ngunit Siya ay nakapagsalita at sinabing, "Kahabag-habag kayong mga mapagkunwari, mga ahas, at mga bulag na taga-akay; paano kayo makakatakas sa kahatulan ng impiyerno?" Kailangang maunawaan ng Iglesya ang tunay na kahulugan ng pagpapakumbaba at kaamuan.

## Tunay na Pagpipigil – Maling Pagpipigil

Ang pagpipigil ay "pagkontrol ng sarili." Ito ay ang pagsisiyasat sa lahat ng ating mga ninanais sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kabilang dito ang ating kalooban, ngunit hindi natin itinataas ang kapangyarihan ng kalooban ng tao. Tinataas natin ang Diyos ng lahat ng biyaya na kayang magbago ng ating kalooban at gawin itong Kanya (Fil. 2:13). Ang maling pagpipigil ay *pagtanggi sa sarili* na ibinubunga ng laman o pinasisigla sa pamamagitan ng lakas ng isang relihiyosong espiritu.

Ang legalismo, pagtanggi sa sarili at mahigpit na pangingilin ay pagtatangkan*g tumanggap* ng pabor ng Diyos at mga pagsulong espirituwal. Isa sa mga papa (nang siya ay cardinal pa lamang) ay nagsanay kumain ng maliliit na bahagi ng pagkain para tumanggap ng "mga marka." Kinalaunan, nang binisita niya ang Argentina at mainit na tinanggap doon, tinanggihan niya ang ginhawa ng higaan na binigay sa kanya. Sa halip ay pinili niya na magpahinga sa isang matigas na sopa. Siyempre pa, ang lahat ng mga ito ay balitang-balita. Tiyakin natin na ang ating mga motibo ay malinis at tayo ay pinapatnubayan ng Diyos kapag tayo ay nag-aayuno, nananalangin, nagbibigay, o umiiwas (Mat. 6:1-7, Juan 12:43).

# TUNAY NA PAGSISISI

Ang pagsisisi ay isang pagpapahid—ito ay isang kaloob ng Diyos. Ang pagsisisi ay isang espiritu na dumarating sa mga lalaki at babae upang palambutin ang kanilang mga puso at baguhin ang kanilang mga isipan (Zac. 12:10). Maliban na makapangyarihan tayong bigyan ng Diyos ng biyayang ito, tayo ay hindi kayang sirain at hindi kayang baguhin (Rom. 2:4). Ang literal na kahulugan ng pagsisisi ay "upang baguhin ang isip." Ang mga takbo ng pag-iisip, matigas na kalooban, at paglaban ay bumabagsak kapag binuhos ng Diyos sa tao ang espiritu ng pagsisisi. Gayunman, maaari pa ring piliin ng sangkatauhan na patigasin ang kanyang puso at tanggihan ang kaloob ng Diyos.

Ang kaloob ng pagsisisi ay nagsisimula sa bagong kapanganakan, ngunit ang pagsisisi (ang paglambot ng ating mga puso at ang pagbabago ng ating pag-iisip) ay kailangang *magpatuloy* sa lahat ng araw ng ating buhay. Ang pagsisisi ay nagbubukas ng pintuan para sa mga pagpapala ng Diyos. Sinisira nito ang mga hadlang sa pagitan ng ating mga sarili at ng iba, at sa pagitan ng ating mga sarili at Diyos. Kailangan natin ang pagpapahid na ito araw-araw. Ang espiritu ng pagsisisi ang susi sa pagpapatuloy sa Diyos at ang susi sa pagbabago. Sa ibaba ay ang ilang paraan upang makita kung paano epektibong napahintulutan ang espiritu ng pagsisisi na kumilos sa ating mga puso.

**Mga Katunayan ng Espiritu ng Pagsisisi**

- Ang Pagbasag- Isang pagkatanto kung gaano ako kabulag at kung gaano ako kamangmang
- Isang Matapat na Pag-amin – "Mali ako, kailangan kong magbago"
- Kalungkutan dahil Sinasaktan ang Diyos – Hindi kalungkutan dahil nawala ang isang posisyon
- Isang kahandaan na tumanggap ng Disiplina at Pagbababa kung Kailangan
- Pagbaligtad Kung Ano Ang Aking Ginagawa – Paggawa ng mga gawain [akma] para sa pagsisisi
- Pagbabayad-Pinsala at Mga Aksyon para Gawin ang Tama sa Aking Nasira, Kung Maaari
- Ang Saloobin ng Pagtanggap – "Tinatanggap ko kung ano ang karapat-dapat," hindi, "Hindi patas ang nangyari sa akin."
- Hindi Paghahambing ng Ating Sarili sa Iba – "Hindi naman ako kasing-sama ng iba, kaya, ayos lang ako"
- Hindi Pagbabaling ng Sisi sa Iba upang Ipawalang-sala ang Aking Sarili

**Pagsisisi** – Ang Pagbasag. Ang tao ay maaaring maging napakasutil at hindi napapadaig. (Tinutukoy ko ang mga mananampalataya at gayundin ang mga hindi mananampalataya). Kahit ang mabuting mga kalalakihan at kababaihan ay nagpupunyagi sa mga pagkabulag at mga katigasan. Halimbawa si Job, ay binasag sa kalusugan, sa salapi, sa reputasyon, at sa kanyang pag-aasawa—ngunit hindi siya nabasag *sa espiritu.* Sa panahon ng kanyang pagsubok nakita niya ang kamalian sa Diyos ngunit *wala sa kanyang sarili* at idineklara na mamamatay siya bago niya baguhin ang kanyang isip (Job 27:1-6). Kinalaunan, lumambot ang puso ni Job nang mabuksan ang kanyang mga mata nang dumating sa eksena ang Diyos (Job 42:1-6). Makapangyarihang ibinuhos ng Panginoon kay Job ang espiritu ng pagsisisi. Ito ang kabutihan ng Diyos (Rom. 2:4).

Ngayon, ang bayan ng Israel ay matigas at di-sumasampalataya. Gayunpaman, darating ang panahon na ang bansa sa kabuuan ay manunumbalik sa Panginoon (Rom. 11:26). Isinalarawan ito ng Lumang Tipan sa ganitong paraan: "Ibubuhos ko sa sambahayan ni David at sa mga naninirahan sa Jerusalem ang espiritu ng biyaya at pananalangin, at kapag sila'y tumingin sa akin na kanilang inulos, at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa kaisa-isang anak…" (Zac. 12:10, cf. Jer. 31:18-19). Kapag bumalik na si Cristo, ang mga Judio na dating sumalungat kay Cristo ay matatagpuang tumatangis at umiiyak at nananalangin sa Kanya. Sasabihin ng mga Israelita sa kanilang sarili, "Naging napakamangmang namin at bulag at matigas ang ulo sa lahat ng mga taon na ito," at sila ay tataghoy para kay Cristo. Ang tunay na espiritu ng pagsisisi ay walang pakikipagtalo, pagtatanggol, at pagwawalang-sala ng sariling kaparaanan. Sa halip, sinasabi nito, "Maling-mali ako at napakabulag."

**Pagsisisi – Isang Tapat na Pag-amin.** Isang paraan lamang ang makapagpaalis ng *pagkakasala* at iyon ay sa pamamagitan ng tapat na pag-amin ng isang tao sa mga pagkakamali. Ang tao na tumatangging umamin sa kanyang mga pagkakamali ay di-nagsisisi. Patuloy niyang kinukumbinse ang kanyang sarili na tama kung ano man ang kanyang ginawa, o kahit na "hindi naman yun ganun kasama." Ang mga katitisuran na hindi inihingi ng tawad ay nagdadala ng bangin sa pagitan natin at ng Diyos at sa pagitan ng ating mga sarili at ng iba. Ang isang bukas, tapat na pag-amin ay ang unang hakbang sa pagkikipagkasundo sa Diyos at sa tao. Ang unang hinihingi ng Diyos ay, "*Kilalanin* mo lamang ang iyong kasamaan" (Jer. 3:13).

Dinideklara ng Kawikaan 28:13, "Siyang nagtatakip ng kanyang mga pagsuway ay hindi sasagana; ngunit ang nagpapahayag at tumatalikod sa mga iyon ay magtatamo ng awa." Sinubukang itago Haring David ang kanyang kasalanan, ngunit ang kanyang "lakas ay natuyong gaya ng sa init ng tag-araw" hanggang sa kilalanin niya ang kaniyang pagsuway (Awit 32:1-5, 38:1-18, 51:3). Minsan ang tanging paraan para makawala sa *pagkakasala* ay sa pagpapahayag ng ating kasalanan *sa tao*, hindi lamang sa Diyos. Ang mga anak ni Jacob ay nagdusa sa *pagkakasala* sa loob ng dalawamput dalawang taon pagkatapos na ipinagkanulo ang kanilang nakababatang kapatid na si Jose (Gen. 42:21, 22). Maaaring kinilala ng magkakapatid ang kanilang kasalanan sa Diyos, ngunit hanggang sa sinabi nila ang katotohanan sa kanilang ama (kung saan sila ay nagsinungaling), ay hindi sila kailanman nakasumpong ng kalayaan sa kanilang pagkakasala.

Mahalaga na kilalanin ng mga kriminal ang kanilang pagkakasala ng pagdanak ng dugo hindi lamang sa Diyos, *kundi sa tao rin* upang makasumpong ng kalayaan. Ang pinakamasamang puwedeng mangyari sa isang kriminal ay ang mapawalang-sala sa krimen na siya ay may pagkakasala. Puwede niyang isipin na makakatakas siya sa pagpatay dito sa lupa, pero ang kanyang kasalanan ay hindi mabubura at haharapin niya ang Dakilang Hukom sa Araw ng Paghatol, at pinakamalala iyon. Tiyak na walang sinuman ang makakatakas sa anumang bagay. Lahat ng gawain ng tao ay dadalhin sa liwanag, at ito ang dahilan kung bakit hindi tayo dapat mag-alala sa katarungan na nababaluktot. Ito ay habag ng Diyos na ang isang tao ay mapatunayang nagkasala para mabigyan siya ng pagkakataon na ipahayag ang kanyang kasalanan at makasumpong ng habag at kapatawaran mula sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Kung ang mga krimen ay hindi nadadala sa liwanag at naipapahayag sa buhay na ito, sila ay madadala sa walang-hanggan na *hindi nalinis* at ang nagkasala ay haharap sa walang hanggang paghatol. Para makalaya sa *pagkakasala*,

kasalanan at pagkaalipin, minsan ang pagpapahayag ng kasalanan *sa tao* at gayundin sa Diyos ay kailangan.

**Pagsisisi – Kahandaang Tumanggap ng Disiplina at Pagkababa.** Ang tunay na pagsisisi ay ipinapakita kapag mayroong taos-pusong pagdadalamhati dahil nasaktan ang Panginoon at nakapagdala ng kahihiyan sa Katawan ni Cristo. Ito ay makadiyos na kalungkutan at nagdadala ito ng *buhay*. Ang kalungkutan ng sanlibutan ito ay nagdadala ng *kamatayan* (2 Cor. 7:9-11). Ang makamundong kalungkutan ay sa laman. Ito ay nalulungkot lamang dahil nawalan ng posisyon, karangalan, o anumang bagay na gusto nito. Nakita natin ang maraming "makamundong kalungkutan" sa Iglesya sa mga nakaraang taon. Ang mga bumagsak na lingkod ng Diyos ay umiyak at nagsisi sa publiko, ngunit ang pagiging tunay ng kanilang pagsisisi ay dumating sa isang katanungan. Nang sila ay sinabihan na tanggapin ang panahon ng pagdidisiplina o sinabihang bumaba hanggang mabawi nila ang kanilang kredibilidad, ang ilan ay tumanggi. Ang kanilang kalungkutan at pagluha ay *hindi* dahil hindi niya naparangalan ang Panginoon o nakapagdala ng kapulaan sa Kanyang Iglesya kundi para sa kanilang sariling personal na kahihiyan at pagkababa mula sa mataas nilang posisyon. Hindi ito tunay na pagsisisi.

Isang binata ang nagreklamo na ang iglesya ay hindi mapagmahal at sinasadyang iwasan siya. Siya ay nagkasala ng pang-aabuso sa ilang mga bata roon. Nang siya ay sinabihang umalis sa iglesya, sinabi niya, "Kinamumuhian ako ng mga tao; ano ba ang ginawa ko na napakasama?" Hindi siya lubos na sensitibo sa pinsalang dinala niya sa iba. Ang tanging inaalala niya lamang ay ang para sa kanyang sariling nararamdaman na tinanggihan at panghihina ng loob. Walang mga tanda ng tunay na pagsisisi.

Ang pagpapatawad ay maaaring agad-agad, ngunit ang *pagpapanauli* ay nangangailangan ng panahon. Kailangang may panahon ng pagpapatunay ng sarili para mabawi ang kredibilidad. Kapag ang mga tao ay bumagsak sa seryosong kasalanan ay *nawawala ang tiwala*. Kapag inabuso ng isang lalaki ang iyong anak, marahil mapapatawad mo siya, pero *pagkakatiwalaan* mo pa ba siya ulit na makasama mga anak mo? Kung bumagsak ang iyong pastor sa pangangalunya, gugustuhin mo ba na ang iyong asawang babae ay nasa kanyang opisina na tumatanggap ng payo sa kanya makalipas ang isang buwan? Kabilang sa tunay na pagsisisi ang isang kahandaan na tumanggap ng disiplina at pagtutuwid para malunasan ang problema at hindi na maulit at makapagdulot ng pinsala sa Diyos, sa iba, at sa sarili.

**Pagsisisi – Pagbaligtad Kung Ano ang Aking Ginagawa.** "Mamunga kayo nang nararapat na pagsisisi" (Mat. 3:8). Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay "upang baguhin ang pag-iisip," na sa huli ay magiging dahilan sa isang tao na baguhin ang kanyang mga pamamaraan at mga ginagawa. Ang tunay na pagsisisi, kung gayon, ay salitang kilos. Ito ay paggawa ng kabaligtaran kung ano ang ginagawa natin sa nakaraan. Halimbawa, kung nasisira na ang pagtitiwala ng isang tao sa karakter at pamumuno ng ibang tao, titigil siya sa paghahasik ng alitan, hihingi ng tawad sa nasaktang kapatid, at magsasalita ng mabuti tungkol sa kanya. Ito ang tunay na pagsisisi.

Sinabi ni Pablo: "Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa; kundi magtrabaho, at gumawa siya sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibahagi sa nangangailangan." (Efe.4:28). Ito ay pagsisisi! Narito ang magnanakaw na nabuhay sa pag-aari ng iba,

ngunit ngayon siya ay nagtatrabaho nang masigasig hindi lamang upang tugunin ang kanyang pangangailangan kundi ang pangangailangan ng iba. Ang pagsisisi ay maaaring mangahulugan na kailangan nating tigilan ang pakikisama sa maling mga tao at magsimulang kaibiganin ang tamang mga tao. Puwede rin itong mangahulugan na patayin natin ang maling musika at magsimulang makinig sa makadiyos na tugtugin. Ang pagsisisi ay isang 180 digring pag-ikot.

**Pagsisisi – Pagbabayad-Pinsala Hangga't Maaari.** Ang layunin ng Kristiyanismo ay ayusin ang lahat ng mali sa nakaraan at ihanda tayo para sa walang hanggang kaharian. Ang layunin ng Kristiyanismo ay gawin tayong walang kapintasan at walang katitisuran (1 Cor. 1:8, Efe. 1:4, 5:25, Col. 1:22, Judas 1:24). Kaya kailangan nating baguhin ang lahat ng nakalipas na obligasyon hanggat maaari. Sinasabi ng Mangangaral 3:15, "Ang nangyayari ay nangyari na; at ang mangyayari pa ay nangyari na; at hinahanap ng Diyos ang nakaraan na." Kaya, isinasaalang-alang ng Diyos ang nakaraan.

Si Zaqueo ay isang prominenteng maniningil ng buwis. Nang nakatagpo niya ang Panginoong Jesu-Cristo bilang Tagapagligtas nakahanda siyang ibigay ang kahalati ng kanyang pag-aari sa mahihirap at isauli (nang makaapat na beses) sa sinumang siningil niya ng labis. Sumagot si Jesus: "Dumating sa bahay na ito ngayon ang kaligtasan" (Luc. 19:8-9). Tunay na kung mayroon tayong dating pagkakautang, kailangan nating magkaroon ng mabuting konsiyensiya sa pamamagitan ng tamang hakbang na "Huwag magkautang ng anuman kaninuman" (Rom. 13:8). Nang si Cristo ay naging Tagapagligtas natin, tayo ay lubusang pinatawad, ngunit kailangan nating itama ang lahat ng nakaraang mga obligasyon natin sa tao. Marahil kailangan nating humingi ng tawad sa isang tao sa mga nakalipas na sakit o pinsala, at siguro ay dapat din nating alalahanin ang mga sumpaan ng pag-asawa at ang pamilyang napabayaan natin. Lahat nang ito ay bahagi ng taos-puso at tunay na espiritu ng pagsisisi.

**Pagsisisi – "Tinatanggap Ko Kung Ano ang Nararapat sa Akin."** Ang nagsisisi at hindi nagsisising espiritu ay inilalarawan sa atin sa kasulatan ng dalawang kriminal. Magsimula tayo sa unang kriminal, si Cain. Pinatay ni Cain ang mas nakababatang kapatid at hindi nagpakita ng anumang kalungkutan. Sa katunayan, ay walang malinaw na pag-amin ng kanyang krimen (Gen. 4:9). Dahil ayaw aminin ni Cain ang kanyang pagkakasala, sinabi ng Diyos na siya ay magpapagala-gala ng walang direksyon bilang isang takas at lagalag sa mundo. (Ang tunay na pagpatnubay ay tumitigil kapag tinanggihan ng tao na aminin ang kanyang kasalanan). Ang tanging ipinagdaramdam ni Cain ay na ang kanyang "kaparusahan ay higit sa kanyang makakaya" (Gen. 4:9-13). Kailanman man ay wala tayong makikita na anumang kalungkutan sa inosenteng pagkadanak ng dugo ng kanyang nakababatang kapatid. Ang kanyang pagtugon ay tipikal sa hindi nagsisising tao. Para bagang sinasabi niya," Tinrato ako nang hindi patas; masyadong matindi ang sentensiya sa akin; pinagbintangan ako."

Tayo ay may halimbawa din ng nagsisising magnanakaw sa krus. Ang mga salita niya bago mamatay sa kapwa-kriminal ay ganito: "Tayo [ay nahatulan] ng matuwid, sapagkat tinanggap natin ang nararapat na kabayaran sa ating mga gawa. Subalit ang taong ito'y hindi gumawa ng anumang masama" (Luc. 23:41). Pagkatapos ay sinabi niya, "Jesus, alalahanin mo ako pagdating mo sa iyong kaharian. At sinabi ni Jesus sa kanya, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ikaw ay makakasama ko sa paraiso" (Luc. 23:42, 43). Ang mahalagang katunayan ng tunay na pagsisisi ay kapag kayang sabihin ng isang indibidwal na,

“Tinatanggap ko kung ano nararapat sa akin.” Ang di-nagsisisi ay nagrereklamo lamang na ang kanyang sentensiya ay hindi makatarungan (cf. Awit 103:10).

Ang pagsisisi ay ang kakayanan na maamin ang ating mga kasalanan at *tanggapin* ang kaparusahan (Lev. 26:40,41). Ang saloobin ni Cain ay kadalasang makikita sa mga hindi mananampalataya. Kailanman ay hindi ibababa ni Cain ang kanyang sarili at aminin ang kanyang pagkakamali.

Kaya, nanirahan si Cain sa lupain ng Nod (Ang ibig sabihin ng Nod ay *gumala-gala*. Cf. Awit 68:6). Hindi ibibigay ng Diyos ang tunay na pagpapatnubay sa hindi nagsisisi. Tanging ang “nagsisising” mga banal lamang ang binigyan ng tunay na liwanag at tunay na pagpapahid upang gabayan sila nang ligtas sa paglalakbay sa buhay.

**Pagsisisi – Hindi Paghahambing ng Ating Sarili sa Iba; Hindi Pagbaling ng Sisi sa Iba.** Madaling mahulog sa bitag ng pagsusukat ng ating sarili sa iba at sa pag-aakalang ayos lang tayo bilang tayo. Ang lahat ng ating mga panukat espirituwal ay dapat na manggaling mula sa Pangulong Batong Panulok (Efe. 2:20), hindi mula sa iba. Ang tanong ay, “Paano ako magsusukat ayon kay Kristo?” Tayo ay napalaya mula sa pagkaalipin, hindi sa pagpapahayag ng mga pagkakamali ng ating kapwa, kundi ng ating sarili. Nang harapin ng Diyos si Job tungkol sa isang problema sa kanyang buhay, hindi niya sinabing, “Pero paano naman ang aking tatlong kaibigan; tingnan mo kung ano ang ginawa nila.” Pinagsabihan ng Diyos ang tatlong magkakaibigan kinalaunan – pagkatapos ipahayag ni Job ang *kanyang sariling problema* (Job 42:1-10).

“At sinabi niya sa kanila, “Akala ba ninyo na ang mga taga-Galileang iyon ay higit na makasalanan kaysa lahat ng mga taga-Galilea, dahil sila'y nagdusa nang gayon? Sinasabi ko sa inyo, Hindi! Subalit malibang kayo'y magsisi, mapapahamak din kayong lahat tulad nila. O ang labingwalo na nabagsakan ng tore sa Siloam at sila'y napatay, inaakala ba ninyo na sila'y higit na maysala kaysa lahat ng taong naninirahan sa Jerusalem? Sinasabi ko sa inyo, Hindi! Subalit malibang kayo'y magsisi, kayong lahat ay mapapahamak ding tulad nila.” (Luc. 13:2-5). Sa mga talatang ito, hinipo ni Jesus ang kritikal na bahagi ng pangangailangan sa tao – ang saloobin na “Hindi ako kasing-sama ng iba, kaya, mabuti rin ako.” Ang babala ng Panginoon sa sangkatauhan ay ganito: “Tigilan mo ang pagsusukat ng iyong sarili sa iba; sukatin mo ang iyong sarili sa mga pamantayan ng Diyos.”

Kapag hinaharap tayo ng Diyos sa mga isyu sa ating buhay, inaasahan Niya ang *isang makatotohanang pagkilala* mula sa atin. Hindi Niya tatanggapin ang mga pag-iwas o pagdadahilan tungkol sa mga isyu na Kanyang tinutukoy. Ang *pagdadahilan* ay maaaring ipakahulugan bilang sumusunod: “Upang mabawasan ang pagkakamali ng isa o kapabayaan; Upang subukang makalaya sa paninisi o responsibilidad; Upang ipawalang-sala ang sarili; Upang isaalang-alang ang isang kamalian na hindi mahalaga; Upang ilibre ang sarili sa kanyang obligasyon; Upang isipin sa kanyang sarili na tama siya, at nakahihigit sa karamihan.” Ang isang tunay na espiritu ng pagsisisi ay hindi umiiwas sa mga isyu, ni hindi rin niya binabawasan o isinasakatuwiran palayo ang isang pagkakamali o kasalanan. Ang tunay na pagsisisi ay umiiyak, “Panginoon, mali ako. Tulungan mo po ako at baguhin mo ako.”

**Pagsisisi – Buod**

Ang pagsisisi ay kaloob ng Diyos, ngunit kailangang isuko ng tao ang kanyang sarili sa kaloob na ito. Inalok ng Panginoon ng kaloob ng pagsisisi si Cain, ngunit tinanggihan niya ito (Gen. 4:8-9). Hindi kayang magbago ang tao kung walang kaloob ng pagsisisi (Rom. 2:4). Ang ating isip ay hindi kayang magbago at ang ating matigas na kalooban na hindi mababali hanggat hindi tayo natutunaw sa pamamagitan ng espiritu ng pagsisisi. Kailangan nating lumakad sa pagpapahid na ito araw-araw. Ang nagsisising espiritu (ang kakayahang magbago ng ating isip at pamamaraan) ay ang susi sa pagmamartsa pasulong sa ating Kristiyanong paglakad. Huwag tayong manatili sa ilang sa mga natitirang panahon ng ating buhay.

Si Esau ay “walang natagpuang pagkakataon upang magsisi” pagkatapos niyang ipagbili ang karapatan ng kanyang pagiging panganay (Heb. 12:16, 17). Ang ilang mga desisyon sa buhay ay hindi mababawi. Pagkatapos niyang ipagbili ang kanyang pagka-panganay, hindi na niya mababago ang kanyang isip at ibalik ito sa kanyang sarili. Ang pagka-panganay ay nawala na magpakailanman. Minsan tinatanggihan ng mga tao ang sunod-sunod na babala galing sa Diyos hanggang sa huli ay sasabihin na Niyang, “Hindi na ako makikiusap sa iyo. Mananatili ka nang naka-kandado sa pagpili na ginawa mo; hindi ka na magbabago” (Hukom 2:1-4).

*Ang paghihimagsik* ay isa pang halimbawa na kung saan ang mga tao, ay bihira lang, kung sakali, tumanggap ng kaloob ng pagsisisi. Hindi sang-ayon ang Diyos sa mga tao na kumakalaban sa isang lider at pinipilit na ibagsak ang kanyang posisyon. Kapag sinasabi ko ang pagsisisi, tinutukoy ko ang abilidad na mabali at magbago. Ang mga mananampalataya na kumakalaban at tinatangkang pabagsakin ang mga lider ng Diyos, kadalasan, sa huli ay nagiging mapait at hindi pinagpapala ng Diyos. Isang *seryosong* bagay ang pumunta sa walang hanggan na galit at mapait. Tinatanong ko kung nakahanda ba ang taong iyon sa langit sa ganoong kalagayan!

# TUNAY NA PANANAMPALATAYA

*Ang pananampalataya ay lubusang higit sa karaniwan*. Ito ay nanggagaling lamang sa Diyos. Bawat pagpapala o kaloob na taglay natin ay tinanggap "sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya" (Efeso 2:8). Ang pananampalataya ay "hindi sa ating sarili; ito ay kaloob ng Diyos." Ang pananampalataya ay tulad sa isang tiket. Kung ito ay ihihiwalay mo kay Jesu-Cristo, ito ay walang bisa. Ang pananampalataya ay hindi nagagawa sa natural na pag-iisip o binobomba katulad ng isang gulong. Ito ay purong banal. Ang tunay na pananampalataya ay nagmumula sa isang malapit na relasyon sa May-akda ng ating pananampalataya (Heb. 12:2).

*Ang pananampalataya ay isang bunga at kaloob ng Espiritu* (Gal. 5:22, 1 Cor. 12:9). Tinutulungan tayo ng pananampalataya (bilang isang *bunga* ng Espiritu) sa madidilim na panahon. Umiyak si Job sa kanyang pinakamadilim na sandali, "Ngunit nalalaman niya ang daang nilalakaran ko; kapag ako'y kanyang nasubok, ay lalabas akong parang ginto" (Job 23:10). Ang kaloob ng pananampalataya ay iba - pinapalaya nito ang matinding kapangyarihan at nag-aalis ng mga bundok (Mar. 11:22-23). Ang kaloob ng pananampalataya ay isang susi sa nagbubukas ng mga pintuan sa buhay ng mga tao. Ang tunay na pananampalataya ay isang banal na bahagi mula sa Diyos. Hindi ito binobomba katulad ng isang gulong. Kapag ang tunay na pananampalataya ay pumasok sa ating pagkatao, napakahirap magduda.

*Ang pananampalataya ay hinahadlangan ng talino.* Ang pananampalataya ay hindi nanggagaling sa lohika o natural na isip. Ito ay isang bagay na nilalagay ng Diyos sa ating puso. Kaya, kailangan nating magkaroon ng tamang kondisyon ng puso upang matanggap ang pagbahagi ng pananampalatayang ito. Maaari tayong *maniwala* sa isang pangako ngunit walang pananampalataya na mangyayari ito. Ang pananampalataya at paniniwala ay magkaiba. Kapag pumasok ang pananampalataya sa ating puso, kikilusin nito ang ating pangako at dadalhin sa katuparan ang pangakong iyon.

Ang Salita ng Diyos na ipinangaral mula sa pulpito ay maaaring makapangyarihang pinahiran. Ngunit kung ang mensahe ay hindi *tinanggap* nang may pananampalataya, wala itong pakinabang sa atin (Heb. 4:2). Kahit ang Panginoon ng kaluwalhatian ay hindi nakagawa ng mga dakilang bagay sa Nazareth dahil sa hindi paniniwala (Mar. 6:5-6). Ano ang bumabara sa pag-agos ng pananampalataya sa ating buhay? Ang natural na lohika, kadalasan, ay isa sa mga pangunahing hadlang sa tunay na pananampalataya. Hindi natin dapat piliting "bombahin pataas" ang pananampalataya o umasa sa kapangyarihan ng positibong pag-iisip. Ang positibong pag-iisip sa kanyang sarili ay hindi pananampalataya, bagamat ang positibong saloobin ay mahalaga. Kaya, gusto kong ulitin ito: ang *tunay na pananampalataya* ay isang kaloob mula sa Diyos mismo, hindi ito sa tao.

Ang utak ay hindi nilayon na maging ating panginoon kundi ating alipin. Kapag ang isang tao ay masyadong mapanuri, ang pananampalataya ay hindi makakadaloy. Ang Hapon ay napakataas sa talino at dahil dito, ang pananampalataya ay hindi madaling tanggapin. Napakahirap mangaral doon. Nang si Paul Yonggi Cho ay nagministeryo sa Hapon ilang taon na ang nakalilipas, mabuti na para sa kanya kung may 1200 na dumadalo sa kanyang mga gawain. Ang pagtugon sa kanyang mensahe ay napakaliit, at kaunting mga tao lamang ang nakatanggap ng kanilang kagalingan o himala. Sa Pilipinas at sa iba pang

mga lugar, madalas nagkakaroon siya ng 40,000 na dumadalo sa kanyang pagtitipon na napakaraming gumagaling. Ang mentalidad ng mga Hapon ay ito: Mas mabuti ang magtrabaho kaysa manalangin." Ang pinakamalaking balakid nila sa pagtanggap ng mga pagpapala ng Diyos ay isang dominante, palalong kaisipan. Kailangan nating alalahanin na ang natural na isip ay *isang kaaway* ng Diyos (Rom. 8:7, cf. 1 Cor. 1:21).

*Ang pananampalataya ay kailangang palakihin.* Ang ating pananampalataya ay kailangang lumago. Upang mailagay ito ng wasto, ang ating kakayahang tumanggap ng pananampalataya ng Diyos ay dapat palawakin. Sa ibang kahulugan, ang pananampalataya ay tulad ng isang kalamnan: kailangang mag-ehersisyo upang lumago. Ito ay nalilinang sa pamamagitan ng pamumuwersa, oras, at ehersisyo. Si Abraham ay malakas na lumago sa pananampalataya (Rom.4:19-22). Ang Diyos ay nagbigay sa bawat isang anak ni Abraham ng *sukat* ng pananampalataya (Rom. 12:3), ngunit ninanais Niya na palakihin ang sukat na iyon ng pananampalataya.

*"Magkaroon ng pananampalataya ng Diyos."* Ang literal na pagkagamit ng Marcos 11:22 ay: "Magkaroon ng pananampalataya ng Diyos." Kaya, ito ay pananampalataya ng Diyos, hindi ating pananampalataya. Sinabi ni Pablo na nabuhay siya sa pamamagitan ng pananampalataya ng Anak ng Diyos, hindi ng kanyang sarili (Gal. 2:20). Ang kondisyon ng ating puso ang magpapasiya kung ang pananampalataya ng Diyos ay makasusumpong ng isang daan papasok sa ating pagkatao. Ito ang dahilan na nilagay muli ng Diyos ang responsibilidad pabalik sa tao at sinasabing, "Nasaan ang iyong *pananampalataya?*" (Luc. 8:25). Sinasabi Niyang: "Bakit napakatigas ng iyong puso at ayaw tumanggap ng Aking pananampalataya ay hindi makakilos sa iyong buhay?"

*Ang pananampalataya ay nahahadlangan ng katigasan ng puso.* Ang katigasan ng puso at di-paniniwala ay magkaugnay (Mar. 6:52, 16:14). Ang pananampalataya ay gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig (Gal. 5:6). Ang pananampalataya ay gumagawa sa isang malambot na puso, sa isang puso ng pag-ibig. Pinatitigil ng katigasan ng puso ang buhay na pagdaloy ng pananampalataya. Kapag ang mga tao ay tumalikod sa pananampalataya, inihahayag nito na mayroong mga hindi nalutas na problema sa kanilang mga puso (Heb. 10:38). Kapag ang isang tao ay may *moral na pagkasira* sa kanyang buhay, ang pananampalataya at pang-unawa ay umaalis sa kanya, at nagsisimula siyang magkaroon ng katanungan kahit na sa pinakasimpleng pundasyon ng katotohanan ng Kristiyanismo. Gayundin, ang maling mga *motibo* ay nakakasira sa kakayanan ng isang tao na maniwala (Juan 5:44).

*Ang pananampalataya ay hindi darating sa walang ginagawa.* Minsan sinasabi ng tao, "Kung gusto ng Diyos na ito ay mangyari, ito ay mangyayari!" Hindi, ito ay maaaring hindi mangyari. Tanging mga masigasig na naghahanap lamang ang tumatanggap ng pananampalataya at kasagutan na kailangan nila (Luc. 11:9, 10). Sinabi ng Diyos, "Matatagpuan ninyo Ako, kapag hinanap ninyo Ako nang inyong buong puso" (Jer. 29:13). Inaakala ng ilan na ang pananalangin sa pangalawang pagkakataon ay di-paniniwala. Sa kanila, ang pananalangin sa pangalawang beses ay nagpapahiwatig na hindi ka naniwala na dininig ka ng Diyos nung unang beses, pero hindi ito totoo. Ang katotohanan ay, ang panalangin ay mabigat na gawain. Katamaran ang kadalasang dahilan kung bakit ang ating mga panalangin ay hindi tinutugon. Kinailangang manalangin ni Elias nang pitong beses para dumating ang ulan. Huwag sumuko sa unang

pagsubok. Dinidebelop ng Diyos sa atin ang karakter sa pamamagitan ng paghihintay at ginagawa tayong maging aktibo na kamtan ang isang kasagutan.

### Ang Pangangailangan Para sa Balanseng Mensahe ng "Pananampalataya"

Kapag may hinahangad tayo na isang bagay mula sa Diyos, hindi natin puwedeng basta na lang "angkinin" ang isang talata sa Kasulatan at pagkatapos ay asahang tutugon ang Diyos sa ating kahilingan. Ito ay pagsasapantaha, hindi pananampalataya. Sa halip, dapat magtanong tayo sa Panginoon upang malaman kung ano talaga ang hinahangad Niya para sa ating mga buhay sa sandaling iyon. Kailangang *buhayin* ng Diyos sa Kanyang kapangyarihan ang isang pangako o talata bago ito maging *buhay* sa atin at bago ito maging sariling atin.

Isang seryosong problema ang lumilitaw kapag tumitingin tayo sa kasulatan para sa direksyon. Ang isang bagay ay, mayroong 31,102 mga talata. Kung gayon, kapag kailangan natin ng gabay, mayroong higit sa tatlumpung libong sagot na pu-puwedeng pagpilian. Pagbulayan natin ang ilustrasyon sa baba:

| **Sinasabi ng Ilang Kasulatan ay:** | **Sinasabi ng Ibang Kasulatan ay:** |
|---|---|
| "Tumigil" | "Magpatuloy tayo" |
| "Huwag mo Akong tanungin" | "Bakit hindi mo Ako tinanong?" |
| "Maghintay" | "*Ngayon* ang katanggap-tanggap na oras" |
| "Alalahanin ang nakaraan" | "Kalimutan ang nakaraan" |
| "Maghanda para sa hinaharap" | "Huwag mag-alala sa hinaharap" |
| "Mag-asawa, magkaroon ng mga anak" | "Mas mabuti ang hindi mag-asawa" |
| "Magkaroon ng kasaganaan" | "Makontento sat ama lang" |
| "Pagagalingin kita" | "Mamatay ka at hindi mabubuhay" |
| "Manirahan ka sa lugar na ito" | "Ipapadala kita sa malayo" |
| "Ipaglalaban kita" | "*Ikaw* ang magpalayas sa mga kaaway" |
| "Ibababa kita" | "Itataas kita" |
| "Ito ang araw ng kasiyahan" | "Ito ang araw ng pagtangis" |

*Kahit ang kinasihang mga kasulatan ay maaaring maging pagkakamali kapag mali ang aplikasyon nito o ginamit sa hindi kapanahunan.*

Kung titingnan natin ang ilustrasyon sa taas, ang kasulatan ay nagtataglay ng malawak na saklaw ng mga pamamaraan na ginamit ng Diyos upang bigyan ng direksyon ang Kanyang bayan sa nakaraan. Ang tanong ay: *anong* halimbawa sa Bibliya ang pipiliin natin kapag kailangan natin ng direksyon? Anong mga talata ang naaangkop sa kasalukuyan nating kalagayan? Sinabihan si Abraham na umalis sa bahay ng kanyang ama (Gen. 12:1, Gawa 7:3). Sina Jesus at Pablo ay pinabalik sa kanilang tahanan (Luc. 2:51, Gawa 9:30). Kaya, makikita natin ang ating pangangailangan para sa *espisipikong salita* mula sa Diyos. Ang paggamit ng mga pangkalahatang prinsipyo ng kasulatan sa ating mga sitwasyon ay hindi sapat; kailangan natin ng isang buhay, nagbibigay-buhay, at eksaktong salita mula sa Diyos para sa bawat sitwasyon. Ito ang pagkakaiba sa pagitan ng salitang *logos* at salitang *rhema*.

## Dalawang Griyegong Paggamit para sa "Salita"

Ang *salita* ay puwedeng gamitin sa dalawang paraan sa orihinal na Griyego ng Bagong Tipan. Logos ang sinulat na Salita ng Diyos, ang kasulatan. *Rhema* ang binuhay na salita (inilawang salita mula sa kasulatan, o sa iba). Ang logos ay ang *sinabing* salita. Ito ang nakaraan, naitatag, na nasulat na Salita ng Diyos. Inuutusan tayo ng Santiago 1:21 na "tanggapin na may kaamuan ang *salitang* itinanim, na makapagliligtas sa inyong mga kaluluwa." Ang logos ang 31,102 talata ng kasulatan na nagtataglay ng hindi nagbabagong mga batas, pamantayan, at utos ng Diyos. (Ibang mga talata kung saan ang logos ay ginamit: Mar. 7:13, Luc. 3:4, Juan 8:31, 15:3, Gawa 20:35, Col. 3:16, 1 Tim. 5:17, 2 Tim. 2:15, Sant. 1:22-23, 1 Ped. 1:27, Pah. 6:9, at iba pa).

Ang "logos" ang *sinabing* salita ng Diyos; ang "rhema" ay ang *sinasabing* salita ng Diyos. Ang salitang *rhema* ay pinili, espisipiko, binuhay na salita mula sa Diyos. Kadalasan ito ay nanggagaling sa logos (o sinulat) na Salita, o mula sa ibang mga kaloob ng Espiritu, pero hindi nito sinasalungat ang nakasulat na na Salita. Ang salitang rhema ay *kasalukuyang* salita mula sa Diyos sa ating puso. Ito ay ginamit sa Lucas 4:4 kung saan sinabi ni Cristo, "Ang tao ay hindi nabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat [rhema] ng Diyos." Ang tao ay tinuruang manalangin para sa "araw-araw ng tinapay" (o sariwang salita mula sa Diyos bawat araw). Ang Iglesya ay hinugasan sa kanyang karumihan sa pamamagitan ng [rhema] ng Diyos (Efe. 5:27), hindi ng logos lamang. Saan nanggagaling ang pananampalataya? Sinasabi sa atin ng Roma 10:17 na ang pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, hindi ng logos, kundi ng [rhema] ng Diyos. Ang pananampalataya ay hindi dumarating sa pamamagitan ng "pag-angkin" ng isang *logos* na salita. Ang pananampalataya ay dumarating sa makapangyarihang pagbibigay sa atin ng Diyos ng isang *rhema* na salita. Ang mga salitang rhema ay dumarating sa mga masigasig na naghahanap sa Diyos.

## Sobra-sobrang Pananampalataya (*Hyper Faith*)

Ang kaloob ng pananampalataya ay tunay na sobrenatural. Hindi ito paniniwala, hindi ito positibong saloobin, at hindi ito kompiyansa sa Diyos. Wala sa mga ito. Sa halip, ito ay makalangit na bagay. Ito ay bigay ng Diyos at ito ay dumarating sa pakikinig ng *rhema* na salita (Rom. 10:17). Hindi maaaring basta-basta na lang tayo pipili ng talata at "kunin ito sa pananampalataya." Ang mga pangako mula sa banal na kasulatan ay magiging atin lamang kapag ang mga ito ay binibigay sa atin ng Diyos. Ilang taon na ang nakararaan, sinubukan ng ilang babae na lumakad sa tubig. Inakala nila, na "Kung nagawa ito ni Pedro, magagawa rin namin. Ang Diyos ay pareho pa din ngayon kung sino Siya noon." Lahat ng mga babae ay nalunod at ito ay naging kadustaan sa komunidad. Ginawa nila ito sa *logos* na salita sa pagtatangkang ulitin kung ano ang naging *rhema* kay Pedro nang sinabi sa kanya ng Panginoon na "Halika" (Mat. 14:28, 29).

Ang mensahe ng pananampalataya ngayon ay may katotohanan, ngunit hinihila nito ang katotohanan nang napakalayo kapag binibigyang-diin nito ang *logos* sa halip na ang *rhema* ng Diyos. Pinangaralan ang mga Kristiyano: "Basta paniwalaan mo ito, basta ipahayag ito, basta angkinin ito, kunin mo lamang ang Diyos sa Kanyang Salita at ito ay magiging iyo." Ang mga ito ay panghihikayat na panghawakan ang *logos*, ngunit ang pananampalataya ay hindi dumarating sa pamamagitan ng logos, kundi sa pamamagitan ng

*rhema* na salita ng Diyos (Rom. 10:17). Ang pananampalataya at paniniwala ay magkaiba! Ang paniniwala ay madalas na maipagkakamali sa pananampalataya.

Ang paniniwala ay isang saloobin: "Panginoon, naniniwala ako na kaya Mo." Ang paniniwala ay maaaring *magdala* sa pananampalataya, pero hindi ito pananampalataya. Ang tunay na pananampalataya ay isang bagay. Kapag ang Diyos ay nagbibigay ng pananampalataya sa atin, *palagi* nitong dinadala ang kasagutan. Ang pananampalataya ay isang pagbabahagi mula sa Diyos at ito ay dumarating sa ating puso sa pamamagitan ng *binuhay* na salita. Ang kaloob ng pananampalataya ay hindi mental na saloobin o kompiyansa sa Diyos. Ang tunay na pananampalataya ay isang buto na nilalagay ng Diyos sa atin, isang binuhay na buto – isang rhema na salita. Bagamat kailangan nating sanayin ang ating sarili na mag-isip ng positibo at gumawa ng tamang pagpapahayag, ito mismo ay hindi pananampalataya. Ang pananampalataya ay banal.

Minsan sa kanyang buhay, si Paul Yonggi Cho ng Korea, ay nangailangan ng limang milyong dolyares. Habang iniisip niya ang kanyang sitwasyon, siya ay nahirapan, nabahala at nag-alala. Pagkatapos ay nagsimula siyang nanalangin! Siya ay *naniniwala* sa Diyos para sa kasagutan. Siya ay nanalangin, nanalangin, at nanalangin, at pagkatapos ang pananampalataya ng Anak ng Diyos ay dumating sa kanyang pagkatao.

Nilagay ng Diyos ang Kanyang pananampalataya kay Yonggi Cho at siya ay nagsimulang magalak. Bagaman ang mga pondo ay hindi pa dumarating, alam niya na ang mga ito ay parating na. Ang pananampalataya mismo ay bagay (Heb. 11:1), at ang pananampalatayang iyon ay dumating sa kanyang espiritu. Ang limang milyong dolyar ay dumating din.

Ang mga mensahe ng *hyper-faith* ay waring sinasaway ang diyablo para sa lahat ng bagay. Ito ay umaasa sa *mabibilis* na resulta, pero minsan ang Diyos ay may isang *talaorasan* para sa ating kagalingan o himala. Halimbawa, may isang lalaki na may malalang problema sa *thyroid* sa loob ng labing walong buwan. Sa panahon ng kanyang karamdaman nilagyan siya ng Diyos ng kahabagan. Dati, siya ay magaspang at walang pasensiya sa iba, ngunit sa panahon ng kabagabagan, ginawa siya ng Diyos na mahinahon sa kanyang espiritu at pagkatapos siya ay pinagaling Niya. Ito ang dahilan kung bakit hindi natin palagi puwedeng "kunin ang kapamahalaan" sa lahat ng bagay *ngayon mismo*. Ang Diyos ay may nakatakdang panahon para sa pagpapalaya (Ecc. 3:1-8).

Ang samahan ng *hyper-faith* ay nakaakit ng maraming mga tagasunod. Marami ay mga bumagsak sa kanilang mga buhay o nanggaling sa mga patay sa espirituwal na mga iglesya, o kaya sila ay nasa ibang uri ng pagkaalipin. Ang mensahe ng pananampalataya ay humikayat sa marami dahil sila ay sinabihang: Kayang magpagaling ng Diyos, nagbibigay ng probisyon ang Diyos, ang Diyos ay nagbibigay ng kagalakan at kapayapaan, nagsasalita ang Diyos, at maaari Siyang magsalita sa iyo araw-araw; puwede kang maging kilala, at puwede kang magtagumpay." Dahil desperado ang mga tao na marinig ang lahat ng mga bagay na ito, ang mensahe ng pananampalataya ay nagbigay ng pag-asa sa marami. Sa kabila ng pagkahalo at kawalan ng balanse sa ilang mensahe ng pananampalataya ngayon, ito ay nakatulong sa marami sa isang banda. Gayunpaman, ang ating pananampalataya ay kailangang dalisayin.

Sinabi ni Pedro, “Upang ang kadalisayan ng inyong pananampalataya na mas mahalaga kaysa gintong nasisira, bagama’t ito’y sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay mauwi sa kapurihan, kaluwalhatian at karangalan sa pagpapakita ni Jesu-Cristo” (1 Ped. 1:7). Ang ating pananampalataya ay kadalasang nahaluan ng pagsasapantaha katulad ng natutunan ni Pedro ng mas maaga sa kanyang buhay. Pinapangaralan din tayo ni Pedro na *idagdag ang pitong bagay* sa ating pananampalataya (2 Pedro 1:5-9). Sinabi niya na kung ang pitong mga bagay na ito ay nasa atin at sumasagana, hindi tayo babagsak. Nagbabala din siya na kung ang pitong mga katangian na ito ay hindi maidaragdag sa ating pananampalataya, tayo ay mabubulag at hindi makakakita sa mas malayo. Halimbawa, tayo ay inutusang idagdag ang kabutihan sa ating pananampalataya. Ang kabutihan ay *kahusayang moral*. Si Samson ay may pananampalataya, ngunit hindi niya dinagdag ang moral na kadalisayan sa kanyang pananampalataya, at nawala niya ang kanyang pangitain.

**Mga Hakbang Na Nagdadala sa Tunay na Pananampalataya**

Ang rhema (binuhay na salita) ay nanggagaling mula sa relasyon sa Diyos at sa patuloy na paghahanap sa Kanya para sa direksyon sa bawat bagay. Narito ang ilang simpleng mga hakbang na nagdadala sa tunay na pananampalataya.

***1). Pagsunod*** – tayo ay kinokondisyon ng pagsunod para sa isang naniniwalang puso. Kailangan nating sumunod, kahit hindi natin maintindihan ang lahat ng mga detalye.

***2). Isang Naniniwalang Puso*** – ito ay isang saloobin, “Panginoon, alam kong kaya Mo.” Ito rin ay positibong pagpapahayag.

***3). Tunay na Pananampalataya*** – ito ay banal na bahagi mula sa Diyos. Ang naniniwalang puso at isang tamang pagpapahayag ay hahantong sa pananampalataya.

Ang Israel ay hindi *sumunod*; kaya, hindi sila *makapaniwala* at wala silang *pananampalataya*. Lahat sila ay namatay sa ilang. Sina Caleb at Josue ay sumunod, na nagresulta sa pusong naniniwala at tamang pagpapahayag – na humantong sa makadiyos na pananampalataya.

## Ang Kahinaan ng mga Prinsipyo ng Seminar

Dineklara ni Jesus, “Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang aking mga salita [o logos] ay hindi lilipas” (Mat. 24:35). Ang mga prinsipyo ng Bibliya ay isandaang porsyentong totoo! Walang sinumang mananampalataya ang makikipagtalo tungkol diyan kailanman. Ang isyu, kung gayon, ay hindi ang paniniwala natin sa pagiging tunay ng Salita ng Diyos o ang mga prinsipyo nito. Ang ating problema ay sa pagkaalam kung *saang* prinsipyo sa Bibliya ang gagamitin sa bawat sitwasyon. Bawat sitwasyon (at tao) ay iba, kaya, ang partikular na susi ay kailangan sa bawat oras. Ang kasagutan na nangyari para sa isa ay maaaring hindi mangyari sa iba pa. Sa kaharian ng Diyos, ay walang *liyabe-maestra* na saktong kumakasya sa bawat isang espirituwal na pinto ng bilangguan. Isang espesyal na susi ang kailangan para sa ating sariling paglaya at gayundin ng ating kapwa. Kaya, nakikita natin ang

pangangailangan para sa biyaya ng Diyos – ang pangangailangan para sa *rhema* na salita mula sa Diyos.

Gayunman, ang mga prinsipyo sa seminar ay may posibilidad na ilagay ang mga tao, mga sitwasyon, at mga problema sa mga *kategorya*. Narito ang kahinaan ng "mga prinsipyo." Maraming mga simpleng sitwasyon at problema ay nareresolba sa pamamagitan ng teorya sa simula pa lamang. Bawat problema ay sinusuri at nareresolba na may katugunan na sinusuportahan ng Kasulatan. Binibigyan tayo nito ng kakayanan na magkaroon ng paunang sagot para sa bawat problema na dumarating. Kapag dumarating ang problema sa atin, ang kailangan lang nating gawin ay pumunta sa salansanang kabinet natin at hanapin ang isang partikular na pamagat upang malaman kung ano ang gagawin. Ito ay sistematiko, ito ay lubos na sinusuportahan ng Kasulatan, at ito ay garantisadong mangyayari kung susundin lang natin ang mga tagubilin nang isa isa. Isa lamang ang problema sa pamamaraang ito – hindi ito gumagana!

Hinihimok tayo ng "prinsipyo" na umasa sa nakaraang naikategoryang karanasan sa halip na hanapin ang Diyos para sa isang sariwa at malinaw na salita para sa ating sitwasyon. Ang mga prinsipyo ay nagbibigay sa atin ng isang *aklat ng tuntunin*. Lahat ng sagot ay naipaliwanag na sa atin. Kapag mayroon na tayong mga prinsipyo na nakaayos na, hindi na natin kailangang hanapin pa ang Diyos para sa biyaya. Sa katunayan, hindi na natin kailangan pa ang Diyos dahil mayroon na tayong mga sagot, ngunit ang tanong ay, ang mga iyon ba talaga ang kasagutan ng *Diyos*?

Pilit na humingi ang Israel ng hari samantalang ang Panginoon ang kanilang hari (1 Sam. 8:5-7, 12:12). Gusto nila ng panginoon na makikita nila, maririnig, at mahahawakan. Gusto nila ng bagay na mas nahahawakan. Kinamumuhian ng bayan ng Diyos ang mamuhay sa pananampalataya. Ang paglakad sa Espiritu ay masyadong hindi maipaliwanag, at ang pagtitiwala sa isang Diyos na hindi nila nakikita ay masyadong hindi tiyak para sa kanila. Gusto nila ng hari na mangunguna sa kanila. Maraming mga dahilan kung bakit ayaw ng mga tao na pagharian sila ng Panginoon. Mas madali ang magkaroon ng isang hari. Puwedeng ipaliwanag lohikal ng mga hari kung ano ang iniisip natin na kailangan nating marinig, at higit sa lahat, hindi na natin kailangang mabuhay pa sa pananampalataya. Kung hindi tayo magiging maingat, ang isang aklat ng mga alituntunin ay maaaring maging "hari" natin. Isa sa mga tanda ng pagkawala ng ating paglakad sa Espiritu ay pagpapalit ng ating relasyon sa Diyos *para sa mga prinsipyo* (2 Cor. 3:6).

Ayaw nating mabuhay sa pananampalataya; nilalabanan natin ang di-kilala. Nais palagi ng tao na malaman kung ano ang nangyayari at kung paano ang kalalabasan ng lahat. Gusto natin ng paliwanag sa ating mga kalagayan at ito ay gusto natin *ngayon*. Gusto nating nakabalangkas na ito para sa atin. Ito ang dahilan na ang mga "prinsipyo" at sikolohiya ay pumupukaw sa ating lohika. Ang mga prinsipyo ay palaging makapagbibigay sa atin ng paliwanag, ngunit maaaring hindi sila ang paliwanag ng Diyos. Paano kung hindi ninanais magsalita ng Diyos sa atin ngayon kagaya sa pagsubok ni Job? Hindi nilayon para kay Job na maintindihan ang kanyang pagsubok. Minsan ang Diyos ay tahimik. Kung ipinaliwanag ng Diyos ang lahat kay Job at pinakita sa kanya ang kalalabasan ng kanyang pagsubok, maaaring makasira ito kung ano ang ginagawa ng Diyos sa kanyang buhay. Sa ilang

sitwasyon, hindi ninanais ng Diyos na bigyan tayo ng liwanag (Isa. 50:10) at kailangan nating magtiwala sa Kanyang karakter. Kapag tayo ay nasa apoy, puwede nating gamitin ang bawat teoriya at prinsipyo sa aklat. Sa panghuling pagsusuri, hindi talaga sila gumagana. Ang tanging bagay lang na magagawa natin ay umiyak sa Diyos para sa Kanyang *biyaya* na napagpapanatili sa buhay, at iyon ang tiyak na nais ng Diyos na gawin natin.

Hindi natin binabawasan ang mga naitatag na katotohanan, ngunit nagbababala laban sa labis na pag-depende sa mga prinsipyo bilang mga sagot para sa lahat ng bagay. Ang kaayusan ng Diyos sa iyong buhay ay maaaring iba sa kaayusan ng Diyos para sa iba. Kailangan nating hanapin ang kaayusan ng Diyos para sa *ating* buhay. Halimbawa, iminumungkahi ng ilang mga tagapagturo ang pagkakaroon ng maraming anak, samantalang itinuturo naman ng iba na dapat kaunti lang o wala. Ngunit ang mahalagang desisyon na ito ay isang bagay ng personal na kombiksyon mula sa Diyos at iyan ay dumarating mula sa isang malapit na relasyon sa Kanya.

**Buod ng mga Prinsipyo**

• Ang problema natin ay hindi mga prinsipyo, kundi ang malaman kung *anong prinsipyo* ang gagamitin sa bawat sitwasyon. Kaya, kailangan natin ng isang rhema na salita.

• *Walang liyabe-maestra* na perpektong nagkakasya sa sitwasyon ng bawat isa. Kailangan natin ng espesipikong susi sa bawat sandali.

• Ang pagdepende sa naikategoryang mga prinsipyo ay humahadlang sa atin na hanapin ang Diyos para sa isang sariwang salita.

• Ayaw nating mabuhay sa pananampalataya. Ang mga prinsipyo, natural na lohika, at sikolohiya ay pumupukaw sa natural nating pag-iisip.

• Ang pagdepende sa isang nakatakdang mga prinsipyo, isang aklat ng tuntunin ay pagtanggi sa Panginoon bilang ating hari. Ang mga prinsipyo ang nagiging bagong hari natin.

• Ang mga prinsipyo ay palaging nagbibigay ng kasagutan sa atin, subalit minsan ay hindi nangungusap ang Diyos.

• Hindi natin dapat ipagpalit ang espirituwal na ministeryo para sa isang *intelektwal na ministeryo*, isang ministeryo ng mga prinsipyo.

# TUNAY NA PAGSAMBA

*"Subalit dumarating ang oras at ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan, sapagkat hinahanap ng Ama ang gayong mga sumasamba sa kanya" (Juan 4:23)*

Ang Juan 4:23 ay kapahayagan ng puso ng Diyos. Ang Ama ay naghahanap ng mga tunay na mananamba, yung mga sasamba sa kanya sa Espiritu at sa katotohanan. Ang tunay na pagsamba ay nangangailangan ng isang buhay na lubusang nakasuko sa Diyos. Ang tunay na pagsamba ay kapag minamahal natin ang bawat bahagi ng Diyos ng bawat bahagi ng ating sarili. Ang tunay na pagsamba ay kapag tayo ay lubos na Kanya.

**Kabilang sa Tunay na Pagsamba ang mga Sumusunod:**

- **Ang Tamang Musika**
- **Isang Naniniwalang Puso**
- **Isang Pananaw na Umaasa**
- **Mapagpasalamat na Espiritu**
- **Buhay na Masunurin**
- **Isang Pusong Walang Pagkatisod laban sa Iba**
- **Pag-aalay ng mga pinakanaisin natin sa Kanyang Paanan**
- **Ang Pagkatanto na Tayo ay Para sa Iba**
- **Ang Mapuno Ng Isa na Ating Sinasamba**
- **Pagpapasakop sa Ilalim ng Kapamahalaan ng Diyos**
- **Isang Pusong Natuli**
- **Ang Pagpapatirapa ng ating Sarili sa Kanyang Harapan**

> Ang tunay na pagsamba ay kapag minamahal natin ang bawat bahagi ng Diyos ng bawat bahagi ng ating sarili. Ang dalisay na pagsamba ay kapag tayo ay lubos na Kanya.

**Ang Tamang Musika**. Ang ating musika ay dapat maging tama upang masamba natin ang Diyos sa Espiritu at sa katotohanan. Ang *kabanalan* ay may kaugnayan sa tunay na pagsamba. Inaanyayahan tayo ng Kasulatan na sambahin ang Panginoon sa kagandahan ng Kanyang kabanalan (Awit 96:9). Kung ang ating musika ay makamundo at nahaluan ng mga liriko ni Satanas at tunog ng mundo, hindi natin maaaring sambahin ang Diyos sa kagandahan ng kabanalan. Nais ng Diyos na dalisayin ang ating musika! Pagkatapos ng gawain ng pagpupuri sa Exodo kapitulo labinglima, ang musika ng Israel ay lumala sa isang *ingay* (Exo. 32:17-19). Ang dahilan kung bakit lumala ang kanilang musika ay dahil ang kanilang relasyon sa Diyos ay nanghina. Ang musikang pinakikinggan natin o tinutugtog ay nagsasabi ng higit tungkol sa kondisyon ng ating puso at ating relasyon sa Diyos.

**Isang Pusong Naniniwala.** Lahat ng tunay na pagsamba ay dapat na manggaling sa isang puso ng paniniwala. Ang pinakaunang tungkulin ng tao ay maniwala (Juan 6:28-29). Isang insulto sa Diyos kapag hindi Siya pinaniniwalaan ng tao. Ang hindi paniniwala sa Diyos ay hindi pagsang-ayon sa Diyos at ito ay nakakapighati sa Kanyang Espiritu (Amos 3:3). Kapag nagsasalita sa atin ang Diyos, inaasahan Niya na sasang-ayon tayo sa Kanya. Ang pagkikipagsang-ayon sa Diyos ay nakasisiya sa Kanyang puso. Ang dahilan kung bakit si Abraham ay napakabuting mananamba ay dahil sumang-ayon siya sa lahat ng sinabi ng Diyos sa kanya. Ang naniniwalang puso ay nakakapagbigay kasiyahan sa puso ng Diyos, at ito ang

pinakamahalagang adhikain ng tunay na pagsamba.  Nawa ay maitaas natin ang ating mga kamay sa Diyos nang walang galit o *pag-aalinlangan* (1 Tim. 2:8).

**Isang Pananaw na Umaasa.** Kapag tayo ay sasamba sa Diyos, kailangan nating lapitan ang Panginoon na may isang saloobin ng malalim na kapakumbabaan at pagdepende sa Kanya (Mat. 5:3).  Ang totoo ay, hindi natin alam kung papaano ang tamang pagsamba. Ni hindi rin tayo makahanap ng daan sa presensiya ng Diyos maliban na makapangyarihan Niya tayong bigyan ng Kanyang biyaya sapagkat ang daan ay *nakatago*.  Nanalangin si David: "O suguin mo ang iyong liwanag at ang iyong katotohanan; patnubayan nawa ako ng mga iyon, dalhin nawa nila ako sa iyong banal na bundok, at sa iyong tirahan!" (Awit 43:3, 65:4).  Ang tunay na pagsamba ay lubusang nakaugat sa biyaya ngunit ang biyaya ay ibinibigay lamang sa mga mapagpakumbaba.  Ang malalim na kapakumbabaan ay kinakailangan upang lubos na malapitan ang Panginoon at makapasok sa mga katotohanan ng dalisay na pagsamba (Isa. 57:15).

**Mapagpasalamat na Espiritu.** Ang *pagpapasalamat* ay isang saloobin ng puso na pinagtatagumpayan ang lahat ng kapaitan at pamumuna, sa gayon, inihahanda ang ating mga puso para sa pagsamba na nagtataas sa ating Tagapaglikha.  Imposibleng sumamba sa Diyos sa Espiritu at sa katotohanan kung mayroong hindi pagpapasalamat sa ating mga puso.  Ang hindi pagpapasalamat ang unang hakbang sa *pagtalikod* sa Diyos (cf. Rom. 1:21).  Inaanyayahan tayo ng Kasulatan na "pumasok sa Kanyang pintuan na may pagpapasalamat" (Awit 100:4).  *Kinokondisyon* tayo ng pagpapasalamat sa pagpupuri at pagsamba.  Ang tunay na pagpupuri at pagsamba ay nangangailangan ng pagpapasalamat *sa* ating mga kalagayan at *para* sa ating mga kalagayan (1 Tes. 5:18, Efe. 5:20).  Pinapanatiling malaya ng pagpapasalamat ang ating espiritu.  Gayunman, hindi natin dapat *utusan* ang mga tao na sumamba.  Hindi ibig ng Diyos ang ating handog ng pagpupuri kung ito ay hindi mula sa ating puso.  Huwag nating *utusan* kailanman ang mga tao na sumamba.  Hamunin mo sila sa pagsasabing: "Kung hindi kayo nagpapasalamat para sa dugo ni Jesus at sa lahat ng ginawa Niya para sa inyo, nakikiusap ako na huwag kayong sumamba!" Kapag pinilit natin ang mga tao na sumamba, at ito ay hindi mula sa kanilang puso, ito ay nagiging kawalan ng pagrespeto.

**Buhay na Masunurin.** Ang pagsunod ay nagpapanatili sa atin sa pabor ng Diyos at nagbubukas ng pinto sa dalisay na pagsamba.  Ang pabor ng Diyos ay napapanatilli habang patuloy nating ginagawa kung ano ang hinihingi Niya sa atin.  Hindi tatanggapin ng Diyos ang ating handog o pagsamba kung tayo ay nasa maling lugar o gumagawa ng mga bagay sa *ating* pamamaraan (Deut. 12:13, 14).  Maaaring tanggihan ng Diyos ang ating handog (Mal. 1:8-10).  Sa Roma 12:1, tayo ay inuutusan na iharap natin ang ating katawan bilang buhay na handog.  Ang buhay natin ay nagiging mabangong samyo sa Panginoon kapag inaalay natin ang ating buong pagkatao sa Kanya, gaya ng ginawa ni Cristo (Efe. 5:2).  Kapag tayo ay nahaharap sa dalawang pagpipilian at pinipili natin ang paraan ng Diyos, tayo ay mananamba – at ito ang ating makatuwirang paglilingkod.

**Pusong Walang Pagkatisod Laban sa Iba.** Bago tayo makalapit sa altar para sumamba, hinihingi sa atin ng Diyos na itama natin ang mga bagay sa iba na natisod sa atin (Mat. 5:23, 24).  Kailangan nating maunawaan na kung ang ating mga puso ay tumigas para sa kaninuman, ay hindi natin lubos na mabubuksan ang ating puso sa Panginoon.  Upang maging mananamba ng sakdal na Diyos, ay kailangan

din nating maging sakdal (Mat. 5:48). Kailangan nating maging sakdal sa ating mga saloobin. Ang pag-ibig ay kailangang maging sakdal sa ating mga kapatiran at sa ating mga kaaway. Hindi tayo makakasamba sa Diyos sa Espiritu at sa katotohanan nang may masasamang damdamin sa ating mga puso.

**Pag-aalay ng mga pinakanaisin natin sa Kanyang Paanan.** Ang pagsamba ay buong pusong pagbibigay ng ating sarili sa iba. Ang tunay na pagsamba ay hindi matutupad kung ang puso ay hati at tayo ay nakakapit nang *labis* sa ibang mga pagmamahal. Binalik ni Abraham sa Diyos ang pinakamamahal niyang pag-aari–si Isaac. Siya ay sumamba gaya ng kanyang ginawa (Gen. 22:5)! Nawa ay maparangalan natin Siya ng *lahat lahat* sa atin habang nilalagay natin sa Kanyang paanan ang ating mga layunin, ambisyon, plano, ministeryo, at kahit ang mga taong pinakamamahal natin. Sa paggawa nito, ay sinasabi natin sa Diyos, "*Lahat ay pangalawa sa iyo.*"

**Ang Pagkatanto Na Hindi Natin Pag-aari ang Ating Sarili.** Kabilang sa tunay na pagsamba ang saloobin ng Pahayag 4:11. Ito ang pagkatanto na tayo ay ginawa para sa iba — sa Diyos. Tayo ay nilikha sa *pamamagitan* Niya at *para* sa Kanya, upang magdala ng kasiyahan sa Kanya. Hindi tayo para sa ating sarili, tayo ay binili sa isang halaga (1 Cor. 6:19-20, Awit 100:3). Tayo ay nilikha para sambahin Siya na lumikha sa atin, at ganyan kung paano tayo nakasusumpong ng *katuparan*. Ang ultimong pagsamba ay kapag minamahal natin ang bawat bahagi ng Diyos ng bawat bahagi ng ating sarili.

**Ang Mapuno Ng Isa Na Ating Sinasamba.** Tayo ay nagiging katulad ng bagay (o tao) na ating sinasamba. Ang Israel ay sumunod sa walang-kabuluhan at naging walang kabuluhan (Jer. 2:5). Ang pagano, na gumawa ng mga diyos-diyusan at sumamba sa kanila ay naging katulad nila (Awit 115:2-8), subalit ang malalim na mga mananamba ng Panginoon ay nagiging katulad Niya! Ito ang dahilan na kailangan nating magkaroon ng patuloy na pagdaragdag ng pagpapahayag ng Isa na ating sinasamba. Habang pinagmamasdan natin ang Panginoon at sinasamba Siya, tayo ay lalo pang nababago ayon sa Kanyang wangis (2 Cor 3:17, 18). Ginagantimpalaan ng Diyos ang ating pagsamba sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng bahagi ng Kanyang Sarili. Habang sinasamba natin ang Panginoon tayo ay napupuno ng pinakadiwa kung sino Siya, at pagkatapos ay magagawa nating ihandog ito pabalik sa Kanya. Ito ay isang pagbubuhos pabalik sa Kanya ng parehong halimuyak na ibinuhos Niya sa atin.

**Pagpapasakop sa Kapamahalaan ng Diyos.** Ang tunay na pagsamba ay ipinapahayag sa pamamagitan ng pagpapasakop ng ating sarili sa paghahari ng Diyos at sa mga tinalaga Niya na mga nakatataas sa atin. Ang tunay na pagsamba ay ipinapakita sa pamamagitan ng lubos na pagtanggap sa anumang kalalagayan na dinadala ng Diyos sa ating mga buhay. Ang pagsamba ay pagkilala sa kanya bilang *Panginoon* ng ating buhay. Kapag hindi natin matanggap ang ating mga kalagayan, sa halip ay hinahamon o tinatanong natin ang paraan ng pangunguna Niya sa atin, tayo ay *hindi* mga tunay na mananamba. Si Job ay malalim na mananamba ng Panginoon. Nang mawala ang lahat ng nasa kanya, nagpatirapa siya at sumamba (Job 1:21-22). Sinuko ni Job ang kanyang mga karapatan sa Diyos at kinilala Siya bilang kanyang lubos na Panginoon.

**Isang Pusong Tinuli.** Sinabi ni Pablo, "Sapagkat tayo ang pagtutuli, na sumasamba sa Diyos espiritu at nagmamapuri kay Cristo Jesus, at walang anumang pagtitiwala sa laman" (Fil. 3:3). Ang pagtutuli ay

"upang putulin kung ano ang mayroon tayo nang isinilang." Tayo ay ipinanganak na may kapalaluan, katigasan ng ulo, at iba pang mga sakit ng bumagsak na kalikasan. Dumarating ang tunay na pagsamba kapag ang ating puso ay napalaya sa pamamagitan ng Tabak mula sa mga pagkaalipin ng *tradisyon at likas na pag-iisip*. Marami ang hindi makapagsamba sa Diyos sa Espiritu dahil sila ay pinananahanan ng tradisyon at ng kanilang likas na mga kaisipan. Ang ilang mga iglesya ay napapahiya at nahihiyang magtaas ng kanilang mga kamay, pumalakpak, o sumayaw nang may kagalakan sa harapan ng Panginoon gaya ng ginawa ni David (2 Sam. 6:14-16).

**Ang Pagpapatirapa ng Ating Sarili sa Kanyang Harapan.** (Upang ibaba ang mukha sa Kanyang paa) Kung ang natural na tao ay ibebenta ang kanyang sarili para sa isang layunin o isang dahilan, mas lalo nating dapat na ibigay ang ating mga sarili sa Panginoon ng mga panginoon upang Siya ay parangalan at sambahin! Naghahanap ang Ama ng gayon! Maging mga malalalim tayong mananamba ng Isa na maylikha sa atin, sapagkat Siya ay higit na karapat-dapat!

***Ang humiling sa Diyos*** – ay maging abala sa ating mga *pangangailangan*.

***Ang Magpuri sa Diyos*** – ay maging abala sa Kanyang mga *pagpapala*, mula sa mapagpasalamat na puso at malinis na mga kamay.

***Ang Sumamba sa Diyos*** – ay maging abala sa *Kanya*. Nang nawala ang lahat kay Job, siya ay nagpatirapa sa pagsamba, hindi pagpupuri. Siya ay sumamba sa Diyos para lamang sa kung sino Siya. Ang pagsamba ay mas malalim kaysa pagpupuri. Ang pagpupuri ay humahantong sa pagsamba.

## Ang Kahalagahan ng Musika

Ang tamang musika ay napakamahalaga dahil nakakaapekto ito sa presensya ng Panginoon at sa pagkilos ng Banal na Espiritu. Ang pinahirang pagpupuri at pagsamba ay nagdadala ng kapahayagan ng Diyos na nagbabago sa atin upang maging katulad Niya. Ang kinasihan ng Banal na Espiritu na pagpupuri at pagsamba ay maaaring magpalaya sa mga espirituwal na kaloob at magdala ng kalayaan, kagalingan, at espiritu ng propesiya para sa direksyon. Ang tamang musika ay isang susi sa rebaybal at sa lumalagong iglesya. Nilikha ng Diyos ang musika; ito ay bahagi ng Kanyang Sarili. Ang langit mismo ay puno ng musika. Ang tamang musika at dalisay na pagsamba ay nagkokondisyon sa atin para sa langit at walang hanggan. Ang dalisay na pagsamba rin ay tumutulong upang mapanatili tayo sa takbuhin at makayanan nating maabot ang hangganan para sa ating mga buhay.

**Ang Musika ay Mahalagang Bahagi ng Kaharian ng Diyos, at ni Satanas.** Ang musika ay may matinding kapangyarihan at kaya tayong kilusin alinman sa dalawang direksyon. Napakalaki ng impluwensiya sa atin ng musika kaya ang musika na ating pinakikinggan ay dapat banal. Pinili ng Diyos na paligiran ang Kanyang Sarili ng pagpupuri, pagsamba, at ng kagandahan ng kabanalan (Awit 96:9). Ang musika ba na pinapakinggan natin ay tumutupad sa ganitong layunin? Ang atin bang musika ay

nagtataas sa Panginoon at nakakapagpalapit sa atin sa Kanya? Mayroong malaking pag-atake si Satanas sa larangan ng musika at ito ay pumapasok sa Iglesya. Nawala na ba natin ang pagkilala sa mga espiritu at pagiging sensitibo sa larangan ng musika at pagsamba? Ang espirituwal na kondisyon ng Iglesya sa anumang panahon sa kasaysayan ay palaging nakadepende sa kondisyon ng musika nito, sa pagpupuri, at pagsamba!

**Ang Rebaybal ay Palaging Inuugnay Sa Musika.** Ang mga dakilang himala at pagpapalaya sa mga tao para makasumpong ng kaligtasan ay dumadaloy kasama ng tamang musika. Kagaya ng nasabi na natin, ang tamang musika ay nagdudulot ng kagalingan, pagpapalaya mula sa mga pagkaalipin, at espiritu ng propesiya (1 Sam. 16:23, 2 Hari 3:15). Noong mga Panahon ng Kadiliman, pinatigil ng Romanong Iglesya Katolika ang pag-aawitan. Bilang resulta, ang lahat ng buhay at kagalakan ay naalis at dumating ang matinding pagtalikod sa Diyos. Hindi lamang ibinalik ni Martin Luther ang katotohanan ng *pag-aaring matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya*, kundi muli rin niyang dinala ang pag-aawitan at pagsamba pabalik sa Iglesya. Ang bagong buhay at kagalakan ay bumalik sa pagbangong muli ng musika at pag-aawitan. Sinabi mismo ni Luther, "Wala ng ibang mas mahalaga pa kaysa musika at pagsamba, maliban sa tamang teolohiya." Ang rebaybal sa ilalim ng magkapatid na Wesley ay sinamahan ng anim na libong bagong mga himno. Hinimok ng magkapatid na Wesley ang kanilang mga kongregasyon na umawit at ipahayag ang kagalakan ng kanilang kaligtasan na may awit ng pagpupuri at pagsamba. Ang kalusugan ng Iglesya sa anumang panahon sa kasaysayan ay laging may kaugnayan sa kalidad ng musika nito at ng pagsamba.

**Ang Musika ay Nagmula sa Diyos.** Mahal ng Diyos ang musika at pinapaligiran ang Kanyang Sarili ng pagpupuri, pagsamba, at kabanalan (Pah. 4:8-11). Si Lusiper ay hinubog ng Diyos upang pangunahan ang mga mang-aawit ng kalangitan. Ang mga tunog ng langit ay maringal ngunit dumating ang tunog ng sigalot, ang kakaibang sayusay ay pumasok, isang bagong nota ng depresyon ay dumating. (Karamihan sa musika ni Satanas ay nasa *tonong minor*). Ang pagbabago sa musika ni Lusiper ay dumating dahil sa pagbabago ng kanyang relasyon sa Diyos. Ang rebelyon ay nakapasok. Hindi nawala kay Satanas ang abilidad niya sa musika nang siya ay bumagsak. Ngayon, ginagamit niya ang kanyang mga kakayanan para pasamain ang musika at ilayo ang tao sa Diyos sa pamamagitan nito. Ang lahat ng kakayanan ay galing sa Diyos. Kung para saan natin ginagamit ang ating mga abilidad ay nasasa atin. Para saan natin gagamitin ang ating mga abilidad sa musika?

**Walang Instrumento sa Musika ay Masama sa Kanyang Sarili.** Kung ang mga instrumento ay gagamitin nang tama, sila ay magluluwalhati sa Diyos. Si David ay gumawa ng maraming instrumento ng musika sa ilalim ng direksyon ng Diyos (1 Cron. 23:5, 2 Cron. 7:6, 29:26-27, Neh. 12:36). Napakaraming mga instrumento sa langit gaya ng mga trumpeta, tambuli, at mga instrumentong may kuwerdas. Ang masama ay hindi ang instrumento kundi kung paano ginagamit ng isang tao ang instrumento. Maaari niya itong gamitin sa mabuti o para sa masama. Ang mga organo, piyano, trumpeta, at plauta – ay lahat tinatanggap ng karamihan ng mga mananampalataya, pero kahit ang mga ito ay maaaring maging instrumento ni Satanas kung ang gumagamit nito ay hindi nakatalaga sa Diyos. (Iwasan nating magkaroon ng isang *banda* sa ating mga iglesya, kundi sa halip ay *orkestra* ng makalangit na pagsamba).

Minsan ang isang iglesya ay kulang ng kalayaan sa Espiritu dahil sa legalismo o tradisyon. Sa ibang mga iglesya, ang mga instrumento ng musika ay ipinagbabawal. Ang ibang uri ng kasiglahan at kagalakan ay pinipigilan. Ito ay maaaring magpatigil sa daloy ng Banal na Espiritu, dahil ang musika at pagsamba ay direktang nakaugnay sa daloy ng Espiritu. Ang mga makalumang Puritano ay pinalabas ang mga miyembro sa simbahan at kinutya sila dahil sa pag-awit. Si John Calvin ay naniniwala na lahat ng mga alituntunin ng Lumang Tipan ay lipas na, kasama na ang lahat ng mga instrumentong musikal. Pagkatapos ng A.D. 70, ipinagbawal ng mga Fariseo ang mga awit, klarinete, at ibang mga instrumento na sinasabing sila ay masama dahil ginamit ng mga pagano ang mga ito. Matigas ang mga Fariseo. Ang parehong maka-Fariseong espiritu na ito ay puwedeng makapagpatigil sa daloy ng Espiritu sa mga iglesya ngayon.

Minsan ang mga hindi kailangang pagpipigil ay nilalagay sa mga kongregasyon ng iglesya dahil sa takot ng *emosyonalismo*. Ang mga emosyon sa kanilang sarili ay hindi masama kung sila ay napasailalim sa Espiritu ng Diyos. Ang Diyos ay may mga emosyon at tayo ay nilikha sa Kanyang wangis. Maari tayong pumunta sa isang kalabisan hanggang sa isa pa — mula sa purong mga emosyon hanggang sa walang mga emosyon. Ang parehong kalabisan ay mali. Kailangan nating makasumpong ng isang banal na balanse. Ang ibang mga iglesya ay masyadong maraming emosyon at ang iba naman ay kakaunti o walang emosyon. May musika na *naghahayag* ng emosyon, at mayroong musika na *nag-uudyok* ng mga emosyon. Hindi natin dapat isaalang-alang ang huli.

**Ang Musika ay Pagsamba.** Depende sa uri ng musika ito ay magbubunga ng mabuti o masamang pagsamba. Ginagamit ni Satanas ang musika para ilayo ang mga tao sa Diyos palapit sa kanyang sarili, sa pamamagitan ng paggamit sa huwad na pagpapahid. Ang musika ay may mahalagang panloob na bahagi sa pagsamba ni Nabucodonosor at sa kanyang imahe (tingnan ang Daniel 3:1-18), at ito ay mauulit sa pagsamba ni Satanas at ng anticristo sa ating kapanahunan (Pah. 13:4, 13:8). Ang pinakamalaking pagnanasa ni Satanas ay *pagsamba para sa kanyang sarili* at ginagamit niya ang musika para makuha ito.

Ang musikang *rock* ay mga malalaking kasangkapan ni Satanas para dalhin ang tao sa pagkaalipin. Ang sekular na musikang *rock* ay nakapangingilabot. Ang mga balot sa mga *album* ay malinaw na nagpapakita sa atin na ang pinanggalingan nito ay ang demonyo. Ang musika ay nakikilala sa bunga nito. Ang musikang *rock* ay nauugnay sa rebeldeng kultura. Kung hahayaan mo ang iyong mga anak na makinig dito, sila ay magrerebelde sa Diyos, at sa iyo. Ang musikang *rock* din ay konektado sa imoralidad, mga droga, at espiritismo. Ang masamang espiritu na gumagawa sa pamamagitan ng isang mang-aawit ng *rock* ay pupunta doon sa may bukas na espiritu sa ganitong uri ng pagsamba. Ang musika ay pagsamba! Ano ang ating sinasamba?

### Kristiyanong *Rock*

Ang pangunahing puwersa ng *Kristiyanong Rock* ay paghataw (*beat*). Kadalasan ang mensaheng pinaparating ay hindi tama sa Kasulatan at ang umaawit ay karaniwang puspos ng espiritu ng mundo. Ayaw ng Diyos na gamitin ng Kanyang bayan ang estilo at pamamaraan ni Satanas, o ilagay ang Kasulatan sa tunog ng sanlibutan. Ito ay katulad sa pagdadala ng kaban sa bagong kariton (1 Cron. 13:1-14, 15:12-13). Mali na subukang dalhin ang presensiya ng Diyos sa pamamagitan ng sarili nating pamamaraan.

Partikular ang Diyos kung *paano* dadalhin ang Kanyang presensiya at hinatulan Niya ang Israel sa paggawa nito nang laban sa Kanyang kautusan. Kailangan nating magkaroon ng musika at mga liriko na nagtataas sa Diyos at tinataguyod ang Kanyang mataas na pagkatawag. Mayroong musika sa panlabas na dako, musika sa banal na dako, at musika sa kabanal-banalang dako. Sikapin natin na maituro ang mga tao sa pinakamataas.

MUSIKA SA TATLONG MGA BAHAGI:

*Himig (Melody)* — (espiritu) ang mensahe, ang pinakamahalagang bahagi.
*Pagkakatugma (Harmony)* — (kaluluwa) masidhing damdamin (orkestras, atbp.) para mapahusay ang himig.
*Ritmo (Rhythm)* — (katawan) ang paghataw, ang mga kapahayagan ng katawan.

Unang itinataas ng Kristiyanong *rock ay* ang *ritmo* (paghataw). Ang paghataw ang nagsasalita ng pinakamalakas, at madalas ay hindi natin marinig ang himig o ang mga salita. Ang mabuti at pinahirang musika ay dapat na makaapekto muna sa ating espiritu, at saka sa ating kaluluwa, at pagkatapos sa ating katawan. Kung ang musika ay nakakaapekto una sa katawan at ang espiritu ay nahuli, ito ay mali. Ang Kristiyanong *rock* ay nagbibigay ng pansin una sa ritmo at paghataw.

Ang musika natin ay dapat tama. Ang musika ay hihikayat sa atin alinman sa kabanalan o sa kamunduhan. Kailangang magkaroon tayo ng tamang musika sa ating mga tahanan upang dumating ang Diyos sa ating tahanan sa Kanyang kaluwalhatian. Mabuti ang sumamba nang sama-sama bilang isang pamilya. Marahil ang iba sa atin ay kailangang mag-ayuno sa pakikinig sa musika sa sandaling panahon, upang tayo ay sa ating sarili ay makapag-alay sa Panginoon ng handog ng pagpupuri. Alisin na natin ang pangangailangan na *malibang*.

"Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nakikilala" (Juan 4:22). Posibleng isipin na sinasamba natin ang Diyos, subalit sa katunayan ay sumasamba tayo ng ibang bagay dahil sa mga musikang pinakikinggan natin. Narinig ni Josue "ang ingay" sa kongregasyon (Exo. 32:17-19). Ang kanilang pagsamba ay sumamâ hanggang sa maging sigawan. Ang pagsamba ay hindi isang ingay o sigawan. Nakakalungkot pero ganito sa ibang mga iglesya. Ang pagsamba ay nagiging isang ingay kapag ang laman ang naghahari sa halip na ang Diyos.

**Ilang Paraan Upang Suriin ang Musika**

• Anong klaseng tao ang umaawit? Siya ba ay itinalaga sa Diyos, o isang mang-aaliw?

• Obserbahan ang mga titulo at balot ng album. Sila ba ay lumuluwalhati sa Diyos, o sa sanlibutan at kay Satanas?

• Ang musika ba ay naglilingkod sa Panginoon? Ito ba ay nagtataas sa Kanya?

• Ito ba ay totoong naglalapit ng mga tao sa Panginoon, o sa *ritmo* at mapangkaluluwa?

• Ito ba ay naghahatid ng tunay na mensahe? Ito ba ay tama sa teolohiya?

• Anong uri ng mga tao ang sumusunod dito – ang karnal o ang makadiyos?

• Kinokopya ba nito ang tunog at liriko ng sanlibutan? Ang mga estilo ba ni Satanas ang ginagamit?

• Ang mga salita ba ay Kristiyano, pero ang tono ay makamundo?

• Ang pagsusuri ko ba sa musika ay ayon sa katotohanan, o ito ay natatakpan ng sarili kong mga *kagustuhan*?

(Kung gusto ko lang ng tahimik na mga himno, sinasabi ko ba na ang ibang musika ay hindi sa Diyos?)

# TUNAY NA KALAYAAN

*"Sapagkat kayo, mga kapatid, ay tinawag sa kalayaan; subalit huwag lamang ninyong gagamitin ang inyong kalayaan bilang isang kadahilanan para sa laman, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig ay maging alipin kayo ng isa't isa" (Gal. 5:13).*

Ang kalayaan ay mapanganib. Sa katunayan, maaari rin itong makasira sa atin! Hindi kayang harapin ng sangkatauhan ang walang limitasyong kalayaan. Nang nagkasala ang ating unang mga magulang sa Eden, walang ibang pagpipilian ang Diyos kundi ang mabilis na ilagay ang limitasyon sa kanila dahil sa bumagsak na kalikasan. Kung walang pagbabawal, ang makasalanang kalikasan ay walang pigil na magpapakawala at lahat tayo ay walang pag-asang magiging masama (Mang. 8:11). Kaya, sinabi ng Diyos: "Sumpain ang lupa *dahil sa iyo*" (Gen. 3:17b). Ang mga limitasyon na ipinataw sa atin sa pamamagitan ng sumpa sa totoo lang ay para sa ating kapakinabangan, kahit na kadalasan ang katotohanang ito ay hindi pinapahahalagahan. Ang mga pagbabawal na ibinibigay ng Diyos ay ang kahabagan ng Diyos para mapanatili tayo sa takbuhin. Ngunit kapag naganap na ang layunin ng isang "tinik" sa ating buhay, aalisin ito ng Diyos. Kapag nakita na ng Diyos na tayo ay maygulang na para gamitin ang kalayaan, palalayain Niya tayo sa ating mala-bilangguang kalalagayan. Ngunit kung ang kalayaan ay ibinigay nang maaga sa panahon, ang kalayaan ay magagamit katulad ng babala ni Pablo, "bilang isang kadahilanan sa laman."

Kaya pinipili ng Diyos na tayo ay huwag palayain kaagad mula sa lahat ng mahihirap nating kalalagayan. Alam Niya na hindi natin kayang hawakan ang ganap na kalayaan nang minsanan. Ipinangako lamang Niya na palayasin ang ating mga kaaway at mga problema ng "unti-unti" (Exo. 23:30, Deut. 7:22). Ang Diyos ng lahat ng karunungan ay naglalagay sa atin ng mga "guro at tagapamahala" hanggang sa takdang panahon (Gal. 4:1-2). Ang mga "guro at tagapamahalang" ito ay mga tao at mga sitwasyon sa ating buhay na nagtuturo, pumipigil, at sumasanggalang sa atin ng panandalian. Kaya nga, ang mahirap na trabaho, ang pagkakaroon ng pananagutan sa iba; ang *makulong* sa pag-aasawa; ang matali sa trabaho; mahadlangan ang ating mga plano at kalooban ay lahat mga sitwasyon na makabubuti para sa atin. Ang pagkakulong ay *hindi* pagkaalipin na iginigiit ni Satanas. Sa halip, sila ay isang maingat na bantay para sa atin at gumagawa sa ating kalooban ng Kristiyanong karakter. Kaya, kapag ang mga pagpipigil na ito ay mawawala, bumabagsak ang mga tao sa *tunay* na pagkaalipin.

> **Ang buong pagnanasa ni Satanas ay kontrolin at dalhin tayo sa pagkaalipin. Para matupad ito pinahihina niya ang pagtatama na nilalagay ng Diyos sa tao. Kung anuman ang nagdadala sa kalayaan na tinatawag ni Satanas na *pagkaalipin*; at kung anuman ang nagdadala sa pagkaalipin tinatawag niyang *kalayaan*. Itinataguyod ni Satanas ang nagsasarili at mapanlabang mga saloobin kagaya nito: "Huwag mo akong babakuran... huwag kang maglagay ng pagbabawal sa akin... Buhay ko ito at gagawin ko kung ano ang gusto ko." Ngayon ay marami nang mga kilusan ng kalayaan.**

Ang matatagal nang mga problema sa ating buhay (pisikal na pagkakasakit, pagkaalipin, ibang mga nakayayamot na sitwasyon sa bahay, atbp) ay pinapahintulutan ng Diyos higit sa ating iniisip. Mayroong

mahahalagang dahilan kung bakit nag-iiwan ang Diyos ng mga nakakainis na sitwasyon sa ating buhay sa ilang panahon. Sa katunayan ay pinananatili tayo ng mga ito sa ating takbuhin at hinuhubog sa atin ang walang hanggang mga katangian ng isang hari. Aalisin ng Diyos ang mga kaguluhang ito isa-isa habang tayo ay nagiging maygulang at kapag kaya na nating gamitin ang kalayaan na hindi magiging sanhi ng ating pagkawasak. Haharapin ng Diyos ang ating mga kaaway o problema habang tayo ay lumalago sa biyaya at kapag ang mga mahahalagang isyu sa ating buhay ay taas noo nating hinaharap (Kaw. 16:7, 2 Cor. 10:6).

Natutunan ko na ang mga espirituwal na *bilangguan* ay ang kahabagan ng Diyos at maaaring literal na maging ating kaligtasan. Halimbawa, ang arko ni Noe ay isang kulungan. Ang mga tao sa arko ay hindi makapunta kahit saan sa loob ng isang taon at hindi ito kanais-nais; ngunit ang bilangguang iyon ay ang kanilang kaligtasan. Minsan dinadala tayo ng Diyos sa mga mahirap na sitwasyon pero ito ay para iligtas at palayain tayo. Nung ako ay binata pa pinadaan ako ng Panginoon sa mahabang "karanasan ng lagusan" sa aking personal na buhay. Ako ay nalito, matinding nanlumo, at may karamdamang pisikal sa loob ng ilang taon, subalit ang lahat ng mga ito ay naging mga kayamanan sa akin na hindi ko masabi. Ang mga lagusan ay napakadilim at malungkot ngunit mayroon silang matinding mga kalamangan. Ang lagusan ang pinakamaikling daan tungo sa isang "bundok" sa ating buhay. Gayundin, *hindi tayo maliligaw* kapag tayo ay nasa lagusan, at ang Diyos ay palaging may liwanag sa hangganan ng ating lagusan at tayo ay binibigyan ng isang inaasahang katapusan (Jer. 29:11).

Sa Kasulatan, ang *pagkabihag* ay kumakatawan sa pagkakulong. Ito ay pagkakatapon sa kakaiba at mahirap na mga kalalagayan. Para sa Israel, ang ibig sabihin nito ay pagtungo sa Babilonia sa pagkagapos ng pagkaalipin upang malinis mula sa walang-kabuluhan at idolatriya. Ngunit pinangako ng Diyos sa kanila ang pagbabalik sa kanilang sariling lupain at normal na buhay. Ipinadala Niya sila sa pagkabihag "para sa kanilang ikabubuti," upang "bigyan sila ng puso na kilalanin Siya" (Jer. 24:5-7; cf. Job 42:10). Ito ang buong layunin ng pagkabihag. Ang pagkabihag ay isang karanasan; ito ay isang sangkap na kinakailangan para mabago ayon sa wangis ng Anak ng Diyos. Sa panahon ni Jeremias, inutusan sila ng propeta na magpasakop sa pagkabihag (Jer. 27:12-14). Sa pagkabihag tayo ay pinalalaya sa mga tanikala na nagpapahirap sa ating mga kaluluwa.

Inuudyukan ng ibang mga tagapagturo sa seminar ang mga kabataan na manatili sa bahay kasama ang kanilang mga magulang (hangga't maaari) hanggang sa sila ay mag-asawa. Paulit-ulit nating nakikita ang mga kabataang bumabagsak sa bitag ng pornikasyon dahil iginigiit nila ang pagkakaroon ng *kalayaan* at mabuhay nang malayo sa tahanan. Dahil namumuhi sila sa mga tuntunin sa bahay at pagpapasakop sa ilalim ng pamamahala sila ay bumabagsak sa mga *tunay* na pagkaalipin —– moral na kasalanan, aborsyon, pagkakasala, panghihinayang, kapaitan, utang, droga, at alkohol. Ang mga batas ng Diyos ay nagdadala ng buhay! Ang mga ito ay hindi legalismo o pagkaalipin. Ang Kanyang mga utos ay hindi mabigat (1 Juan 5:3), kundi mga giyang poste na nagpoprotekta sa atin mula sa pagbagsak sa maraming mga kalungkutan. Ang kalayaan ay isang kalagayan ng pagiging malaya sa espiritu, isip, at kaluluwa.

Ang tunay na kalayaan ay kapag ang kasalanan ay wala ng kapangyarihan sa atin, at ang mga bisyo, mga gawi, at si Satanas ay hindi na naghahari sa ating mga buhay. Ang kalayaan ay pagkakaroon ng mabuting

konsiyensiya.  Ito ay sumasagana sa pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at lahat ng bunga ng Espiritu. Maaaring maging kamangha-mangha ang ating kalayaan bagaman nakakulong sa mahihirap na sitwasyon, at maaari tayong alipinin at kontrolin ni Satanas kahit na nakakagala nang walang pagbabawal.  Ginagawa ng Diyos ang lahat ng Kanyang kayang gawin upang ingatan tayo mula sa tunay na mga pagkaalipin. Huwag piliin ang *huwad* na kalayaan.

### Para Saan Natin Gagamitin ang ating Kalayaan?

*"Pahintulutan mong umalis ang aking anak upang siya'y makasamba sa akin" Exodo 4:23*

Pinapalaya tayo ng Diyos mula sa pagkaalipin at sakit upang
maglingkod sa *Kanya*, hindi sa ating sarili.

Marami sa atin ay mayroong iniiyak sa ating puso at mga ninanais, ang iba dito ay hiningi natin sa Diyos sa maraming taon.  Gusto ko kayong tanungin:  Kung ibibigay ng Diyos ang iyong kahilingan ngayon, ito ba ay makakatulong o makakahadlang sa iyong paglakad sa kanya?  Kung bibigyan ka ng himala ng Diyos ngayon ito ba ay magdadala sa iyo palapit sa Kanya o mawawala ka sa Kanya?  Nakahanda ka na ba sa iyong inaasam na himala o ang himalang iyan ang sisira sa iyo at magiging dahilan para lumakad ka sa sarili mong daan?  Isaalang-alang natin ang mga sumusunod na ilustrayon:

• Sinabi ni Moises kay Faraon, "Ganito ang sabi ng Panginoon, ang Israel ay aking anak, aking panganay; at aking sinabi sa iyo, pahintulutan mong ang aking anak ay yumaon, upang siya'y makapaglingkod sa AKIN" (Exo. 4:22-23).   Sa anong layunin na inililigtas ng Diyos ang Kanyang bayan sa pagkaalipin? Ang sagot ay napakalinaw mula sa talatang ito sa Exodo.  Pinapalaya Niya ang Kanyang bayan upang sila ay makapaglingkod at luwalhatiin *Siya*!  Nakakalungkot, na kapag binibigay ng Diyos sa mga lalaki at babae ng himala ng kanilang kaligtasan, sa halip na paglingkuran Siya ay madalas pinaglilingkuran nila ang *kanilang mga sarili*.  Ito ang mismong ginawa ng Israel pagkatapos na pinalaya sila ng Diyos mula sa pagkaalipin ng Ehipto. Ang Israel ay hindi naglingkod sa Panginoon, kundi sa kanilang mga sarili. Ginamit nila ang kanilang kalayaan upang gawin ang sarili nilang pamamaraan.

• Kung ipanunumbalik sa iyo ng Diyos ang iyong kalusugan, saan mo gagamitin ang malusog mong pangangatawan?  Ito ba ay gagamitin sa pornikasyon o pangangalunya?  Kung pagpapalain ka ng Diyos ng pananalapi, ito ba ay maglalapit sa iyo sa Kanya o ang kasaganaan ang magiging sanhi na mawala mo ang iyong dependensya sa Diyos?  (Jer. 22:21).  Ilang taon na ang nakalilipas, isang matanda sa iglesya sa Aprika ang nanalangin para sa isang bagong pulang *pickup* na trak.  Nang nakuha niya ang bago niyang trak, hindi siya nakarating sa kinalingguhan o sa kalagitnaan ng linggong gawain.  Abalang-abala siya sa pagmamaneho para sa mga tao mula sa bayan.  Hindi na nila siya nakita pang muli.  Ang buhay niya ay sinipsip ng pagmamaneho ng trak at *pagkita ng pera*.  Naging sanhi ang materyal na pagpapala upang makalimutan niya ang Diyos (Deut. 6:11, 12).  Ito ay tukso hindi lamang sa Aprika, kundi saan man sa mundo.  Hindi lahat ay kayang hawakan ang pagpapalang pinansyal.

• Ang Lucas 17:11-19 ang kahanga-hangang kuwento ng kagalingan ng sampung ketongin.  Pinagaling ng Panginoon ang lahat ng sampu ngunit *isa* lamang ang bumalik para magbigay ng kaluwalhatian sa

Panginoon.  Lahat ng sampung mga ketongin na ito ay nagalak na pinagaling sila pero *isa* lamang ang gumamit sa kanyang malusog na katawan para luwalhatiin ang Panginoon.  Siyam sa sampung lalaking ito ay umalis para gamitin ang kanilang himala para sa sarili nilang mga interes (tingnan ang Fil. 2:21). Alalahaning, tayo ay pinalaya para maglingkod sa *Kanya*.

Nang si Dr. Brian J. Bailey ay nasa Pransiya maraming taon na ang nakararaan, siya at ang kanyang asawa ay nakapatunay at gumawa ng maraming himala ng pagpapagaling. Ang kanilang iglesya ay nasa malapit sa kilalang ospital na gumagamot sa mga may nakamamatay na sakit na mga pasyente.  Kapag wala ng pag-asa ang mga doktor para sa pasyente, pinapupunta nila ang mga ito sa iglesya pagtawid ng kalsada na nag-aanunsiyo: "Si Jesus ay Nagliligtas, si Jesus ay Nagpapagaling."  Bilang huling malalapitan, ang mga malalapit ng mamatay na mga pasyente ay pumupunta sa iglesya at mahimalang pinagaling ng Diyos ang marami sa kanila.  Ngunit ang interesanteng bagay ay ito:  karamihan sa kanila ay hindi na bumalik sa iglesya o namuhay para sa Diyos pagkatapos ng himala ng kanilang kagalingan.  Marahil ang Diyos ay naghihintay ng malalim na pagtatalaga mula sa iyo bago ka Niya pagalingin!

• Winasak ng Panginoon ang lahat ng mga kaaway ni Haring David at itinaas siya sa posisyon ng kadakilaan sa lupa, ayon sa 2 Samuel 7:9.  Karaniwan ay iisipin nating, "Isang lubos na kaligayahan ang hindi magkaroon ng anumang problema o mga kaaway."  Pero sa katunayan, ito ay panahon ng isang *malaking panganib!*  Pagkatapos na wasakin ng Panginoon ang lahat ng mga kaaway ni David, kaagad siyang naging pabaya at bumagsak sa kasalanan kasama si Batseba (2 Sam. 11-12).  Dahil sa kadahilanang ito na ang Diyos ay mabagal na alisin ang lahat ng ating mga problema.  Ito rin ang dahilan na nag-iwan ng tinik ang Diyos sa buhay ni Pablo, kung hindi, siya ay "magmamalaki ng labis" (tingnan ang 2 Cor. 12:7-10).

• Naalala kong mabuti ang isang kabataang babae na napakahusay na manunugtog sa isa sa mga Paaralang Bibliya kung saan ako ay guro na naninirahan doon.  Madalas kapag siya ay tumutugtog ng piyano ang aming mga puso ay nahihipo ng espesyal na pagpapahid.  Sa isang pagkakataon ay nabanggit niya sa akin na hindi maginhawa ang kanyang kalagayan ng walang sasakyan.  Sinabi niya na ang isang lokal na mekaniko ay nagiging pabaya na palitan ang nasira niyang makina sa loob ng isang taon.  Ito ay nag-udyok sa akin na kausapin ang mekaniko na mabilis namang tumugon at kinabit ang isa pang motor. Subalit mayroong isang bagay na hindi ko alam nang mga panahong iyon.  Sinadyang alisin ng Diyos ang sasakyan ng babaeng ito para sa isang mahalagang dahilan.  Sinusubukan ng Diyos na mangusap sa kanya at iligtas siya sa kapahamakan.  Nang agad na naibalik sa kanya ang kalayaan, ginamit niya ang kanyang kalayaan bilang kadahilanan sa laman—umalis siya at sinira ang pamilya ng isang lalaking may asawa. Ang halimbawang ginagamit ko dito ay lahat pangkaraniwan na.

• Para saan natin gagamitin ang ating kalayaan?  Ano ang gagawin natin kapag tinanggap natin ang kalayaan mula sa pagkaalipin?  Ginamit ni Samson ang kanyang kalayaan bilang kadahilanan sa laman. Kung ano ang hindi natutunan ni Samson sa kalayaan, kinailangan niyang matutunan sa pagkaalipin (Huk. 16:19-31).  Tinuro ng ating Panginoon na kung ang ating mga mata ang naging sanhi na matisod, mas maigi pa na mawala ang mata na iyon upang makaligtas sa apoy ng impiyerno.  Kinailangang mawala ng dalawang mata ni Samson upang matauhan siya, subalit ito ang nagligtas sa kanya sa walang hanggang

pagkawalay (cf. Mat. 5:28, 29; 18:9).  Kapag ang isang bansa ay nagkakasala nang mabigat laban sa Panginoon, dinadala Niya sila sa pagkabihag, pagkaalipin, at pagpapahirap ng ibang mga bansa (Awit 107:10-14).  Ginagawa Niya ito sa tatlong kadahilanan:  1.)  para parusahan sila; 2.) para pigilan sila; 3.) at dalhin sila sa pagsisisi (Awit 90:3).  Nagpapataw ang Diyos ng isang pamatok sa mga tao at mga bansa para pigilan sila at sila ay tubusin.  Kapag nakamit ng isang bansa o mga tao ang kalayaan o tinatapon ang kanilang pamatok nang *wala sa panahon*, isang masamang kalikasan ang lalaganap at ang kalayaan ay hindi ginagamit upang maglingkod sa Diyos kundi sa *sarili*.  Laging obserbahan kung ang "kalayaan" at "pagsasarili" ay nakatulong o nakahadlang sa espirituwal na kondisyon ng isang tao o isang bansa.

Kaya kailangan nating pasalamatan ang Diyos para sa ating mga kalagayan at mga pagkayamot at pagkatiwalaan Siya na ilalabas tayo sa ating pagkakakulong kapag alam Niya na ito ay magpapala at hindi magwawasak sa atin.  Hingin natin sa Diyos na *ihanda tayo* para sa ating himala para kapag ito ay dumating magiging handa tayo para dito at magamit ito para sa Kanyang kaluwalhatian!  Alalahanin, na ang magandang perlas ay nahuhubog sa mga taon ng mahabang pagkikiskis, hindi sa mabilisang pagpapalaya.

# TUNAY NA TAKOT

**Maling Takot** – Ang puso ng tao ay puno ng mga takot at mga pobya! Ang tao ay palaging nag-aalala kung ano ang iisipin ng iba tungkol sa kanya. Ang ilan ay hindi matiis ang pangungutya at pagtanggi, lalo na mula sa mga kaibigan, pamilya, at kabarkada. Natatakot ang mga tao sa kabiguan, o ang magmukhang bigo. Minsan ang isang tao ay natatakot na maniwala sa anuman kundi kung ano nalang ang kinalakihan niyang paniwalaan. Ang takot ay humahadlang sa marami sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Ang takot ang unang dahilan na hindi natatamo ang buhay na walang hanggan (Pah. 21;8, Juan 12:42, 43). Lahat ng mga ito ay takot na kailangang pagtagumpayan. "Hinanap ko ang Panginoon, at ako'y kanyang sinagot, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga takot" (Awit 34:4). Kung gusto nating pumunta sa langit, kailangang mas matakot tayo na masaktan ang Diyos kaysa masaktan ang tao.

**Walang Takot** – Inaangkin ng ilang mga tao na sila ay WALANG TAKOT, pero napakamapanganib ng walang pagkatakot. Ang walang takot ang isa sa mga tatak ng mga mangmang. Kapag gumagamit ako ng lagari, takot akong idikit nang husto ang aking mga daliri sa lagaring iyon. Takot akong humipo sa mataas na boltahe ng kawad, at takot akong lumapit sa gilid ng bangin. Takot akong lumabas sa malamig na lugar nang walang dyaket at sombrero. At kapag ako ay tumatawid sa abalang kalsada na may kasamang bata, hinahawakan ko nang napakahigpit ang maliit niyang kamay. Mabuting magkaroon ng tamang uri ng takot. Kapag sinasabi ng tao na wala silang takot, ay sinasabi nila na wala silang karunungan. Ang pagkatakot sa Panginoon ang simula ng karunungan.

**Tamang Takot** – Ito ay makabuluhang takot. Mabuti ang matakot na hindi maging kalugod-lugod sa Diyos o hindi makaabot sa Kanyang mga layunin sa ating mga buhay. Mabuting magkaroon ng wastong pagkatakot na hindi makarating sa langit. Ang pagkatakot sa Panginoon ay isang pagpapahid, ito ay isa sa mga pitong espiritu ng Panginoon (Isa. 11:2, 3). Ang pagpapahid na ito ay nagbubunga ng paggalang na may takot at paghanga sa Diyos. Sinuman na mayroong takot sa Panginoon ay napakayaman.

**Ang Pagkatakot sa Panginoon:**

• Ay isang pagpapahid (Isa. 11:2). Ito ay isa sa mga pitong espiritu ng Panginoon.
• Ay kayamanan ng Diyos (Isa. 33:6).
• Ay ang simula ng karunungan (Awit 111:10, Job 28:28, Kaw. 9:10).
• Nagbibigay ng takot sa atin na hindi maabot ang mga layunin ng Diyos (Heb. 4:1).
• Iniingatan ang mga mananampalataya sa pagtalikod sa Diyos (Jer. 32:40).
• Ay malinis, at pinananatili tayong malinis (Awit 19:9).
• Ay isang bukal ng buhay (Kaw. 14:27); iniingatan tayo mula sa nakakasakit na mga bitag.
• Iniingatan tayo mula sa pagkakasala (Kaw. 16:6).
• Nagbubunga ng pagkilala (Kaw. 813), ginagawang kamuhian ng tao ang pagmamataas, kayabangan, at kasamaan.
• Ginagawang magkaroon ang lipunan ng kagandahang-asal (Gen. 20:11). Kung wala ang Kanyang takot, ang mga tao ay masasama (Rom. 3:14-18).
• Ay isang pakiramdam na ang Diyos ay nakatingin sa akin, at ako ay mananagot sa Kanya (Gen. 42:18, Jon 1:9, Luc. 23:40).
• Ang pagpapala ng Diyos ay nasa lahat ng may takot sa Kanya (Awit 115:13).

• Ang mata ng Panginoon ay nasa lahat ng may takot sa Kanya (Awit 33:18).
• Ang mga lihim ng Diyos ay ipinapahayag sa mga taong natatakot a Kanya (Awit 25:12, 14).
• Ang ilan ay may mas maraming takot kaysa sa iba (Neh. 7:2).
• Ang banal na pagkatakot ay kailangang hanapin upang magkaroon nito (Kaw. 2:5, 1-5).
• Ang ilan ay tinatanggihan ang pagkatakot sa Panginoon (Kaw. 1:29).
• Pinapatigas ng Diyos ang iba mula sa pagkatakot dahil sila ay lubhang masasama (Isa. 63:17, cf. Rom. 1:24-28).
• Ang kasaganaan at pagpaparami ay nanggagaling mula sa paglakad sa pagkatakot ng Diyos (Gawa 9:31).
• Ang kabanalan ay sumasakdal sa pamamagitan ng paglakad sa takot ng Diyos (2 Cor. 7:1).

# TUNAY NA KARUNUNGAN

Ang tunay na karunungan ay *nakatago* sa tao (1 Cor. 2:7). Si Cristo ay nagturo ng mga talinghaga (Mat. 13:11-17) at sinadyang takpan ang katotohanan sa ilan. Ang mga misteryo ng buhay ay ipinapahayag lamang sa mararangal at karapat-dapat na naghahanap (Kaw. 25:2, 2:1-7). Lahat ng kayamanan ng karunungan at kaalaman ay *nakatago* kay Cristo (Col. 2:3) kung kaya, tanging ang mga malalapit sa Panginoon lamang ang nakauunawa sa tunay na kahulugan ng buhay (Awit 16:11). Hinahanap ng tao ang karunungan at ang tunay na kahulugan ng buhay ngunit hindi niya ito masusumpungan nang hindi unang pinararangalan ang Isa na siyang pinagmumulan ng lahat ng karunungan (tingnan ang Job 28:7-28, 1 Cor. 1:30).

Sa Kawikaan, ang karunungan ay isinalarawan bilang isang magandang huwarang babae (Kaw. 3:17, 3:13-18, 4:5-9, 9:1). Ang karunungan ay madalas na pinapakita sa kasariang babae sa Kawikaan. Ang karunungan ay may *personalidad* na binubuo ng pitong banal na mga katangian (Kaw. 9:1 cf Sant. 3:17). Ang pitong mga katangiang ito ang ibig nating bigyan ng pokus ngayon dahil sila ang mga susi sa pagtatagumpay sa buhay, lalo na sa ating pag-aasawa. Kung gayon ang karunungan ay higit pa sa kasanayan at kakayahan. Ang karunungan ay may *kalikasan*.

Inihambing ang dalawang babae sa Kawikaan – ang magandang huwarang babae (kumakatawan sa karunungan), at ang di-kilalang babae (kumakatawan sa kamangmangan). Pipiliin ng sangkatuhan na yakapin ang isang babae o ang isa pa at *magiging katulad* ng taong kanyang sinamahan. Kapag niyakap natin ang huwarang babae, itataguyod niya tayo sa karangalan (4:8), ngunit ang sinuman na yayakap sa di-kilalang babae ay mapapahamak (5:20-23).

### Ang Karunungan ay Nagtatayo ng Tahanan at Pag-aasawa

> **"Itinayo ng karunungan ang kanyang bahay, ang kanyang pitong haligi ay kanyang inilagay" (Kaw. 9:1). Ang tahanan at pag-aasawa ay itinayo sa pitong haligi ng karunungan. Sa Santiago 3:17, tayo ay binigyan ng interpretasyon ng pitong mga haligi na ito (o mga katangian) ng karunungan. Itayo natin ang ating pag-aasawa sa matibay na pundasyon ng karunungan. Kung isa man sa pitong haliging ito ay nawawala sa ating tahanan, maaari itong bumagsak. Tingnan din ang Mateo 7:24-28.**

### Ang Pitong Haligi ng Karunungan

*"Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan at mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari" Santiago 3:17*

**1. Dalisay** (dalisay mula sa karumihan). Ang unang katangian ng karunungan ay *kadalisayan*– kadalisayang moral at kalinisan ng mga motibo. Iniingatan tayo ng karunungan na manatiling dalisay sa moralidad. Ito ang patuloy na tema ng Kawikaan. Ang mga walang karunungan ay bumabagsak sa isang malagim na bitag (Kaw. 7:4-27). Ang karunungan ay nagbubunga din ng malinis na mga motibo. Ang

totoong karunungan ay hindi nagpapakita ng espiritu ng kompetisyon; sa halip, pinapahalagahan muna nito ang iba. Para maitayo ang ating tahanan sa isang mabuting pundasyon, ito ay kailangang maitatag sa kadalisayang moral at mga motibo na hindi nagpupunyaging maging una.

**2. Mapagpayapa** (mapayapa sa Diyos, sa tao, at sa sarili). Sa orihinal na wika, ang kapayapaan at pagkakaisa ay magkaparehong salita. Ang tao ay may *kapayapaan* sa kanyang sarili kapag ang kanyang puso ay *nagkakaisa* (Awit 86:11). Kung ang kanyang mga katapatan ay nahati, wala siyang kapayapaan. Kaya nga, ang taong sinusubukang maglingkod sa dalawang panginoon ay *di-marunong* (Mat. 6:24, Sant. 1:8, 4:8, Pah. 3:15). Binibigyan tayo ng karunungan ng pagkakaisa ng puso at layunin, at samakatuwid, kapayapaan. Kapag tayo ay mapayapa sa Diyos at sa ating mga sarili, magagawa nating maging mapayapa sa iba. Ang pagtatalo at argumento ay hindi sa karunungan (Kaw. 14:1, 21:19).

**3. Banayad** (isang matamis na pangangatuwiran). Ang isang marunong na tao ay nagbibigay ng taingang nakikinig sa iba at nakahandang tingnan ang pananaw ng iba. Ang karunungan ay banayad at madali sa mga tao at nagbibigay ng kalayaan. Ang kahigpitan ay kabaligtaran ng karunungan. Ang taong kulang sa karunungan ay marahas, istrikto, napakataas, hindi nababali, matigas, at masyadong eksakto.

**4. Madaling Pakiusapan** (mapagpasakop, sumasang-ayon). Ito ang asawa na "mahusay sa pag-alam kung kailan pinakamainam magparaya." Alam ng karunungan kung kailan dapat maging matatag at kailan ang pinakamainam na hayaan na lang ang isang isyu. Kamangmangan na gamitin ang panggigipit o makipagtalo sa ating asawa (2 Tim. 2:24-25, Kaw. 25:15). Mas maigi pa ang manalangin at hilingin sa Diyos na kumbinsihin ang ating asawa. Karamihan sa mga usapin, gayunpaman, ay hindi tungkol sa isang bagay ng tama o mali, kundi ng kagustuhan.

**5. Puno ng Kahabagan at Mabubuting Bunga.** Ang banal na kahabagan ay higit na mas mataas kaysa sa tao. Ang banal na kahabagan ay nagpapakita ng awa sa taong nasa kaguluhan, kahit pa na ang kanyang suliranin ay kasalanan niya. Ito ang uri ng kahabagan na ipinakita sa atin ng Diyos, at ang uri na inaasahan Niyang ipapakita natin sa iba. Ito ang awa na walang saloobing *"Sinabi ko na sa iyo."* Hindi natin dapat laging inuungkat ang mga nakalipas na kabiguan at kamalian ng ating asawa, o maaaring ungkatin din ng Diyos ang sa atin. Kung patuloy nating pinapaalala sa mga tao ang mga nakaraan nilang kasalanan, hindi pa natin sila totoong pinatawad (Mat. 6:14,15). Sa halip na palaging hatulan, ang banal na kahabagan ay umaabot pababa sa isang bumagsak at sinusubukang ayusin ang nasirang pira-piraso hanggat makakaya niya.

**6. Walang Pagkiling** (walang paborito). Kadalasan ang ating mga emosyon ay *talagang may kinikilingan* at hindi ito karunungan. Sina Isaac at Rebecca ay may mga paborito – minahal ni Isaac si Esau, pero minahal ni Rebecca si Jacob. Ang pagkiling ay nakasira sa kanilang tahanan (Gen. 25:28). Ang pagkiling ang nagbunsod kay Rebecca na turuan ang kanyang paboritong anak na si Jacob na magsinungaling sa kanyang ama, at dayain ito. Magiging maayos ba ang pag-aasawa kung ang isang magulang ay nagtuturo sa anak na magsinungaling sa isa pang magulang? Ang *paboritismo* ay karnal na pag-ibig at ito ay nagdadala ng masamang bunga. Ang pag-aasawa nina Isaac at Rebecca ay inorden ng Diyos ngunit hindi naging matagumpay dahil sa mga hindi naisukong mga bahagi ng kanilang mga puso.

**7. Walang Pagpapaimbabaw** (totoo, hindi pagiging isang huwad). Ang tunay na karunungan ay nagbubunga ng malalim na katapatan at pagiging tunay. Ang isang mapagpaimbabaw ay hindi totoo o tunay. Inaangkin niya na maging isang bagay, ngunit sa kalooban siya ay iba. Ang mapagpaimbabaw ay malupit at mapagpuna sa iba. Hinahatulan niya ang iba sa mga kamalian samantalang ang parehong mga pagkakamali ay mas malala sa kanyang sariling buhay (Mat. 7:1-5, Rom. 2:1). Ang pagpapaimbabaw ay kabulagan at katigasan ng puso at sinisira nito ang relasyon ng isang tao sa iba. Ngunit habang tumatagos ang tunay na karunungan at liwanag sa kaluluwa ng isang lalaki at babae, kanilang *makikita ang kanilang mga sarili* at malilinis sa isang mapanghusgang espiritu.

**Ang Matalinong Tagapagtayo—Isang Nakakarinig at Sumusunod**
(Mateo 7:24-27)

"Kayat ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat itinayo sa ibabaw ng bato.

Ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at hindi ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, at iyon ay bumagsak; napakalakas nga ng kanyang pagbagsak"

# TUNAY NA TAGUMPAY

Mga ilang taon na ang nakalipas, binisita ni Brian Bailey at kanyang asawa ang Gresya. Sa isa mga lungsod na binisita nila, mayroong dalawang partikular na iglesya. Ang isang iglesya ay may 3,000 katao, ang isa ay may halos 200. Ang pastor ng malaking iglesya ay itinuturing ang kanyang sarili na mas mataas sa pastor ng isang mas maliit na iglesya. Isang gabi, nagbigay ang Diyos ng isang pangitain at pinakita ang dalawang iglesya *ayon sa pagkakita Niya sa kanila*. Sa iglesya ng 3000 ay mayroong siyam na ilaw lamang. Tanging siyam na tao lamang sa malaking kongregasyon na iyon ang nagliliwanag para kay Cristo, pero sa pangalawang iglesya – 200 ilaw ang nagniningning ng maliwanag para kay Jesus. Halos lahat sa pangalawangng iglesya ay umaalab para sa Diyos. Tiyak na ang aral ay napakaliwanag. Ang Diyos ay hindi interesado sa malalaking bilang lamang kundi kung gaano kadaming mga *ilaw* ang nagliliwanag sa ating iglesya. Ang Diyos ay interesado sa pagkakaroon ng "mga punong kahoy ng katuwiran" na nakaugat at nakasalig sa Kanya. Dahil sa mga panahon ng pagsubok, ang malalaking mga iglesya na puno ng mga di-tapat na mga mananampalataya ay hihihipan palayo ng bagyo at unti-unting mawawala.

Sa ibang okasyon, isang lalaki ang nagkaroon ng pangitain at sa pangitaing ito nakita niya ang ilang mga tao papunta sa langit. Isa sa mga taong nakita niya ay ang ebanghelista na dala sa kanyang mga kamay ang napakaraming mga gawa. Ang anghel sa pasukan ay ngumiti, kinuha ang mga gawa, at nilagay ang mga ito sa apoy ng Diyos. Ang tanging natira mula sa apoy ay isang maliit na bunton. Iyon lamang ang natira sa ebanghelista. Karamihan sa kanyang mga gawa sa buhay ay naging abo. Pagkatapos nito, ay nakita niya ang isang maliit na ginang. Siya ay may maliit na tumpok lamang ng kanyang mga gawa na ipapakita sa anghel; ngunit pagkatapos na ito ay mailagay sa apoy, halos lahat ay nanatili. Ang maliit na ginang sa totoo lang ay may mas maraming pinakita para sa walang hanggan kaysa sa ebanghelista.

Ang mga gawa na *nananatili* ang nabibilang (Juan 15:16). Ang gawain ng bawat isa ay susubukin sa pamamagitan ng apoy ng Diyos (1 Cor. 3:12-15). Ito ay hindi sa kung gaano karaming tao ang mayroon tayo sa ating iglesya, kundi kung gaano karami ang mga nagtalaga sa Diyos at umaalab para sa Kanya. Kaya, ang mga pastor ay kailangang magpagal upang dalhin ang kanilang mga miyembro sa katuwiran (hindi lamang sa kaligtasan), sapagkat ang mga taong ipinagkatiwala sa kanilang pangangalaga ang kumakatawan ng kanilang mga gawa at ang bunga ng kanilang ministeryo. Ito ang dahilan na ang isang tagapaglingkod ay kailangang magkaroon ng totoong pagpapahid at totoong mensahe. Sa gayon ay magkakaroon siya ng bunga na *nananatili*. Mas mabuti ang magkaroon ng isang dakot ng mainam na harina kaysa sa isang kaban ng ipa.

Kadalasan ang tagumpay ay sinusukat sa mga pamantayan ng sanlibutan—mga bilang, mga gusali, mga personalidad, pagkatanyag, at pananalapi. Kapag dumarating ang mga pagsubok, gayunman, ang lahat ng mga ito ay matutupok sa isang sandali kung hindi sila naitatag sa matibay na bato ng pagsunod (Mat. 7:26-27). Pagkatapos ng tatlo at kalahating taon ng ministeryo, si Jesus ay mukhang hindi naging matagumpay. Marami sa Kanyang mga disipulo ay iniwan Siya (Juan 6:66), at kahit ang isa sa labindalawang apostol ay ipinagkanulo Siya. Sa isang punto, si Cristo ay nagmukhang ganap na nabigo nang Siya ay nakapako

sa malupit na krus, subalit Siya ang pinakadakilang kampeon sa lahat ng panahon. Paano, kung gayon, sinusukat ng Diyos ang tagumpay? Ano ang totoong kasaganaan?

### Tagumpany – Paggawa ng Kalooban ng Diyos

Ang tagumpay ay nasusukat sa isang bagay—-kung natupad ba natin o hindi ang kalooban ng Diyos para sa ating mga buhay! Kung nagawa natin ang kalooban ng Diyos, ang ating mga gawa ay *mananatili* at hindi mawawala. Ang kalooban ng Diyos para sa ating Panginoong Jesu-Cristo ay pumunta sa krus. Ang krus ay hindi ang tanyag na daan. Sa natural na mata, nagmistulang ganap na kabiguan si Jesus. Sa kabaligtaran ang totoo, sa pamamagitan ng *Kanyang pagsunod* natalo Niya ang malaking arkanghel at lahat ng iba pang mga demonyo at mga bumagsak na anghel. Nalupig Niya ang bumagsak na kalikasan na kailanman ay hindi mapagtagumpayan ng tao, at binayaran Niya ang pagkakautang ng tao. Higit sa lahat, ang itinanim Niya sa buhay ng labindalawang alagad sa loob ng tatlo at kalahating taon ay nagdala ng kamangha-manghang bunga. Ang mga lalaking ito at ang Kasulatan na kanilang sinulat ay naging mga batong-pundasyon ng Iglesya (Efe. 2:20), na si Cristo mismo ang pangulong batong panulok.

May bagay na kailangang ayusin sa Iglesya ngayon at iyon ay ang maling paraan ng pagsusuri natin ng tagumpay. Ang tunay na tagumpay ay hindi sinusukat sa pagiging tanyag, karisma, pagkatao, at malaking grupo. Ito ay ang ideya ng sanlibutan sa tagumpay. Ni hindi rin nasusukat ang tagumpay sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga espirituwal na kaloob o pagkakaroon ng pagpapahid ng Diyos. Ang pagpapahid at mga espirituwal na kaloob ay *hindi* ebidensiya na nalulugod ang Diyos (Mat. 7:22-23, 1 Cor. 9:27). Binigyan ng Diyos ang Israel ng mga himala, kagalingan, pagliligtas, proteksyon, at probisyon sa panahon ng kanilang paglalakbay sa ilang, kahit pa sila ay mga mapaghimagsik at hindi masunurin at nasa labas ng kalooban ng Diyos sa loob ng apatnapung taon. Wala sa mga pagpapalang ito ang katunayan na ang Diyos ay nalulugod sa atin.

Kahit ang pagkakaroon ng presensiya ng Diyos ay talagang *hindi* isang indikasyon ng pabor ng Diyos. Sinabi ng Diyos sa rebeldeng Israel: “Sasamahan Ko kayo ng Aking presensiya” (Exo. 33:12-17). Ngunit iyon ay dahil lamang sa ang Diyos ay mapagpahinuhod at magandang-loob. Maraming mga kongregasyon ang nag-aakala na ang pabor ng Diyos ay nasa kanila at pinapahintulutan ang kanilang ginagawa dahil ang Kanyang presensiya ay nasa kanila, pero hindi palaging ganito ang nangyayari. Ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay higit na mas mahalaga kaysa maramdaman ang presensiya ng Diyos. Hindi mabuti ang naramdaman ni Jesus nang Siya ay pumunta sa krus. Hindi Niya naramdaman ang pagpapahid at ang presensiya ng Diyos nang Siya ay pumunta sa Kalbaryo, pero iyon ang kalooban ng Diyos para sa Kanya, at iyon ang higit na mahalaga. Ang tagumpay ay hindi palaging sinusukat sa pamamagitan ng pagkadama sa presensiya ng Diyos. Ang tagumpay ay kapag ginawa natin ang kalooban ng Diyos, sa gayon ang ating mga gawa ay *mananatili*.

Ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay higit na mas mahalaga kaysa maramdaman ang presensiya ng Diyos. Hindi mabuti ang naramdaman ni Jesus nang Siya ay pumunta sa krus. Hindi Niya naramdaman ang pagpapahid at ang presensiya ng Diyos nang Siya ay pumunta sa Kalbaryo, pero iyon ang kalooban ng Diyos para sa Kanya, at iyon ang higit na mahalaga. Ang tagumpay ay hindi palaging sinusukat sa pamamagitan ng pagkadama sa presensiya ng Diyos. Ang tagumpay ay kapag ginawa natin ang kalooban ng Diyos, sa gayon ang ating mga gawa ay *mananatili*.

# TUNAY NA MGA KAPATIRAN

### Ang Tunay na Minorya

Mayroon lamang dalawang uri ng tao sa mundo—ang tinubos at ang hindi tinubos. Wala itong kinalaman sa lahi, nasyonalidad o kulay. Ang tanong ay: Ikaw ba ay anak ng Diyos o anak ng sanlibutan? Anak ng liwanag o anak ng kadiliman? (1 Tes. 5:5). Si Cristo ba ay nasa buhay mo o Siya ay wala sa buhay mo? Bawat tao ay mabubuhay sa walang hanggan alinman sa langit o ang dagat-dagatang apoy.

Sa bawat bansa ang Diyos ay may mga tao, *isang minorya*, na nabibilang sa Kanya (Gawa 10:34, 35, Pah. 5:9, 10). Mula sa bawat bansa, tribo, wika, at mga tao mayroong *ilan* na naniniwala sa mensahe ng Ebanghelyo at lumalakad sa mga katuruan nito. Ang espesyal na grupong ito ay ang tinatawag na "Iglesya." Ito ay isang pandaigdigang pamilya na nag-iisip ng magkatulad, nagsasalita ng magkatulad, at kumikilos ng magkatulad, na ang mentalidad ay nahuhubog ng isang aklat ng alituntunin—Ang Salita ng Diyos.

Isang pamilya – ang mga anak ng liwanag; isang minorya na nanggaling mula sa bawat bansa
Isang Ama – na may katulad na Espiritu sa bawat isa sa Kanyang mga anak
Isang aklat ng alituntunin – nagdudulot ng parehong pag-iisip

### Maling Mga Kapatiran

*"At minsan pa ay makikilala ninyo ang pagkakaiba ng taong matuwid at ng masama, ng taong naglilingkod sa Diyos at ng hindi naglilingkod sa kanya." Malakias 3:18*

Kinakailangang may pagkilala sa pagitan ng matuwid at masama, sa pagitan ng isang tunay na naglilingkod sa Diyos at siya na hindi naglilingkod sa Diyos! Hindi lahat ng nagpapakitang anak ng Diyos *ay* anak ng Diyos. Hindi lahat ng pumupunta sa iglesya at ginagamit ang pangalan ni Cristo ay tunay na Kristiyano. Mayroong mga bulaang guro, bulaang apostol, at bulaang mga kapatiran sa gitna ng mga totoo. Sila ay waring mga matuwid at kaya nilang sabihin lahat ng tamang salita pero katulad ni Judas, sila ay hindi matuwid at hindi sila naglilingkod sa Panginoon.

Sa talinghaga ng Panginoon ng trigo at damo, parehong nagmumukhang magkatulad sa una. Hindi mo makita ang kaibahan sa pagitan ng mabuti at masama. Sila ay lumalago ng sabay, subalit paglipas ng panahon, nagiging malinaw kung sino ang sino. Ang ilustrasyong ito ay totoo sa maraming mga kongregasyon ng Panginoon. Hindi lahat ng katabi mo sa iglesya ay maituturing na tunay na Kristiyano. Tingnan ang Mateo 13:24-30.

Kapag dumating ang kaguluhan sa ating panahon marami ang "matitisod." Dahil ang kanilang pag-ibig kay Cristo ay manlalamig kamumuhian nila at ipagkakanulo ang bawat isa (Mat. 24:10-12). Yung dating gumagamit sa pangalan ni Cristo ay tatalikod at magiging kaaway ni Cristo at ng mga tunay na

mananampalataya. Ang kanilang katapatan kay Cristo ay paimbabaw, ni hindi nila kailanman pinahintulutan ang Diyos na linisin ang kanilang mga puso at mga motibo. Ang panahon ng pagsubok ay maghahayag sa antas ng katapatan isang tao. Ang *tunay* na mga kapatiran ay hindi namumuhi at nagkakanulo sa bawat isa o tumatalikod kay Cristo (Mat. 24:13).

Itinuro ni Cristo na ang mga gumagawa ng kalooban ng Diyos ang Kanyang tunay na kapatid (Mat. 12:46-50, Mar. 3:33-35, Luc. 8:20-21). Ang mga lalaki at babae na ginagawa ang *sarili* nilang kalooban sa huli ay hindi rin ito magagawa (Mat. 7:21-23). Tingnan din ang Lucas 6:46. Sa katapusan ng panahong ito ay magkakaroon ng matinding rebaybal. Itinutulad ni Cristo ang rebaybal na ito sa isang napakalaking lambat na inihagis sa dagat. Kapag ito ay puno na, ito ay iaahon, pero ang mabuti at masamang “isda” ay kailangang ipagbukod-bukod. Ihihiwalay ng Panginoon ang masama sa matuwid (Mat. 13:47-50). Ang mga iglesya ay puputok sa dami dahil sa mga bagong mananampalataya ngunit ang bawat isa ay susubukin. Pahihintulutan ng Diyos ang anticristo na lumabas at ilalapit niya ang lahat ng mga hindi tapat sa kanyang sarili, kahit ang ilan mula sa Iglesya.

# ANG PAGIGING KASINTAHANG BABAE NI CRISTO

Ang pag-aasawa ang pinakadakilang aral ng Diyos kung saan tinuturo Niya sa atin ang tungkol sa ating relasyon sa Kanya (Efe. 5:21-33, 1 Cor. 11:3). Ito ay isang interesanteng katotohanan na ang parehong bagay na tinitingnan ng lalaki sa babae, ang tinitingnan ng Panginoon para sa Kanyang Kasintahang Babae. Kaya, ang sumusunod ay may natural na aplikasyon pati na rin espirituwal na aral. Para maging karapat-dagat na Kasintahang Babae ni Cristo kailangan nating pag-aralan ang mga katangian ng Lalaking Ikakasal at sikapin na maging *kabagay* sa Kanya. Si Cristo ay ikakasal lamang sa mga katulad Niya, doon sa mga "umayon sa Kanyang wangis."

**Para sa Iyong Konsiderasyon**

Si Cristo ay darating para sa isang maygulang at maluwalhating Iglesya na naghanda ng kanyang sarili (Pah. 19:7, 8). Si Cristo ay hindi magkakaroon ng musmos na kasintahang babae. Hindi Niya ibabahagi ang Kanyang trono doon sa mga tumangging lumago mula sa espirituwal na pagkabata, o doon sa mga hindi nagtataglay ng Kanyang wangis. Hindi lahat ng mananampalataya ay may pribilehiyong maghari kasama ni Cristo (2 Tim. 2:12). Ito ay nakareserba lamang para sa mga mananagumpay. (Pah. 2:26-27, 3:21, 21:7).

Napakaraming mga magagandang babae sa panahon ni Esther, pero tanging *isa* lamang ang napili upang maging reyna. *Isa* lang ang may pribilehiyong tumayo katabi ng hari at magpapatupad ng kanyang kapamahalaan mula sa trono. Si Haring Solomon ay may "hindi mabilang na mga birhen" pero may *isa* lamang sa partikular ang kanyang tinawag na "walang dungis" (Awit ng mga Awit 6:8-10). Siya ay isa sa isanglibo!

Ang talinghaga ni Cristo tungkol sa sampung birhen sa Mateo 25:1-13 ay lubhang mahalaga dahil ang Iglesya ay binubuo ng mga *birhen*. Ang talinghagang ito ay hindi tumutukoy sa mga di-mananampalataya. Ang katotohanan na sila ay mga "birhen" ay nagpapahiwatig na lahat ay mga mananampalatayang nahugasan ng dugo. Lahat sila ay may kamalayan sa pagdating ng Lalaking Ikakasal. (Ang mga di-mananampalataya ay hindi naghihintay sa Kanyang pagdating). Ang pangunahing layunin ng talinghagang ito ay hindi sa kung ang mga birhen ay ligtas o napahamak, kundi kung sino ang karapat-dapat na makisalo sa hapunan ng kasalan ng Kordero kapag dumating ang Lalaking Ikakasal.

Ang mga birheng sinalubong sa pista ng kasalan ay mayroong *langis* sa kanilang ilawan at nag-aapoy ng maliwanag para kay Jesus. Kinakatawan ng langis ang pagpapahid, at ang pagpapahid ay nanggagaling sa malapit na ugnayan sa Isang Pinahiran. Ang mga birheng walang langis ay *nagpabaya* sa kanilang relasyon sa Diyos at hindi sila pinapasok sa pasukan ng pista. Sinabi sa kanila ng Panginoon: "Hindi Ko kayo nakikilala" (Mat. 25:12).

Sa talatang ito ang salitang *kilala* ay isang salitang Griyego na ang ibig sabihin ay "intuwisyon, upang makilala kaagad." Sinabi ng Panginoon sa mga mangmang na birhen na hindi Niya sila likas na nakikilala.

Sinasabi Niyang: “Hindi Ko kayo lubos na nakikilala.” Ang pista ng kasalan ay para sa mga malalapit na kaibigan, hindi sa mga taong halos hindi niya nakilala.

Kaya gusto kong hilingin sa inyo na isaalang-alang ito: bagamat mayroong milyon-milyong mga mananampalataya sa mundo, hindi lahat ng “birhen” (o mananamapalatayang nahugasan ng dugo) ay makikibahagi sa pista ng kasalan, ni sila man ay magiging handa na mamuno at maghari kasama ni Cristo. Ang Kasintahang Babae ni Cristo ay *mas maliit na grupo sa loob ng Iglesya* na darating sa kaluwalhatian at pagkakaisa. Upang maging Kasintahang Babae ni Cristo kailangan nating tuparin ang mga kwalipikasyon. Ang relasyong pag-aasawa sa Hari ng mga hari ay tanging para lamang sa mga buong-pusong mananampalataya, hindi roon sa mga malahininga. Kaya nga, hindi lahat ng mananampalataya ay nasa grupong tinatawag na Kasintahang Babae. Isaalang-alang natin kung ano ang hinahanap ng Makalangit na Lalaking Ikakasal sa Kanyang Kasintahang Babae.

## MGA KATANGIAN NA HINAHANAP NI JESUS PARA SA MAGIGING KASINTAHANG BABAE

**1. Nais Niya ng Kasintahang Babae na Umiibig sa Kanya.** Hindi nabibighani si Cristo sa isang tao na walang init o kasiglahan para sa Kanya. Pagdating sa isang katanungan ng pagpapakasal sa Kanya, hinihingi ni Cristo sa paninibugho: “Maging malamig o mainit” (Pah. 3:15). Nais Niya ng isang tao na hinahangad Siya (Kaw. 8:17). Hindi pipiliin ng Panginoon ang tao na hindi Siya pinapansin o patuloy na tinatanggihan ang Kanyang pagmamahal. Ang Israel ay paulit-ulit na “pinatigas ang kanyang balikat” (Zach. 7:11) at ayaw makinig sa Kanya. Dahil dito ay hindi sila naging kahali-halina sa Kanya. Maging mabuti tayong tagatugon at maging kabigha-bighani sa ating Panginoon.

**2. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Sumasang-ayon sa Kanya.** Tinatanong ng Kasulatan, “Makakalakad ba ang dalawa na magkasama, malibang sila’y mayroong ginawang tipanan?” (Amos 3:3). Ayaw ng Panginoon ng isang birhen na mayroong sariling isip, may sariling pangitain, at may sariling “dahilan.” Ang nagsasariling espiritu at sariling-kalooban ang mga sanhi ng alitan sa Kanyang Espiritu. Madalas ang mananampalataya ay nakikipagtalo sa Diyos at sa Salita ng Diyos. Ngunit inaasahan ng Panginoon ang magiging Kasintahang Babae na madaling turuan, iginagalang ang bawat bahagi ng Kanyang Salita at iniibig ang bawat bahagi Niya.

**3. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na Nauunawaan Siya.** Nasasabik si Cristo sa isa na maaari Niyang pagbuksan ng Kanyang puso at ibahagi ang Kanyang mga lihim. Hindi Niya ito magagawa sa isang sanggol sa espirituwal. Nais ng Panginoon na lumago ang Kanyang bayan upang sila ay maging katulad Niya sa antas ng komunikasyon (Jer. 9:24). Ang lalaki ay kailangang magkaroon ng kasintahang babae sa kanyang antas. Ang pag-aasawa ay komunikasyon!

**4. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na Hindi Nagbabantay sa Kanyang Pagkakilanlan o Sariling Katangian.** Nawala ni Jesus ang Kanyang pagkakilanlan. Siya ay naging isang alipin. Ang mga alipin ay hindi naghahanap ng “pangalan” o reputasyon. Ang Makalangit na Lalaking Ikakasal ay hinubaran ang Kanyang Sarili (Fil. 2:7), at naghahanap Siya ng isang kasintahang babae na may ganito

ring uri ng puso (Mat. 16:24, 25). Ang tanging paraan upang mahanap natin ang ating pagkakilanlan ay una sa pamamagitan ng pag-unawa kung bakit tayo nilikha ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang babae para maging katuwang ng kanyang asawa at maging matapat sa kanya. Ang dahilan kung bakit hinubog Niya ang sangkatauhan sa pangkalahatan ay upang magkaroon ng isang Kasintahang Babae na matapat na magmamahal sa Kanya, hindi sa sarili (Pah. 4:11). Ngayon may ilang mga babae na gustong panatilihin ang kanilang mga sariling pangalan at hindi lubusang makilala kasama ng kanilang mga asawa. Ito ay insulto sa isang lalaki, pero ang Diyos din ay naiinsulto kapag ang Kanyang bayan ay gustong panatilihin ang sarili nilang pagkakilanlan.

**5. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na Nagtataglay ng "Espiritu ni Ruth."** (Ruth 1:16, 17). Ito ay ang kahandaan na "sumunod sa kordero saan man siya magtungo" (Pah. 14:4). Ito ay isang kahandaan na pumunta saan man tayo dalhin ng ating Makalangit na Kasintahang Lalaki (at ang ilang lugar ay hindi madali), at isang katapatan ng espiritu hanggang sa huli (Mat. 24:10-13). Ang iba ay sumusunod lamang kay Cristo sa loob ng ilang taon at pagkatapos sila ay napapagod sa Kanya at "bumabalik sa kanilang mga diyos-diyusan" katulad ni Orpah (Ru.1:15) Hindi tayo karapat-dapat sa Kanya kung susunod lang tayo sa madadaling panahon.

**6. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na may Oras Para sa Kanya.** Kung ang hinahangad na kasintahang babae ay abala sa kanyang *iskedyul, mga adyenda, mga kaibigan, pang-araw-araw na gawain, o kahit sa kanyang ministeryo* –ang Makalangit na Kasintahang Lalaki ay malulungkot at maghahanap ng iba na may oras para sa Kanya, at karapat-dapat para sa Kanya. Ang totoo ay, palagi tayong nagbibigay ng oras sa mga bagay na pinahahalagahan natin ng lubos (cf. Luc. 14:18-20). Minsan ang Panginoon ay kumakatok sa pintuan ng sarili Niyang Iglesya pero hindi Siya malugod na tinatanggap roon (Pah. 3:20). Ang Pahayag 3:20 ay hindi para sa mga di-mananampalataya, kundi para sa Iglesya.

Ang unang pagkatawag ng asawang babae ay sa kanyang asawang lalaki, at hindi sa mga anak. Madalas ang tungkuling ito nababaligtad. Ito ay totoo din sa ating relasyon sa Diyos. Ang una nating pagkatawag ay sa ating Ulo, ang Panginoong Jesu-Cristo. Pangalawa, tayo ay tinawag para alagaan ang Kanyang mga anak (ang mga taong ipinagkatiwala sa ating pangangalaga). Ang iglesya ng Efeso ay nagpagal para kay Cristo hanggang sa mapagod ng husto, pero napabayaan nila ang kanilang relasyon kay Cristo. *Iniwan* nila ang kanilang unang pag-ibig (Pah. 2:3-4).

**7. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na May Maamo at Tahimik na Espiritu.** Nais ni Cristo ng isang kasintahang babae na hindi natitinag, tahimik, at bagbag. Kailangang mapaglabanan ng Kanyang kasintahang babae ang histerya; dahil kung hindi, ang kanyang hindi makontrol na mga emosyon ay magpapakita ng mga pamumuna at di-pagtitiwala sa Kanya (1 Ped. 3:4-6). Ang Kasintahang Lalaki mismo ay maamo at mababa ang puso (Mat. 11:28, 29), at nais Niya ang gayong katulad na disposisyon. Ang kaamuan ay hindi lumalaban o naghihiganti. Si Cristo ay naghahanap ng taong may malambot at nagpapatawad na puso. Ang matigas na puso ay nagdadala ng paghihiwalay at diborsyo (Mar. 10:4-9). Ang isang matigas na puso ay hindi kaya at hindi magawang magpatawad at titigil nang magmalasakit pa.

**8. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Pangangalagaan ang Kanyang Magandang Pangalan.** Ang asawang babae ay isang larawan ng kanyang asawang lalaki. Gusto ng Panginoon ang isang asawa na nagmamalasakit kung ano ang itsura ng Kanyang "tahanan" at ng Kanyang "mga anak" (Kaw. 31:22-31). Ang kakulangan ng kalinisan at pagkaburara (ng isang tao, tahanan, at iglesya) ay hindi magandang representasyon ng Panginoon. Ang mga saloobin ay napakahalaga din! Ang *masayang mukha* ng isang mananampalataya ay isang magandang larawan ng Isang nagmamay-ari sa atin, ngunit ang malungkot na espiritu ay nagbibigay ng kahihiyan sa Kanya.

**9. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Hindi Mapilit o Palaging Naninisi.** Nais ni Cristo ang isang kasintahang babae na katulad ni Esther. Siya ay *kontento* sa kung ano ang ibinigay sa kanya, at hindi nagpumilit ng mga luho (Est. 2:15). Alam ni Esther kung paano lumapit sa asawa para sa mga kahilingan higit sa iba pang mga babae sa Kasulatan. Ang kanyang espiritu at saloobin ay palaging napakahusay. Maraming babae ang hindi marunong makipag-usap sa kanilang asawa.

**10. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Hindi Tamad o Mainipin.** Ang isang taong mainipin ay isang taong walang pangitain o layunin. Ang huwarang babae sa Kawikaan kapitulo 31 ay may pangitain. Bumili siya ng lupain. Siya rin ay may kakayanan at masipag. Maingat niyang ginagamit ang mga kaloob, salapi, at ari-arian ng kanyang asawa. Mismong si Cristo ay masipag at mahusay. Hindi Siya naaakit sa isang magiging kasintahang babae na nagsasayang ng oras at kayamanan. Ayon sa karamihan ng mga talinghaga ng Panginoon, tayo ay kakailanganing magbigay sulit kung paano natin ginamit ang ating oras, talento, o salapi. Ang mga hindi naging mabuting katiwala ng Kanyang kayamanan ay hindi mapipili na makasama sa grupo ng Babaing Ikakasal.

**11. Nais Niya ang isang Kasintahang Babae na nagpapanatili ng isang Pinahirang Buhay.** Ang pagpapahid ay nanggagaling sa isang buhay ng pakikipag-ugnayan at pakikisama sa Isang Pinahiran, ang Panginoong Jesu-Cristo. Palaging tandaan ang halimbawa nina Maria at Martha (Luc. 10:39-42). Natutunan ni Maria na umupo sa paanan ni Jesus at makinig sa Kanyang Salita. Ang relasyon ni Martha kay Cristo ay hindi malapit; siya ay lubhang abala sa mga lehitimong alalahanin. Kapag ang ating relasyon kay Cristo ay napapabayaan, ang Kanyang pagpapahid at kapayapaan ay wala sa atin at ang ating mga emosyon ay mawawala sa kontrol. Pagkatapos ang mga pagpuna, di-paniniwala, at ang mga nerbiyos ay mamamayani sa ating mga buhay. Alalahanin ang limang mangmang na babae. Wala silang langis dahil sa napabayaang relasyon.

**12. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Hindi Palaging Natitisod.** Hindi tayo magiging karapat-dapat na maging Kasintahang Babae ni Cristo kung mabibigo tayong lumago mula sa pagiging sobrang sensitibo, sumpungin, at pagkamagagalitin. Ayaw ni Cristo na maikasal sa isang sugatang gorilya. Ang maygulang na kasintahang babae ay lubusang *nagtitiwala* sa kanyang Kasintahang Lalaki, at wala siyang itinatago na sama ng loob sa Kanya sa pagtukoy sa mga hindi nakikita dati. Sa Juan 6:60, 61, ang mga tagasunod ni Cristo ay natisod sa mga bagong katotohanan na Kanyang binigay, at sinara nila ang kanilang puso para sa Kanya. Tinuturo lamang ni Cristo ang isang punto sa isang pagkakataon (Efe. 5:26), kaya pagtiwalaan natin Siya habang hinuhugasan Niya tayo ng Kanyang Salita.

**13. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Binahaginan ng Katuwiran.** Tayo ay *ibinilang* na matuwid sa bagong kapanganakan (Rom. 4:1-8), ngunit pagkatapos nito, tayo ay *ginagawang* matuwid sa patuloy na pagsunod (Pah. 19:7-8). Ang huli ay *damit* ng katuwiran. Ang damit na ito ay kailangan sa pista ng kasalan.

**14. Nais Niya ng isang Kasintahang Babae na Naging Maluwalhati, Walang Bahid o Dungis.** (Tingnan ang Efeso 5:27). Ang Panginoon ay hindi magkakaroon ng madungis na Kasintahang Babae. Kailangang siya ay perpektong balanse at nasa tamang sukat.

## ANG KASINTAHANG BABAE AY DAPAT WALANG DUNGIS

Ang pagiging walang dungis ay mensahe para sa kapanahunang ito. Dinideklara ng Efeso 5:27 na si Cristo ay darating para sa "isang maluwalhating Iglesya, na walang batik, o kulubot, o anumang gayong bagay; kundi siya ay maging banal at walang dungis." Kaya nga, lahat ng batik at mga dungis ay dapat mawala mula sa mga taong bubuo sa samahan ng Kasintahang Babae.

Ang halaga ng isang magandang kasuotan ay nababawasan ng malaki kapag ito ay nagkaroon ng kahit isang batik o mantsa lamang. Ito ay totoo rin sa ating karakter. Kung ano ang kahanga-hanga sa isang tao ay hindi maaaring magtakip sa kung ano ang hindi kahanga-hanga. Nais ng Diyos na gamitin ang "pangtanggal ng dungis" sa lahat ng ating espirituwal na kasuotan (Pah. 7:14) upang gawin tayong walang batik at walang dungis sa Kanyang harapan (tingnan ang Efe. 1:4, 5:27, Col. 1:22, Judas 1:24, Pah. 14:4-5).

### Mga Kapintasan na Nagbabawal sa Atin sa Pagpasok sa Loob ng Tabing

"Sapagkat sinomang magkaroon ng kapintasan ay huwag lalapit…Walang tao sa binhi ni Aaron na saserdote, na magkakaroon ng kapintasan, na lalapit upang magharap ng mga handog sa Panginoon na pinaraan sa apoy; siya'y may kapintasan; siya'y huwag lalapit na magharap ng tinapay ng kaniyang Diyos. Kaniyang kakanin ang tinapay ng kaniyang Diyos, ang pinakabanal at ang mga bagay na banal. Hindi lamang siya papasok sa loob ng tabing, o lalapit man sa dambana, sapagkat may kapintasan siya; upang huwag niyang lapastanganin ang aking mga santuario; sapagkat ako ang Panginoon na nagpapaging banal sa kanila" (Lev. 21:18, 21-23). Ang saserdoteng may *kapintasan* ay nahahadlangan na gawin ang mga sumusunod:

- Hindi siya makalapit upang maghandog ng tinapay ng kanyang Diyos.
- Hindi niya maialay ang mga handog ng Panginoon na pinaraan sa apoy.
- Hindi siya makapasok sa loob ng tabing.
- Hindi siya makalapit sa dambana.

Ang saserdoteng may *kapintasan* ay limitado sa kanyang paglapit sa Diyos at sa kanyang ministeryo sa iba.

Sa Bagong Tipan, bawat mananampalataya ay tinawag na maging saserdote sa Diyos at mag-alay ng mga espirituwal na mga handog (1 Ped. 2:5, 9, Pah. 1:6, 5:10). Karagdagan pa dito, bawat banal ng Diyos ay inaanyayahan na pumasok sa loob ng tabing, sa pinaka-presensiya ng Diyos. Ang pagpasok sa presensiya ng Diyos ay binuksan para sa atin dahil sa sakdal na Handog ni Cristo (Mat. 27:51, Heb. 10:19-20). Ngunit, mayroong mga tiyak na kondisyon na kailangang matupad muna (Awit 65:4, Awit 15:1-4, Heb. 12:14). Ang sinumang saserdote na may kapintasan ay limitado sa kanyang paglapit sa Diyos sa loob ng tabing. Siya rin ay limitado sa kanyang kakayahan na maglingkod sa iba. Ang mga kapintasan sa Levitico 21:16-24, bagaman sila ay mga depektong pisikal, sila ay may di-pangkaraniwang *espirituwal* na kahalagahan para sa ating lahat. Isaalang-alang natin ang labingdalawang kapintasan sa baba:

**Labingdalawang Kapintasan Na Kailangang Lunasan**
Levitico 21:16-24

*bulag* – walang nagpapatuloy na pangitain
*pilay* – napinsalang paglakad
*nasira ang mukha* – kakulangan ng pagkilala
*sobrang mahaba ang kamay o paa*– kapangitan
*Nabalian ng paa* – hindi maaasahan
*Nadurog na itlog (baog)* – di-mabunga
*Kuba* – walang moral na katuwiran
*Unano* – hindi lumalaki
*Kapansanan sa mata*– hindi nakakakita ng malinaw, mapagpaimbabaw
*Pangangati* – mahinang gana espirituwal
*Galisin* – sensitibo, hindi gumaling
*Nabalian ng kamay* – walang panghawak

## MGA KAPINTASAN NA NAG-AALIS SA ATIN NG KARAPATANG MAKAPASOK SA LOOB NG TABING

**1. Pagkabulag – (walang pangitain).** Bawat Kristiyano ay nangangailan ng nagpapatuloy na pangitain (Efe. 1:18). Nagbababala ang Kawikaan 29:18, “Kung saan walang [nagpapatuloy] na pangitain, nagpapabaya ang bayan [o hindi nag-iingat]. Maliban na makita ng mga tao ang isang bagong bagay para magtumulin, sila ay hindi nag-iingat. Ang iba ay maaari pang bumalik sa sanlibutan. Ang *nagpapatuloy na pangitain* ay nagbabago sa mga hindi maalab na Kristiyano na maging mga taong sumusulong paharap sa kanilang paglakad. Nais ni Apostol Pablo “ang mas mabuting pagkabuhay na muli.” Ito ang nagpanatili sa kanya na magtumulin sa pagkatawag (Fil. 3:11-14). Dapat tayo ay kinikilos din nito. Hinihikayat din tayo ni Pedro na “maitatag sa *kasalukuyang* katotohanan” (2 Ped. 1:12). Mahalagang malaman kung ano ang sinasabi ng Diyos *ngayon* at huwag mabuhay sa nakaraan.

Ang sariwang pangitain ay nagdadala ng banal na pagkatakot sa ating puso; tayo ay ginagawa nitong matakot sa kasalanan. Kapag ang ating mga mata ay nabuksan, mayroong bagong kamalayan sa walang hanggan — kamalayan na ang mga walang hanggang gantimpala ay maaaring mawala dahil sa walang-ingat na aksyon, pabigla-biglang desisyon, o katamaran. Bawat mananampalataya ay nangangailangan ng isang bagong pang-unawa kung ano ang ninanais ng Diyos na ganapin sa kanyang buhay at sa pamamagitan ng kanyang buhay. Ngunit ang kapahayagan ay ibinibigay lamang sa mga karapat-dapat na naghahanap (Kaw. 2:1-5). Malibang pasikatin ng Diyos ang Kanyang liwanag sa ating daanan, hindi natin makikita ang ating daraanan papasok sa kabanal-banalang dako at sa Kanyang Pinakamataas (Awit 43:3). Ang paghamak sa sariwang katotohanan at paghawak ng mahigpit sa mga lumang tradisyon ay maaaring

mag-alis ng karapatan sa tao sa pagpasok sa loob ng tabing. Ang mas matinding liwanag ay kailangan para sa pansariling kaalaman at panibagong paglilinis. Huwag tayong makontento sa lumang alak at sa lumang mensahe (Luc. 5:38-39). Ang pagkabulag ay isang kapintasan.

**2. Pagkapilay – (napinsalang lakad; urong-sulong).** Pinapangaralan tayo ng Kasulatan na huwag "lumiko sa kanan o sa kaliwa." Kinakailangang manatili sa landas ng Diyos para sa ating buhay upang mapagpala at upang makarating sa ating mana (Kaw.4:25-27). Kapag ang isang mananampalataya ay naligaw mula sa daan, madali siyang babagsak sa isang bitag na pipinsala sa kanyang paglakad at patotoo. Minsan ang pinsala ay permanente. Ang espirituwal na pagkapilay ay karaniwang napagagaling (Heb. 12:13), pero kadalasan ito ay nangangailangan ng panahon. Napakahalagang mataimtim na hanapin ang Diyos (at ang payo ng mga makadiyos) kapag tayo ay nasa sangandaan ng ating buhay at kailangan nating gumawa ng isang mahalagang desisyon. Maliban na tayo ay nakipagniig sa Diyos at ang ating espirituwal na pagkapilay ay naitama, hindi tayo makakapasok sa loob ng tabing, dahil ang pagkapilay ay isang kapintasan.

Huwag nawa tayong paika-ikang lumakad dahil sa mga pinsalang dulot ng hindi paglakad sa daan ng Diyos para sa ating buhay. Ang maling pagliko ay maaaring magpapilay sa isang lalaki at babae sa maraming taon. Kailangan nating maging maingat sa paksa ng pag-aasawa. Sa oras na tayo ay gumawa ng taimtim na pangako, hindi na natin mababago ang ating isip. Kailangang alamin muna natin ang mga tuntunin bago tayo mag-asawa! Kadalasan ang mga kabataang babae ay nakakadama ng labis na kalungkutan na nakahanda silang makipag-kompromiso at pakasalan ang sinuman dahilan sa kanilang pagmamadali na malunasan ang kanilang kalungkutan. Pagkatapos sa huli mas lalo silang malulungkot dahil sa hindi sila magkasundo. *Huwag kang magmadali* at gawin ito nang marangal sa unang pagkakataon! Itayo mo ang iyong buhay at bahay sa mabuting pundasyon – ang pundasyon ng pagsunod. Magkaroon ka ng karakter sa mga bagay na ito at huwag mag-asawa ng hindi mananampalataya o isang nagdiborsiyo. Ang pag-aasawa ay habang-buhay na pangako. Ito ay isang tipan na hindi mababali maliban sa pamamagitan kamatayan. Ang Diyos ay isang Diyos na nag-iingat sa tipan. Hindi Niya pinaparangalan ang binaling pangako.

Ang pagkapilay din ay *pag-uurong-sulong sa pagdedesisyon*. Sa 1 Hari 18:21, ang mga tao ay hindi makapagdesisyon. Pinipilit nilang maglingkod sa dalawang panginoon. Sinabi ni Elias, "Hanggang kailan kayo magpapatalun-talon sa dalawang magkaibang kuru-kuro? Kung ang Panginoon ay Diyos, sumunod kayo sa kanya; ngunit kung si Baal, sa kanya kayo sumunod." Isinalarawan sila ni Elias na "nagpapatalun-talon sa pagitan ng dalawang mga opinyon." Hindi sila lubos na nakatalaga sa alinmang panig. Kaya, ang kanilang paglakad ay urong-sulong at hindi tiyak, at ito ay espirituwal na pagkapilay.

**3. Pangong Ilong – (isang kakulangan ng pagkilala).** Sa espirituwal, ang ilong ang instrumento ng pagkilala. Ang pango o nasirang ilong ay isang ilong na nawalan ng pang-amoy. Habang ang pangong ilong ay nawalan ng pang-amoy, ang *sobrang aktibong* ilong ay laging naghahanap ng bagay na mabaho; ito ay labis na paghihinala sa lahat ng bagay. Nawa ay huwag rin tayong pumunta sa kalabisang iyan. Pero sa ngayon, isaalang-alang natin ang pangong pang-amoy. Sa natural, ay naapektuhan ng masamang ilong ang ating panglasa. Gayundin, ang taong may espirituwal na nasirang "ilong" ay hindi nakikilala

kung ano ang hindi masarap o walang lasa sa Panginoon.  Kailangang kilalanin natin kung ano ang minamahal o kinamumuhian ng Diyos.  Sa Ezekiel 22:26, nawala ng mga tagapaglingkod ang kanilang pang-amoy.  Walang pinag-iba sa pagitan ng malinis at hindi malinis.  Walang pagkakaibang nangyari sa pagitan ng banal at marumi habang sila ay nagtuturo sa kongregasyon. Kaya ang mga tao ay hindi nakasumpong ng kalayaan sa kanilang pagkaalipin at karumihan.  Binago ng mga relihiyosong lider ang mga pamantayang moral ng Diyos.  Ang kanilang mentalidad ay: "anumang bagay ay katanggap-tanggap sa Diyos," pero hindi nalugod ang Diyos.  Sa Ezekiel 44:10-14, lahat ng lider na nagsantabi ng mga pamantayan ng Diyos ay hindi pinapasok sa kabanal-banalang dako.  Tingnan ang Mateo 5:19. Ang nasirang ilong ay kapintasan na humahadlang sa napakaraming lalaki at babae sa pagpasok sa loob ng tabing.  Hindi nila nakilala kung ano ang nakakasakit sa Diyos, kaya pinapahintulutan nila ang anumang nakasusuklam na magpatuloy sa kanilang buhay.

Ang kondisyon ng ating "ilong" ay maaaring mangahulugan ng pagkakaiba sa pagitan ng buhay at kamatayan.  Kung ang apoy sa gas stove ay namatay at walang patayan, maaari itong magresulta sa kamatayan kung hindi naamoy ninuman ang gaas.  Mas higit na mahalaga na ang ating pang-amoy ay maging matalas lalo na sa mga espirituwal na bagay.  Kailangan nating hingin sa Diyos ang ilong na nakakakilala sa pagitan ng masama at mabuti.  Ang ilang espirituwal na mga paghahayag ay kay Satanas, ngunit sila ay tinatanggap na nanggagaling mula sa Banal na Espiritu.  Kaya, kailangan nating subukin ang pinanggagalingan ng lahat ng espirituwal na pagpapamalas (1 Juan 4:1).

Sa Ezekiel 44:23, ang mga makadiyos na lingkod na gumawa ng isang kaibahan sa pagitan ng malinis at di-malinis, ang banal at ang marumi, ay pinarangalan ng Diyos (cf. Mat. 5:19).  Ito ang mga lalaki at babae na tinanggap sa kabanal-banalang dako upang magministeryo sa Panginoon at makita ang Kanyang mukha (Ezek. 44:15, 16).  Sa kabilang banda, ang mga lingkod na ikinompromiso ang katotohanan ng Diyos at pinangunahan ang kanilang henerasyon sa pagsamba sa diyos-diyusan at nagpanatili sa kanila sa espirituwal na pagkaalipin ay nagtamo ng isang kakila-kilabot na kahatulan —– hindi sila pinayagang lumapit sa Diyos o makita ang anumang mga banal na bagay ng Diyos sa loob ng tabing (Ezek. 44:13).

**4. Anumang Kalabisan – (kapangitan, labis na pagdidiin sa isang bagay).** Kung ang saserdote sa Lumang Tipan ay may anumang pisikal na kalabisan o anumang wala sa sukat (mahabang paa, malaking tainga, o malaking ulo), ay hindi niya magagampanan ang kanyang mga tungkulin bilang saserdote.  Ang mga *kalabisang* ito ay nagsasalita ng labis na pagbibigay-diin at kawalan ng balanse.  Maraming mga espirituwal na mga kalabisan sa Katawan ni Cristo ngayon.  Ang ilang katotohanan ay labis na nabibigyang-diin samantalang ang iba ay hindi sinasama.  Ang ilang grupo ay ginagawang pangunahin ang pangalawahin, at pinapangalawa ang mga bagay na pangunahin sa Diyos. Hindi isang di-pangkaraniwan para sa lahat ng mananampalataya na magkaroon ng matapang na posisyon laban sa tiyak na mga kasalanan, pero ipinagpapaumanhinan at iniindorso ang iba.  Lubos na winasak ni Jehu ang pagsamba kay Baal sa Israel, ngunit patuloy niyang sinamba ang dalawang gintong baka at lumakad sa kanyang sariling daan – Tingnan ang 2 Hari 10:29-31.

Inuutos ng Diyos ang balanse. Ang dahilan kung bakit bumabagsak ang mga tao ay dahil binibigyan lamang nila ng diin ang mga paborito nilang katotohanan pero pinababayaan ang iba.  Ang kaligtasan

natin ay ipangaral ang buong payo ng Diyos (Gawa 20:26, 27). Ang kapangitan ay hindi makakapasok sa loob ng tabing. Si Cristo ay hindi magkakaroon ng Kasintahang Babae na wala sa tamang sukat. Siya ay ikakasal lamang sa mga taong hinubog ayon sa Kanyang wangis. Kailangan nating mahalin ang bawat bahagi ng Kanyang Salita, hindi lamang ang piniling mga bahagi. Si Jesus Mismo ang SALITA. Siya ang KATOTOHANAN (Juan 14:6). Kung mahal lamang natin ang ilang bahagi ng Salita at tanggihan ang ibang bahagi, tinatanggihan natin ang bahagi Niya. Ang kabanal-banalang dako ay ang mana ng lahat ng umiibig sa buong katotohanan – *ang buong Cristo.*

**5. Paang Bali- (hindi maasahan).** Ang "paang bali" ay maaaring kumatawan sa ilang mga bagay. Maaari itong tumukoy sa pagtalon sa mga bagay nang mabilis. Mapanganib na gumawa ng mga pabigla-biglang desisyon sa mga mahahalagang isyu. Ang magkaroon ng paang bali ay nangungusap din ng pagiging *hindi maaasahan*. "Ang pagtitiwala sa taong hindi tapat ay tulad ng… nabaliang paa" (Kaw. 25:19). Ang ilang mga tao ay nababalian ng paa sa mga hindi inaasahang pagkakataon at itinutulad ito ng Diyos sa taong hindi mapagkakatiwalaan. Tayo ay kailangang maging mga tao ng ating salita. Kapag sinabi natin, "Darating ako diyan ng 8:00 ng umaga," kailangang naroon tayo. Kahit ang Diyos ay inilagay ang Kanyang Salita nang higit pa sa Kanyang pangalan (Awit 138:2).

Ang pagkakaroon ng reputasyon na *hindi maaasahan* ay isang seryosong depekto. Walang makakapasok sa loob ng tabing na may baling paa. Ang Diyos ay hindi pipili ng isang kasintahang babae na hindi maaasahan at hindi mapagkakatiwalaan. Kung hindi tayo matapat sa tao (at sa mga natural na bagay ng buhay), hindi rin tayo magiging tapat sa Diyos.

**6. Kamay na bali – (walang pangdakma, panghawak, o pangkapit).** Ang pagkakaroon ng baling kamay ay pagkakaroon ng kahinaan sa espirituwal na panghawak. Gaano kabuti ang pagkakahawak mo sa mga espirituwal na bagay? Sa Hebreo 2:1, tayo ay binalaan na bigyan ng pansin ang mga bagay na ating narinig, kung hindi, mahahayaan natin ang mga ito na *dumulas*. Maraming mga kinasihang sermon at pangangaral ang kaagad na nalilimutan (Heb. 12:5). Ang epekto ng nagpapabagong-buhay na mga mensahe ay kaagad nasasayang kung hindi natin ito sinusulat, binabalikan, isinasaulo, at isinasa-puso. Dapat guhitan natin ang mga talata na binigyang-buhay sa atin ng Diyos at bulay-bulayin ang mga ito ng madalas. Sa ganitong paraan ang Salita ng Diyos ay nagiging bahagi ng ating pagkatao (Heb. 8:10, Awit 51:6, Sant. 1:21).

Kapag tayo ay nasa panahon na nararamdaman natin ang pagpapahid ng Diyos, kailangan nating *manatili* sa presensiya ng Diyos at pagnilay-nilayan ang mga bagay na sinabi ng Diyos sa atin. Kung gayon, ang Kanyang mga salita ay maseselyuhan sa ating mga puso. Sinabi ni Cristo: "Hayaang ang mga salitang ito ay pumasok sa inyong mga tainga" (Luc. 9:44), na minumungkahing ang oras at pagbubulay-bulay ay kailangan. Paulit-ulit na iginigiit sa atin sa Kawikaan na "itago" "alalahanin" "panatilithin" at "huwag kalimutan" ang mga kautusan at batas ng buhay. Ang patuloy na pag-ehersisyo at pagbabalik-tanaw sa mga pangaral ng Diyos ay makakatulong sa atin na palakasin ang ating pagkahawak.

Huwag mong hayaang mawala ang kapangyarihan at epekto nang kung ano na ang sinabi sa iyo ng Diyos. Panatilihin at bantayan ito nang mabuti. Nawala ni Pedro ang pinahirang salita nang sinabi sa kanya ng

Panginoon na “Halika” sa tubig. Nang tumingin siya sa malakas na hangin at mga alon, nagsimula siyang lumubog (Mat. 14:28-31). Ang mga pinahirang salita ay puwedeng mawala. Kailangang panghawakan natin ang buhay na walang hanggan at lahat ng iba pang mga pangako na ibinigay ng Diyos sa atin o mawawala natin ang mga ito (1 Tim. 6:12). Ang baling kamay ay kailangan nating mapagtagumpayan o tayo ay magiging isang kapintasan, hindi epektibong saserdote na hindi makapasok sa loob ng tabing. Higit sa lahat, tayo ay kumapit sa Panginoon nating Diyos, sapagkat Siya ang ating buhay (Deut. 4:4, 30:20). Gaano katindi ang pagkakahawak mo?

**7. Kuba – (hindi makadala ng mga pasanin, pang kapakanang mentalidad, kakulangan din ng katuwiran ng moralidad).** Ang gulugod ay nangungusap tungkol sa moral na katuwiran. Kapag iniisip natin ang gulugod, iniisip natin ang karakter, tapang, at pagtatrabaho. Ang mga problema sa gulugod ay palaging seryoso.

Ang maging kuba sa espirituwal ay nangangahulugan na ang isang tao ay hindi kayang (o hindi nakalaang) magdala ng mga pasanin. Hinihingi nila sa ibang tao na pasanin at suportahan sila. Ang kuba ay hindi kayang magdala ng anumang mga responsibilidad o mga kagipitan. Ngunit sinabi ng Diyos, “Bawat tao ay dapat magdala ng kanyang sariling pasan” (Gal. 6:5). Ang ganitong mentalidad ng tao na *walang magawa* ay hindi makakapasok sa loob ng tabing. Ang katamaran, walang ginagawa, at walang pinatutunguhan ay mga hindi ugma sa kalikasan ni Cristo, sapagkat ang mga ito ay kapintasan. Ang Kasintahang Babae ni Cristo ay katulad sa huwarang babae ng Kawikaan 31. Siya ay may pangitain! Kaya, siya ay alerto, aktibo, masipag, makabuluhan, at masinop.

Ang pagiging kuba ay kakulangan din ng katuwirang moral. Ang kadalisayang moral ay lubhang mahalaga sa pagpasok sa presensiya ng Diyos. Walang marumi na puwedeng makapasok sa loob ng tabing. Ang pornikasyon at iba pang uri ng imoralidad ay hindi lamang nakahahadlang sa isang Kristiyano sa pagpasok sa loob ng tabing, sila ay nagiging sanhi rin na mawala ng isang tao ang kanyang kaluluwa kung walang pagsisisi (1 Cor. 6:9-10, Efe. 5:3-6, 2 Ped. 2:20-22).

Umaalis ang *kaunawaan* sa isang Kristiyano dahil sa moral na karumihan. Ang espirituwal na kadiliman ay naninirahan kapag nagkaroon ng isang moral na pagbagsak sa buhay ng isang mananampalataya, sapagkat siya ay nagkasala sa pamamagitan ng masamang espiritu at panlilinlang (Kaw. 7:13-27, Job 31:9-11). Pagkatapos, nagsisimula siyang tanungin at bigyan ng ibang kahulugan ang pangunahing saligan ng katotohanan. Muli lamang niyang mauunawaan ang katotohanan kung nakalaan na siyang lumayo sa kanyang kasamaan (Dan. 9:13).

• Ang *pang-unawa* ay isang isyu ng *puso* na higit pa sa lohika.
• Ang tao ay maaaring magkaroon ng malaking kapangyarihan sa pangangatwiran, pero maliban na magbigay ang Diyos ng liwanag, hindi niya makikita ang katotohanan.
• Ipinagkakait ng Diyos ang liwanag sa mga gumagawa ng kasalanan (Deut. 29:2-4, Isa. 63:17, 66:3b-4).
• Ang *kaunawaan* ay handog ng Diyos sa lahat ng nakalulugod sa Kanya.
• Tanging ang mga “nakalaang gawin ang kalooban ng Diyos” lamang ang makauunawa (Juan 7:17).

• Tanging ang malinis sa puso lamang ang makakakita sa Diyos (Mat. 5:8), at nakakakita kung paanong nakikita ng Diyos.
• Ang karumihang moral ay laging nagdadala ng kawalang-kamalayan sa kaisipan.
• Ang imoralidad ay humahantong sa isang manhid na budhi (1 Tim. 4:2, Kaw. 30:20); nawawala ng tao ang pagiging sensitibo sa kasalanan.
• Maliban na may pagsisisi at maliban na sabihin ng Diyos na, “Magkaroon ng liwanag,” ang kadiliman ay mananatili.

*“O napakahina ng iyong puso”* (Ezek. 16:30; 28-30). Minsan ay sinasabi ng mga imoral na tao, “Hindi ko lamang mapigilan ang aking sarili!” Pero, kailangan nating silang tanungin, “Nakalaan ka bang ibigay sa Diyos ang iyong mga emosyon? (Kaw. 23:26). Nakalaan ka bang pahintulutan Siya na baguhin ang iyong mga pagmamahal?” Hindi lamang binayaran ni Cristo ang ating utang, Siya ay nagbigay din ng probisyon para sa isang masuwayin, makasalanang kalikasan. Samakatuwid, dapat ay taimtim natin Siyang hanapin para sa karanasan ng Roma 6:6 — ang karanasan ng pagiging “patay sa kasalanan.”

Para manatiling malaya sa kasalanan, huwag nating pakainin o ehersisyo ang maling kaugalian o pamumuhay (Col. 3:5-6). Dapat tayong lumayo sa mga sitwasyon kung saan ay madali tayong matukso, ang mga maling lugar, ang maling mga tao, mahahalay na babasahin, at mga iglesya na may mababang mga pamantayang moral. Manatiling pinahiran! Kung tayo ay lalakad sa Espiritu, hindi natin gagawin ang mga pita ng laman (Gal. 5:16). At anuman ang iyong ginagawa, lumayo sa pornograpiya sa *internet*. Ito ay higit na nakaka-adik kaysa sa *heroin*. Kung hindi mo ito papatayin, wawasakin mo ang iyong tahanan, pag-aasawa, ministeryo, at ang iyong kaluluwa.

**8. Unano (taong kailanman ay hindi lumalaki).** Sa 1 Corinto 13:11 sinabi ni Pablo, “Nang ako’y bata pa, nagsasalita akong gaya ng bata, nag-iisip akong gaya ng bata, nangangatuwiran akong gaya ng bata. Ngayong ganap na ang aking pagkatao, ay iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata.” Inaasahan ng Diyos na tayo ay lumaki at huwag maging mga bata na “dinadala-dala ng bawat hangin ng aral” (Efe. 4:14). Ang Iglesya ay nanatili sa antas ng pagkabata dahil sa mahinang gana sa espirituwal. Sa halip na pinapakain ng karne, siya ay pinapakain pa rin sa gatas ng Salita. Ito ay isang kapighatian sa puso ng Diyos kapag ang Kanyang bayan ay nasisiyahan lamang sa mga pangunahin (Kaw. 1:22, 1 Cor. 3:1-3, Heb. 5:12-14). Ang mga espirituwal na unano ay hindi makakapasok sa loob ng tabing. Tanging ang mga nakarating lamang sa “ganap na katayuan” ang makikibahagi sa pista ng kasalan (Efe. 4:13, Pah. 19:7-8).

Inuutos ni Pablo: “Layuan ang masasamang pagnanasa ng kabataan” (2 Tim. 2:22). Ang payo na ito ay itinuro sa isang tatlumput-limang taong gulang na pastor na nagngangalang Timoteo. Ang masasamang pagnanasa ng kabataan ay maaaring mga sasakyan, mga damit, isports, libangan, programa ng pagpapalaki ng katawan, ang pangangailangan na maging sentro ng atensyon at iba pang mga walang-kabuluhan na hindi natin napagtagumpayan. Ang ilang mga tao ay hindi man lang lumaki. Sila ay nakikipagkompetensiya pa rin, sumisimangot, at nagagalit ng husto kapag hindi sila nagkaroon ng kung ano ang gusto nila! Lagi natin itong nakikita, kahit sa ministeryo. Minsan ang mga nagmiministeryo na

hindi naimbitahang mangaral sa isang kombensyon, o hindi pinaupo sa entablado, ay natitisod at umaalis na nagtatampo. Malibang sila ay nasa sentro ng atensyon, sila ay nakakaramdam nang binalewala.

Kapag kinuha mo ang laruan ng isang bata, sumisimangot siya at nag-aalboroto. Paano kung kunin ng Diyos ang iba nating "mga laruan" at sabihin Niya sa atin na umupo sandali? Paano kung sabihin Niya sa atin na isantabi muna sandali ang ating ministeryo para makagawa Siya ng malalim na gawain ng biyaya sa ating puso? "Mawawala ba natin ang tagumpay" o magagalit sa Diyos? Ang mananampalatayang parang bata ay palaging dapat *may ginagawa* o, hindi siya masaya. Ngunit ang maygulang na banal ng Diyos ay maaaring maupo lamang at maghintay sa susunod ng pagkilos ng Diyos sa kanyang buhay. Huwag tayong maging espirituwal na mga unano, kundi totoong mga kalalakihan at kababaihan ng Diyos (1 Cor. 16:13).

**9. Kapintasan sa Mata – (hindi malinaw na paningin, mapagpaimbabaw).** "Huwag humatol upang hindi kayo mahatulan. Sapagkat sa hatol na inyong ihahatol ay hahatulan kayo; at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo. Bakit mo nakikita ang puwing na nasa mata ng iyong kapatid, ngunit hindi mo pinapansin ang troso na nasa iyong sariling mata? O paano mong nasasabi sa iyong kapatid, 'Hayaan mong alisin ko ang puwing sa iyong mata,' samantalang mayroong troso sa iyong sariling mata? *Ikaw na mapagkunwari*, alisin mo muna ang troso sa iyong sariling mata at nang magkagayon, makakakita ka nang malinaw upang maalis mo ang puwing sa mata ng iyong kapatid." (Mat. 7:1-5, cf. Rom. 2:1).

Si Jesus ay palaging nangangaral sa pinakamahalagang mga pangangailangan sa puso ng tao, at isa rito ay ang problema ng pagkukunwari o sariling pagkabulag. Paano tayo nagiging malupit sa iba nang hindi natin napagtatanto na ang kaparehong bagay (kadalasan ibang uri lang) ay nasa buhay din natin, at mas malala pa. Nagbababala si Cristo na kapag humatol tayo sa iba, tayo ay hahatulan sa sarili nating patpat na panukat. Mas maigi pang makitungo sa iba nang may kahabagan (kahit sa ating isip), dahil hahatulan tayo ng Diyos sa pamamagitan ng parehong pamantayan na ginagamit natin sa iba. Huwag mong ilagay ang iyong sarili sa hindi kinakailangang pagsubok. Kung ikaw ay mahigpit sa iba, may darating na isang pagsubok upang makita kung paano ka tutugon! Ang pagpapaimbabaw, pagkabulag, katigasan, at pamumuna sa iba ay magpapanatili sa atin sa labas ng dakong kabanal-banalan. Huwag humatol o mamuna sa sinuman. Ang ating problema ay ito— hindi natin nakikita ang mga di-nakikitang puwersa na nakahilera laban sa iba, at hindi natin nararamdaman ang kanilang pagpapahirap.

### Ang Makaharing Batas

Bawat isa ay kailangang humarap sa hukuman ni Cristo (2 Cor. 5:10). Itinalaga ng Ama si Cristo bilang mataas na Hukom (Juan 5:22). Ang Mateo 7:22-23 ay pasilip sa araw ng paghuhukom. Sa iba, ito ay nakapanghihilakbot; sa iba ito ay magiging kagilagilalas (Luc. 14:14). Bawat isa ay gagantimpalaan ayon sa kanyang mga ginawa (Pah. 22:12), ngunit mayroong isang *partikular na pamantayan* kung saan lahat tayo ay hahatulan! Sa bawat pagkakataon, tayo ay susuriin sa pamamagitan ng Makaharing Batas ng Santiago 2:8, Mateo 5:7, 7:12, 25:40. Kung paano natin pinakitunguhan ang iba at kung paano natin pinakatunguhan ang Diyos, gayundin tayo pakikitunguhan ng Diyos.

• Mateo 7:1-5 – Ang parehong pamalong pamantayan na ginamit natin sa iba, ang gagamitin ng Diyos sa atin.
• Santiago 2:13 – Siya na hindi nagpakita ng kahabagan ay hindi tatanggap ng kahabagan (cf. Mat. 5:7, Hukom 1:6-7). Pakikitunguhan tayo ng Diyos kung paano natin Siya pinakitunguhan.
• 1 Samuel 2:30 - Sila na nagparangal sa Diyos, pararangalan ng Diyos.
• Kawikaan 8:17 – Minamahal Niya ang nagmamahal sa Kanya. Nasisiyahan Siya sa nasisiyahan sa Kanya.
• Santiago 4:8 – Kapag tayo ay lalapit sa Diyos, Siya ay lalapit sa atin.
• Awit 18:25, 26a – Kung tayo ay tapat sa Diyos, magiging tapat ang Diyos sa atin.
• Awit 18:26b – Sa mga nanlilinlang sa Diyos, ay dadayain ng Diyos.
• Roma 1:18-32 –Kapag ibinababa ng tao ang Diyos, binababa ng Diyos ang tao.
• Kawikaan 1:20-33 – Sila na nagbabalewala at kumukutya sa Diyos, ay babalewalain at kukutyain ng Diyos.
• Bilang 14:3, cp. 14:28-29 – Nang pinaratangan ng Israel ang Diyos ng pagkakaroon ng masamang intensiyon sa kanila, sinabi ng Diyos, "Sige, gagawin ko ang ayon sa eksaktong sinabi ninyo tungkol sa Akin."

Hahatulan ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng parehong pamantayan na hinatol sa Kanya. Ang Lucas 19:20-22 ay eksaktong halimbawa nito. Ang isang di-mabunga, walang-wala na alipin ay inakusahan ang Diyos nang pagiging "malupit na kinukuha ang hindi sa kanya at umaani sa hindi niya itinanim." Subalit sumagot ang Diyos, *"Mula sa sarili ninyong mga bibig ay hahatulan ko Kayo."* (Hahatulan ko kayo sa parehong pamantayan na ginamit ninyo sa Akin). "Ito ay iba sa totoong sitwasyon" Sinasabi ng Diyos, "Ikaw ang malupit, magaspang; ikaw ang umaangkin sa lahat ng mga benepisyo nang wala man lamang ibinabalik na anumang kapalit." Ang tao ay mapagpaimbabaw at mabilis na naghahanap ng kamalian sa Diyos (Isa. 32:6). Madalas pinaparatangan ng tao ang Diyos na walang pag-ibig samantalang siya mismo ang hindi nagpapakita ng pag-ibig.

Tayo ay hahatulan sa pamamagitan ng Makaharing Batas (ang Sagradong Tuntunin):
• Sa pamamagitan ng parehong sukatan na ginamit natin sa iba
• Sa pamamagitan ng parehong sukatan na ginamit natin sa Diyos

Isang araw, isang guro ng Lingguhang Pag-aaral ang humiling sa kanyang klase na ilista ang limang bagay na higit nilang pinapahalagahan sa isang asawa (o magiging asawa). Pagkatapos na mabigyan sila ng panahon para mag-isip, sinabi ng guro, "Ngayon, humayo *kayo* at gawin ang mga bagay na iyon." Gusto mo ng pagkasensitibo? kung gayon magpakita ka ng pagkasensitibo. Gusto mo ba ng mabuting tagapakinig? kung gayon maging mabuti kang tagapakinig. Kung gusto mo ng respeto, bigyan mo ng respeto ang iyong asawa. Sa pagtupad na ito ng ginintuang tuntunin, ang makaharing batas, tayong lahat ay magkakaroon na lamang ng mas kakaunting mga problema. Ang pagpapaimbabaw, pagkabulag, at pagkabaluktot ay mga kapintasan.

**10. Galisin – (mahinang espirituwal na gana).** Ang isang Kristiyano ay maaaring magkaroon ng napakalakas na pagkagana sa espirituwal na pagkain. Ngunit maaari siyang magdusa sa espirituwal na malnutrisyon kung ang kanyang "pagkain" ay naglalaman ng kaunting sustansiya. Kung ano ang kinakain natin ay mahalaga. Kapag ang isang mananampalataya ay walang kagutuman para sa mga espirituwal na bagay o pagsasama-samang Kristiyano, ito ay isang indikasyon na ang kanyang pagkagana ay nakuha na ng mga bagay ng mundo, mga kahalayan, maling pakikipag-kaibigan, at iba pang mga makalamang pagnanasa. Ang *pag-aayuno* mula sa mga ito ay nagpapatalas sa ating espirituwal na pagkagana para sa

mga bagay ng Diyos.  Sa katunayan, ang kabanalan, ay nakadepende sa kung ano ang tinatanggap natin. Hindi tayo pipiliin ni Cristo na maging Kasintahang babae kung tayo ay may kapintasan ng galis.

**11. Langibin – (masyadong sensitibo, madaling matisod).** Ang langib ay mga sugat na hindi gumaling. Nagtanong si Jesus, "Ibig mo bang gumaling?" (Juan 5:6).  Minsan iniingatan ng mga tao ang isang hinanakit at tumatanggi silang pakawalan ito.  May pagkakataon naman na *hindi kaya* ng mga tao na pakawalan ang isang hinanakit.  Ang mga sugat na ito ay kailangang mapagtagumpayan dahil ito ay kapintasan na humahadlang sa atin na pumasok sa loob ng tabing.  Ang hindi gumaling na sugat ay nagdadala ng masamang reaksyon kapag ito ay nasasagi ng marahan. Maaaring kakailanganin na buksang muli ng dating sugat bago ito gumaling.  Hindi papakasal si Cristo sa Kasintahang babae na nagkikimkim ng sama ng loob laban sa Kanya o masyadong sensitibo at tumatanggi na gumaling.  Pahintulutan natin ang Diyos na pagalingin tayo (Jer. 30:17, 33:6).  Kadalasan nasusugatan natin ang iba sa pamamagitan ng *pagkasumpungin* natin.  Ang mga sumpong na ito rin ay "hinahadlangan ang Espiritu."

**12. Luslusin – (walang kakayanang magparami, hindi mabunga).** Hinihingi ng Diyos ang bunga. Ang mga sanga na hindi nagbubunga ay pinuputol at tinatapon sa apoy (Juan 15:1-8).  Para makapagdulot ng bunga, kailangan nating manatili sa Puno ng Ubas at kunin ang ating buhay mula kay Cristo.  Ang paggawa ng kalooban ng Diyos (hindi ng ating sarili), ay kasiguruhan na magkakaroon tayo ng bunga na nananatili.  Kailangang humarap ang Israel sa Panginoon ng tatlong beses sa isang taon, at hindi sila pupunta sa harap Niya na *walang dala* (Deut. 16:16).  Sa mga pista ng Paskua, Pentecostes, at mga Tabernakulo, ang mga tao ay kailangang magdala sa kanilang mga kamay ng bunga ng kanilang pagpapagal at ihaharap ang mga ito sa Diyos.

- Paskua (tinapay na walang lebadura) – ay kumakatawan sa kaligtasan at ang mga taong dinala natin sa kaligtasan.
- Pentecotes (ang pista ng mga sanglinggo) – ay kumakatawan sa Espiritu at ang mga dinala natin sa buhay na puspos ng Espiritu.
- Tabernakulo (pista ng kaluwalhatian) – kumakatawan sa mga taong dinala natin sa pagkamaygulang at kaluwalhatian.

Nais ng Diyos na iharap natin sa Kanya ang mga taong dinala natin sa kaligtasan, ang mga dinala natin sa buhay na puspos ng Espiritu, at ang mga dinala natin sa pagkamaygulang at kaluwalhatian.  Hindi tayo maaaring maging tagamasid, kundi aktibong nakikibahagi sa kung ano ang ginagawa ng Diyos ngayon. Hindi tayo maaaring umupo sa tabi at nanonood.  Tayo nang makigulong lumahok sa programa ng Diyos, kung hindi, wala tayong bungang ihaharap sa Hari.

### Mga Depekto sa Pagsilang

Mga Depekto sa Pagsilang – Marami sa mga labingdalawang kapintasan na ito ay "depekto sa pagsilang."  Sa espirituwal, maaaring masira ang ating anyo sa pamamagitan ng mga taong nagsilang sa atin.  Ang mga espirituwal na magulang na nagdala at nag-impluwensiya sa atin sa unang mga buwan at taon ng ating buhay Kristiyano ay napakamakabuluhan.  Ang ating ina (ang iglesya na kinalakihan natin) ay napakamahalaga.  Ang ating espirituwal na ama ay ang pastor.  Namamana natin ang mabuti at masamang katangian ng ating espirituwal na mga magulang. Maaaring kakailanganin nating makalakhan o mapalaya mula sa ilang mga karamdaman at mga konsepto na ibinigay sa atin ng espirituwal nating mga magulang sa kapanganakan.

# TUNGKOL SA PAGKAKAISA

Isaalang-alang sandali ang kapangyarihan ng pagkakaisa — "Paanong hahabulin ng isa ang isanlibo, at patatakbuhin ng dalawa ang *sampung* libo" (Deut. 32:30). May matinding kapangyarihan kapag ang dalawang tao ay magkasamang gumagawa nang may pagkakasundo, kaysa sa sumasalungat sa isa't-isa. "Kapag nagkasundo ang dalawa sa inyo…ay gagawin para sa kanila ng aking Ama na nasa langit" (Mat. 18:19). Sa Genesis 11:6, ang mga tao ay may isang wika at isang layunin. Kaya dineklara ng Panginoon, "at ngayon, walang makakapigil sa anumang kanilang binabalak gawin." Lubos na naiintindihan ng Diyos ang kapangyarihan ng pagkakaisa, at gayundin si Satanas. Ang intensiyon ng kaaway ay hatiin at lupigin. Kaya nga, ang pinakasentro ng kanyang ng pag-atake ay ang tahanan at pagsasama ng mag-asawa.

Ang pagkakaisa sa Iglesya ay nagsisimula sa pagkakaisa sa tahanan — ang Iglesya ay isang kalipunan lamang ng mga tahanan. Ang pagkakaisa ay isang mensahe na malapit sa puso ng Diyos (Mal. 4:5-6). Sinabi ni Cristo, "Ang bawat kahariang nahahati laban sa kanyang sarili ay mawawasak" (Mat. 12:25). Lahat ng mga suliranin ngayon ay bumabalik sa tahanan. Nais ng Diyos na bisitahin ang ating mga tahanan. Ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay limitado sa Iglesya dahil sa mga kondisyon na namamayani sa mga pamilya nito. Ang mga sama ng loob at personal na mga problema ay nagpapatigil ng ating mga balon, at ang pananampalataya ay hindi dumadaloy dahil dito. Kumusta ang mga bagay sa loob ng tahanan?

Kung hindi tayo lumalago espirituwal, hindi rin tayo lalago sa ating pag-aasawa. Ang lumagong espirituwal ay nangangahulugan na tayo ay nagiging katulad Niya na lumikha ng pag-aasawa. Ang lumalago espirituwal ay nangangahulugan na tayo ay nadedebelop sa biyaya, kapayapaan, pag-ibig, kagalakan, karunungan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, pagtitimpi, pananampalataya, pagpipigil, pagtitiis, at lahat ng iba pang kalikasan ng Diyos. Habang ang lahat ng magagandang asal na ito ay namumunga, lumalago at umuunlad sa ating mga buhay, tayo ay mas magiging kaaya-ayang asawa, at madaling makitungo sa iba. Magbabakasakali akong sabihin, kung gayon, na ang pagkakaisa sa Iglesya ay hindi lamang nagsisimula sa tahanan o sa mag-asawa – ang pagkakaisa ay nagsisimula sa AKIN.

Nanalangin si Cristo para sa pagkakaisa ng Kanyang mga kapatid (Juan 17:21-23). Sa talatang 23, nanalangin Siya: "Upang sila'y malubos sa pagkakaisa," na nagpapahiwatig na ang kasakdalan ay posible lamang sa pamamagitan ng pagkakaisa. Ang Kristiyanong kasakdalan ay hindi posible kung walang pagkakaisa. Ang di-pagkakaisa ay nagpapahayag ng mga hindi nalutas na mga problema sa ating mga buhay at ito ang mga isyu na nais ng Diyos na harapin natin. Tandaaan, ang Kristiyanismo ay umiikot lamang sa dalawang pangunahing bagay sa buhay – paano natin pinakikitunguhan ang mga tao at paano natin pinakikitunguhan ang Diyos. Kaya nga, ang Kristiyanismo ay mga *relasyon*.

### Apat na Antas ng Pagkakaisa

**1. Pagkakaisa sa Ating Sarili.** (Awit 86:11). Nanalangin si Haring David, "Ilakip mo ang aking puso upang matakot sa iyong pangalan." Nanalangin si David para sa isang pusong buo dahil sa mga hating

pagnanasa ng kanyang puso. May mga kontrobersiyang nangyayari sa kanyang puso. Ang pagkakaisa ay hindi nagsisimula sa isang kinatawan ng mga tao. Ni hindi rin ito nagsisimula sa mag-asawa. Ang pagkakaisa ay nagsisimula sa bawat indibidwal na puso. Paano tayo makaaasang makapagpakitungo nang mabuti sa iba kung hindi natin pinakikitunguhan ng mabuti ang ating sarili at kung walang pagkakaisa sa sarili nating mga puso? Lahat ng pakikipagtalo ay dapat tumigil sa sarili nating kalooban at kailangang mapayapa muna tayo sa ating mga sarili bago tayo makapagmahal ng maayos at makitungo nang mabuti sa iba. Kaya nga, dapat tayong manalangin, "Ilakip mo ang aking puso, Panginoon."

"Saan nagmumula ang mga digmaan at saan nagmumula ang mga pag-aaway sa inyo? Hindi ba mula sa inyong mga kalayawan na nakikipaglaban sa inyong mga sangkap?" Sant. 4:1). Digmaan, pag-aaway, at pagtatalo-talo na nagpapatuloy sa ating mga sarili —— saan sila nanggagaling? Sila ay nanggagaling sa mga pagpupunyagi na namamayani sa ating laman, sa sarili nating mga puso. Ang tanong ay lumalabas: "Paano natin mapagtatagumpayan ang mga labanang ito at dumating sa buong pusong pag-ibig para sa kapatiran? Binibigyan tayo ng sagot sa 1 Pedro 1:22. Sa tuwing "sumusunod tayo sa katotohanan" nagkakaroon ng unti-unting pagbabago sa ating mga buhay. Walang totoong pag-ibig o pagkakaisa hanggang sa may isang pagtugon sa liwanag (o katotohanan). Hindi lahat ng Kristiyano ay lubusang nakalaan na tumugon sa liwanag. Ito ang dahilan kung bakit naniniwala ako na ang isang Iglesya sa pangkalahatan ay hindi makakarating sa pagkakaisa, kundi tanging ang Kasintahang Babae na mula sa loob ng Iglesya.

**2. Pagkakaisa ng Espiritu.** (Efe. 4:1-3). Pagkatapos makamit ang isang sukat ng katagumpayan sa ating personal na mga buhay, tayo ay pupunta sa ikalawang antas ng pagkakaisa —— ang "pagkakaisa ng Espiritu." Para makasabay sa daloy ng katawan ng mga mananampalataya ito ay nangangailangan ng kababaan, kaamuan, pagpapahinuhod, at pagtitiis (Efe. 4:2-3), at nangangailangan ito ng pagsisikap. Pinararangalan ng pagpapakumbaba (kababaan) ang iba bago ang sarili nito (Rom. 12:10). Ang kaamuan ay hindi nagpapakita ng galit at tinatanggap ang mga kahirapan nang may magandang saloobin. Ang pagpapahinuhod ay pagtitiyaga, at pinahihintulutan ng pagtitiis ang mga nakakayamot na pagkakamali ng iba sa mahabang panahon. Ang pagtitiis ay nagpapanatili sa pagsasama ng mga pag-aasawa.

Sa kilusang karismatik ng mga nakaraang dekada, maraming mga denominasyon ang nagsama-sama upang tanggapin ang bautismo ng Banal na Espiritu, sumamba sa Panginoon ng sama-sama, at ipakita ang mga kaloob ng Espiritu. Ang mga tao mula sa bawat denominasyon ay nagsama-sama para pasalamatan ang Diyos para sa bagong pagbisita ng Kanyang Espiritu. Ito ay isang pag-unlad. Marami ang nag-isip na hindi ito maaaring mangyari kailanman! Ito ay isang halimbawa ng "pagkakaisa ng Espiritu." Kahit sa ganitong antas ng pagkakaisa, mayroon (at magkakaroon) ng isang pangunahing bagay na nawawala. Bagamat ang kanilang puso ay iisa at nakakasamba sila bilang isa, ang kanilang mga *kaisipan* ay malayo sa pagiging isa. Kung babanggitin mo ang doktrina o mga paniniwala, mayroong kaunting pagkakasundo. Ito ang dahilan na kailangan nating makarating sa ikatlong pagkakaisa – "ang pagkakaisa ng pananampalataya" (Efe. 4:11-13).

**3. Pagkakaisa ng Pananampalataya.** (Efe. 4:11-13). Ang pagkakaisa ng pangkalahatang pananampalataya ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagkamaygulang kaysa sa pagkakaisa ng Espiritu. Isang bagay para sa lahat ng denominasyon na *makapagsamba nang sama-sama*, pero medyo ibang bagay na para sa kanila na *magkasundo nang sama-sama* sa karaniwang paniniwala nila (1 Cor. 1:10). Ang pagkakaisa ng pananampalataya ay ang abilidad na magkaroon ng parehong pananaw sa lahat ng mga pangunahing katotohanan ng Kristiyanismo. Nangangailangan ito ng pagsuko ng ating *mga opinyon*. Ang pinakamatinding kaaway ng pagkakaisa ay ang natural na isip. Ang mga pader na naghihiwalay sa mga tao ay naninirahan sa isip at sa puso.

Pagdating sa napapanahong mga isyu, ang Banal na Espiritu ay walang iba't-ibang opinyon kagaya natin. Isang bagay lang ang sinasabi Niya. Kaya nga, makikita natin na ang ating kaisipan ang humahadlang. Nakahanda ba tayong magpabago sa Diyos ng ating kaisipan, kahit na ito ay laban sa ating mga tradisyon o sa kung ano ang itinuro sa atin? Minsan ang mga kalalakihan at kababaihan ay nakahandang "mamatay" para sa kanilang mga paniniwala, pero mas maiiging matiyak natin na tayo ay nagdurusa at namamatay para sa layunin ng Diyos, *hindi ng ating sarili.*

Kakailanganin ng limang ministeryo para madala ang Iglesya sa pagkakaisa. Pinapanumbalik at binibigay ng Diyos ang limang ministeryo na ito pabalik sa Iglesya... "sa ikatitibay ng katawan ni Cristo... hanggang makarating tayong lahat sa pagkakaisa ng pananampalataya, at sa ganap na pagkakilala sa Anak ng Diyos, hanggang maging taong may sapat na gulang, hanggang sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo" (Efeso 4:12-13). Sa partikular, ang *ministeryo ng pagtuturo* ang gagamitin sa pagdadala ng iisang kaisipan sa Iglesya sa mga huling araw. Hindi tayo gagamitin ng Diyos sa huling panahon na ito kung ipagpipilitan natin ang sarili nating mga ideya at mga opinyon. Siya ay tatayo lamang sa likod at pagtitibayin ang *Kanyang* mensahe.

Ang katotohanan ay nagdadala ng pagkakabaha-bahagi—ganito naman talaga dapat! Inihihiwalay nito ang mga tupa mula sa mga kambing, ang banal mula sa hindi banal, at pinaghihiwalay nito ang kaluluwa at espiritu. Ayaw ng ilan na maging banal. Ito ang dahilan kaya hindi lahat ng Kristiyano ay darating sa pagkakaisa. Ang pagkakaisa at malinaw na pag-iisip ay tanging para lamang sa mga banal (Mat. 5:8). Tanging ang mga lubusang nakalaan lamang sa paggawa ng buong kalooban ng Diyos ang nagtataglay ng pang-unawa (Juan 7:17).

**4. Pagkakaisa ng Kapatiran.** (Awit 133:1-3). "Narito, napakabuti at napakaligaya kapag ang mga magkakapatid ay sama-samang namumuhay na nagkakaisa!" Ang kahanga-hangang pagkakaisa na ito ay hinalintulad sa mahalagang langis ng pagpapahid na bumababa mula sa ulo ni Aaron at sa kanyang damit. Upang maunawaan natin ang kahulugan ng espesyal na langis ng pagpapahid na ito, kailangang pag-aralan ang mga sangkap na bumubuo sa pagpapahid na ito at ang mga espirituwal nilang kahulugan. Ito ay matatagpuan sa Exodo 30:22-25.

Sa Awit ni Solomon 4:13-14, mayroong siyam na halamanang-gamot at ang siyam na halamang-gamot na ito ay tumutugma sa siyam na bunga ng Espiritu sa Galatia 5:22-23:

Pag-ibig . . . . . . . . . granada
Kagalakan . . . . . . . .hena
Kapayapaan. . . . . . .nardo
Pagpapahinuhod. . . safro
Kahinahunan. . . . . .kalamo*
Kabutihan . . . . . . . .kanela*
Pananampalataya . . kamangyan
Kaamuan. . . . . . . . . mira*
Pagpipigil . . . . . . . . aloe

Habang iniisip natin ito, makikita natin ngayon ang interpretasyon ng ilang susing sangkap na bumubuo sa espesyal na langis ng pagpapahid na ito ng Exodo 30:22-25. Ang mira ay tumutukoy sa *kaamuan*; ang matamis na kanela ay kumakatawan sa *kabutihan*; at ang kalamo ay *kahinahunan*. Ang kasia ay kumakatawan sa mga luha, at ang langis ng olibo ay tumutukoy sa kapayapaan. Ito ang mga sangkap ng mahalagang langis ng pagpapahid na nagdadala ng pagkakaisa: kaamuan, kabutihan, kahinahunan, mga luha, at kapayapaan.

Ang pagkabasag, pagkamahinahon, pagmamalasakit, pag-unawa, at kapayapaan, ay lahat napupunta sa pagkatanto ng pagkakaisa. Ito ang tunay Kristiyanismo at pagkamaygulang—kapag ang mga kapatiran ng Panginoon ay makakapagdaloy nang sama-sama sa antas na ito ng pagkakaisa at pagmamalasakit para sa isa't isa. Dito kung saan inuutusan ng Panginoon ang pagpapala, kahit pa ang buhay magpakailanman. Ito ang pinakasukdulan ng Kristiyanismo. Pag-ibig ang bigkis ng kasakdalan (Col. 3:14).

**Apat na Paraan ng Pagpapatunay ng Ating Pag-ibig sa Diyos**

**1. Sa pamamagitan ng Paghihintay sa Kanya** – Sinasabi sa atin ni Isaias na mayroong kahanga-hangang bagay na nakahanda para sa mga *naghihintay* sa Kanya (Isa. 64:4). Sinasabi ni Pablo, "ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na *nagmamahal* sa Kanya" (cf. 1 Cor. 2:9). Ano ang kaibahan ng pagmamahal sa Diyos at paghihintay sa Diyos? Walang pagkakaiba! Ang patunay na mahal natin ang Diyos ay ipinapakita sa paghihintay para sa Kanyang panahon at iskedyul para sa ating buhay. *Oras* ang totoong patunay ng ating katapatan sa Kanya.

**2. Sa pamamagitan ng Pagpapakain sa Kanyang Tupa** – "Pedro, kung mahal mo Ako, pakanin mo ang Aking tupa" (Juan 21:15-17). Para magkaroon tayo ng pagkukunan ng ipapakain sa bayan ng Diyos, kailangang nakahanda tayong dumaan sa kinakailangang mga proseso. "Pedro, puwede mong patunayan na mahal mo Ako sa pamamagitan ng pananatili sa mga sitwasyon na pinaglalagyan ko sa iyo upang makakuha ka ng mahalagang mensahe na ibibigay sa Aking bayan."

**3. Sa pamamagitan ng Pagtupad sa Kanyang mga Utos** – “Kung ako’y inyong minamahal ay tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15, 21; 15:14). Isang bagay ang sabihing mahal natin ang Diyos, at sambahin Siya sa loob ng maraming oras. Ngunit, kung hindi natin gagawin ang sinasabi Niyang gawin natin, ito ay nagpapahiwatig na hindi natin Siya minamahal. *Mga aksyon*, hindi mga salita, ang nakakapagpahanga sa Panginoon (Lucas 6:46, Mat. 21:28-31).

**4. Sa pamamagitan ng Pagmamahal sa ating Kapatiran** – Karamihan ng mga utos sa Salita ng Diyos ay kinabibilangan ng ating pakikitungo sa iba. Kung paano natin tinatrato ang mga tao ay siya ring paraan ng pagtatrato natin sa Diyos (Mat. 7:13; 25:34-35). Hindi maaaring iniibig natin ang Diyos na hindi natin nakikita kung hindi natin iniibig ang ating kapatiran na nakikita natin (1 Juan 4:20-21, Sant. 1:27).

# KONKLUSYON

Ang Tunay na Kristiyanismo ay Kinabibilangan ng:

**• Pagsunod.** Ang pagsunod ang naging isa nang pinakamahalagang isyu sa sansinukob sa simula pa nang panahon. Bago pa nagsimula ang mundo, si Lusiper at ang mga nakatira sa langit ay humarap sa isang mahalagang tanong na ito: "Gagawin ko ba ang kalooban ng Diyos o ang sarili kong kalooban?" Ano ang iisipin mo sa isang tao na makapagsasabi kung sino ang susunod nating pangulo o ang eksaktong araw kung kailan babagsak ang paghatol? May mga taong nakagagawa nito pero sa parehong pagkakataon, sila ay hindi nakikinig sa sinasabi ng Diyos sa kanila tungkol sa mga isyu ng kanilang personal na mga buhay. Si Jonas ay may ganitong problema. Hindi maaaring kunin ng mga di-pangkaraniwang kaloob ng Espiritu ang bahagi ng personal na pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ang mga dakilang lalaki at babae ng Diyos ay mga nangahulog dahil nanangan sila sa kanilang ministeryo na magliligtas sa kanila sa halip na ang patuloy na *pagsunod* sa krus.

Sa marami, ang Kristiyanismo ay tinitingnan lamang bilang isang kaginhawaan – "Ano ang mayroon dito para sa akin?" Marami ang mga naipanganak na muli na hindi kinoronahan si Jesus bilang *Panginoon* ng kanilang buhay at hindi nagpakita ng patunay ng pagiging totoong disipulo (Juan 6:60, 61, 66; 8:31, 32). Madalas ay may mababang antas ng pagtatalaga sa Iglesya at espiritu ng pagsasarili na nagpapakita ng saloobin, "Maglilingkod ako sa Panginoon basta huwag Niyang pakikialaman ang mga plano ko at hindi Niya ako inaabala sa anumang paraan!" Ilang mga banal ang masigasig na naghahanap sa kalooban ng Diyos tungkol sa pagpili ng mapapangasawa, bokasyon, o kung saan titira? Kapag tumayo tayo sa harap ng Diyos upang magbigay sulit sa ating buhay, masasabi ba natin sa Kanya, "Ginawa ko ito sa *Iyong* paraan?" o kailangan nating sabihin na, "Ginawa ko ito sa *aking* paraan."

Walang magiging pagpapanggap o "pandaraya" sa buhay Kristiyano. Tayo ay nakikitungo sa Kanya na mas totoo kaysa sa buhay mismo. Tayo ay nakikitungo sa Diyos ng Liwanag at alam Niya kung tayo ay totoo o kung iniiwasan natin ang mga isyu. Isa lang ang paraan para magtagumpay tayo sa buhay. Isa lang ang paraan na makarating tayo sa mana na ipinangako sa atin ng Diyos, at iyon ay ang pananatili sa daan ng Diyos para sa ating buhay sa *pamamagitan ng pagsunod.*

Alam natin kung ano ang tama higit sa ating kagustuhan na umamin. Puwede nating subukan na mangatwiran sa alam nating tama, at makasumpong ng mga madamaying kaibigan na sasang-ayon at susuporta sa atin. Puwede rin tayong pumunta sa mga nagmiministeryo na alam nating magpopropesiya sa atin kung ano ang gusto nating marinig. (Si Ahab ay may 400 propesiya na nagkukumpirma sa kanyang direksyon pero lahat ng iyon ay mali at alam niya ito sa kanyang puso). Bagamat tila tayo ay uunlad sa simula, tayo ay naliligaw sa daan ng Diyos at sa huli tayo ay magwawakas sa karimlan. Nawa ay maging *tapat* tayo at piliin ang paraan ng Diyos sa bawat yugto ng ating buhay.

**• Tamang mga Relasyon.** Lahat ng Kasulatan ay tumutuon sa ating mga relasyon sa iba at sa Diyos. Ang pinatigas na puso ay siyang nagwawasak ng mga relasyon. Kapag ang ating puso ay pinatigas, sinasarhan

natin ang mga tao sa labas ng ating buhay, at sinasarhan din natin ang Diyos.  Ang pinakamalaking pangangailangan natin ay ang bago at malambot na puso.  Ginawan na ito ng probisyon ng Diyos sa Kanyang Bagong Tipan (Jer. 31:31-34, Ezek. 36:25-27).  Kung tayo ay bigo sa ating relasyon sa iba (lalo na sa tahanan), ay nakaligtaan natin ang punto ng Kristiyanismo.

• **Pagtutok sa Kung Ano ang Madadala Natin sa Walang Hanggan.** Maging mahusay na ekonomista! Ipamuhunan ang iyong oras, talento, at kayamanan sa mga bagay na mananatili magpakailanman.  Kung anuman ang mga naidiposito sa ating mga buhay habang naghihintay sa Diyos at habang sumusunod tayo sa Kanya, ay mamamalagi magpakailanman.  Gayundin, ang mga mabubuting bagay na itinanim natin sa iba ay mananatili hanggang sa walang hanggan.  Kaya, kailangan mamuhunan tayo sa mga tao, lalo na sa sarili nating pamilya.  Ang tao ay walang hanggan, ang materyal na bagay ay hindi.

• **Pagkilala sa Diyos.** Nais ng Diyos na makilala at maunawaan (Jer. 9:24). Tayo ay nilikha para sa ganitong layunin.  Maraming mga magkakaibang antas ng pagkilala sa Diyos.  Sikapin natin na makilala Siya ng pinakamalapit.  Isang dahilan na hindi natin Siya katulad ay dahil hindi natin Siya nakikita kung sino talaga Siya (1 Juan 3:2).  Kailangan natin ng isang higit at mas dakilang kapahayagan ng kung *sino* Siya.

• **Ang Pagkakaroon ng Karakter.**  Ang karakter ang pinakaimportanteng bagay sa buhay.  Ito ang dadalhin natin sa walang hanggan.  Ang ating karakter (kung sino tayo) ay ang kabuuang bilang ng lahat ng ating mga pagpili at mga desisyon sa buhay.  Ang makadiyos na karakter ay nagbubunga sa atin habang pinipili nating gawin kung ano ang tama habang tayo ay nasa sakit o ilalim ng kagipitan.  Bibigyan tayo ng Diyos ng biyaya (banal na kakayahan) sa panahon ng ating pangangailangan, kung nakalaan tayong tanggapin ito.  Sa kabila ng lahat ng mga problema ng mga batang mananampalataya sa Corinto sa kanilang buhay, alam ni Pablo na kung sila ay patuloy na tutugon sa Panginoon sila ay *magiging* walang dungis at walang batik (1 Cor. 1:8, Jude 1:24, Col. 1:22, 23).

• **Maging Kasintahang Babae ni Cristo** (Ang mabago ayon sa wangis ng Anak – Roma 8:29). Ang ating layunin ay maging katulad ni Cristo, upang maging katugma Niya, maging Kanyang mangingibig at kaibigan, at maging isa na maaari Niyang pagbuksan ng Kanyang puso.  Ang layunin din natin ay ang makarating sa tunay, walang pakunwaring pag-ibig (1 Pet. 1:22, Col. 3:14, Rom. 13:8-10).
Ang Panginoon ay nasasabik sa dalisay na pagsamba kung saan bawat bahagi natin ay umiibig sa bawat bahagi Niya (Juan 4:23).  Tayo ay tinawag din upang ibahagi ang Kanyang kaluwalhatian.

• **Maging isang Tagapagpalaya.** Maraming mga mangangaral ngunit kaunti ang *mga tagapagpalaya.* Hindi mo kailangang tumayo sa likod ng pulpito upang maging isang tagapagpalaya. Ang tagapagpalaya ay isang nakakakilala sa Diyos nang tuwiran at hindi ipinamumuhay ang karanasan ng iba.  Siya ay nakaugat, nakasalig, at nananatili, at naranasan ang ilang mga antas sa itaas – naranasan na niya ang TUNAY NA KRISTIYANISMO. Ito ang tao na ang mga salita at mga panalangin ay nagdadala ng kalayaan sa mga tao na kanyang pinaglilingkuran.

*       *       *       *       *       *       *